

A 63369 5

AMBETH R. OCAMPO

STORAGE  
PI  
6058 9  
A37

RECORDED  
SERIALIZED

Storage  
PI  
6058 9  
A37





**BIBLIO-FILIPINO**

P.O. BOX SM-116, STA. MESA.

MANILA, PHILIPPINES.



PINAGLAHUAN



NOBELAĜ TAGALOG

---

# "Pinaglahuan"

KATHA NI

**Faustino Aguilar**

---

Unaĝ pagkálimbag

---

Maynilà—S. P.

---

"MANILA FILATÉLICO"

Soler n.º 453

(Sta. Cruz)

Aceyteros 163

(Tundó)

1907



STOR

PL

6050

1/2

**Pag-uusigín ñg nagpalimbag ang mga  
walang taták na paris nito.**

GL - Struck

2763138

Señala

07-12-85

Sa mga sumiasamba sa  
Kahukwá ng Dalí, sa mga  
naginanihal sa matau-  
dang mana, sa mga di  
natitinig may mos mau  
at buhawi at sa mga  
uniasa sa maligayang  
bukas ng ating Wiká

Justino Quilán





## I

**B**AYAN ang tumawag at bayan ang dumaló.

Nang umagang yaón, nḡ ika 19 nḡ Octubre nḡ 190.... ang maluwang na lansanḡan nḡ Cervantes ay nagsisikíp sa tao. Walang maluwágluwág kundi ang pinakagitna na siyang pinaglalagusán nḡ magagarang karwahe, kalesa at kalesíng kinásasakyán nang lalo pang magagarang mḡa máginoo na kundi sa mḡa pulís na nagbabantáy roón ay nangag-utos marahil sa kaní-kanilang kotserong sagasáin ang gayóng kakapal na taong nakaábala pa sa kanilang paglakad.

Ang mḡa máginooong itó ay nakatatalós kung anó ang sanhi at dahil nḡ pagkakatipong iyon. Isáng pahayagán ang nagbalita na magkakamalaking pulong nḡ araw na sinabi sa dulaang "*Opera*" upang pagusapan ang pakikianib sa ilang amerikanoḡ doón sa Estados Unidos, ay nagsisipagpumulit matamo nḡ mḡa pilipino ang pananarilḡng malaon nang minimithi at pinamuhunanan nḡ dugo sa nakaraáḡ paghihimagsík.

Mula nḡ unang araw nḡ Mayo nḡ 1898 na idinatang sa ating mḡa dagat ni Dewey, at pagkatapos nḡ isáng digmang pinagsumiglaháḡng labis nḡ

naglalabang pilipino at amerikano, ay nápalagi sa kapuluán ang paghahari ng Estados Unidos.

Naging halagá ng dalawangpung anġawanġaw na piso ang sinabing paghahari, pagka't siyang hiningi ng Espanya sa mġa pag-aari niya sa lupaing itó sa dakong Oseanya, na salamat sa katalinuhan ni Magallanes, kaya nasakop ng Haring Felipe.

Mula ng mapagtibay ang kasunduan sa París na niyari't niyari ng nanġagpupulong na mġa kastila,t amerikano, ng hindi man lamang sumanguni sa mġa pilipinong noón ay kasalukuyang nagsisipanandata upang makapagsarili, ay nápasaibang kamay ang Pilipinas at noóng 1899 ay hindi na ang bayang di nilulubugán ng araw ang kanyáng binuwisán kundi ang lupa ng apat na pu't siyám na bituin.

Nátatag ang bagong Pamahalaang nagsasabing mag-aakay sa atin sa landas ng ginhawa at pagkakasulong; pagka't tila pati ng mġa may sapát na gulang ay nanġanġailanġan pang akayin at baka matisod; nguni't hindi rin napugnaw sa mġa pusong pilipino ang mahal na pangarap ng kanyáng lahi. Ibig makaratíng sa luklukang-araw, diyán sa kinálilikmuán ng mġa bayang maranġal at laya, kaya ang lahat niyang káya at lakás ay itinutunġo sa pagkasunód ng ganitóng layon, baga ma't sarisaring paraán ang ginágamit ng kanyáng marurunong na anák.

Ibig ng iba'y makapagsarili, nguni't ang nais namán ng mġa dako pa roón ó kaya'y ng mġa may hawak ng sandok, ay hindi ito, kundi ang ginhawa at kasaganaang mátatamo sa pagsasarili ay málasap na sa pakikisukob sa malaking bayang ngayon ay kumakandili sa Pilipinas.

Nápakahirap linawin kun sino sa kanila ang may katwiran pagka't sa ganganiyáng m̄ga pagtutun-gali n̄g isip ay madalás maghari ang paglingap sa sariling kagalingan, ang pagkiling sa kanikaniyáng pangkat at hindi sa kagalingan n̄g bayang naghi-hintay. Tulad sa mag-aasín ay walang pinupuri kundi ang kaputián nang ganáng kanya.

Sa pagpipingki n̄g m̄ga sandata dahil sa gan-ganitóng suliranín, ang paghatol ay di magagawa n̄g iba kundi n̄g bayan lamang. Sapagka't siya ang talagang hari, sapagka't siya ang tunay na Diyos n̄g m̄ga magigitíng. Nápakahirap siyang akayin sa ikabúbulusok sa pagkasawi: bihirang bihirang mapamali ang kanyáng pangdamdam. Noóng 1896 ay naglantad n̄g pusóng di naagawa n̄g buhay at pagtibók n̄g may 300 taóng pagkaalipin; at noóng 1898, ay nagpakilala naman n̄g kaalamáng magmahal sa sariling pagkabayan, na untiunting tinamó, na binayaran n̄g isá isáng paták na dugo, at binilí n̄g maraming buhay.

Dakila sa pagkabayani at dakila sa pagpapahayag n̄g kanyang m̄ga ninánais, ay hindi lumúluhog kundi humihingi n̄g talagang kanya, kaya n̄g umagang sinabi ay maraming anák n̄g bayan ang nagtitipon sa maluwáng na daáng Cervantes. Gaya n̄g náisaad na, ay paguusapan ang pakiki-ayon sa m̄ga amerikanong sa Estados Unidos ay humihingi n̄g ating pananarili. Ang ganitóng kadahilanan n̄g pulong ay nalalaman n̄g m̄ga má-ginoong nagdaraan, at hila n̄g nagkikisigang kabayo.

Alám nila ang ganitó. Alám din na kung saka-sakali pati na sila'y makadudulog sa paghaharapáng masarap na pagkain. Totoo. N̄guni't anóng

halagá sa kanilá na di naman nagdaramdam nang hirap at mġa pásanin nġ isáng dukha, sa isáng bayang sakop, nġ ganitóng gagawin? Hindi ba lalong mabuti ang huwag makialám at nang di naman mangápahamak? Ay anó kung pananarili ang pagpupulungán? May kinálaman бага silát? Walang wala, kaya sa pagkakalipong yaon ay marami sa kanila ang hindi man lamang nabahalang makialám ó kaya'y makihalo. Mana pa'y nagsipanġambang makisama sa bayan at baka mangápahamak.

Ang bayan sa ano mang gawi'y palaging nag-iisá, matanġi na lamang kung nagwawagi, pagka't isá't-isá'y lumalapit at isá't-isá'y nag-uunahán sa pagsíbad.

Isá sa mġa máginoong itó nġ umagang iyón ang gahasáng nag-utos sa kanyáng kotsero na magsinkaw. Pagkatapos ay tinunġo ang daáng Cervantes, kasama ang anák niyang dalaga: si Danding, magandang binibining magkakalabing pitong taón marahil, at sadyang pa sa sa Tayuman upang doón magparaán nġ maghapon at maglaro naman. May isáng malaking looban siya roóng nalilibiran nġ mġa punong mangá at saka isáng bahay na maaliwalas at sadyang sadya. Nanġaroón na at nagsisipag-ayos ang asawa at isáng pamanking dalaga nġ ating máginoo. Kinágabihan pa lamang nġ nagdaáng araw ay nagpaanyaya na sa iláng matatalik na kasuksukan at kapanalangin sa apat na hari, mġa pinaanyayahang nagsipanġakong magsisiparoón.

Isáng bík na kaigihan, binati sa isáng kumpareng mahirap at di binayaran pagkatapos, ang kaniláng pagsasaluhan sa panananghali. Sa likód

nḡ karwahe nḡ mag-amá ay kasunód ang kalesín nḡ binatang si Victorino Rojalde, mayaman at masalapi kay sa amá ni Danding, na si G. Nicanor Gutierrez. Kaya tinipanán nitó na siyáng magtatamó sa kamay nḡ kanyáng anák. Ang makisig na kalesíng kinásasakyán nḡ binata ay di naglalalayo sa karwahe ni Don Nicanor. Pagbungad nila sa daáng Cervantes ay nangapigil sa matuling lakad.

—¡Bákit?—ang tanóng ni D. Nicanor sa kanyáng kotsero, gayóng náikikita nang makapal na tao ang nagsisikip sa lansanḡan.

—Marami pong tao. At siya nḡa namán. Noo'y pati maluwág luwág na kalágitnaan nḡ lansanḡan ay sikíp na.

—Ituloy mo, bobo, managasa ka. At sa pag-aakala marahil nḡ kotsero na wala nang tao dito sa lupa kundi ang kanyang panginoón dahil sa gayóng makapangyarihang utos, ay umanyong magpalakad.

—Hintay ka—ang sabi nḡ isáng taong pagkaraká'y hinawakan ang riyenda nḡ makikisig na kabayo.

—Hoy, at sino ka? ang sabi ni G. Gutierrez.

—Isá pong natatakot masagasa.

Magkakainitán sana sila kundi dumatíng ang isáng pulís, isá riyán sa mḡa binabayaran nḡ bayang madalás di makasiyá sa kalooban nitó, na pagkatapos nḡ iláng pag-uusisa sa nangyari at nḡ márinig ang mḡa pinagsabí ni Don Nicanor na: *via pública, estorbo* at kung anó anó pa, ay nagtaás nḡ batuta upang makaraán ang karwahe at kalesín.

—Kay sama nḡa naman nḡ mḡa samang kai-



lanġan—ang bulong nġ isáng marahil ay binata, may maayos na tikas at daló sa pulong.

—Anó ang iyong sinásabi? ang tanong nġ pulís.

Lahat ay nagbilíng nġ mukha, lahat ay nagti-nġinan sa dakong kinalalagyán nġ dalawang nag-tatalo. Ipinanġambáng baka ang mġa sagutang iyo'y magíng dahil nġ isáng kaguluhan, bakit nġa dalawang araw pa bago mangyari ang pulong ay ibinalita na nġ mġa *jingo* na ang gagawin ay hindi mapayapang pag-uusap; kundi isáng paghi-himagsík laban sa pamahalaan.

Mabuti na lamang at noón di'y tila nabuksán ang pinto nġ dulaan. Libolibong ulo ang nag-galawan at libolibong katawán ang nag-unaháng makarátíng sa dakong iyon, kaya nālibáng ang pulís na pumagitna sa karamihan, hawak ang batuta, at handang mamalo sa sino mang maká-gitgit sa kanya.

—Bukás na ba, ha? ang tanunġan nġ tao.

—Hindi pa, ang sagot nġ mġa na sa dakong pinto.

—Hindi pa?—ang usisa nġ isáng matandang sa kaibayóng panig nġ lansanġan ay naghihintay na kákamótkamót sa ulo at hihimashimas sa bigote.—Hindi pa? Kung gayó'y igiba natin ang mġa pintong iyan!—at saka itinaás ang kanyang bastón.

Sa salitang itó ay nágising ang loob nġ karamihan.

—Hintay kayo, hintay kayo,—ang awat nġ isáng tila kasama nġ mġa nanġunġulo sa katipunang iyon.—Maghintay tayo sa magíging loob nġ mayari nġ dulaan. Dalawá naming kasama ang naki-

pagusap sa kanyá, upang alamín kung makapag-pupulong tayo ó hindi.

Ang mġa salitang ito'y siyang nakahadlang sa banta nġ lahat. Nanauli sa dati ang loob nġ mġa naghihintay na gayong kauminit nġ araw ay paramí pa nġ paramí.

Ang dalawang sinugo ay hindi pa dumárat. Samantala nama'y sarisaring salitaan ang naririnig at may mġa usapan pang biglang ná-papatigil.

Nang araw na iyo'y nag-ubos nġ káya ang káwanihan nġ mġa secreta. Nároong lahat halos ang kanyáng mġa tiktik, ang mġa pili, ang mġa pinakamabuting bata at may matatalas na tayngá.

Sukat na ang wari'y pagbubulungán, upang sa anino nġ mġa nag-uusap ay may makisilong na isáng may bukol sa likod. Kailán ma'y nápakamabuting magiinġat ang pamahalaan.

—Náito na, náito na—ang biglang biglang naibulalás nġ maraming bibig.—At sabay sabay sila halos na nagtinginan sa may sulok nġ daáng Paz at Cervantes.

Isáng karumata ang sa may bunġad pa lamang nġ lansangan ay tumigil na. Dito ay umibis ang dalawa kataong di namán totoóng kágulangán. Sa mġa mukha nila'y nahahalata ang bakás nġ isáng pakikipagtalong di pa natatagalán. Noón di'y di lilibong tao ang sa kanila'y lumibid at ang sabay sabay na: tanó ba? ay di halos magkágiitan.

Isá sa dalawa ang nakipag-usap sa pinakakalu-luwa nġ pulong na iyon.

—Ang dulaan ay ayaw ibigay nġ may-ari—ang sabi nġ dumating.

—Ayaw, at bakit?—ang usisa—nḡ mḡa kaharáp.

—Ang niloloob daw niyang ito'y kagabi pa sana ipatatalastás sa sino man sa atin, dapwa't di nang-yari pagka't hating gabi na—ang patuloy nang nagsasalita.

—Kung gayón ay hindi natin magagamit ang “Opera”?

—Hindi po.

—Humanap tayo kahit isáng looban.

—Siya nḡa, siya nḡa,—ang sabihan nḡ lahat.

Panibago na namang paghihintay nḡ karamihan, samantalang di dumarating ang naghahanáp. Sa mḡa sandaling ito'y ipinatalastás nḡ dalawa sa pinakakaluluwa nḡ pulong ang tunay na mḡa dahilang nínigil sa may-ari kaya ayaw ipagamit ang dulaan; ayaw siyang máparamay. Hangáng sa nakapagsalita tuloy nḡ anya'y: kilalá ko ang aking pagtaliwakas sa ating salitaan, dapwa't anó ang inyong ibig, may isáng tabák na nabibitin sa tapat nḡ aking ulo. Maáring ako'y yurakan ó kaya'y lurhán sa mukha nḡ maraming taong sa tapat nḡ aking dulaa'y nagsisipaghintay nḡuni't tayahin naman ninyo ang aking kalagayan. Kung ibig ninyo at nang huwag namang masabi na nagsasama akong ugali, ay umupa-kayo nḡ ibang dulaan at ako ang magbabayad, kahit magkano.

—Ganyán, ganyán,—ang patapós nḡ nagsasalita, ang isinagót sa amin nḡ may-ari.

—Dito'y may hiwaga. Nḡuni't anó kaya ang ikinatakot sa atin? May mḡa kaalít бага ang ating gagawing itó?

—Hintay kayo—ang sabád nang isá pa.—Kausapin natin si Chiching at marahil ay ipagkaloob ang kanyang dulaan.

—Sayang lamang,—ang pakli nḡ nákasagutan nḡ pulís, tatlong dulaan ang ayon sa aking balita, ay inupahan sa araw na ito nḡ isá nating maginoo at nḡ huwag nḡang magamit sa pagpupulong na ating gagawin.

—Ganoón ba? Kung gayon ay pinagsakilsakilan tayo upang manḡapahiya?—anáng isá sa mḡa ka-harap.

—Oh, hindi kayo kahiyahiya. Nariyan ang ba-yang sa isá ninyong tawag ay dumaló, natipon at tumalagá. Hindi matatawag na pagkabigo ang nangyaring itó kung di isáng pagwawagi. Ang mahalagáng layon na sa akala nḡ mḡa pabiglabigla kung magmasíd ay nápakisama na sa libing nang marami nating kapatid na namatay sa labanán ay buháy ri't di nagbabago. Sa puso nḡ bawa't tagarito ay natatanim ang nais na lumaya. Bulaan ang magsabing nalimutan na nḡ pilipino ang pag-ibig sa Pananarili—at ang matandang nagtaás nḡ baston na siyang nagsalita nḡ ganitó, ay siya ring nakápansing bukás na palá ang dulaan.

—Salamat—ang wari'y pagkahangó sa hirap na sinambít nḡ libolibong nadadaráng sa init nḡ araw, at iníp na iníp sa paghihintay na noón di'y nasok sa loob nḡ dulaan. Ikaapat na bahagi pa lamang halos ang nakararaán sa makipot na pag-kakábukás nḡ pinto, ay nagsikíp na.

Ibabá't itaás ay wala nang pagsiglán ang tao. Sa isáng palko ay inabot na nḡ mḡa unang na-kapasok ang dalawang amerikanong umano'y mḡa pinuno nḡ policia municipal at saka nḡ mḡa se-creta.

Manonood daw lamang ayon sa sabi nḡ maka-

pasok na't makipagharáp sa dalawa, ang pinakakaluluwa n̄g pulong.

—Máitutuloy na ba namin?—ang usisa nito sa dalawá.

—Aywán namin sa may-ari n̄g dulaan kung ibig niya.

Sa harap n̄g paghihinaw na ito, ay napilitan ang pinakakaluluwa na magsalita sa nangaroroóng magsilabás uli n̄g matahimik, pagka't ang pulong ay sa ibang araw na idáraos.

Lahat ay lumabás na nagmumura dahil sa gayong nangyari.

Isáng kastilang matanda na sa Pilipinas ang nakapagsalita tuloy at anya'y:

—Kun sa Espanya nangyari ang ganitó, ó sa alin mang bayan n̄g Europa, ay may malaking sunog na sana n̄gayóng pinagkakaguluhán ang m̄ga bombero.

—Doón n̄ga marahil ay oo, n̄guni't dito'y hindi, pagka't ang bayang ito'y may pag-asa sa sariling káya, sa kanyang magagawa, at di karakarakang napadadalá sa simbuyó n̄g isáng pagkabigla lamang—ang sagot n̄g isá namang kasama rin sa karamihang iyon, baga ma't ang pagkakasagot niya'y sinarili at di na ipinarin̄g.

Ang gayóng karaming tao na dapat sanang pasigaw na tumutol, ay nalis sa pinagtipunang tahimik na tahimik at kung may sinasabi ma'y walang iba kundi:—magpaibang araw tayo.

Isáng malaking pulutong n̄g m̄ga galing sa dulaan ang pumatun̄go sa daáng Salcedo. Sa tapát n̄g isáng bahay roón ay nagsihinto sila. Ilán ang nasok sa isáng makipot na pinto. Sa m̄ga nagsipasok ay kabilang ang nangungulo sa pulong at

ang iba pang kasama niya sa gayong munukala. Doón sila nag-uusap n̄g marapat gawin at doón din sinulat ang isáng telegramang ipadadalá sa Amérika bilang pagbabalita n̄g nangyari. Sa maraming nagtayo sa tapat n̄g pinto ay may ilán ding m̄ga secreta, na aywán kung may binában-tayan ó talagáng magsisipanood lamang sa ginagawa.

Dumunḡaw ang isá sa m̄ga nagsipanhík at muling inulit ang m̄ga sinabi sa loob n̄g dulaan: saka na ibabalita kung kailan, at saán gagawin ang pagpupulong. Unti-unting napawi ang gayong karaming tao, matanḡi ang ilán na nagsipaghintay pa rin doón.

—Saka na raw, saka na—ang sinásabi-sabi n̄g binatang nákabanga n̄g pulís samantalang lumalakad na kasabay n̄g kung iláng m̄ga lalaki rin at patunḡo sa daáng Iris. Bakit kaya?—ang tanóng na patapós.

—Bakit, ang wika mo Luis—anáng isá.—Hindi mo ba narinḡ ang sabihan doóng ayaw ibigay n̄g may-ari ang kanyáng dulaan?

—Oo na n̄ga, n̄guni't ang kasagutang iya'y di nakasisiya sa akin. Marahil may isáng sanhi na lalong malaki at di lamang. . . . .

—Ipagpatawad ninyo m̄ga kaibigan, anáng isáng kumatlo sa usapan—ang nangyaring iya'y di máisisi kanino pa man kundi sa may-ari n̄g dulaan. Kundi ba siya talagang nanghihiya, ano't gagawa nang gayón?

—Ang may ari?—ang sagót na pamuli ni Luis, —tunay at nagkamali, n̄guni't bakit natin hahanapan n̄g lingap ang isáng di man natin kasingdamdam ni kadugo? Ako ma'y sumisisi sa

kanya at pumipintas, n̄uni't lalo kong sinisisi at pinipintasán ang nilit sa kanyang huwag ibigay ang dulaan.

—Anóng sabi mo?—ang patanóng n̄g lahat.

—Kung waláng nilit sa kanya ay hindi tatali-wakás. Marahil siya'y tinakot, at binalaan at tsino ang makapagsasabi kung sinuhulan pa n̄g salapi!

—Nino, nino!

—Nino!—at isáng tingíng makahulugán ang itina-  
napos sa ibig sabihin.





## II

**B**AGÓT at pawisán nḡ dumatíng sa Tayuman si Don Nicanor. Si Rojalde ay malungkót. Ang mukha niyang tuwi na'y minámaganda nḡ bibiyaning si ñora Titay kaya alanganing palagi ang asawa nitong Don, nḡ umagang iyo'y nápan-sin nḡ mḡa dinatnán na tila malumbay.

—Tila masama ang ulo ni Rojalde ang sabi nḡ isáng náuna na sa kanilá, sa kaínuman nḡ serbesang nakaupo sa tabi nḡ isáng durungawan.

—Hús, anó bang masama, baka natalo lamang kagabi.

—At nagkalaro ba?

—Di kasí.

—¿Saán?

—Mahina nḡa palá ang pangamoy mo. Humáharurót pa ang aming mḡa automobil nḡ kami'y magdaán sa tapat nḡ iyong bahay kagabi, ay di mo na ná pansin.

—Baka ná kakatulog na ako.

Hindi na natapos ang usapan nḡ dalawa, pagka't si Rojalde ay biglang sumalagmák nḡ upo sa isáng silyang malapit sa nag-úsap matapos na ang mḡa ito'y batiin at kamayán. Kasunód niyang



nasok na íling íling si Don Nicanor na hawak ang orasán at ang wika:

—Naluwatán kami. A las 11-15 na, ako'y inyóng patawarin mġa ginoo. Hindi ko kasalanan ang pagkabalám na nangyari.

—O, kun sa amin ay huwag po kayong mag-aalaala, kailan ma'y di kami nañinip kung na sa inyóng bahay—at pinatunayan ang sabing itó nġ nagsalita, sa paglagók nġ serbesa.

—Salamat kung gayón—ang paklí ni Don Nicanor—Ang akala ko'y hahapunin kami sa daán.

—Bakit po?—

—Wala pa bang násasabi sa inyo si Rojalde?

—Wala, bakit nag-aalaala kaming tumanóng at tila siya'y nalúlungkot.

—Hindi namán, may iniisip lamang ako—ang sagót nġ tinukoy.

—Isáng malaking bagay marahil, isáng kalakal na pakikinabangán.....—ang dugtóng nġ noón lamang nakihalo sa sálitaan, pagka't mula nġ dumating ang nálalapit nang magkábiyananan, ay walang hinaráp kundi ubusin ang lamán nġ malaking basong hawakhawak.

—Hindi, hindi—ang payamót na tugón ni Rojalde na libáng na libáng at waring may hináhanap sa loob nġ bahay.

Isáng kindatan nġ mġa dinatnán ang nagsabing: “wala, sirang sira ito kay Danding”.

—Nalaman ba niyo kung anó?—ang bigla ni Don Nicanor—Sa daáng Cervantes ay muntik na kaming magkabasag-ulo.

—Bakit?—ang panabáy nġ dalawa na kapwa nag-ñangá nġ bibig at nag-anyóng mġa takáng taká.

—Dahil sa maraming táong nakaabala sa aming

paglakad at doo'y nagsisipaghintay ng aywán kung anóng pulong tungkol daw sa *independencia* ó *pendencia*. Hindi ba Rojalde?

Isáng tangó nitó ang itinugón sa nagsalita na sana'y magbubugá na ng kun anó anó, kundi nasok ang asawang si aling Titay at siyang nagbaling handa na ang pagkain, sabay ng malambing na tanong kay Don Nicanor, kung bakit tinanghali.

—Siya ko rin ngang ipinaliliwanag sa mga ginóng ito.

—Ganoón ba? ay siya labás na muna tayo at sa pagkain na pagusapan ang bagay na iyan. Baka lumamig pa ang litson ay hindi na tuloy tayo makakain.

—Siya nga naman—ani Don Nicanor,—kung mai-nit lamang masarap ang litson. Tayo na po. Lahat ay nagsilabás, at unang una na ang dalawang dinatnán na kapwa maibigín sa taynga at buntót na malutóng.

Sa bahay ni Don Nicanor, alín mang kainán ay pigíng nang matatawag. Wala nang masásabi pa ang sino man. Sa kanya makátitikim ng sarisaring luto at buwánbuwán halos ay di sumásalang may papigíng siya sa mga kasugalan at kapanalangin sa apat na pung baraha; ito ang kinahihiligan ni Don Nicanor at saka sa pag-ambág ng ganitó ó gayóng halagá, sa pagpapagawa ng isáng bagong damit sa Nuestra Señora del Carmen ó ibang santa na sadyang pinamumuhunanan ni Don Nicanor, sa pananakaling ang kagandahang loob na ito'y makagaán kun siya'y mamatay at magpataopo sa pinto ni San Pedro.

Sa ganitóng pagmamagandang loob totoóng napakamahilig si Don Nicanor at saka sa iba't iba

pang gawang banal sa ikatútubos ng kaluluwa sa búhay na itó, nguni't huwag siyang mámumungkahi sa pagbibigay ng kahit piso sa isáng akala ó panihalang ukol sa bayan, pagka't wala siyang kasiglá siglá sa ganitong mga gawain. Kung mga kandila pa, pamisa kaya ó isáng "grupo" ng huweteng ay maluwag siyang magbigay.

Ganyán kung mag-akala si Don Nicanor, ganyán ang kanyang mga pagkukuro tungkol sa mga paláisipang ukol sa bayan ó sa pamumuhay. Mawilihin din naman sa pagsasamantala sa kanyang matayog na kalagayan, at namihasa na sa pagpapalagay na kakaning-itik lamang ang mga maralita.

Isáng katotoohanang ng ganito: ang litsong iyón na umuúsok pa halos ng pagduluganan nila ay tsaán galing?

Sa isáng mahírap, sa isá niyang kumpareng inalipin kung wala silang alila at sota kung ito'y umaalis. Itó ang ibig ni Don Nicanor sa lahat ng dukha: masúnurin, hindi palatutól at di nagpapakialám sa mga pagkilos na kasalukuyang hináharap ng ating mga mangagawa. Kaya sino man ang mákaulong ay walang náipagmamalaki kundi ang kumpareng iyon.

—Sabi ko sa inyo—ang sulit sa mga kasalo—at ang aking kumpareng ito'y totoóng mabuti. Nagpapakamatay halos ng panunuyo sa akin.

—Mapalad kayong totoó, Don Nicanor—ang tugón ng isá. Kayó kung minsay kinahihilian ko.

—At dapat namán—ang sambot ng isá pa. Masalaping gayon na lamang, palawagí sa pangangalakal, tanó pa ang maháhanap ng isáng tao?

—Dahan dahan kayo mga kaibigan—ang pangiti-ngiti ni Don Nicanor—Madalás din namang ako'y

nakáranas nḡ mḡa sandaling masakláp na di pa ninyo tinatawid marahil, ni náikikilala man lamang.

—Nino, nḡ gaya ko!—at durugtunḡan sana nḡ mahaba pang sásabihin nḡ isá sa mḡa kasalo, nḡuni't ang salita'y biglang naputol sa pagpapasok nḡ isáng *capón-rellenado* na siyang pinagpakúan nḡ tingḡing matakaw nḡ lahat, máliban na kay Danding na kumákain nḡa dili hindi, dapwa't malayo ang ísip at tanḡáy nḡ mabining simoy na mula sa malalagong mangá ay humahalik sa mḡa noḡng pawisán nḡ nagsisikain. Wala sa pag-sasalong iyon ang ating dalaga: siya'y na sa "Opera" at katitigán nḡ isáng binatang makisíg na nag-aari nḡ kanyang puso, noḡng nákatalo nḡ pulís. Hindi nápapansing sa piling niya'y nakaluklók si Rojalde, binatang galing sa Paris, sa Madrid, sa Berlin, sa Londres, sa Roma, sa New York, sa Tokyo, at dumating ditong may ganáp na pagkákilala sa panḡanḡalakal at pagpapatubo nḡ puhunan; bagá ma't walang natapos na pag-aaral, hindi náikikitang sa dakong kaliwa niya ay nakaupo si aling Titay na kanyang iná, at walang pinag-iinḡatan kundi huwag mátapunan nḡ sabaw ni magusót ang mainam na barong habing Indang na noón lamang isinuót; hindi nápupuná ang pag-wawalang kibo ni Beatriz na kanyang pinsan, na dahil sa kapaguran sa paghahandaang iyon ay matumilmíl sa pagkain; hindi náikikita ang ga mamiso halos na lamán nḡ kapóng ipinapasok sa bibíg nḡ isá sa mḡa inanyayahan, si Juancho Balani, bantog na mánunugal at kilaláng majakás sa pagtaya, hindi man lamang nakitawa sa paghahalakhakan nḡ lahat nḡ mārining na ang

notario't madadasaling Manuel Barrientos, isá pa sa m̄ga panoohin, at dahil sa pagkalanḡó ay nagdarasal na palá nḡ *Kiriyeeleyson*, at ang boong akala'y lumíndol; at sa wakás ay hindi nákkikitang bagót na bagót na ang kanyang amá sa isáng langaw na nagpupumilit humapon sa anít niyang tuktok.

Lahat nḡ iyo'y hindi niya nákkikita, ni hindi náririnig ang kálansinḡan nḡ m̄ga *cubiertos* at ang pagkabitíw nang notario sa hawak na *cuchara*. Ibáng bagay ang sumúsurot sa kanyang m̄ga matá: isáng titig na wari'y nagmamakaamo, ibang anyo ang nálarawan sa kanyang m̄ga balintataw: isáng tikas binata, nḡuni't hindi si Rojalde.

Si Danding ay babayi, at babaying umiibig, kaya sa gitna man nḡ m̄ga pagkakatuwáng paris noón, ay walang pinapanḡarap kundi ang pinagkatiwalaan nḡ kanyang oo. Bakit ang pagkakatinging iyon nḡ kanyang katipán, ay makahulugáng totoó. ¿Alám na kaya ang nilóob nḡ kanyang amá? ná-tanggap na kaya ang sulat niyang ipinahatíd? Dalawang katánunḡan itong di niya masagot sagót nḡ di muna papagtalunin ang puso at pag-iisip.

Nápansin ni Rojalde ang ganitóng kalagayan nḡ na sa siping niya, kaya nḡ magkadahilán ay nag-abót nḡ isáng bulaklák.

—Oh, ipatawad ninyo sa akin, Rojalde—ang sabi ni Danding—hindi ko nápupunang may bulaklák palá kayong ibinibigay.

—Katakátaká—ang tugón nḡ binata—kayo, na talagáng magiliwín sa m̄ga bulaklák, kayo, na mapag-alaga nḡ sarisaring halaman at nápakaramot hingán nḡ kahit isáng malulugás na sa tangkay

ay siyang nakaligta ngayón sa pagtanggap ng isá pa namang bulaklak din.

—May iniisip akó—ang nabiglaanang sagót ng dalaga—hindi palá ako'y nalulungkot.

—Diyata? Lalo pa ninyo akong pinapagtaka!

—Walang ano mang nangyayari sa akin. Huwag kayong mabahala.

—At may mga sama ba kayo ng loob na tintimpi at ayaw ipamalay kangino man kundi sa inyo ring sarili?—ang tanóng ni Rojaldeng tila di nakariníg sa mga salita ng kausap.

—Kinukumpisal ba ninyo ako, ó anó?

—Hindi naman. Malayo sa akin ang gayong banta, ibig ko lamang malining kung anó ang sanhi ng inyong kalungkutan, yamang talastás ninyong kapighatian ko ang inyong pighati.

“Ganoón ba?—ang munti nang másagot ng dalaga—bákit di mo sabihin sa aking amá na iniuurong mo na ang iyong akala sapagka't hindi kita iniibig? Hindi mo ba nahahalata? Bákit, gayong náraramdaman mo namán ang ganitó ay nagpupumilit ka pa rin at pinagtutulungan ninyo ng tatay ko ang paglilibing sa aking puso? At lahat ng ito'y dahil lamang sa salapi, dahil lamang sa inyong ikabubuti?”. Nguni't ang dalaga'y nagpigil at nakiníg na lamang sa mga salita n kanyang amá na noo'y ngumunguya na ng sari-saring matamis.

—Maniwala kayo't dili—ang sabi ni Don Nicenor—na may itinatapat pang isang *petisú* sa kanyang bibig—na ang nangyari kangina ay totoóng nakamuhi sa akin. Kay dami pa ng mga ulong walang laman dito sa atin, kay dami pa ng mga tungák! Anó ang kanilang gagawin? Wala namán

kundi pagusapan lamang ang pakikianib sa isáng lupon na doón sa Amérika ay nag-uusig daw ng ating kasarínlan. Dakilang pagkakamali! Anó pang kasarínlan ang hihinǵin? Hindi ba tayo'y layang-laya na? Iyang mǵa nag-aakay sa bayan sa landás na umano'y ikatutubós, bago'y sa kapahamakán ang tnnǵo, ay masasama. Walang kahalintulad sa kasamán. Tingnán ninyo: kung nagkataong sa pagkakatipong iyon ay nagkaroón ng guló ó anó mang ligalig na nakapilit sa mǵa kinatawán ng pamahalaang nangaroroón na magsigamit ng sandata upang mapapanauli ang kaayusan, isino ang mangapipi anan? Ang mǵa dumaló, ang nagsiparóong náulol ng isáng tawag na umano'y katungkulang daluhán, at hindi ang mǵa nagbálak ng pulong na pagkatapos ay magsisipaghinaw at magpapa-walawala. Gaáno karaming buhay kung nagkataon, bakit nga'y dalawang araw pa lamang ay may humuhugong nang mǵa balita na magkakaguló roón.

Iyang mǵa nagpapanggap na mabubuting pilipino bago'y mǵa mǵangangawil sa katihan, ay kung ano't nangagsísikap na ang malulumanay na kaugalian ng bayang ito'y mabago. Pulong lingo lingo, pagtatatág ng isáng kapisanan dini, pag-aambagan doón, timpalák sa kabila, paghahalalan sa dako pa roón, na wari bagang sa ganganitong gawa'y may pakinabanǵin ang tao, at nilimot na ang pagsisimbá at pagsasabong na isáng libanǵang mabuti at pinagkakakitaan pa ng panawíd buhay. Talagang tayo'y pabulusók ng pabulusók, at hindi kaya ko sinábi ito ay sapagka't may isá akóng sabunǵán.

—Siya nga naman—ang paayon ni Rojalde—talagá mǵa ginoó na dito sa atin ngayon ay wa-

lang sinisikap ang ilán kundi ang manguló. ¿Pananarili? Ni sa pangarap!

Malakás na halakhákan ang isinambót nḡ magkakaharáp sa sinalitang ito ni Rojalde.

—Huwag kayo't marami ang nagsisipanḡarap dito nḡ hindi naman natútulog—ang paklí nḡ notario.

—Mḡa tao itó!—ang pahatol ni Balani—bayaan ninyo ang kanikanya. Na ibig nila ang pagsasarili? Sulong, huwag nating hadlangán. Nababagót kayo Don Nicanor at kayo kaibigang Rojalde? Huwag ninyo silang pakingan: saka na nila makikita ang kamalian nḡ mḡa ginagawang iyan. Huwag tayong makialam sa kanilá: sa buhay na ito'y walang magaling kundi mag-asal patáy.

—Humatol na naman si kaibigang Juancho.

—Hindi paghatol ang aking ginagawa kundi isáng pagpapaliwanag na ating kailanḡan, upang maputol agad ang inyong pagkabagót sa nangyari ngayong umaga, pagkabagót na maáring likasira nḡ ating kinain na náraramdaman ko nang natutunaw sa aking tiyan.

—Katuwíran, katuwíran. Magíng putong na marinḡal nḡayon nḡ ating kinain ang sorbetes na sa paglalaro na natin nḡ monte hintayin—ang patapos ni Don Nicanor.

—Siya nḡa ang panabáy nḡ lahat na nanḡag-tindigan. Ang magkakasalo, nḡ matapos na ang kainán ay nanḡagkaputaputaki. Ang mḡa lalaki ay nagsitunḡo sa pinakasalas at doón, sa isá namang mesang, bilóg ay hinaráp nila ang apat na kaharian: si Balani ang naglilagay at ang tatlo naman ang nananaya. Sa unang pagsasagupa pa lamang ay natalunan na si Rojalde nḡ may limangpú. Ang



ginagaling ay ang notario Barrientos. Si Don Nicanor ay walang ináabanġan kundi ang paglabás nġ kabayo't pitó na siya niyang kasuki at ikina-kabig nġ malaki sa alin mang laro kahit nġa balita at matutunóg ang nákalaban. At ang ganito'y hindi nagkakabula: minsan ay kumabig siya nġ kuláng kuláng na sampúng libo kaya nġ pagkakataong iyo'y muntík nġ mápasangla ang kaluluwa ni Balani sa mayamang asawa ni aling Titay.

—Nakú, pitó—ang sabi ni Balani nġ sa pagtiti-haya nġ baraha ay pitóng bastós ang lumabás.

—At kabayo sana ang kasunod—ang dugtong ni Don Nicanor.

—Kabayo nġa po—anáng notario na nápakagat labi.

—Dalawa—ang matigás na sabi ni Don Nicanor na itinuón ang daliri sa pitóng bastós.

—Vale—ang sagot ni Balani.

Ang *dalawang* sinabi ni Don Nicanor, ay hindi dadalawang céntimos, kundi dalawang daang piso.

Ginawa ang laro at ang lumabás ay kabayo. Muntík nġ magkansusubasob sa mesa si Don Nicanor sa pagsípat nġ hawak na manjar ni Balani at baka aniya'y may daya. Noón lamang siya ipinatalo nġ minamahal na *pitóng bastós*.

—May masama na nġa ba akong panġita—ang ibinúbulong nġ natalo na nagdudukot nġ dalawang daan—kanġinang kumákain tayo ay nabunlukanan akó nġ isáng butó nġ litsón. Dapat sana'y dininíg ko ang tawag na iyon sa akin at huwag nang tumaya.

—Nġayon ko lamang narinig na si Don Nicanor ay nanghinayang—ang wica ni Balani.

—Sino, akó? Huwag ang dalawang daan kundi ang kahit maging libo, ako'y talagáng di nanghihinayang.

Muntik nang magkasumanġan ang dalawa kundi noon di'y ipinasok nġ isáng alila ang mġa copa nġ sorbetes.

—Pumayapa tayo at purihin ang Diyos—ang pabiro ni Barrientos sa nangagkainitán.—Náito na ang maputing biyaya nġ kapalaran na singkulatory nġ gatas palibhasa'y may gatas. Ni ang bantóg na *maná* nġ mġa israelita ay di marahil makakasingsaráp nġ sorbetes na ito ni Don Nicanor, mapalad na lalaki sa tanang nilikha at nápakamaibigín sa pitóng bastós na yari bagang ang ibig sabihi'y bastós tayong apat na magkakaharáp ngayón kung nagíng pitó ang ating bilang. ¡Binabati kita, buláng masaráp, tubig na binuo, pagkaing taga-langít, na naba sa lupa at na pa sa bahay ni Don Nicanor upang patikím sa akin! kay saráp mo sorbetes!!!—at hinawakan, pagkatapos nġ talumpating itó, ang isáng copa na tuloy tuloy nilagók hangang sa magkangsasamíd kaya babatukan sana ni Balani kundi nakitang humihingá na palá.

Pagkatapos nġ ganitong pagkakasamíd, na muntik nang ipanaw sa "*mundong* itong magdaraya" nġ kahinahinayaug na búhay nġ notario, ay ipinagpatuloy ang laro sa pamamagitan nġ mġa lagók nġ sorbetes.

Nang hapong iyo'y sadyáng sinasama si Don Nicanor. Tuwing lalabás ang pitó magíng hindi bastós at tayaan niya, ay natatalo.

—Talagá, Don Nicanor—ang wika ni Balani na ngayo'y mahúhughog kayo.

—Hindi rin marahil lalo't ganitóng di naman málakasan ang taya.

—Si Rojalde ang hindi sinasama ni ginagalíng —ang paklí nḡ notario na noon lamang nakapagsalita at háhagod hágod pa sa lalamunan.

—Nálalaman ninyo kung bakit?—ang usisa nḡ tinukoy—sapagka't hindi akó kumain nḡ sorbetes.

Halakhakan ang isinalubong nḡ lahat sa mḡa salitang itó ni Rojalde.

Aywan kun sa pagpapantíng nḡ tainḡa ni Barrientos dahil sa gayóng pagkabiro ni Rojalde, ang ginawa'y tumaya nḡ malakí, sa kabayong espada, na sa kasamaang palaḏ ay natalo. Napapalatak ang notario at sana'y magsasalita, kundi hangang sa kinalalagyan nila'y umabot nḡ boóng linaw ang sinigawsigaw ni ñora Titay sa mḡa alilang pinapaghuhugas nḡ pingán.

—Ang mḡa *dimoñong* itó ay wala nang nalalaman kundi lumamon at magpakabusóg, ni mangaghugas nḡ pingán ay hindi marurunong. ¡Sáyang nḡ salaping ibinabayad ko sa inyo!

Sa kaunting sinalitang itó nḡ ating ñora ay dalawa pa ang kabulaanan: una, hanga noo'y di pa nagsisikain ang kanyang mḡa utusán, at dahil dito'y hindi pa mḡa busóg palibhasa'y ugali ni aling Titay ang huwag munang pakanin ang mḡa alila hanga't hindi nalilinis ang pingán, násisán ang kinanang mesa, at náisasauli sa dating lalagyan ang lahat na ginamit: ikalawa, hindi dapat kalinayanḡan ang ibinabayad sa mḡa alilang iyon pagka't sa kinuhang limangpu nḡ isá at tatlongpu nḡ ikalawa, na pagbabayaran nḡ tigatlong piso buwan buwan, ay sa mḡa alila pa ang labada nḡ damit, kaya gayong may tiglilimang taon na si-

lang naglilingkod sa bahay ni Don Nicanor, ay nanagkakautang pa ng malaki.

Dapwa't ang ganito'y di pinapansin ni *ñora* at sa tuwing magkakamali ang mga alila ay kinakatatkat na mabuti ng mura. ¡Mapalad!

—Nagbubusá na naman ang asawa ko—ang pahimutok na di naikubli ni Don Nicanor sa mga kaharap. Ang tatlo'y nanagkakatinginan na lamang at waring sa piping paguusap ng mga matá ay ibig na maalaman kun anó ang katuturan ng gayong salitang dinaán pa sa himutók.

Dapwa't si Balani na kulugán man yata sa piling ay di mababakbak sa pagkakaupo lubha pa kun ang apat na kaharian ang siyang kaharap at pinaglalaruan sa kanyang mga daliri, ay muli na namang nagbaba ng panudyó sa mga kalero.

Si Rojalde ay tumaya, nguni't anopa, pasubali lamang, huwag na di masabing lumalaro siya baga ma't ang hinahanap ng matá ay kun nasaan si Danding na pagkakain ay nawala at sukat at tila sinakmal ng laho. Iniisip ng binata kun anó kaya ang kahulugán ng pag-wawalang kibo ng dalaga habang sila'y kumakain, kun hangang saan ang ábot ng mga sagot na iyon sa kanya na waring pagbibigay lamang, ano pa't salisalimuut ang iniisip ng namumuláng si Rojalde na dapat na sanang mamihasa sa gayong pagpapalagay ni Danding, palibhasa'y di naman miminsang pinagpakitaan siya ng gayong mga talinghaga.

Dapwa't ang lahat ay niwawalang kabulhán at hinihinuhang gawa lamang ng kabataan ni Danding, bakit natátalos pa nga niyang kung mahirap sukatin ang layo sa lupa niyang kung tawagin nati'y langit na minsa'y mababa at minsa'y mataás, ay

lalo namang mahirap hulaan ang niloloob n̄g isáng babayi.

Bákit naaalaala pa ang matigás na pagkakapan̄gako ni Don Nicanor, minsang mangailangan itó n̄g sampung libong piso.

“—Sa akin ka umasa Victorino. Hindi ko ibig na sa pag-aasawa n̄g kaisá-isá kong anák ay magitan pa ang kahit sino. Akóng akó lamang ang makapaghahari sa kanyang buhay, sa kanyang puso at pati sa kanyang kaluluwa.” Salita itong hulí na sa kamadalianan marahil ni Don Nicanor upang makuha na ang sampung libo ay di inalalang nálalabag sa pananampalatayang kiristiyano na nagsasabing ang kaluluwa’y ari n̄g Diyos na makapan̄gyarihan sa lahat ó n̄g dimonyo na makapangyarihan din naman kun sisiyasatin sa m̄ga kalikutáng ginagawa, lubha pa kun ang may ari n̄g kaluluwa ay isáng makasalanan. Iiláng *misa cantada* sana ang naiukol ni Don Nicanor sa kahit sinong taga-lan̄git kung náalaala ang ganitó! ¡Sayang!

Itó ang pan̄gakong sinasandata ni Rojalde sa kanyang pagtitiyaga, at ikinapagsasalob kailan ma’t makikita ang anák ni Don Nicanor n̄g m̄ga salitang: magíging akin ka rin. Asang ása na kailan ma’t nanasain, ang gandang iyo’y mapapakanya, n̄guni’t aywán kung bákit n̄g hapong iyong naglalaro pa naman, ay saka ikinababahala n̄g labis ang panḡingibig kay Danding.

Mabuti’t sa pagkayamot yata ni Barrientos na hindi na nagtama sa hulí, ay niyaya ang m̄ga kaharáp na pa sa carrera sila yamang malapit na rin lamang sila sa Hipódromo at saka oras na n̄g pagtatakbuhan,

—Tayo na—ang tugón ni Balani na nagsilíd sa bulsá, n̄g kanyang panalunan.

—Tayo—ang sagot ni Rojalde na sabay tindíg at kumamay kay Don Nicanor—hangang sa pagkikita po uli. Ang dalawa man ni Balani at ni Barrientos ay nan̄gagpaalam na rin at sabay silang tatlong nanaog samantalang si Don Nicanor ay nag-uunát naman sa isáng “perezosa” pagkatapos ipagbiling agahan ang minindal at n̄g makáuwi agád. Nagpapahin̄ga si Don Nicanor at baka ang kagalang galang niyang katauha’y mawalan n̄g lakas.

Nang na sa lupa na ang tatlo ay saka pa lamang nákita ni Rojalde ang kanyang hinahanap-hanap: si Danding na sa isáng bintanang paharap sa malalagong puno n̄g mangá, ay malungkot palang nakapanun̄gaw. Pinagpugayan pa mandin n̄g binata sa pananakaling magtamó n̄g isá man lamang n̄giti bago umalis doon, n̄guni’t isáng tan̄go na wari’y pilit ang kanyang napala.

—Mápara-akin ka rin!—ang huling isinaloob n̄g binata, at nagmamadaling pumatun̄go sa pátakbuhán upang huwag máhuli sa pagtakbo ni *Umpara*, na Sábado pa lamang n̄g hapon ay nábalita na niyang palalabasín.





### III

**G**ABI at umúulán. Gabíng dapat sumpaín n̄g m̄ga may sakít na rayuma dahil sa kalamigán n̄g han̄ging humíhip. Gabíng dapat ipanalan̄gin n̄g m̄ga matatakutín dahil sa mahuhugong na kulóg at nagniningasang kidlát. Ang patak n̄g ulan ay gamais halos at siyang ipinaglulusak n̄g m̄ga lansan̄gan n̄g Maynila na kaya lamang magandá ay kung tag-araw, tulad din naman sa isáng babayi na kung bihís lamang saka náki-itaan n̄g gara.

Ang m̄ga ilaw-elektriko ay waring nan̄gag-áantukan sa inandá pandáp at sa m̄ga daang dating matao ay ilán ilán lamang ang nagsisipaglakad, matan̄gi ang m̄ga pulis na may katungkulang magbantay at nan̄gagyayao't ditong matalas ang tayn̄ga sa ano mang kilatís ó yabag kaya na di karaniwan. Itó ang biyayang napapala sa kaniláng ibinubuwis n̄g m̄ga nan̄uirahan sa Maynila na n̄g gabíng iyong pinagsun̄gitán n̄g ulán ay maa-gang nagsipaglapat n̄g pinto. Tulóg ang bayan at hindi náririnig ang dagundong n̄g m̄ga kalesa at ang pagtatagintin̄gan n̄g salapi sa m̄ga bahay-kalakal. Nagpapahin̄ga ang lahat, naghapuna't hindi,

bundát at gutóm, mula sa mġa ulo nġ yaman hangang sa kadukhadukhaang anák nġ pawis at paraparang nagsisihanap sa pagtulog nġ lakás na kinabukasa'y gágamitin nġ iba sa pagsasayá, at nġ karamihan sa pagkita nġ ikabúbuhay. Ang pagtulog ay sintulad din nġ kamatayan, walang itinatanġi, lahat ay pinaghaharian, lahat ay nasásaklaw; pagdating nġ gabi ay siya ang panġinoon. Mapalad na panġinoong walang kawal at malalaking hukbo ni laksa laksang salapi, ay makapangyarihan naman at tinatalima.

Nġuni't isá lamang masuwayin, ang sa gayóng kalakás na ulán ay sumasagasa at sugod nang nakikipagunahán sa bilís nġ kidlat na maminsan minsang nakalilito sa kanyang mġa paninġín. Pagliko sa isáng daan at sa tapat nġ isáng tila nag-aantok na ílaw, ay nákilalang siya pala ang binatang nákatalo nġ pulis sa "*Opera*".

Lalo pang lumalakás ang ulán, nġuni't lalo namang nagdudumali ang masuwayin na pagkatapat sa isáng bahay sa daang A. . . . ay tumigil at nagmasid. Lapat na ang mġa pinto't bintana nġ kinátatapatang bahay na di naman lubhang mataás. Ang bahay na iyong salát sa karingalan nġ mġa bagong tayo, ay napagkíkilalang matanda, na at marahil ay di lamang lílimangpung taóng pinamamahayan. Malakí nġa kun sa malakí, dapwa't di sasalang yari noón pang walang mġa kawani ang municipio na naguutos paris nġayong ang tataás nġ mġa bahay ay pagpantaypantayín, sapagka't mababa, at at sa katunaya'y pantay ulo lamang ang mġa palababahán nġ bintana. Ang bahay na iyon marahil ay labí nġ isáng marahás na sakuna, pagka't sa biglang tingin



ay napagkíkílang dating mataás at ang nagsasabi n̄g ganito'y ang áyos n̄g kabahayán na alangang-alangán sa kababaan n̄g silong. Ito'y bahagya nang umaangát sa lupa. Sa gayóng kadilím na gabí ay pagkakamalán ang bahay na ito at wikain n̄g kahit sino na marahil isáng simbahang matanda, at kabilang na n̄g m̄ga bagay na kakahapunin n̄g pananampalatayang kiristiyano. Siyang siya n̄g sa isáng simbahan ang tabas-kamalig niyang bubóng na tisa na sa may gitna at sa pinakatuktok ay may isá pang maliit na *gola* na natatapos sa isáng kurus na kahoy. Ang kurus na iyo'y di sásalang nákasaksi n̄g panahón sa malalaking bagay na nangyari: gaano karaming lihim ang nalalaman niyang pipi naman at hindi makapagsalita.

Kun ang bahay na ito'y nagkátaong napagitna sa matataás na pader ay máipalalagay sanang isáng monasterio ó tahanan n̄g m̄ga babaying walang puso kun sa m̄ga lalaking taga lupa, maliban kay Cristong hindi na pinagsawaang pagukulan n̄g kaníkanilang pag-ibig n̄g libolibong dalaga.

N̄guni't hindi, at ang bahay na iyong alangáng simbahan, alangáng monasterio, ay tahanan n̄g isáng mayamang kilalá sa boong Maynila sa pangalang Nicanor Gutierrez. Iyon ang bahay ni Don Nicanor na kinátatapatan n̄g masuwayin kay Pagtulog.

Sa m̄ga kilos at anyo n̄g taong nátatapat sa bahay ay napagkíkílang hiratí na siya sa gayóng tinayotayo. Ang kalaliman n̄g gabi, ang malakás na uláng bahagya pa lamang nagbabawa, ang putik sa lansangang ábot sa may bukong bukong, ang mangísá-n̄gísá dapwa't maririing kulóg, ay

hindi man niya pansín, at waring nátatalagáng makipagtagalan sa noo'y tila matatalo na niyang bubo n̄g tubig mula sa itaás. Isá pang bugsong malakás kay sa m̄ga nauna, at ang ulá'y tumigil, n̄guni't hindi ang m̄ga kidlat at kulóg na patuloy rin at waring nagtatawag pa n̄g unós.

Isá, dalawa, tatlo, hangang limáng ubó ang nárinig sa gitna n̄g dilim at hindi na umulit. Iba namáng tunóg ang nárinig: marahan n̄guni't hugong n̄g isáng bintanang kapis na binubuksan.

—Luis, Luis?—ang salitang gumambala sa kadiliman n̄g gabi.

—Oo, Danding akó n̄ga.

—Matagál ka na bang naghihintay?

—N̄gayón n̄gayón lamang ako naínip.

—Kay lakás n̄g ulán, anó?

—Oo n̄ga at inakala ko nang baka hindi tayo magkausap.

—At bákit?

—Sapagka't baka nápahimbing ka na namán.

—Ah, hindi na mangyayari uli ang gayon, lubha pa't ganitóng ang puso ko'y ginigiyagis n̄g mararahás na m̄ga damdamin.

—Danding, binibigla mo akó. N̄gayón lamang kita nákausap n̄g ganyan. Ako kaya'y nililimot mo na?

—Hindi, hanga n̄gayo'y iyong iyo ang aking pananalig, hindi pa sumasagi sa aking gunita ang paglililo. N̄guni't oh manhik ka, manhik ka, at tila babagsák na namán ang ulán.

At siya n̄ga namán, ang inambón-ambón ay unti-unting lumalakás at ang dating maitím na langit ay nagpanibagong sapot at bumanta na namang magbuhos sa lupa n̄g katakot-takot na tubig. Da-

pwa't malayo na sa pagkabasa si Luis, sa isáng imbay ay nakapanhik sa itaas ng silid na tutulugán ni Danding at ang bintanang dinaanan niya'y muling napalapat ng pagkakalapat na nagsasabing: "dito'y walang nangyayaring anó man".

Wala nga, nguni't sa loob ay dalawang pusong kapwa bata ang nagsusuob ng mababangong kamanyang, dalawang pag-ibig na pinapagtali ng kapalaran ang nagsusumpaang, dalawang pag-asa ang nagtatago sa matá ng marami, hindi sapagka't masama ang sila'y magmahalan; kundi sa pag-aalaala sa "sukat másabi". Sa gaano kalalakíng paglilihim náitutulak ang tao niyang pag-ilag sa "*sukat másabi!*" iyang mabigat na pásaning ipinadadalang pilit sa bala na ng mga kabulaanan sa pamumuhay.

Si Danding at si Luis, ay hindi nakailag sa pabuwis na ito, at hindi miminsang naguusap sila ng palihím at malayo sa "*sukat másabi*", samantalang ang mga magulang ng dalaga ay nangagpapahinga sa kabilang silid naman ng bahay.

Ang paguusap nila ng gabíng ito ay napaiba sa lahat: waring nakikibagay sa panahón, malungkot at walang katamisang gaya ng dati lubha pa ng makaraan na ang mga unang sandali.

—Oo, Danding,—ang sabi ng binata—sasamantalahín ko ang paguusap nating itó upang sabibin sa iyong ako'y napakasawing palad. Tuwi na'y ganitó, para akong magnanakaw na di makalantad sa marami, patago kung makásilay sa maligaya mong mukha, paumít kung iyong mákaharap, anó pa't sa dilim lamang ng gabi náipagtatapat ang aking pag-ibig at sa liwanag ng araw ay hindi na. Mapalad daw ako ang sabi ng ilan. Mapalad nga, pagka't may

isá akong minamahal na nagmamahal naman sa akin, may isá akong iníbig na hindi maipahayag kangino man sa takot na baka n̄gayón pa'y mawala na.

—Luis! Luis!

—Danding, bayaan mong sa gabíng itóng malulán ay máilantad ko sa iyo ang m̄ga sugat n̄ aking puso, nitong pusong sapagka't iyo'y hindi dapat maglingíd n̄ anóng anó mán. Matagal ko nang napupuna na ikaw ay may ipinaglilihim sa akin, mula noóng sumulat ka n̄ kayo'y pa sa Tayuman. Ang matatalinhaga mong sinabi sa liham ay natatala pa sa aking isip: "*may sasabihin ako sa iyo*", n̄uni't hanga n̄gayo'y hindi mo pa nasásabi. Aywan kung nawalang tiwala ka sa akin ó talagáng ang pag-ibig ko sa iyong di na malilimot kailan man, ay ipinalalagay mong kabang walang susi, kaya ang sasabihing iyon ay ipinakakálihimplihim. Lason mang makamamatay sa aking pananalig at pag-asa ang iyong sasabihin ay ipagtapat mo n̄ hindi ko máwikang wala kang pagmamahal. N̄uni't huwag at baka wala akong matwid na humingí sa iyo n̄ ganitó kalaking bagay.

—Sukat na—ang pagkaraka'y naisagot n̄ dalaga sa gayong paghihinampó.—Bawa't salita mo'y patalím na umiiwa sa aking lamán, bawa't bigkás mo'y aking ikamamatay. Ako n̄ga'y nagkasala sa iyo, n̄uni't pagkakasalang di ko naman dapat ipagsisi. Kinusa ko ang paglilihim, at náalaman mo kung bakit?

Ang binata'y hindi nakakibo, hindi maalaman kun anó ang isásagot sa kanyang kausap na sa sandaling iyo'y nagtila anyo n̄ Kasawian dahil

sa kalumbayang napalarawan sa mukha at sa unti-unting panginilid ng luha sa magaganda niyang matá.

—Naalaman mo kung bakit!—ang ulit pagkasandali—Sapagka't hindi ko ibig mamatay, sapagka't hinahanġad kong ang puso ko na lamang ang madurog. ¡Luis, kulang palad tayo!—at ilang luhang nagunahan sa pagpatak ang nagsabi sa binata ng kadalampatiang kinakabaka ni Danding.

Lalo pang napatigagal si Luis at ang malamlam na ilaw ng isang maliit na globong kulay lungtiyan ang sumaksi sa kanyang pagkahabag sa pinakairog ng higit sa buhay.

—Luis, huwag kang matakot sa pighati. Ikaw ang sumalang ng sugat—ang patuloy ng boong kalungkutan ng nagsasalita—Tapos na sa atin ang lahat. Itó ang wakás ng ating pag-iibigan. Oh! kay daling natapos. Ngayón ay sasabihin ko sa iyo ang bagay kong ipinaglilhim. Wala akong ipagkakaila na anóng anó man, lahat ay aking sasabihin yamang ibig mo. Ang dalagang umiibig sa iyo at kun palayawan mo'y *aking Danding* ay hindi na iyo ngayón. Siya'y wala nang sariling puso, siya'y isang kasangkapan lamang na ipagbibiling di magluluwat. Ipagbibili Luis at sa halagang di mo maábot. Alám kóng sa pag-ibig mo sa akin, sampung buhay man ay iyong ipapalít, dapwa't di sukat ang buhay, kailangan ang salapi, kailangan ang pilak na mataginting, na panira sa lalo mang mahal na mga tignan, at makaáalipin sa napakataás mang hari, kaya ngayo'y hindi na ikaw, ang may karapatan sa aking pag-ibig, inirog man kita, kundi si Rojalde na mula ngayo'y kinapó-pootán kó.

—Kun gayón, si Rojalde...—ang bábahagyang nasnaw sa bibig nḡ binata.

—Oo, Luis, siyang bibili sa akin at ang magbibili nama'y ang aking mḡa magulang. At marahil sa pagkalunos, ang dalaga'y nápatigil. Hindi na nakapagpatuloy, at walang náisaksi ang kanyang puso sa sakhibing dalambati kundi ang saganang luha at ang pinípigilang paghikbi.

Sabay sa pagluha, sabay sa paghikbing isinaysay nḡ dalaga ang boong nangyayari. Siya'y pinagsabihan na nḡ kanyang amá at nḡ sumagot na may kapaitang lunukin ang maagap na pagkakapao kay Rojalde nḡ hindi man sumanguni sa kanya, ay nagalit, napoót at siya'y tinawag na masamáng anák. Di umano'y kaligtasan nilang mag-ának ang gayong pag-aasawa at alangalang sa pagkáligtas na ito sa isáng napakalaking panḡanib at kahihiyáng kápapasukan kung sakali, ay dapat siyang sumunod. Nasabi pa rin nḡ kanyang amáng kundi siya sasangayon ay mapipilitang magpati-wakal na muna bago masamsaman nḡ lahat na pagaari at lumabas na kahiyahiya sa karamihan. Ang kanila palang danḡal at kapurihang mag-ának ay maáaring siklutsiklutin ni Rojalde. Napakalaki ang ságutin nḡ kanyang amá rito na di na maka-urong pa kahit ibigin.

—At akó, sa haráp nḡ ganyang sigalót ay nalilito. Iniibig ko ang aking magulang at iniibig din naman kita—ang mḡa huling salitang sakdal kapaitan nḡ dalaga.

Ang gayong dagok nḡ kasawiang palad ay hindi inasahan ni Luis. Hanga nang mḡa sandaling yao'y hindi pa nagkakasugat ang kanyang puso. Nani-niwala nḡ paniniwalang bulág sa kaligayahan nḡ

pag-ibig na sa palagay niya'y isáng bulaklak na nápakabanĝo at di na maúubusan nĝ samyo. Hangang sa gabíng iyon ay pawang paglasap nĝ katamisan sa sinapupunan nĝ kanyang pinakamamahala na Danding ang nátatamo, minsan ma'y di nakádama nĝ isáng tiník na sukat ikapagsabing nagsapot sa kanya ang kalanĝitán, minsan ma'y di nakálagok nĝ kapaitang ikapagtuturing na siya'y nasawi. Lahat ay ligaya, lahat ay aliw at katamisan, walang lungkot ni pighati ni luha at pagdaramdam.

Alám niyang may mĝa pag-ibig na taksil at nakamamatay, dapwa't kailan ma'y di nagakalang mangyayari ang ganitó sa kanyang Danding na makálilibong sumumpa sa pagmamahalan nila. Hindi akalain ni Luis na sa isáng sandali lamang ay mapapawing parang asó ang lahat niyang pagasa sa isáng babaying di naman masasabing sa iba pa kundi kanya nang lubós.

Nang mĝa sandaling iyo'y nagunita ni Luis ang pagkakapagkilala nila ni Danding, isáng hapon sa Luneta, nĝ ito'y kagagaling pa lamang sa isáng colegio rito sa Maynila at inilabás nĝ amá dahil sa nalalapit na pagdiriwang nĝ Del Pilar sa Santa Cruz. Bigláng sumagi sa kanyang gunita ang ikalawang pagtatagpó nila, makasanglingo lamang sa isáng sayawan, at nagunita tuloy ang kanyang pagkakapahayag sa sayawang iyon, na ipinagtamá kay Danding nĝ kundi man isáng oo ay isá namang pag papaasang sukat nang makaaliw sa isáng nangĝinĝibig.

Oh! hindi maári, na ang gayong pag-iibigang pinapagtibay na mahigpít nĝ isáng pag-irog, na dalisay at wagás ay magbunga nĝ kapaitpaitang pagkadusta. Hindi, kailanĝang mamatay na muna

siya upang makapanalig sa ganitó. Gayon ma'y kaharap si Danding, nadinig sa mġa labi nitó ang boong katotoohanang, ang pagbibili nġ isáng pusong may dinadalanġinan man ay pilit na ipinasasaklaw sa ibá, at siya ay narooing wala namang magawa at di makapagsalita nġ anóng anó man palibhasa'y pinipi nġ gayóng kasawiang ikawawala nġ kanyáng mutya at tunay na ligaya. Ibig na ayaw paniwalaan ni Luġs na may mġa magulang nġang nangangalakal nġ anák. Pinag-aalinlanġan niyang ang pangangalakal na ito, kun totoo man, ay iukol ni Don Nicanor sa kanyang kaisáísáng anák na babayi, pagka't si Don Nicanor ay mayaman at di mangangailanġan nġ salaping ipananakíp sa taynġa upang huwag māriniġ ang sigaw nġ isáng pusong tumututol.

Ang pangġinġibig ni Rojalde, ay kanyang talastás. Nalalaman niyang ito'y nagpapakamatay halos kay Danding, at sa katunaya'y di mimin-sang nápagkadahilanan pa nġ kanyang mġa pagtatampong lambing lamang naman sa nagmamahal na si Danding, datapwa't di niya sinapantaha kailán mang gayon ang magiging wakás.

Si Don Nicanor, sa kanyang palagay, ay isáng amáng may katuwiran at hindi kabilang nġ mġa magulang na sa supot tumitingin at hindi sa kaligayahan nġ kanilang mġa anák, dapwa't naroon si Danding na nagpapabulaan sa ganitóng palagay. Oo, ang Danding na iyong kinanya-kanya at pinaglaanan nġ boong pagkatao at pagmamahal ay ipinagbili nġ magulang, at siya sapagka't dukha'y di man lamang makasali sa pamamakyaw.

Ang kanyang maliit na sahod sa pinapasukang isáng bahay-kalakal na dayo ay hindi máipanġa-



n̄gahás sa gayong pagbibilihan: súkat na lamang ang magtífs, at ang pagmumunimuning ito'y siyang nagsurot sa kanyang m̄ga matá n̄g nápakaruhaging palad n̄g dukha, na pinananaligan niyang nauuwi sa ganito: n̄gayo'y malakás, búkas ay mahina at sa makalawa'y matanda nang pinatatapon tapon hangang sa mamatay na dayukdok.

“*Ipagbibili ako sa halagang hindi mo maábot*”; itó ang sabi ni Danding at may katotohanan n̄ga naman, pagka't siya ay dukha, isáng maralitang salamat sa kaunting nálalaman kaya nakagigitáw gitáw n̄g kaunti. Dapwa't ganitó man ay nag-uulik-ulik ang kalooban n̄g binata. Hindi maka-panipaniwala sa lahat n̄g narinig, at ipinalagay na ang m̄ga ipinagturing n̄g kanyang minamahal, ay isáng panaginip lamang kundi man isáng pagbiro.

Nang m̄ga sandaling iyon si Luis ay nápatulad sa isáng ayaw mamatay na tinututulan pati n̄g paghihingalo. Si Danding ay kanya, at laban dito'y wala nang katwiran pang maibabali. Kapagkarakay walang lunas na minagaling kundi ang pagtatanan. Sa lilim n̄g malayang pamamalakad tungkol sa bagay na ito ay makasisilong sila ni Danding: doo'y di na makaábot ang lakás at masagwang pagkaamá ni Don Nicanor, kaya ang sabi pagkatapos n̄g matagal na di pag-imik:

—Laban sa ganyang paggahasa n̄g iyong amá ay kagahasaan din ang panglaban. Magtaanan tayo, lumayo rito at sarilinin ang ating palad.

Ang ganitóng m̄ga salita'y binigkás ni Luis n̄g biglang bigla at natatatakán n̄g katigasáng loób. Hindi mipasama ni Danding ang gayong hikayat. Siya ma'y nakapagakala na ring di miminsan n̄g

gayon, datapwa't kinahahabagán ang kanyang amá, at ang kanyáng iná. Dito niya utang ang pagkatao, ang nálalaman, ang lahat. Ang kanyang pagsunod ay talagáng sa mġa magulang, nġuni't ang kanyáng puso?

Isáng pakikipagtungali sa mġa udyók nġ puso ang nangyayari kay Danding nġ mġa sandaling iyón. Isáng matamis na damdamin ang nagtutulak sa kanyang sumama kay Luis, lumayo, at sa gitná nġ kalayaan lasapin ang mġa katamisan nġ paggiliw, nġuni't magpikit man nġ mata'y isinusurot naman sa kanyáng mġa balintataw nġ *pagsunod sa magulang* ang larawan nġ amang nagpatiwakal dahil lamang sa kanyang di pagsunod. Mata'y mang pakakuruin ang sinásapit niya ay di mapanibulos kun saang dako kikiling: saa't saan man ay may kamatayan, may lasong makamandág, may sundang na pang-iwa.

Napaiyák, at di kinukusa'y sa balikat nġ binata nápahilig. Isáng halík na pasiíl ang inilunas ni Luis sa gayong kapighatian, at ang sabing sabay nġ paghaplós sa noó ni Danding:

—Alám kong iniibig mo akó kaya wala akong katigatigatig. Ikaw ay akin at di kay Rojalde.

—Nápakahirap kang papaniwalain—ang pahikbí hikbing sagot nġ dalaga—at nġayong mákilala ko ang kadakilaan nġ iyong puso at ang karanġalan nġ iyong pag-ibig ay lalo kitang minámahal. Nġuni't maniwala ka sa akin Luis. Limutin mo na akó, huwag kang umasa nġ anó man at ang pagbibili sa akin ay hindi na mauurong. Luis! Luist bakit ba di ka naging mayaman?

—Danding!!!

—Oh, hindi ko sinusugatan ang iyong pagkatao.

Násabi ko ang gayón pagka't kung may salapi ka ay hindi akó kay Rojalde, kundi iyo na lamang.

—Siya na. Ako'y hindi mo na iniibig kaya ka nagsasalita n̄g ganyán. Pusong babayi ka n̄ga mayroon. Ipinagpapauna mo sa pag-ibig, diyan sa dalisay na damdaming bibihis sa katauhan, ang kahinaang loob. Dinaya mo ang aking pag-asa. Hindi mo na akó minamahal. May katuwiran ka, ako'y dukha at di dapat man̄garap n̄g pag-akyát diyan sa kalan̄gitang handa lamang sa m̄ga mapalad na mangagagá. Oo, lílimutin kita sa-pagka't ikaw ay mayaman, hindi sapagka't hinihin̄gi mo. Aalis ako ritong gahák ang puso at walang paniwala—at pagkasabi n̄g ganito'y tumindig ang binata at humandang áalis.

—Walá kang awa Luis. Ikaw pa ang maghihinanakit sa akin. Ibig kong sa pag-alis mo rito'y magtaglay n̄g paniniwalang hindi kita nililimot. Iniibig kita n̄g higit pa kay sa dati dapwa't ang aking m̄ga magulang, ang pagpapahalagá sa kanilang náipan̄gako, ang kabaitang dapat taglayin n̄g isáng anák... ¡Luis kaawaan mo akó!

—Náuunawan kita, n̄guni't tanó ang magulang, ang pan̄gako, ang kabaitan sa harap n̄g isáng pag-ibig? Ikaw ay akin at hindi sa iba, bakit n̄gayo'y ikaw na rin ang magkukusa n̄g pagwawalat sa ating ligaya?

—Lahat nang iya'y totoo, maáaring ako'y iyong pagitingan n̄g sisi at pagdusta, dapwa't huwag mong hinalain kailan man na kita'y hindi iniibig, pagka't ito ang lasong makamamatay sa akin. Ini-ibig kita, n̄guni't.....

—Kun gayon ay di mo makakayang suwayín ang iyong m̄ga magulang?

—Silá ang aking pangalawang Diyos dito sa lupa, at bago ko sirain ang ganitóng tadhana ng aking pananampalatayang kinágisnan ay ibig ko na munang mamatay.

—Súkat na Danding. Máituturing mong ikaw ay nagwagí. Iiwan ko rito ang aking puso. Aalis akong wala nang pag-asa ni pananalig. Isáng búhay ang inalisan mo ng halagá, dapwa't hindi kitá sinisisi sa pagkakaganitó, nalalaman kong ikaw ay walang sala, ang aking pinakasusumpa ay ang mga kamaliang bunga ng dalawang gawa ng tao: *ang salapi at ang pananampalataya.*

.....

Pagkaraan ng may isáng oras, si Luis ay malungkot na nanasok sa pinto ng kanyang bahay na sa isáng nayon ng Maynila, ay kaumpok ng ilang bahay na pawid na paris din ng kanyang tinatahana'y naghihiwatig ng di totoóng mariwasáng búhay ng nagsisitirá.

Hangang sa makakubli sa mga patak ng ulán ng gayong kasungít na gabi, ay walang nauulit-ulit ang binata kundi ang mga salitáng:

—*Ang salapi, ang pananampalataya, nâpakalalakás ang mga kaaway kong itó.*





## IV

**H**APON. Dadalawang araw pa ang nakararaán. Si Danding na noón lamang nápagitna sa mġa sigalót nang kabuhayan ay walang maalamang gawín, Ang ganoóng pagkaalis ni Luis sa huli nilang paguusap ay totoo niyang ipinagdamdám.

—Hindi na nġa niya ako mañibig—ang nágunita sa bawa't sandali—Dapwa't may katwiran ba siyang maghinanakit sa akin? Kay hírap nang aking kalagayan, mapapasapiling akó nġ isáng lalaking kailan ma'y di ko giniliw, mapípilitan akóng makisama sa isáng tao na mula nang magpapanhík dito sa amin, ay di man lamang nakagising sa aking pag-irog. Alám ko na ang pag-irog ay napaghaharian nġ puso hindi nġ pag-iisip. Si Luis ang aking iniibig, siya ang aking búhay, datapwa't si Rojalde ang kinatipán nang aking mġa magulang upang magari sa akin. Ang aking mġa magulang ay siyang nakaháhadlang sa aking pag-ibig at kasalanan namang malakí kung sila'y aking suwayín. Anó ang aking magagawa? Akay nġ mġa pagkukurong ito'y nápapahilakbot na madalás at saganang luha ang namamalisbis sa kanyang mġa matá. Nang mġa araw na iyon si

Danding ay na sa kandunġan nġ pighati. Sa ganáng kanyá lahat ay malungkót at ang tinġín sa piyanong dati niyang matalik na kaibigan at madalás utanġan nġ kaigaigayang mġa tugtugin, ay isáng kabaong na paglalagyán sa kanyáng bangkay. Ang nagbabanġuhang bulaklák sa mġa paso niya nġ halaman na sariwangsariwa dahil sa kainaman nang panahón, ay waláng inahihiwatig sa kanyáng puso kundi pawang kalungkutan. Pati ang masasayang talulot nġ magandang *Juanita*, ay walang iniaalók sa kanyang tinġín kundi hinagpís, at ang maliliít dapwa't naggagandahang bulaklak nġ *paraíso* sa pakiwari niya'y mġa paták nġ luhang ipinupuno pa sa nililikha nġ kanyang pagkasawi. Lahat ay malungkot, kulay luksa at kamatayan.

Untiunting tinítimbang ang kasaklapan nġ kanyang palad, dahandahang pinagmumuni ang nakaraang luwalhati nila ni Luis at bago tinatapos sa pagtimbang nġ pakikisamang pilit sa isáng di katali nġ kanyang pagsintá.

Siya, na hindi naman hiratí sa gayong mġa dagok nang kapalaran, siya, na walang tinutung-tunġan sa paglakad kundi tuhog tuhog na ligaya at aliw, ay walang itagal sa gayóng pighati. Ibig magtapat sa isáng pusong kaibigan, ibig magkatiwala nġ kanyang mġa damdamin sa isáng katapatang loob, dapwa't sa bahay na iyon lahat ay kalaban niya: ang kanyang iná ay wala nang sinasabi kundi:—pumayag ka na anák ko. Si Beatriz na kanyang pinsan ay hindi naman kasama sa bahay, at kung magkita pa sila'y walang aglahi kundi:—pinsan, nġayon pa'y inihahanda ko na ang máibahandog ko sa inyóng kasal ni Rojalde, at ang kanyang amá ay walang salita kundi:—isip-

isipin mo anak ko, ako'y iyong magulang, tunay kitang minámahal, hindi ko gagawin ang iyong ikasasama,—at pagkatapos ay tatalikod na.

Isáng isá lamang sa bahay na iyon ang kanyang nádarainġan nġ mġa hinagpis nġ loob, ang gadangkal na larawang garing nġ del Pilar na na sa sa loob nġ isáng marikít na urna, at palagi niyang hinihinġan nġ awa, nġ pagtitiís, at liwanag. Nġuni't ang larawang iyon ay pipi namán at sa mukhang nápakaputing tulad sa gatas na dalisay, sa mġa tingġing walang buhay nġ kanyang mġa matáng bubog ay walang kasagutang nátatamo si Danding. Napakamalihim ang larawang iyon na aywán kung nakáraramdam sa mataós na mġa pagdalanġin nġ dalaga, ó kaya'y walang kabahabahala kaya di man lamang mabighaning sumagót sa dunáraing at madalás lumuhog. Gayon ma'y nápapansin tuwi na ni Danding sa di kinibokibo nang larawan ang isáng anyong tila nag-sasabi nang ganito: "*dalanġinan mo akó nang dalanġinan, at saka na*". Ang ganitóng pangangako'y lalo pang nagpapalubha sa kanyang mġa hinagpis, at ikinapagpapalagay tuloy na siya'y binabayaan na nang lahat, pati nġ isáng ináng sakdal kabutihan.

Noó'y haponng malungkot at lúlubugan na lamang nang araw. Sa kalunuran ay matuling nag-papaalam ang liwanag, at sa himpapawid ay nagsalísalimbay ang maliliít na paniking tila mġa sugo nġ nagtutumuling gabi. Nang mġa sandaling iyong naghihiwatig sa bála na nang isáng damdaming mahiwaga, sa loob nang bahay ni Don Nicanor, ay isáng malaking bagay ang nangyayari. Ang ina ni Danding na si ñora Titay at si Don

Nicanor ay magkakaráp sa dalawang silya at nag-uusap na mataimtím.

Nápapagitna sa kanila ang isáng bilóg na mesang mármol. Sa ibabaw ng mesa ay may isáng pang pumpong bulaklak, na lanta at wala nang kulay. Ang mga bulaklak na iyo'y tila alaala sa isáng inirog na may sanlingo nang nápapalibing.

Sa palárindingang tinatagiliran ng naguusap, ay maraming larawan ng kung sinosinong santo at santa. Bawa't kuwadro niláng kinálalagyán ay magkakahalaga marahil nang pu pung piso. Ang pinakaloób nang bahay ni Don Nicanor Gutierrez, ay talagang puno ng ganitong mga larawan, may malalaki't maliliít at sa bawa't sulok, sa bawa't haligi ay may isáng santong sabit na wari bagang sa gayo'y ibig sabihin nang magasawang mayari, na sila'y ligtás na sa lahat ng panġanib at sakuna. At ang ganitong kabanalan ay hindi sa loób lamang ng bahay mákikita. Sa labás man ay mapatutunayan din: saksi ang kurus sa bubunġan na nagbibigay tuloy ng anyong *monasterio* sa kanilang bahay. Itó ang tanġing kináhihimalingan ni Don Nicanor at ng kanyang kabyak na lalo pa manding banal kung susukatin sa di maihiwahiwalay na libaging kalmen sa kanyang liġ.

At sa katunaya'y makailang makaabala sa pakikinġ ni ñora Titay sa mga sinásabi nang kanyang asawa, ang kalmeng iyón.

—Ikaw Titay—ang sabi nang ating Don,—ang siyang may katungkulang magpaliwanag sa anak natin tungkol sa kadakilaan ng biyayang ibubunġa ng kanyang pakikiisáng dibdib kay Rojalde. Huwag kang lumitólitó. Hangang búkas ay ibig kong málaman ang huling sagót ni Danding.



—Ang taong ito palá, hindi na nag-iisip ng mga sinasalita, iya'y hindi magagawa ng padarosdaros, kailanngang hinayhinay na hikayatin si Danding bakit nga talagang ayaw.

—Anong ayaw? Maári ba ang ganang kanyá?

—At paano naman ang ibig mo?

—Itatanong mo pa sa akin? hindi mo ba náalamang sa pag-iisang puso nilang dalawa ay máligtas tayo sa malaking kahihiyán?

—Nalalaman ko, at kaya nga naman tuwi na'y pangaral ang aking ginagawa.

—Pangaral, anó ang masasapit ng pangaral? Pitin mo, ito ang aking ibig,—ang matigás at payamót na salita ni Don Nicanor.

Sandaling nápatigagal si ñora Titay. Ang iná mag-pakasamasama man ay iná. Maáring magkapusong ganid dapwa't tungkol sa kanilang anak ay nagkakapusong tao. Ito rin namán ang nangyari kay ñora Titay, siya'y kainalám ng asawa sa gayong pakana, natátalastas niyang si Rojalde, kundi masisiyahang loob, ay maáring magpahamak sa kanila, maáring maghiganti ng katakot takot, hangang sa ang malinis na pangalan ng mga Gutierrez, na kinábibilangan na ng kanya namang pangalan, ay mapasa lusak at pagyurakanan ng madla, nguni't hindi naman ibig na daanin sa gahasa ang kanyang anak kaya't patalák halos na tumugón:

—Nicanor, dahan dahan ka, ang ibubulusok mo'y anak natin, hindi anak nang ibang tao.

—Ikaw ang may kasalanan, nápakaulit kang kausapin, sinabi ko na sa iyong may ilang araw ngayón na hikayatin mo si Danding, nguni't wala kang ginagawang anomán at tila hinahamakha-

mak mo pa ang paggipít sa akin ni Rojalde. Si Rojalde ang may hawak ng ating kapalaran, huwag mong limutin ang ganitó Titay.

—Akó man Nicanor ay nakaaalám sa nangyayari sa atin ang marahan dahán nang tugón—Hindi kaila sa akin na sa pag-iisáng dibdib na iyan, maliligtás ang ating dangal at ang ikapamamalagi sa paghanḡa ng mḡa tao, dapwa't huwag mong daanin sa gahasa at alalahanin mo iyong kasabihan: *pag mahina ang lakad matinik ma'y mababaw.*

—Halimbawa na naman ang ipapatay mo ngayón sa aking mḡa sinasabi, pilitin mo si Danding, at tapus.

—Ikaw ang pumilit kung ibig mo,—ang nápagbigla't paanḡil na paklí ng babayi.

Sandaling natigilan si Don Nicanor. Munti nang mabuhat ang kanyang kamay, kundi lamang nagunitang hindi mabuti, kailan man ang tumanpalasan sa babayi.

—Si Titay palá, ibubuyo mo rin ako,—ang mḡa salitang nasnaw sa kanyang bibig, pagkatapos matingnan si ñora Titay, ng tingíng may galit.

—Siya ka na ngá ay.—ang paklí ng babayi—Itóng tatakot sa akin, kung ikaw lamang—at parang pagpapatotoó sa kanyang salita'y naglilís na ng mangás ng baro.

Ang gayong anyo't katapanḡang tila sa isáng langó, ay ikinatawa ni Don Nicanor. Tumingin sa nagagalit na asawa at ang malamig na salita:

—Hús, itong mḡa babayi, makinig ka sana at huwag daanin sa ínit nang ulo. Tayo ay nagkautang káy Rojalde ng pu pung libo. Ibig man nating bayaran ay wala naman tayong ikakaya, malapit nang matapos ang panahong takda

nang pagkakautang natin, at parang isáng malaking awa n̄g Diyos, ay saka nagpahayag sa akin si Rojalde na ibig daw niyang magíng asawa si Danding. N̄gayón, anó ang gágawin ko? Ayáw ayáw man ang ating anák ay pilítpilitin mo namán. Ito'y di na miminsáng napagusapan natin.

—Siya n̄ga—ang padabóg na sagot ni ñora Titay,—at kaya sa untiunti'y ipinaáaninaw ko kay Danding ang pan̄gan̄gailan̄gan niyang mag-asawa na.

—Ay anó ang isinasagot sa iyo?

—Wala kundi luha, hinagpis at m̄ga buntong hininḡa.

—Ganyan na lamang iyan, at hindi pa napupusuan si Rojalde. Magandang lalaki ito kung sa bagay, marunong, mabuting makipagkapwa tao, mayaman, at tila hindi na naman alangán sa ating anák.

—Kun sa bagay n̄ga ay hindi, n̄guni't aywan ko ba sa batang iyan, kung anó anó ang kinkatwiran sa akin: mámaya'y sabihing wala pa sa kanyang loob, mámaya'y hindi pa panahon, .mámaya'y ayaw siya kay Rojalde ano pa't sarisari.....

—Na parang lamán n̄g isáng tindang-bayang utangán n̄g lahat. Baka naman ang m̄ga sagot na iya'y nátutuhan ni Danding sa panonood nang *Bagong Fausto*—ang pabirong tapos ni Don Nicamor.

Nagkátawanan ang dalawá at sa pagkatuwa ni ñora Titay sa gayong sinabi n̄g asawa, ay kinurót pa ito at kundi nápaaray ay hindi marahil bíbitwan.

—Sé, dimonyo,—ang wika pagkatapos n̄g malaalang na sa haráp palá sila n̄g maraming santo, at n̄g makita ang patirík na matá ni Sta. Teresa

ay tila sa kanyá ipinapako—kung anó-anó ang pinagsasabi nitó.

—Ay anó, hindi ba? Iya'y mġa pagpapatumpik-tumpik na karaniwan, ganyán ka rin noóng araw.

—Siya na nġa nġ biro.

—Hindi akó nagbibiro, sinasabi ko lamang ang kagagawán ninyong mġa babayi.

—Bákit, kundi ba naman kita talagang inibig ay may mangyayari sa iyo?

—At bakit wala? sa talagang hindi ka makata-tangí sa akin?

—Naku, oy, siya ka na nġa. Pag kamí ang ayaw ay wala na kayong mġa lalaki.

—Dahil yata sa katwiran mong iyan kaya ayaw mo akong tulunġan nang paghikayat kay Danding.

—Sa ayaw ba? Sinabi ko na sa iyong ang bagay na iya'y hindi sa dálasan magagawa, kundi sa dahandahan. Nápakainit naman ang Rojaldeng iyan. Ang dapat niya'y manuyo pa siya sa atin at huwag tila kung sinong haring sukat sa isáng salita'y ibig nang makuha ang ating anák. Magtahan ka nġa Nicanor, palibhasa'y hindi ikaw ang nahirapan.

—Kung manġatwiran si Titay. Tila hindi mo nálalamang may katwiran si Rojalde sa pagpilit sa atin, kung siya nġa ba'y napaibá lamang ay makapamimilit. Sayang nġ aking pagkalalaki kung magkakaganoón, dapwa't wala tayong magagawa, nagkakautang ako nġ malaki, halos pati hininga ko'y nabili na nġ binatang iyan at ang lahat nating pagaari'y nasalapián na niya. Nġayón ka pa ba maghahanáp nġ panuyo? Di anhin na lamang ay magíng asawa niya si Danding at nġ di ko ná-papanġarap pati sa aking kahimbinġán ang kabi-

hiyang sásapitin kung sakali, at ang pinto ng bilangang malapit kong kálagyan. Oo, Titay, nápagipít ang aking tayo. Ikaw ang tanġing makasasagíp sa akin. Sabihin mo sa ating anák na buhay ko ang kanyang ililigtás sa pag-aasawang iyan kay Rojalde.

Hindi nakaimik ang babayi. Ang gayóng mġa sinalita ni Don Nicanor ay pumaram sa kanyang pušo ng nálalabing kaunting damdaming iná; náparawan sa kanyang mġa matá ang sásapitin ngā namang kahihiyán, at sa unti unti'y ipinikit ang matá sa nápapansin niyang pagdadalamhati ni Danding, kaya tinika sa loob na huwag nang dingín ang mġa tutol at katwiran ng anák at ang ipilit sa kanya'y ang pag-aasawa kay Rojalde napupusuan man itó ó hindi. Mula nang mġa sandaling iyon si Don Nicanor ay nagkaroon ng isáng katulong na totoóng matálik: si ñora Titay. Gayon ma'y awang awa siya kay Danding, paglumuluha na ito'y nadudurog naman ang kanyang puso.

—Siya ngā Titay, malapit tayong mapahamak, nababanaagan ko na ang panahón ng ating pagdaralita. Sa aking akala, ang isáng anák ay dapat sumunod sa anó mang utos ng magulang, lubha pa kung paris nitong ikaliligtás natin ang kanyang gagawin. Nápakasuwail ang batang iyan, nápakasuwail.

—Hindi sa suwail, Nicanor.

—Ipinagmamasakit mo pa yata ang walang pagtingġing iyan sa magulang?

—Sa ikaw naman ang waláng matwid sa iyong ginagawa.

—Ano ang sabi mo?—ang bigla at padaluhóng na salita ni Don Nicanor.

—Páano'y tila dahil lamang sa utang.....

—Huwag mo nang tapusin Titay. Pinapagsiklab mo ang aking ulo. Ibig mo ring datnín ang di mo pa nátitikman kaylan man—ang salitáng may suntók pa sa mesa ni Don Nicanor, at ikinayaníg tuloy ng m̄ga kuwadrang nagbitin hangang sa pati ang lalagyán ng m̄ga bulaklak ay mapalayo ng may dalawang tumuro sa dating kinátatayuán.

—Huwag kang maingay huwag kang manguló—ang marahan ni ñora Titay na kaya lamang matapang ay kung hindi galít na talagá si Don Nicanor—Hindi ko sinásalansang ang lahat mong ibig, nguni't ang nais ko lamang ay sa dahan dahan natin gawin ang bagay na iyan.

—Dapwa't anó ba ang sanhi't, iyan nang iyan ang iyong sinásabi? Siya bang hinihingi ni Danding?

—Hindi, akó ang pumipita ng gayon, pagka't sinabi sa akin ang totoong may iníbig daw siya, may isáng katipáng hindi maáaring limutin.....

—Kun gayon palá....Tawagin mo ang batang iyan, tawagin mo....Huwag na, akó na ang paroroón—at sinabayán ng tindig ni Don Nicanor na katál na katál sa kagalitan. Pinigil ng kausap, pinaglambitinan sa dalawang bisíg, hangang sa mapílit si Don Nicanor na umupo uli—Itó lamang ang kulang sa akin—ang nabuka sa bibig pagkaupong pagkaupo at ang sabing pahingal hingal—Kung gayon ay sabihin mo sa kanyang búkas na búkas din ay ibig kong pakasal siya kay Rojalde.

—Anó ka Nicanor? Hindi ka ba nahahalayan sa iyong gágawin?

—May iniibig palá ang suwail, may katipán!—ang tila ayaw ipálakas ng nagágalit na Don—

n̄guni't isino ba?—ang biglang tanong sa kanyang asawa.

—Si Luis Gat-Búhay, iyong binatang sa isáng sayawan sa bahay n̄g m̄ga Lopez ay totoóng nagpakita n̄g magandang loob sa ating lahat.

—Kilalá ko na kun sino, hindi makapagliligtás sa akin. Diyos ko, at ang napili nang mabait kong anák ay isá pa namang dukha at walang yaman. Ha! ha! ha!—ang halakhak na wari'y pinilit at siyang itinapos sa ibig pang sabihin.

—Kung gayo'y kilalá mo palá ang binatang iyon?—ang usisa ni ñora Titay sa asawang kausap na sa pagkakaupo't hinaláhalaklak ay waring nasisiraan n̄g baít.

—Mangyari pa, ha! ha! ha!—Isáng halos walang málamon, isáng kawani lamang na kundi sa sinasahod ay marahil matagal nang dinakip dahil sa pagkahampas lupa. Ang m̄ga dukha, sabihin mo kay Danding, ay di maáaring makisilong mang lamang sa lilim nang aking panambil—itó ang matigás ni Don Nicanor na nagkakangmumula sa kagalitan at poót na poót. Gayon na lamang ang kanyang kapootan sa napili n̄g kanyang anák, na sa ganang kanya'y isá lamang alipin n̄g puhunan. Kung masalapi man lamang sana!

“*Ang m̄ga dukha ay di maáaring makisilong man lamang sa lilim n̄g aking panambil*”, Ang ganitong kuṛo ni Don Nicanor ay nakasindak n̄g gayon na lamang kay ñora Titay. Ang gayong pagtatan̄gi, sa ganang kanya'y malaking paglabag sa katamistamisang m̄ga tuntunin n̄g isáng Jesús na nan̄garal n̄g pagkakapantaypantay n̄g m̄ga tao. N̄guni't kung pasusuriin n̄ga nama'y may katwirang magkuro n̄g ganitó ang m̄ga nakakakaya sa

kanyang palagay: na sa kapalaluan ng mga marálita ang sanhi. Sa kabilang buhay man ang pagkapalalo ay pinarurusahan ng apóy, dito sa lupa ay lalong dapat parusahan ang ganyang sala, ayon kay ñora Titay.

Sa mga banal na kasulatang kanyang napagbabasa, ay nasasabing ang awa lamang ang dakilang lunas sa mga pagkaapi sa buhay. Ang awa ay katutubo sa bala na, walang pusong di pinamamahayan, at sa palagay niya'y sa awa dapat mangapit ang mga maralita at huwag sa pagpapalalo't hayag na pakikipaglaban. Nagunita tuloy ni ñora Titay ang una at kahulihulihang pagkakapanood nilang mag-ának sa isang pagdiriwang ng mga mangagawa. Si Gat-Buhay ay naroon at isa sa mga nagtalumpati, kaya di kinukusa at atas ng mga pagkukurong naghahari sa kanyang isipan ng mga sandaling iyo'y náipaalaala ang gayon sa asawa.

—Siya nga palá.—ang sabi ni Don Nicanor—Ang Luis na iyan ang narinig kong nagsabi ng kung anó anóng kaululán tungkol daw sa pangaapi ng mga nakaririwasa. Siya ang nagsabing ang pagkakapantaypantay ay magandang salita, na sa mga labi lamang madalas mábakas, at sa kabuhayan ay hindi na. Mayroon nga, di umanong pagkakapantaypantay nguni't sa mga malalaki lamang, sa mga poón, at hindi sa lahat paris ng ibig sabihin. Ang pagkatotoó raw ng salitang iyan ay huwag hanapin sa nangyayari kundi sa mga buslong pinaglalagyan sa kanyá ng taò. Hanapin di umano sa mga gawaan, sa mga poók na pinagtitipunan ng libolibong bisig ng mga dukha, sa maliliit na dampa ng mga mahihirap, doón sa mga tahanang pinamamahayan ng



luha, at saka makikita ang pagkakapantaypantay. Nakakukutya pa, ang dugtong, ang ganitó, dapwa't siyang katotohanan. Hanga't may dukha at mayaman, hanga't may nagpapasasa at nagúgutom, hangang may pinagpapala't ibinabaón, ang pagkakapantaypantay ay matutulad sa isáng laruán lamang na sisiklótsiklutín, hindi isáng katotohanang igagalang. At lahat daw n̄g ito'y dahil sa salapi, na sa tinawag niyang kaputol na pilak na siyang ipinamimili kailan man sa lalong m̄ga mahal na adhika at siyang ikinapapadiwara n̄g di kakaunting m̄ga layon. Ang salapi di umano'y nápakaimbing kasangkapan n̄g tao at siyang batis n̄g pagkaapi n̄g libolibong dukha na may m̄ga butóng hapo, m̄ga lakás na pagál at m̄ga tiyang walang lamán. Sa taginting n̄g salapi ipinako si Cristo n̄g isáng bayang di nakauunawa sa kanyang m̄ga aral, at sa kalansing ding iyan n̄g salapi iniinis n̄gayón ang alingawngaw sa pagtutol n̄g libolibong kulang palad, m̄ga bagong Cristo n̄g kahirapan, na ipinapako n̄g m̄ga nagpapasasa. Ito ang tinawag niyang pait daw n̄g kabuhayan.

Kaya ang kapalaran daw n̄g m̄ga dukha ay napakapait, napakaayop na kung may ligaya mang sukat ituring ay di iba kundi ang kanilang pagkaaba.

At ang lalong katawatawa'y nalitó yata sa pananalaysay, kaya hinaráp, tinugis at pinilantik ang marami raw nag-aakalang hanġuin sa kasalukuyang lagay ang m̄ga mangagawa, bigyan sila n̄g m̄ga ibang paniwala at hilig, n̄guni't di man másambit na baguhin ang kanilang búhay at ipakilalang sila'y tao ring di pahúhuli kung sa karapatán diyan sa m̄ga hangá n̄gayo'y *pinópoon* at di *kinakapwa*, sa biglang sabi, ibig na papagningningín ang labás

nḡ di man linisin muna ang loób. Hindi nahalata nḡ ulól, na siya noo'y lumura sa lanḡit!

Idinugtong pang napakamurang totoó ang gayóng pagaandukha.

Kung totoó di umano na ang unang matwid nḡ tao'y ang mubúhay at magíng laya, ay bigyan natin silá nḡ *buhay*,—ang kanyang hikayat,—nḡuni't hindi iyang hirám at napangyayarihan nḡ salapi; kundi buhay na sarili at kágigiliwan, na huwag ikapagsabing sila'y busabos kundi ipagkakapuri sa haráp nḡ madla.

Itó ang buhay na dapat ipabibiyaya sa mḡa kulang palad—ang patuloy—na kaya lamang *kinakakaníng ítik* ay dahil sa nanḡagkapalad, na pagdaka'y karukhaan ang mámulatan sa liwanag, at anó mang pagpapagod ang igugol, arawin man pati gabi, ay walang sukat mahintay kundi ang gipit at hihikahikahos na kabuhayang siyá niláng ikinaduduḡta, pagkadustang itinutulot nḡ matatan-dang ugali at kung minsan pa'y nḡ mḡa utos na rin, palibhasa'y katawán lamang—ító ang mada-las imatwid—ang kaniláng nábibigay, di paris nḡ mayamang siyang may puhunan pagka't nag-bibitiw nḡ salapi. At sinabi itóng—tila may pag-tuya, nḡ ulól na iyóng di pa magkasiya sa kan-yang kápapanḡaral nḡ mḡa katiwalia'y, nagmi-mithing magpanḡanyaya sa minamahal kong anák, kaya sabihin mo kay Danding na ayaw ko sa mahirap—at lalong ayoko sa isáng ulól—ang pa-tuloy n iDon Nicanor, nang galít na galít at naka-panḡagát labi—Ayaw ko, at kung magpupumilit siya'y gagawin ko ang aking pagkaamá.

Sa pagkapoot yata ni Don Nicanor ay nápatin-dig tuloy at pinapagsikip ang kinalalagyan nilang

*salas*, sa lalakí n̄g hakbang. Yao't ditong ása mo'y salaríng inuusig n̄g may kapangyarihan. Sa anít niyang tuktók ay mangílán n̄giláng butil n̄g pawis ang gumigiti, at ang pagkakákírat pa n̄g kaliwang matá at ang di magkasundong labi at n̄guso na waring nagaaway sa di pagtahimik at kinakakatal, ay nagpapahalata n̄g malaki niyang kagalitan. Mamaya'y umupo, mamaya'y magtindig, mamaya'y mápasuntók, mápabuntóng hiningá: siya'y walang pagkalagyán.

—Hangang saán umaabot ang kapan̄gahasan n̄g m̄ga patáy gutom na itó—ang wikang marahang pasuntók ang m̄ga kamay at angát ang bisíg na pinapan̄gingínig pa mandin. Kasalanan itóng lahat n̄g m̄ga nagsasabing ang dukha at mayaman ay pantaypantay na para bagáng sa lupa ay walang babayi at lalaking nagpapatibay sa katotohanang ibaiba ang kalagayan n̄g tao. Ang m̄ga dukha n̄gayon loh anóng saráp n̄g kahapong. lahat ay pawang pagsunod!—ay manáng titigas n̄g ulo. Nakikipantay na sa m̄ga mayayaman, ása mo'y totoóng totoó nang dapat silang igalang bago'y m̄ga yagít lamang na sa siga man ay hindi pa bagay. Hindi, hindi mangyayari kailan man na ang anák kó'y sa isáng dukha mahulog. Sinabi kong siya'y kay Rojalde at itó ang mangyayari anó man ang masapit. Dapat n̄ga palang ang m̄ga dukha'y dikdikin, dapat n̄ga palang sa bawa't pagkilos nilang may kahalong un̄gol, ay isáng higpit n̄g tanikala ang iganti. Kailán ma'y sa ilalim, ito ang bagay sa m̄ga dukha at kaming n̄gayo'y m̄ga panginoón, ang sa ibabaw at siyang maḡaghari habang panahon. Habang panahon, upang huwag nang may makapan̄gahás na sino

man—at isáng mariing suntók ang ipinagpatotoó sa kanyang kagalitan, suntók na ikinagitlá ni ñora Titay, at nakapagpaudlot sa isáng batang lalaki na noó'y nakatayo sa may pinto at waring may ibig sabihin.

Si ñora Titay ang nakapuna sa bataáng agad inusisa kung anó ang ibig.

—Nárito po si Srto. Rojalde at naghihintay—ang sagot nḡ bataang kay Don Nicanor naka-tiḡin at pinagwawari ang anyo nitong kakaibá kay sa dati.

—Kanḡina pa ba?—ang siyasat nḡ babaying nagpahalata nḡ pag-aalaalang baka nárinig nḡ panauhin ang usapan niláng mag-asawa.

—Kapapanhik po lamang, at iniwan kong nakatayo sa . . . . .

—Patuluyin mo rito—ang gahasang salita ni Don Nicanor na nakitatló sa usapan. Nalis na patakbo ang batáan at pinarunan si Rojalde, samantalang si ñora Titay ay nagtindig nama't umalís.

—¡Sabihin mo sa ating anak—ang huling bilin ni Don Nicanor sa asawa nḡ papasók na itó sa silid—na ayaw ako sa dukha, ayaw ako sa ulól!





## V

ANG tíkas ni Rojalde ay nápararawan sa bukás na pinto. Sa nápakalamlam nang liwanag nḡ hapong sa loób nḡ bahay ni Don Nicanor ay humihinḡi na nḡ ilaw, ay walang másisinag na anóng anó man sa mukha't kasuutan nḡ binata kundi ang *korbatang* puláng pulá na sumusigaw malayo pa, sa pagkakapagitnang iyón sa kanyang putiáng damit. Dahan dahang sumalubong si Don Nicanor na ang tingin ay sa isáng yakos na papel na hawak sa kamay nḡ panauhin.

Nagbatián ang dalawa; isáng silya ang inialok kay Rojalde ni Don Nicanor. Nagkatigilan muna siláng may ilang sandali, waring isá't isá'y nagaalangáng magpáuna nḡ pagsasalita.

Sa harap ni Rojalde, ang boong kagalitan ni Don Nicanor na di pa naluluwatang ikinayaníg nḡ mḡa *kwadrong* nagbitin doón, ay nahalinhan nḡ isáng pagsuko. Ang kaharáp niya'y siyang may hawak nḡ kanyang kapalaran at danḡal, at ang daláng mḡa papel ay labis labis nang makapagsasabi nḡ katotohanan. Si Rojalde naman ay waring pinanawan nḡ dating kasiglaháng loób at kapalagayán kailán ma't na sa bahay ni Don

Nicanor, gaya noóng magkainán silá sa Tayuman, at sa pagwawalang kibó't kusang pagpapakatipíd sa dating nġinitingiti na tuwi na'y pasalubong sa mġa bibiyanin, ay nagpapahayag nġ katotohanang may malaking sanhi ang kanyáng pagdalaw.

—Patawarin ninyó ako Don Nicanor, nġuni't may mġa sandali sa buhay nġ tao—ang wika ni Rojalde—na hindi man ibig áy sápiritang igagambala sa kanyang kapwa. Daramdamin ko po na ipalagay ninyong kalapastanġanan ang pagkaparito ko nġayóng waláng ibang nais kundi alamín ang katuparán nġ isá nating salitaan.

Nahulaan agad ni Don Nicanor ang ibig sabihin ni Rojalde, at dahil sa malaking kahihiya'y hindi kumibo at halos di makatingín sa kausap. Ikinahihiya niya ang nangyaring iyon na ang panauhin pa naman ang siyang tila nakapangyayari sa kanilang usapan, gayóng itó'y na sa kanyang pamamahay na sarili. Kaya lamang di mapansin ni Rojalde ang kanyáng pamumutla ay dahil sa dilím na bumábalot sa kaniláng dalawá.

—Hindi pa ninyo nalilimutan marahil—ang patuloy nġ binata na noóng huling kuha ninyo sa akin nġ sampung'libong piso ay pinapagtibay ang inyong pangako. Inuulit kong ako'y inyong patawarin. Hindi sa kayo'y ginigipít, kundi.....

Tumigil na sandali si Rojalde nġ pagsasalita, ibig niya'y maalaman kun anó ang isasagot ni Don Nicanor na lalo pa manding napipi at di man sumagot nġ kahit kaputók sa mġa pagpapaalaala nġ binata na parang sundang na umi-iwa sa kanyang dibdib. Páminsang sumalakay sa kanyang gu-

nita ang di pa natatagalang paguusap nilang mag-asawa, ang pagkakapagtapat dito ng kanyang anak na may katipan na palá, ang pagkakapatalo ng sampung libong iyon sa pagkadayong dalawang araw ng monte sa Sampiro: ang mga alaalang itó na naggugumiit sa kanyang gunita ay nakaúmid kay Don Nicanor, bakit nga, anó man ang gawin niya ay wala namang ikababayad na talaga sa ná-pakalaking utang kay Rojalde. Nguni't ang mga sandaling iyo'y di sa pagsisisi, kundi sa pagpapasiya, kaya ang sabing walang kaulik ulik ng kalooban.

—Kaibigang Rojalde, ipinatatawad ko ang inyong pagkukulang. Pag sinabi ko ay di na mababago, at dapat kayong umasa sa aking salita. Huwag ninyong sabihing tila ako'y nagbibili ng anak pagka't kayo'y aking pinagkakautangan. Hindi, kung talagang ayaw akó, sino ma'y di makapipilit sa akin, datapwa't sa inyo akó nakapagpaoo, at itó ang siyang mangyayari anó mang masapit.

Sa mga salitang ito'y napasalanngit si Rojalde. Kanya pa namang binabantang gahasain si Don Nicanor, daanin sa mainitan at takutin kunwa sakaling magtigas-tigasan ó kaya'y magpawala-wala. At dahil dito'y dalá tuloy ang mga kasulatang nagpapatotoo ng utang sa kanya nitó. Sana'y pag-sasabihan niyang: kayo'y aking kinakalagan sa inyong pangako, nguni't isauli naman ang ganang akin, бага ma't ang ganito'y ikasasawi niya palibhasa'y si Don Nicanor lamang ang pinanangnan tuwing makakahalata ng isang pag-aban ni Danding. Ang panghihinayang niya sa mga bilóg na bisig nitó, sa ganda ng mga pisnging namumurók-murók at sa lalabing-pituhing taóng gu-

lang ni Danding ay gayon na lamang. Ganitóng panghihinayang ang kinaúuwian n̄g boó niyang pag-ibig sa dalaga, at hindi sa pag-ibig na nagpapadakila sa tao at naglalagay sa kanya sa karurukang di maáabot n̄g masasamang adhika't nakahihiyang hilig n̄g katauhan, at saka sa pag-ibig namán sa ligaya, sa katamisang mápipitás sa kandunġan n̄g isáng babaying maghahandog sa kanya n̄g kabataan, at pagkasariwa, pag-ibig sa lamáng bata ni Danding, sa mġa halík tagalanġit nitó, sa magandang katawán n̄g binibini na sa pagkawaring hiram sa mġa daliri at katalinuhan n̄g isáng *eskultor* ay sukat nang makasira n̄g bait sa sino man. Ganitó man ang kanyáng pag-ibig, ay pag-ibig namáng pinagpapakamatayang talagá.

Násasanla na ang kanyang dangal tungkol sa pag-aasawang ito sa kanyang mġa kaibiga't kasamasamang tuwi na'y walang ipinamamalita kundi ang malapit niyang pag-aasawa sa magandang anák ni Don Nicanor Gutierrez. Makáilan nang sa lipun-lipunan n̄g mġa pinagpala, sa mġa sayawan at kasayahang dinadaluhan n̄g ating binata, ay napakilala siyang katipán n̄g tala sa daáng A. gaya n̄g tawag n̄g lahát sa ayaw sa kanyáng si Danding.

Hangáng sa ilan na sa mġa matatalik niyang kalihimang-loób ang nagpalagdang minsan sa isáng pahayagan n̄g nálalapit niyang pagkikipag-isáng puso, bagay na di man pinabulaanan n̄g ating binata, sa pagaakalang yaon din nġa ang kásaspitan at saka sa pag-asa naman n̄g lubós sa kapangyariha't lakás ni Don Nicanor. Kung nag-usisa man siya rito ay sa kaibigán lamang matalós ang niloloób n̄g bíbiyanin at sa pagnana-



sang magipít si Don Nicanor. Hindi n̄ga naman siya nagkámali.

—Ang nasulat, ay nasulat na—ang patuloy ni Don Nicanor—yari na ang lahat at wala nang kulang kundi tupdin ang inyóng pag-iisáng dibdib.

Sa pagsasabi n̄g ganito'y nalalamang nagbubulaán siya n̄guni't may katwiran namang mangako pagka't inaakalang talagá, na ano man ang mangyari, ay papanatilihin ang ganáng kanyá at ayaw man ang anák ay dáraanin sa bala hangang sa di sumang-ayon. Bukod sa rito, ang m̄ga sandaling iyón ay di na dapat pang ipag-alinlangan.

Dalá ni Rojalde ang taláan n̄g kanyang naku-kuhang pílak at walang makapaglígítas sa kanyá sa kapahamakang sásapitin, kailan ma't ibigin n̄g binata, kundi ang pakikiayon n̄g kanyáng dalaga. ¡Kailan pa matututo ang anák n̄g pagsunod sa magulang?

*Ang anák na babayi ay puhunan:* kawikaán itong pikít matáng pinanánaligan n̄g ating Don, na hindi sapagka't kabílang n̄g m̄ga mayroón at may pinag-aralang kaunti ay ligítas na't di napaghaharian n̄g m̄ga maling paniniwala. Siya'y paris din naman n̄g ibáng hindi naníniwala sa kababalaghán, dapwa't niwalang niwala sa *asu-wang* at *mangkukulam*. *Ang anák na babayi ay puhunan*, itó ang pagkakataon, at n̄gayón dapat samantalahín.

—Kaibigang Rojalde—ang salita pa ni Don Nicanor na parang waláng anó mang kabalabalakid ang budhi sa sásabihin—nagkamali kayó n̄g pagbibigay kahulugán sa aking ipinanḡako. ¡Kailán ninyo ibig mapadaos ang kasal? ¡Kayo ang mag-sabi!

Sa matíngkád na liwanag n̄g ilaw-elektrikong noó'y kasisindí pa lamang sa loób n̄g bahay, ay náhalata ang waring pagkápaluksó ni Rojalde sa inúupan n̄g márinig ang ganitóng m̄ga salita ni Don Nicanor. Sa wakás ay nagtagumpay rin siya! Ang mapagmataás na si Danding, gaya n̄g kanyang pagpapalagay sa dalaga, na kaya nagwawalang pansín ay sapagka't talagáng ayaw at may katípanang iba; ay mapapakanya rin. Hindi na mawiwika n̄gayón n̄g m̄ga kulang sa paniwala niyang kabiruán na ang sinasabí-sabíng pag-aasawa kay Danding ay isáng kapalaluan lamang. Katotohanan na at katotohanang di maitatatwa. Naroón ang makasásaksing si Don Nicanor na n̄gayó'y sa kisame nakamata at tila naghihintay na may gumapang na butiki upang ipahuli sa mámanugan̄gin, pagka't makaitló n̄g hingán nitó n̄g paliwanag sa m̄ga sinalita ay di rin nagbababa n̄g matá.

Ibíg ibíg nang sabihin ni Rojalde na kinábukasan gawin ang pag-iisáng dibdib, dapwa't pina-kukundan̄ganan ang pagwawalang kibo ni Don Nicanor na sa pagkakatingála, at sapagka't tinatamaang maigi n̄g liwanag sa tuktok na anít, ay tila isáng San Pedro kung mahal na araw. Kundi sana nagpahayag n̄g gayong kaliwanag ang amá n̄g kanyang kinákasi, marahil ay binuklát na ang m̄ga papel na hawak at isá isáng iniulat ang araw, taón at buwang ikinuha sa kanya ni Don Nicanor, n̄g unang limang libo, n̄g ikalawang labinlima, at ang huling sampu pang libo rin na hindi namán ginugol nito sa anó mang bagay na ikabubuti n̄g karamihan kundi ipinatalong lahat sa *monte*, sa *huweteng*, sa *sabong*, sa *takbahan* n̄g *kabayo* at

sa iba pang lárurang pinagtapunan niya n̄g di ká-kaunting salapi. Hindi n̄ga náubos ang gayón kalaking nautang kay Rojalde sa pagkatalo na lamang. Kung minsa'y nanánalo rin, dapwa't ka-hati sa panalunan niya ang simbahan na nabusóg sa m̄ga pamisa at iba pang pagmamagandang loob, gaya noóng nápakainam na gayak n̄g nagdaáng pagsisiyam sa Sta. Cruz na pinaggugulan ni Don Nicanor n̄g di kakaunting salapi.

Ang hulíng pagkabalakíd niya'y noóng maká-i-sip na magpahuweteng. Ang bahay niya sa Tayuman ay di na naalisán n̄g lupa dahil sa pagmamanhik manaog makalawa maghapon n̄g m̄ga mániningil. N̄g una una'y nagtamasa si Don Nicanor, na sa pamamagitan n̄g daya at pagsabwat sa m̄ga pinapanínin̄gil ay nakapagsusupot tuwing hapon n̄g lima ó pitóng daáng piso. Noo'y maliwanag na maliwanag ang araw ni Don Nicanor: may tatlong buwan din siyang nakapang-ulól sa maraming nagsisitaya na may nakápagsanla tuloy n̄g kanilang ari-arian at may nangagkautang n̄g lampas tuktok. Hindi nawalán n̄g isáng kaibigan si Don Nicanor na humikayat ditong itigil ang gayóng pagpapalaro na umáagaw n̄g kákanin sa libolibo kataong nararahiyo sa mamínsan minsang pagtama, dapwa't ang paghikayat na itó'y lalo pang nakapagpasiglá sa ating mayaman, lalo pang nakapagpatapang sa kanya kun baga sa bayaning nasusugatan, at matigás na sinabing: "mangyari ang mangyayari ay hindi niya máititigil ang pagpapalaro".

At hindi n̄ga naman itinigil, patuloy rin ang paghakot n̄g salapi sa náuulol na karamihan, náriyan ang m̄ga mangagawang nakapagpapatalo sa

isáng númerong napanaginip na lálabas n̄g boong sahod sa sanglingo, nariyan ang pagbuwis n̄g m̄ga tungák, na kapagnakakita n̄g isáng ahas ay tataya sa bilang na "isá". Tatlong buwang ang m̄ga kasuki ni Don Nicanor ay walang ginawa kundi managinip, magsabing nasaktán siya sa ganito ó gayong bahagi n̄g katawán, upang tayaan ang ganitó naman ó gayóng bilang. At n̄g lalong malubos ang paghahari at kanyang pagtatamasa, ay lihim na nagpakalat n̄g isáng palatuntunan sa pagtaya sa huweteng: gumuhit n̄g isáng taong nakabikaka, nilagyán n̄g m̄ga tanda sa úlo, sa m̄ga matá, sa ilóng, sa n̄guso, sa labi, taynga, líg, kabakaba, dibdib, m̄ga bisig, sa lahat n̄g daliri, m̄ga hita, binti, tuhod at iba pang bahagi n̄g katawan, at ipinamarali, kunwa pa'y sa lihim din, sa ilang kaibigan lamang na alin man daw sa m̄ga bahaging iyong may tanda ang mákatugon n̄g nasaktán sa isáng tao, ay hanapin agad ang katapat na bilang, tayaán itó at walang pagsalang di tatama.

Ang ganitóng tuntunin ay sadyang pakana ni Don Nicanor upang lalong makálambat n̄g maraming ulól, bagay na di nag-ilang araw at siya n̄ga namang nangyari. Lumakás ang pagtatayaan, ang m̄ga mániningil ay supot supot na kung magpasok n̄g nápaningilán kay ñora Titay, at ang m̄ga pag-uutangán nama't pagsala sa oras n̄g m̄ga dukha ay lalong nagpalalo. Sa lahat n̄g dako'y dáingán at pananaghili n̄g m̄ga walang itaya ang máririnig, samantalang si Don Nicanor, ay tawa naman n̄g tawa at walang pamarali kundi matigás daw gaan n̄g kanyáng katawan. Si ñora Titay, na sadyang di mahiligín sa paghihiyás n̄g ma-

sagwa, noo'y nátutong nagpalalo: walang bagong ayos n̄g hikaw ó singsing na di na sa kanyá. Tuwing lalakad ay hindi mataga, ang bayaran man n̄g sampung libo ang kanyang m̄ga suót ay kulang pa rin. At sabay sa paguubos-káyas na itó ni ñora Titay na ang pagmamaramót nama'y kanyáng sinagisag. Kapag ang dumaraing ay isáng nan̄gan̄gailan̄gang hindi kabilahán sa *panginge* ay nagpapakawalawalang ása mo'y di kumakain isáng lingo.

Isáng araw, ang pagkakatiwala ni Don Nicanor sa mabuti niyang kapalaran, ay nasamantala n̄g isáng mániningil. Nápatamaan ang ating Don n̄g tayang pitóng daang piso n̄g isá raw malakás lumaro, bago'y di iba kundi ang kaalám niya sa pagdarayang siyang gumawa n̄g laláng. Ang magnanakaw ay ayaw makakikita n̄g isáng magnanakaw rin, at ang gayóng nangyari sa kanyá, ay muntik nang ipinakipagusapín kundi napigil n̄g m̄ga nápagtanun̄gang nagsabi na sapagka't bawal ang huweteng ay malapit na siya pa ang máparusahan. Mula noo'y nagipít na n̄g nagipít si Don Nicanor at ang kaunting nalabi sa kanyang maraming salapi, ay ipinagpatubo namán n̄g 30 % at saka nagsapalaran na sa ibang laro. Ilang m̄ga bahay na pawid na dadalawahing daang piso ang náilit niya sa m̄ga pinautang na walang ibayad pagdating n̄g araw palibhasa'y m̄ga dukha. Sa bagong paghahanap buhay na itong náisipan ni Don Nicanor ay makababanḡónbanḡón na sana siya kundi sinama sa m̄ga paglalaro. Bákit kung manḡilit ang ating Don ay malinis na malinis, walang maitutól ang nagkakautang, palibkasa ang m̄ga katibayang hawak ay pawang pagkapaglagak

lamang n̄g gayong halaga, kaya kung maglitisán na sa haráp n̄g hukóm ay lumalabás na, hindi lamang ayaw magbayad ang nagkakautang, kundi tekas pa. Ang bulág na paghatol n̄g tao ay palaging nagtatangol kay Don Nicanor. Gaano ang katunayan n̄g sabing ang kautusa'y gawa n̄g m̄ga tuso.

Natapos ang pagwawalang kibo ni Don Nicanor at ang sabing tila may hinanakít sa kausap:—

—Maling mali kayo sa pagpapalagay na kayo'y aking dadayain. Hindi ako isáng bata.

—Huwag kayóng magtaním sa akin—ang putol na maagap ni Rojalde. Kun sa m̄ga sinabi ko ay may di kayo náibigan ay inyong ipagpatawad. Yao'y dalá na lamang n̄g aking pagkabigla. Hindi ko káya at magagawa kailan man na kayo'y lapastangánin.

—Gayon man ay dapat kong damdamín ang inyong m̄ga sinabi, n̄guni't pinatatawad ko kayó alang-alang sa kamahalan n̄g bagay na pinaguu-sapan natin.

—Kun gayon po'y.....

—Huwag muna iyan ang ating pagusapan. Naparito kayo upang makipaglinaw marahil n̄g aking boong nakukuha, at itó muna ang kailanğang tapusin—ang makahulugáng salita n̄g ating Don.

—Don Nicanor!

—Hindi, hindi, alam na ninyong ako'y talagang malínaw kung makipagusap. May utang ako sa inyo at dapat kong pakialamán.

—Sa wala naman kayong utang sa akin, ay ano ang ating paglílinawan?—ang tugong tila napapahiya n̄g binata, baga ma't n̄gingiti-n̄giti.

—Ang salita n̄g m̄ga mahal na tao ay siyang

danġal. Kayó ang bahala—ang sabing kung ga sa tabak ay may dalawang talím, ni Don Nicanor.

Munti nang ibigay na lahat ni Rojalde ang mġa katibayang dalá niyá sa pagkakautang ni Don Nicanor, huwag lamang magalinlanġan pa ito sa kanyang binubukong di na paniningil kailán ma't matatamó ang kamay ni Danding; dapwa't inalala ang sa hulí, náisip na mabuti na rin ang may katibayan siyang hawak, kaya ang ginawa na lamang ay pinapanatag ang loob ni Don Nicanor, sa pangangakong ang mġa utang na iyon ay di na mábabangit pa uli.

Ang paguusap nila'y nábabaling na sa kun anó anóng bagay na walang katuturán at sadyang karaniwang málamuták sa pagpapanayam nġ dalawang mahalagang tao na paris nila. Náriyan ang pagbabalita ni Don Nicanor nġ pagkalasíng na naman ni Barrientos, yaong nakasalo nila sa Tayuman, minsang magkáinuman silá nġ ipagdiwang ang kaarawan nġ pagsilang sa maliwanag nġ pusakal na palalarong si Balani.

Nariyan ang pagbabalita ni Rojalde nġ hulí nilang pagkakapamaril sa Pinák, ano pa't pati búhay nġ may buhay at pagpintas sa ganitó ó gayóng litaw na ginoó sa Maynila, ay nagíng pulutan nila sa paguusapang iyon. Isáng bagay na di man lamang nátukoy ni Don Nicanor: ang tungkol sa katipanan ni Danding na siyang nagíging hadlang nġ nata-tagalang pagbibili niyá rito. Pinakáingāt-ingatang huwag mabangit sa paguusap nila, samantalang iníisip naman kung paano ang gágawing paraán upang pahirin sa isip nġ kanyáng anak ang gayong pag-ibig, na sa palagay niya'y isá lamang kaululán nġ nababataang loob na si Danding.

Naiiníp-iníp man ay umaasa na sa kanyáng pagwawagi, pagka't lanó ang magagawa ng anak sa isáng magulang; kundi sumunod, lalo pa kun paris ni Danding na may mababang kalooban? Hanga't nagugunita ang kanyang magagawang mga kaparaan ay lalo namang sumasayá ng pakikipag-usap kay Rojalde hangang sa sabihin ditong ang pagiiisáng dibdib ay idaraos sa hinaharap na buwan ng Mayo, yamang ang taón ay magtatapos na. Masama-sama man ang loob ni Rojalde ay nayag na, bakit sa samantala'y pinahihintulutan siyang makapanhik doong parang tunay nang katipan ng dalaga at makausap itó kailan man ibigin.

Natapos ang paguusap nila sa matibay na pagasa ni Rojalde sa kanyáng pagtatamó kay Danding. Wala nang pagsala ngayón, hindi na paris ng dating alapaáp ang kanyáng loob. Masayang masayá siyang nakikamay kay Don Nicanor ng magtindig sa kináupuan at walang kabahabahalang nanaog, samantalang sa silíd na kinalalagyán ni ñora Titay at ni Danding, ito'y mamataymatay halos sa pighati, ng sumagot na sa káhihikayat ng iná:

—Siya rin lamang ninyong ibig, yamang matagal na palang násasanla ang aking katawan; ay wala akong magagawa kundi sumunod sa inyóng kalooban at paalipin sa aking panginoón.







## VI

**M**ALUNGKOT na nakaupo si Luis sa harap n̄g isáng malaking aklat—talaan.

Si Luis Gat-Buhay ay isáng binatang may 24 na taón. Ulila at siyang nagkakalin̄ga sa kanyáng m̄ga kapatid na pawang babayi. Walang inaasahan kundi ang kanyáng sahod sa buwan-buwan. Mula n̄g máisip n̄g m̄ga mangagawang pilipino ang pagtatayo n̄g m̄ga kapisanang magtatangól sa kanila, siya ay nakisama agad-agad. Sa m̄ga una pang sandali'y inakalang ang katungkulan niya'y makisama sa m̄ga walang inuusig kundi ang isá nilang karapatán. At mula noo'y taimtim na naglingkod sa layon n̄g m̄ga marálita.

Isá siya sa m̄ga nagpapaupá n̄g dunong at nalalaman sa masalaping bumábayad, at dahil sa may naáabot na kaunti, ay maliwanag na napagbahakang siya ay gatasán ding paris n̄g karamihang dukha, kaya may pagkamalulong sa kanyáng m̄ga pagkukuro, túluyan kung mag isip at isá sa m̄ga naíníp sa matagál na di pagdating n̄g kaarawán n̄g tunay na pag-iisá n̄g maraming m̄ga maralita.

Kinasásabikán niya ang isáng panahóng walang panginoon at walang alipin, walang nakatataás at mababa. Iyan ang kanyang m̃ga layon, iyan ang kanyang m̃ga pag-asa na araw araw ay pinalalayo at ginagawang laruán n̄g m̃ga palakad sa buhay na magaán sa ílan at masama sa marami, at n̄g m̃ga man̄gan̄galakal at m̄mumuhunang walang sawa sa pagpiga at pananamantalá. Hindi itó lamang, pinakamimithi rin namán ni Luis na aríng taong karapat dapat sa mabuting pagpapalagay, ang dukha, huwag isáng kasangkapang hinahapan n̄g magagawa at pinagkakaitán n̄g úpang náuukol sa kanyáng m̃ga kailan̄gan. Ninanasa rin niya sa ikagiginhawa n̄g maraming palad, ang paglaganap n̄g pagkakapantaypantay na di titin̄gin sa uri ni sa kulay n̄g balát.

Sa ganáng kanyá ay kapitapita ang pamumuhay st isáng kapisanang hindi pumópoon sa salapi, kundi sa kagalingan n̄g lahat, walang kalupitán at di tumitin̄gin sa kalagayang mataás ó mababa n̄g isá't isá, kundi sa pagkatao lamang. Isáng kapisanang hindi nan̄gan̄galakal n̄g dunong at pananampalataya, at hindi nagbibili n̄g galing sa lakás n̄g iba, ang kanyáng ibig.

Nanáabik si Luis sa pagdatal n̄g maligayang panahón na ipagígíng *kabaitan* n̄g kawang-gawa at hindi paris n̄gayóng ang pagkaawa ay binibili at ipinagmamalaki n̄g m̃ga nakakakáya sa pamumuhay. Kawang-gawang ganáp na ganáp ang kanyang ibig at hindi iyang pagpapangáp n̄g m̃ga nagtatamasa na ikinalulubog pa n̄g m̃ga kinaáwaan at hindi ikinahahan̄go sa hirap at pagdaralita. Ang m̃ga pag-aari sa ganang kanya ay di dapat máisapalad at pakinaban̄gan n̄g ílan,

kundi n̄g lahat: lahat ay para sa isá at isá para sa lahat, iyan ang marubdób na adhika n̄g binata na sa pagmamalas n̄g karaniwang nangyayari sa kabuhayan n̄g tao, ay nakapagwiwika tuloy na n̄gayo'y hindi iginagalang ang matuwid.

Marubdób din niyáng adhika na bawa't isá'y magkasiya sa kanyáng m̄ga kailanġan na lamang at huwag mag-imbót n̄g labis sa kanyáng pamumuhay, dahil sa kung magkaganitó ay magkakaroon n̄ga n̄g m̄ga apiapihang kapwa, magkakaroon n̄g dukha at ang paguuna n̄g sariling kagalingan sa ano mang gawin, ay di matatapos. Ang sugat na ito n̄g m̄ga kapisanan ay di maáalis kundi kung wala nang áadhikain ang tao maliban lamang sa nauukol sa kanyang ikabubuhay, at huwag ang m̄ga naglulumabis na pag-aari't kayamanang napakamabisang pang-udyok sa bála na upang magíng palalo, at magnais na mapatanġi at poonín n̄g karamihan. Iyang pagkakaroon n̄g ílan, n̄g malalawak na lupaing ipinang-aalipin sa m̄ga walong káyang nakikisamá, at ginagawa pang alila n̄g m̄ga mayari n̄g tinurang m̄ga lupa, ay isáng hayag na pagnanakaw sa ganang palagay niya, yamang ang lupa, gaya rin naman n̄g ibang katutubong bagay na kailanġan n̄g tao sa kanyáng pamumuhay ay di dapat angkinín n̄g kahit sino kundi pakinabanġan n̄g lahat. Ang lupa ay di na dapat pagharian n̄g kasakimán n̄g tao.

Iyang m̄ga kaparanghiyaáng kadalasa'y nagíging tanda n̄g pagkapalalo, ay ibig niyáng maalís, lubha pa ang masagwáng pagpapahiyás sa katawán, pamamahay at kabuhayan n̄g m̄ga mayroón, na sa ganáng pagaakala ni Luis ay isáng pagduhagi sa m̄ga nagsasalát. Hindi itó lamang kundi

pinakaáadhika rin niyang ang kapangyarihan sa pamamahala, ay magíng kahulugán ng kalooban ng lahat at huwag ng ilang mangagagá, na sa pagka't ipinagtatangol ng laksá laksáng baril at sandatang pamatay dahil sa may salaping bigay ni Takot na naiuupa, ay siyang nakapangyayari, at malupít na dumuduhagi sa mga banal na karapatan ng tao. Awang awa si Luis sa mga bayang walang loob na maghiganti at naníniwalang sa ikapagtatamo niya ng lalo at lalong mga ginhawa, ay kailangan ang manganinoón. Sa palagay niya ang mga bayang may ganitóng paniwala ay siya ring dapat sisihin sa kanilang pagkákawakawak at pagkabusabos.

Lahat ay nakatatalastás na kapag-inibig ay mangyayari, kaya sukat ipagtaká ang pagkahalukipkip at pag-wawalang kusa ng marami sa kapangyariha't pananakím ng filan, na siyang nagpapasasa sa pinagpawisan ng lahat at nagsisipagtamasa ng hindi nila ari.

Isá pang kasamaang ibig niyang maalis ay iyang pananagisag ng lahat ng kagalingang sarili sa anó mang gawin, magíng sa pagkaawa, maging sa pag-gawa ng magaling, maging sa pag-gawa ng kaliit-liitang bagay at ang sariling budhi na tunay na kabaitan, ay di man lamang másinag sa ano mang anyoin ng tao.

Ang salitang *ako muna*, na saa't saan man ay maririnig na binibigkás ng bála na sa harap ng ano mang ikagagaling ay kinamumúhian ni Luis. Hinahangad niya na ang kagalingan ng lahat ay siyang mag-udyók sa tao sa pagdaraos ng ano mang akala, at huwag ang pakíkinabangin ng sarili na paris ng nangyayari ngayón.

Muhi rin siya sa paghahari ng kalupitán, isá pa sa mga dakilang kapinsalaan sa pagkasulong ng pamumuhay, nguni't sa pag-kamuhi niyang ito'y di nagnanasang paris ng iba na pag-utasin ang mga nanglulupit sapagka't natatalastás na kun totoóng alin mang panahó'y may kanyang katangian, ay ang kasalukuyang mga palakad at kalagayan namán sa pamamayan at pamumuhay ang siyang nagpapayabong sa panglulupit. Upang ito'y maalís at paminsanan nang maghari ang tunay na katuwiran ay inaadhiadhika ng binata na mabago ang kasalukuyan, at mahalinhán ng isang panahóng sukat ikatupad ng mga aral at hakahakang ngayo'y inaaring panaginip lamang.

Isang panahóng ikátatatag ng tunay na kalayaang walang hari at panginoon, at huwag paris ng sinasapit na na sa dulo ng sandata ng mga malalakas ang ikapangyayari ó hindi ng mahalagáng karapatáng ito.

Itó ang kanyang mga layong pinakananasang marubdob na makita sa kabuhayan, dapwa't maalon pa ang dagat, masungít pa ang dilim, at ang luma at bagong mga aral ay kasalukuyang naglalamas. Wala pang nagbabali ng tuhod: kapwa silá matatág. Hanga ngayón ang maling pagpapalagay sa mga maralita ay pinamamantungan ng mga mayroón.

At di kinukusa'y náukol ang ganitong kamalian, sa nangyayari sa kanyang buhay.

Si Danding ay walang sala kundi ang kanyang mga magulang na sa pamimilit ay nagsisipagakalang gumágawa ng magaling. Natátalastas niya ang katuwiran ng dalaga sa pagsasabing: *ikaw ay dukha walá kang ibibili sa akin, sapagka't*

ang katotohanan n̄ga naman kung ipagtapát man kay Don Nicanor ang gayóng pag-iibigan nila ay wala ring kásasapitan at mana pa'y magbunga n̄g kahirapang loob n̄g dalaga. Kailan ma'y di papayag si Don Nicanor na isáng maralita ang magíng kapalaran n̄g kanyang anák, sapagka't ito'y pagpapababa sa uri n̄g dalisay na ginto.

Isá siyang dukha at si Rojalde ay masalapi, kaya paano man ang gawin ay si Rojalde ang magkakapalad. Laban sa ganito ay tumututol n̄g lihim si Luis, hindi niya maamin kailán man na ang pagkadukha ay magíng kapintasan pagka't sa akala niya'y di na dapat tingnán sa kalagayan ang isá't isá kundi sa kaariang makagawa n̄g magaling, at makaharáp sa isáng bagong katayuan.

Kundang'a'y hindi ito ang kapanahunan n̄g pagkátanyag n̄g gayong m̄ga aral, kundang'a'y hindi itó ang araw na ipaghuhunos n̄g m̄ga Don Nicanor sa kanilang maling pagpapalagay sa dangal. Maliwanag na napagkikita n̄g binata ang kanyáng pagkaapi, napagkukuro ang laki at bigát n̄g batong ipinapataw sa kanya, nálalamang siya'y nasásahol at walang madaliring dahilan n̄g tanáng nangyayari kundi ang magaspang na pagkakákikil sa m̄ga palakad n̄gayo't paghahaka n̄g tao, бага ma't siya'y umaasa sa hinaharáp, diyan sa panahóng natatabingán pa n̄g masinsing ulap at nangangailan̄gan n̄g isáng malakás na buhawi upang mamiták sa silan̄ganan at tumanglaw sa katauhang níniyak at lumuluha.

Hindi lamang sa pagkasawi niyang sarili nagkakasiya n̄g pagsukat si Luis: ang kanyáng pag-sisiyasat ay pinaáabot sa tanáng nagdaralita, sa m̄ga lalo pang apí kay sa kanya, diyan sa m̄ga

kaya may kinákain ay sapagka't nagbibilí ng lakás. Ang mga sawing paris niya, ay marami, dapwa't lalong marami, di mabilang halos ang mga aliping nagkalat, naglipana at saa't saan ma'y nanggamamatay ng gútom dahil sa kagagawán ng mga tagatangol ng kasalukuyang lagay, at sa pagpapabaya ng mga pamahalaang malulupit.

!Ang mga pamahalaan! Mula sa may sinusunod na hari at mga anak mahal, hangang sa nanangisag ng kalooban ng bayan, ay bihira ang di kinababakasán ng lakás at gawing mapanarili. Sila ang tagayari, tagatupad, nagbibigay kahulugán at sumisira sa mga útos kun kailanġan, na di man mahinġan ng pananagót, palibhasa'y sila rin ang may hawak ng kapangyarihang makapagpaparusa: marami sa mga pamahalaan ngayon ay siyang larawang buháy noóng mga mangagagáng kahapon ay may-ari ng mga buhay at kayamanan, at tġayo'y nangagsamasama upang máipagmasakit na lalo ang kaníkanilang kagalingán at nang lalong mangagkalakás sa paghahari.

Sa haráp ng ganitóng mga nangyayari, ay wala lang inaasahan si Luis kundi ang lakás ng katauhan, niyang karamihang bagsákan ng lahat ng hirap at unti-unti nang nagigising, diyan sa kung tawagi'y bayang makapangyarihan kung napopoot at wala nang ipagtiis, diyan sa tanġing nakagágawa ng mga himalang higit pa kay sa Diyos. . . . . Sa lakás ng katauhan siya umaasa upang mabago ang kasalukuyang lakad ng pamumuhay, na gayóng ipinagkatawang tao na ng isáng Diyos, ayon sa matandang kasulatan, ay di pa rin nag-iiba. Sa guniguní ni Luis ay madalás tuloy mápalarawan ang putlaing anyo ni Cristo,

na nagkapusong mamatay sa haráp n̄g isáng nagagalit na bayan, upang máipagsangalang ang kanyáng m̄ga adhika. Isáng Cristo ang pinatay sa kurús, dapwá't n̄gayo'y libo, laksà ang ipinapako sa pagdaralita, n̄g m̄ga nagkíkikim sa ligaya n̄g karamihan.

Sa udyók n̄g ganitóng m̄ga pagkukuro, si Luis ay nápatindig sa kanyang uupán, binitiwang sandali ang panulat na ginagamit at iniwan muna ang aklat na pinagtatalaan n̄g nánasok na salapi't iba pang tinutubo n̄g bahay niyang pinaglilingkurán. Nanun̄gaw at waring ang nais niya'y mapawi sa palaypalay na han̄ging nánasok sa durun̄gawan ang gayong nakalálagim na m̄ga pagkukuro.

Ang unang nakatawag sa kalooban n̄g binata, ay isáng pulutong n̄g m̄ga taong may hawak na mahahabang pingá, may sakbát na likaw likaw na lubid, nan̄gagtayo at mámata mata. Ang m̄ga pananamit nila'y sakdal n̄g dudumí, walang m̄ga sapín sa paá, at ang m̄ga salawal pa'y hahangang tuhod, at ipinakikita ang m̄ga bisig at binting tupók na tupók sa araw. Ang kahubdang yao'y siyang naghihiwatig n̄g kanilang pagkadukha at nagsasabi rin namang sila'y m̄ga kulang palad na nagbibili n̄g lakás sa balang may ipabuhat, sa sino mang may iutos kahit anó: sila ang m̄ga kantanód sa saganang piging n̄g kapisanan, na sa tinayo tayong iyo'y naghihintay na mahagisan, huwag na n̄g butó pagka't ito'y may lasa; kundi n̄g simi man lamang.

Isá sa m̄ga natitipon ang nagsalita:

—Sa lahat n̄ga naman n̄g kalakal, ay nápakahirap ipagbili ang lakás. Akalain ninyóng nalís



ako sa bahay na di pa nag-aagahan ang aking tatlong bunso at ang asawa kong kapanġanġanak pa lamang at maysakít, Nalís akong di man nakapagiwan nġ kahit anó, pagka't walang walang talaga, at umasa ako sa pagpapasán, na hindi man nagbibigay nġ ikasasapát sa mġa kailanġan sa búhay, ay náipamamatay gutom naman, nġuni't ito ang sandaling *beles* man ay wala pa akong náikikita at aywan kun saan ko kúkunin ang ibibili namin nġ kákaning mag-anak.

Waring pinagtiyapan nġ mġa kaharáp ang pag-sagot na sabay sabay nġ:—Talaga nġa.

—Kung magnakaw ka namán—ang patuloy nġ nagsasalita—ay sásabihing masama ka, walanghiya at tamád. At hindi lamang ikaw ang lalabas na magnanakaw kundi pati mġa anák mo'y magnanakaw pa ring tatawagin. Manghinġi ka nġ limos ay maraming piksí at pagalimura ang iyo munang mákakatman bago makatipon nġ labing anim ó pseta. Nariyan pa ang sasabihin sa iyong: kalumakás mong tao, ĩano't di ka gumawa? ¡Gumawa, gumawa! ĩNasaan ang gagawin? Ganitóng lakás na ang ating ipinagbibili ay mahirap pa ring mábilhan ĩmay magbigay pa kaya sa atin nġ paggawa!

—Siya nġang totoo—ang sambot nġ isá—tayo ang palagi nang walang isubo, tayo ang tuwi na'y pinípintasan at animo'y mġa tamad bago'y nariyan ang mġa dapat sisihin, sapagka't sila ang maykasalanan at hindi tayo. Lahat ay bigay natin sa kanila, at lahat nama'y kaít nila sa atin. Kanilang lahat ang mabuti at atin ang tanáng masama. Sila ang mġa busóg at tayo ang mġa gutóm, sila ang sa ibabaw at tayo'y sa ilalim: itó ang lakad nġ

panahón. Tingnan ninyo—ang patuloy n̄ nagsasalita na itinuro ang m̄ga titik sa pinto n̄ isáng tila malaking tindahang kinatátapatán nila—diya'y sínásabing: *makapagsasanla n̄ anó mang bagay na mahalagá. . . .*

—Totoó ba?—ang putol n̄ amáng walang máipakain sa anák—kun ganoo'y magsasanla akó.

—Nang anó!—ang usisa n̄ isáng putlaing noón lamang nangusap.

—Nang isáng bagay na mahalaga, walang kasing halaga: n̄ aking lakás na sarili, n̄ magagawa n̄ aking m̄ga bisig.

—Dahan dahan ka kasama—ang putol n̄ putlain—sa panahóng itó, ang lakás ay walang halaga kundi rin lamang kailanġan, nariyan ang m̄ga mákinang likha n̄ karununġan, isá pa ring umaapi sa paris nating m̄ga dukha, na siyang kahalili n̄ lakás n̄ tao. N̄gayo'y hindi na bagay na mahalaga ang lakás, kaya di mo máيسانla riyán.

—At may Diyos, may panananampalataya, at may kapisanang dapat kumandili ang náitugon sa sarili ni Luis na mula sa durunġawa'y nakárinig n̄ gayong pag-uusap.

Aalis na sana ang binata sa kanyáng pagkakadunġaw, datapwa't isáng alinġasnġás ang ikinapako n̄ kanyáng m̄ga titig sa isáng dako n̄ lansanġan. Isáng taong marumi ang kamiseta, nakasombbrero n̄ kupíng kupíng na Baliwag, ang matuling tumátakbo at hagad n̄ isá namáng pulís na hawak ang batuta at patitis na kasunod n̄ hinahabol. Nag-abot ang dalawa, hinawakan sa batok ang tumátakbo at kulang na lamang napanġudnġod sa lupa sa lakas n̄ dagok na ibinigay n̄ pulís. Lahat n̄ nangakakita sa gayong nangyari ay na-

pipi, isá ma'y di nakakibo, at nagkasiya ang mġa nanonood sa kanikanilang paghahaka at pagpapalagay.

¿Anó ang kasalanan nġ taong iyon? Sino ma'y di makapagsabi, datapwa't ang kinaaninawan nġ lahat ay isáng babaying sa dárating na pagdaka'y humandulong sa lalaking putlang putla at hawak nġ pulís.

—*Este hombre, tekas, ¿sabe tekas? Este chaw, despues vamos, mucho vamos, asi, asi*—at anyong tumakbo pa ang babayi—*at saka no paga*—ang dugtong.

—*Yes, mi sabe*—ang pangiti nġiting sagot nġ pulís—*Naw, hombre*—ang tukoy sa kanyang dakíp—*kalabús, sigui*.

—Patawarin na po ninyo ako—ang hibík nġ lalaki sa babaying nároroon. Hindi po ako tatakbo kung may ibabayad.

—Ay bakit ka lumamon, walanghiya?

—Nagúgutom po ako, at wala namang máibili.

—Nagsabi ka sana nġ mahusay, di pinakain kita, p.....i..... mo.

—Hindi ninyo ako pakakanin kung nagsabi nġ tapat. ¿Paanong di gayo'y kalakás kong tao? Marahil pa'y itinaboy ninyo ako nġ taboy-hayop, gaya nġ pagkátaboy sa akin sa mġa pintong tinawagan ko upang humingí nġ gagawin.

—Siya, siya, hindi na ako nakikialám sa iyo, manġanġatwiran pa raw ang tekas na itó—ang patuyang sabi nġ babayi na sinalubong namán nġ paghalakhak nġ ilan sa mġa taong nagsisipanood.

—*Uste lleva este hombre*—ang harap sa pulís na nanġanġatal sa kagalitan.

—*Yes, yes, common, sigue pronto*, ang wika nġ

pulís sa taong hawak na pinaltik pa mandin n̄g palopalo.

Nápatigagal si Luis sa nakitang iyon, at náita-nong sa sarili kun sino ang may kasalanan.

N̄guni't may m̄ga kautusan n̄ga paláng nagparusa sa kasalanang panunuba, na dili iba kundi ang huwag magbayad n̄g ano mang kinuha ó binili: ang taong iyon ay dapat parusahan, sa-pagka't malinaw na nakagawa n̄g sala, n̄guni't isino namán ang dapat parusahan, sino ang masisisi dahil sa kawalan niya n̄g mágawan úpang may ibili n̄g kailangan sa buhay?

—At may Diyos, may pananampalataya, at may kapisanan—ang paaná na namang sagot n̄g budhi ni Luis, samantalang sa katapat na pinto na kinátatalaan n̄g m̄ga salitang: *makapagsasanla n̄g ano mang bagay na mahalagá*; ay lumalabas ang tunog sa pagkakalansingan n̄g biníbilang na salapi, at samantalang sa lansangan ay masasaya't nangagn̄giting mukha ang nagdaraán niyang nákikita.

—Kay pait n̄g pamumuhay—ang m̄ga huling salitang náipulas ni Luis sa kanyang m̄ga labi n̄g pagbalikan ang ginágawa.





## VII

**S**A loob n̄g isáng *bar*, iyang m̄ga tagayáng ná-kahalili n̄g dating m̄ga tindahan n̄g *isá't-isá*, at kabilang na rin n̄g m̄ga kabaguhang ipinasok dito n̄g kabihasnán; ay tatlong lalaki ang magkakaharáp sa isáng lamesang bilóg at nagsisidalangin sa tatló namang basong pinúpusan dahil sa kalamigán n̄g serbesang nálalagay. Kun susu-katin sa kaniláng m̄ga anyo, ay mahihinuha ka-agad na sila'y m̄ga hapo at doón lamang nagpa-palipas pagod.

—Akalain ko bang di naman manalo si *Dupilas* sa takbuhang yaon. Kay laki n̄g natalo sa akin—ang wari'y daing n̄g isá.

—At magkaano ba?—ang usisa n̄g isáng kaharáp.

—May 15 ticket.

—Talagáng kayo ginoóng Barrientos ay sadyang walang palad makipaglaro. Noóng araw sa *Tayuman* ay kayó rin ang napagtaló, at ngayon pala'y nápitongpu't limahán kayó.

—Aywán nga ba kaibigang Balani—ang tugón n̄g pinagsabihan—nguni't ang pagkatalo ko ngayon ay dahil lamang sa masamang pagkakátiktik.

—Hús, anó bang masamang pagkakátiktik.—

Huwag na kayong magsabi niyan. Sukat ba naman kayong maniwala sa sabi ni Katembo, sa siya'y isang sota lamang ni Regnal?

—Paano ang gagawin mo sa nang bago gawin ang takbuhang kinasasalihan ni *Dupilas*, ay lumapit sa akin at sinabing kung may puhunan daw lamang siya ay itatayang lahat sa kabayo ng kanyang panginoon, ang *Dupilas* nga, na sapilitan daw paunahin sapagka't narinig na ito ang usap ni Regnal at saka ni Lonhines na may-ari ng *Telas*, kabayong malakas tumakbo na kasali rin sa takbuhan.

—Kaya ganyan ang nangyari sa inyo—ang tugon ni Balani. Bukas nga ay sa akin kayo makisama. May nalalaman akong isang kabayo na kukuha bukas ng unang ganting pala: siya nating tayaan at sapilitang kayo'y makababawi't ako'y mananalo na namán.

—Aling kabayo?—ang tanong ng isa pang kasama nila, na sa pananaga ng kulay ay mahahatlang lasing na lasing na.

—Masama namang sabihin ko pa kung alin—ang sagot ni Balani.

—Ay bakit ninyo nalalamang mananalo?—ang usisa ni Barrientos.

—Sapagka't inihiwatig sa akin ng isa sa mga manok ng may-ari ng kabayo.

—Huwag kayong pakaasa at sa mga patakbuhan ngayon dito sa Maynila ay may isang bagong palakad ng pagsasabwatan. Sa halimbawang ibig makasalapi ng isang may kabayo, ang gagawin ay lalapit sa kanyang manok, magbibigay rito ng isa o dalawang daang piso upang ipamusta. Pag ang pamumusta nito'y nakita ng iba ay sa-

pilitang susundan, bago ang gagawin n̄g may-ari, n̄g kabayong mananalo, ay kukuha naman n̄g tiket sa ibang kabayong nalalaman niyang siya n̄gang magwawagí, palibhasa'y itó ang sabwatan nila n̄g ibang may-ari n̄g m̄ga kabayong kalaban at saka n̄g iláng hinete. At sa ganito'y náuulol ang karamihang naglalaro kaya ang wika ko sa inyo'y huwag kayong pakaasa—ganito ang sabi n̄g kani-lang kasama na sa pagkakaupo sa silya ay halos nagtutuka na sa pagkalan̄gó.

—Diwa'y kung anó na ang nangyayari sa iyo kasama—ang biro ni Balani n̄g mapansin ang pagtutuka n̄g kasásalita lamang.

—Bakit?—ang usisa n̄g tinukoy.

—Abá, ay sa tila ka napuyat na tatlong gabing sunod. Isáng baso lamang pala ay wala kang itagál.

Nagkátawanan silang sandali. At dahil diyan sa palikaw-likaw n̄g m̄ga pag-uusap sa alin man bayan at saan man dako, ang pag-uusap nilang tatlo'y nápagawi sa ibang bagay. At ang nátukoy tukoy n̄g matabil na si Balani'y ang malapit na raw pag-aasawa ni Danding.

—Totoo n̄ga ba?—ang pataká ni Barrientos sa nagbabalita.

—Talagáng katotohanan at sa hiwatig ko'y sa Mayo sila mag-iisáng dibdib.

—Batang bata si Danding. Wala pa sa panahóng mag-asawa, kun kailan lamang ay nakita ko pa silang mag-iná sa pamimili, ay walang nasasabing ano man sa akin.

—Walang nasasabi sa iyo?—ang may pataká ni Balani.

—Wala.

—Kay kaibigang Gutierrez ka magtanóng at ng̃ matalós ang kalinawan.

—Paano ba ang nangyari?

—Di umano'y may m̃ga kadahilanang nagaatas kay Gutierrez, na papag-asawahin ang kanyáng anák kay Rojalde. May kung iláng pung libong pi-song nápapadawit sa salitaan, at sa katunaya'y nagsadya raw si Rojalde isáng araw sa bahay ng̃ ating kaibigan. . . . . Ng̃uni't ayokong magdalahira, bakit nabalita ko rin namang matagal na raw itinipan ni Gutierrez ang kanyang anák kay Rojalde.

—Hindi ko akalaing totohanan ng̃a pala ang m̃ga paglakad ni Rojalde. Inaasahan kong siya ay sa babaying di tagarito mag-aasawa, pagka't ganitó na ang nákaugalian ng̃ ating m̃ga may pilak.

—Ako man ng̃a'y umasa ring biro lamang, dapatwa't iyon pala'y hindi.

—Bukod pa sa talagáng mahirap limutin ang m̃ga katamisa't aliw na másasamyo sa isáng kandungang kayumangi.

—Ang mainam lamang nito'y may katipán daw si Danding at tila isá ito sa m̃ga sanhing kanilang ipinagkakasigalót, kaya ang dalaga ay nangailangan pa ng̃ bala at pagbabanta ng̃ amá bago napa-oo.

—Ang pag-ayaw na ganya'y isáng bagay na karaniwang mangyari, baga ma't sa huli'y sumusunod din, kaya di natin dapat pag-abalahan—ang putol ng̃ kaínuman nila na biglang lumingon at kinampayan ang isá sa m̃ga naglilingkod sa bar,—Tatlo pang *baso* ang wika.

Madaling sumunod ang pinagsabihan at mayamaya'y m̃ga punuan na naman ang kaharap nilang tatlo, na di man nagluwat at sa unang pag-



tataasan n̄g kanilang m̄ga kamay ay nagsipan̄gahati.

—Balani—ang sabi n̄g notario—ang pag-aasawang iyang ibinalita mo sa amin ay minamakaguwót ko na: ang tungkol sa isáng dalagang may katipáng dati, isáng mangliligaw naman tinipanán nang amá, at ang pag-ayaw n̄g dalaga sa tinipang itó, kaya pinilit n̄g magulang; ay karaniwang mangyari at araw araw ay napagkikita, datapwa't na sa katwiran kaya ang ginawa n̄g amá, at may katwiran naman kayang sumuway ang anák?

—Sa ganang akin—ang tugon n̄g kaínuman ay na sa matwid ang amá, sapagka't siyang dapat mag-akay sa anák sa tanang ikagagaling, siyang may katungkulang magturo n̄g marapat, palibhasa'y siyang pinapananagot n̄g karamihan sa anó mang mangyari.

—Katwiran ang kanyang ginawa kun siya sana ang makikisama sa magíging asawa n̄g anák, katwiran kun sana'y walang katipán ang dalaga, sa pagka't ang ganito'y panghibimasok sa kalooban n̄g iba na lalo't sa pag-aasawa'y siyang dapat sundin.....

—Marahil n̄ga'y na sa katwiran kayo, datapwa't ang nagudyok na di sasala sa amáng iyan upang pilitin ang anák, ay ang kaligayahan din nitong nahuhulo niyang mátatamo sa pag-aasawa, lubh pa't mayamang paris ni Rojalde ang makakatagpo.

—Kun gayo'y naniniwalá kayong ang kaligayahan ay sa pamamagitan lamang n̄g maluwig at saganang pamumuhay nátatamo at sa ibang paraán ay hindi na. At ang ligaya n̄g kalooban, na sa m̄ga mag-asawa'y nagbubuhat lamang sa tapat na pag-ibig!—ang sagot n̄g notario.

—Abá—ang biro at pamamagitna ni Balani sa dalawáng nagtatalo—kung wariin ko'y taimtím na taimtím sa inyong mġa kalooban ang pag-uusap na iyan, bago'y di man tayo makauutang kay Gutierrez kung magíng biyanan na nġ mayamang si Rojalde, nġ máitataya kahit sa isáng sota.

Tawanan, at tawanang malakas ang naibulalás na panabay nġ tatlo, kayá nápalinġon tuloy ang anim ó pitong amerikano na sa dalawang pinapaglapit na lamesa ay gulóng guló sa pagbabarikan at di magkamayaw nġ mġa sinasabi.

—*Mucho malo, bad yu*—ang sabi nġ isá, sa tatlong nagkakatuwa.

—No, este chiste no mas—ang marahang sagot ni Balani, sa pagkakatang ang matá nġ amerikano nagsalita ay naghihiwatig nġ pagkamuhi nġ langġo.

—Porque *háháhá?* Goddemyu!—ang matigás na pakli nġ amerikano, na palibhasa'y lasíng ay di nalalamang laban sa pakikipagkapwa tao ang ná-gagawa niyang pagkukulang.

Sásagot sana nġ pagayon ding ayos si Balani, na sa pagkapahiya sa mġa kasama at saka sa mġa naglilingkod sa bar, ay munti nang di makapagdalawang isip, datapwa't bukod sa kinalabít ni Barrientos, nġ kalabit natatakot at waring humihimok na huwag nang kumibo, ay nagunita pang ang kákalabani'y amerikano, na sa paano't paano ma'y di niya magagahís. Saka kinabatunan na niyang ugali ang masilaw at huwag makitukól, may katwiran man, sa isáng di taga rito, aywan kundahil sa may maputing balat itó ó kaya'y sa pagpapalagay na mataás ang uri nġ alin mang dayuhan lamang. *Pasiensia na*, ang himok nġ notario.

N̄guni't ang isá nilang kainuman ay siyang di nakatiis at nagsasagot sa m̄ga amerikano. Mabuti't napagawatanan, kung hindi'y nagkabasagulo sana. Maya maya'y nagtindigan si Balani at Barrientos at baga man hindi pa yaón ang sadyang panahon nilang iáalis ay nagsilabas nang niyaya ang kainuman sa pagaalaalang baka pa lalong basag-uluhin n̄g m̄ga amerikanong naroon. Ang pag-alis nilang itó ay ipinagtawanan n̄g m̄ga naiwan, ipinagkapanahón nilang magsabi n̄g sarisaring bagay laban sa pilipino, hangang sa ang ginawa n̄g galít sa halakhakan ay tumawag n̄g isáng naglilingkod sa bar at ang sabi:

—Hey, boy! ¡porque pilipino mucho loco!

Ang pinagsabihan ay hindi kumibo, nagsa Balani rin ano pa't gayong m̄ga siyám yata silang pilipino na naglilingkod doon at nakaririnig n̄g paglait, ay di man lamang nagkaloób ang kahit isá na magpabulaán, samantalang ang m̄ga amerikano ay may m̄ga suntok pa sa lamesa sa kinatatawa at m̄ga tuwáng tuwa sa kalasingán.

Nang na sa lansanġan na ang tatlong magkaibigan ay wala pa ring kibo. Pinipi silá n̄g gayóng sigalót.

Pati n̄g pagsasalitaaan tungkol kay Danding ay nakalimutan na, at tila m̄ga natubigan.

Maya maya ay nagsalita ang kasama ni Barrientos at ni Balani:

—Munti na tayong mapasubo. Ako ay di palalo datapwa't kung ganitóng langō na ay matapang din. Lalo't na sa káhiyaang paris noón. Pinabayaan sana ninyo ako.....

—Mabuti na ang walang basag-ulo kaibigan—ang sagót ni Balani.—Paano't paano ma'y maábala

ka at saka..... sa m̄ga ganyáng tao'y dapat ang *pasiensia*.

Ang pinagsabiha'y di na nakapagpigil. Ang gayong m̄ga pagkukuro ni Balani'y di niya minamabuti. Siya kailan ma'y di makapagbabata n̄g kahit ga hanip na pagkaapi; tinuligsa ang kadun̄guán n̄g marami, ang tila pusong babayi sa basagulo n̄g karamihang pilipino lalo't puti ang kalaban, at di kinukusa'y isáng mahabang talumpati ang kanyang ginawa sa paglalakaran niláng iyon.

Sinabing hanga't ang ginagawang pangtakot n̄g m̄ga ináng pilipina sa kaníkanilang bunso kung nagsisiyak at ayaw matulog, ay ang m̄ga salitang: *naiyan na ang nuno*, *naiyan na ang kastila*, *ó náito na ang pulis*, ay páhirapan anyáng magka m̄ga pusong bakal tayo na di masísindak sa pan̄ganib. Hangang di nababago iyang m̄ga aral-bahay na nalalangap n̄g bata sa sinapupunan n̄g kanikaniyang ának, han̄ging punong puno n̄g m̄ga maling aral at likong paniwala na itinatabing sa ísipan n̄g m̄ga musmos, ay pulos na ugaling babayi ang sásagisagin nating lahat.

Ang m̄ga amáng alipin ay walang iaaná kundi m̄ga busabos—ganitó ang sabi ni Rizal—ang dugtong niya at ito'y isáng katotohanang dakila. Iyang masamang pagpapalagay n̄g m̄ga pilipino sa basag-ulo na pinakákalayuan dahil sa ligalig na ibinubun̄ga at ikinaáapi tuloy na madalás may katuwiran man; ay isá pang samang ikina-dudun̄go n̄g ating m̄ga bata, at pagkadun̄gong daladala nila hangang sa magsilalaki at mangagíng amá. At sa samang ito ay nagkakahawahawa ang lahat, walang di nálahiran. Pinaka-

bunġa nġ masamang paniwalang iyan ang na-  
pagkikita anyáng kadunġuán nġ marami, iyang  
kadunġuáng pangit pa kay sa talagáng kadu-  
wagan.

Kailanġan, isáng katungkulan nġ mġa iná, na  
pagkakaisip nġ kaníkanilang anák ay turuan nġ  
mġa bagay na ikabubuti, ipakilala sa mġa bata  
na mahal ang pagkatao kay sa lahat, at ang  
pagkataong ito'y utang sa bayan, na karanġalan  
nġ tao ang magtangol nġ matuwid, na hindi ka-  
baitan ang paapi, na alin mang pang'anib ay di  
dapat layuan, na ang pagtitiyaga ay siyang una  
sa lahat nang kabaitan. Ang kakulangán nġ mġa  
pagkakilalang ito ay siyang pinagmumulan nġ  
pasapyaw nating pagyakap sa ano mang layunin,  
iyang sugat na maantak nġ sang-kabayanang Pi-  
lipinas at kapintasang itinatalampak sa ating mġa  
mukha nġ mġa nagsisipulang palápintasin.

Dapat ding ituro sa bata—ang patuloy nġ boóng  
siglá—na walang nápakabuting puhunan kundi ang  
nagagawa nġ sarili, huwag ang magagawa nġ iba  
na hindi man bayaran ay kikilalaning utang na  
loob pagkatapos.

Ang mġa babaying pilipina, ay may malaking  
magagawá sa bagay na ito, sila ang lalong ma-  
kababago sa marami nating mġa kinabatunang  
pag-uugali. Turuan natin ang mġa bata, iyang  
magsisihalili sa atin sa kinabukasan, nġ ayon sa  
mġa nangyayari, huwag sa pamamagitan nġ ná-  
tanggap nating mġa aral na totoong mayagít at  
bagay lamang sa siga. Upang mabago ang kala-  
gayan natin sa pamamayan ay nanġailanġan tayo  
nġ paghihimagsík, at sa ikababago naman nġ  
masasama nating kinabatunang mġa ugali at hi-

lig, ay kailaṅṅan ang isáṅ paghuhunos at ang pagtatayo nṅ noó. Mamínsan minsan, ito'y hindi maitatatwa, ang kadunṅuán nṅ pilipino, ay di na nagbubuhát sa kahinaan nṅ kanyáṅ loob na bunṅa nṅ masasamang aral na nátutuhan, kundi sapagka't siya'y sakop, ipít at walang kaluwagan. Totoó, nṅuni't ang mamínsan minsang iyan ay nagsisiwalat din nṅ isáṅ sama: nṅ paniniwalang ang nakasásakop ay dapat poonín, at ito'y isá pang sira na magagamot lamang nṅ pagtuturong ang tao ay di dapat mamoón sa kapwa tao.

Walang kapoón-poón kundi ang katwiran, sa kanyang kahulugang talaga, ang katwiran ay siyang panginoon nṅ lahat, haring makapangyarihan na di kumíkilala nṅ lahi, kulay at pagkatao, sapagka't ang lakás niya hindi man násalig sa patalím, na paris nṅ ibang mṅa lakás; ay laganap sa Sangsinukob—ang itinapos na mṅa salitang sabay hawak sa bisig na kaliwa ni Barrientos.

Ito'y di kumibo at nápatinṅin na lamang sa kausap. Ibig sanang sagutin upang ipakipaglaban ang kanyang mataós na paniniwálang ang lahat nṅ mṅa katwirang iyo'y pawang *bunṅang-tulog* lamang nṅ kabataang nahihimbing sa gitna nṅ maraming alíw at kaligayahan sa buhay, at kapag iniukol sa mṅa nangyayari ay wala nang halagá. Ibig sanang ipaliwanag sa kapagsasalita pa lamang, na hindi kaduwagan ang kanilang paglayo sa pangánib, kundi isáṅ pagpapakatao at pagtuturo sa magagaspang na iyon, nṅuni't si Barrientos ay di nakapagsalita.

Pasalubóng sa kanila si Rojalde na mula pa sa malayo'y nakanṅiti na.

—Mga katoto—ang wika n̄ magkalapit sila—kayo ang una kong binabalitaan n̄ aking pag-aasawa kay Danding, ang anak n̄ ating kaibigang Gutierrez. Anó ba ang palagay ninyo?

—Mabuti—ang pakli agad ni Balani. Mabuti kang mangangaliskis.

Si Barrientos man naman ay nakisagót din, at pati na n̄ kaniláng nákainuman. Nagkatagalan sila at maminsan minsan pang nangagkabalakhakan.

Si Rojalde ay walang maalamang pagsidlán n̄ kanyang tuwa. Masayang masayá at palabirong totoo sa kanyang pakikipag-usap noon.





## VIII

ISÁ nang katotohanang kalát sa boong Maynila ang pag-iisáng dibdib ni Rojalde at ni Danding. Sa buwan ng Mayong ipinamalita ni Balani sa loob ng bar, ay dalawang buwan na lamang ang kulang, kaya kinainipan ng ating binata ang nápakabanayad na paglipas ng kurisma, iyang buwan ng kainitan at mga tagulaylay na kung nagdudulot man ng ligaya't aliw sa mga binata at dalaga sa mga pagbabasahan kun gabing tagliwanag, sa mga may hinihintay na paris ni Rojalde at sa maraming nagtitimpi ng pagkain ng lamáng kati, ay nakayayamót namán.

Ang pagdalaw ni Rojalde sa bahay ng bíbiyaning si Don Nicanor, ay hindi na makalawa ni minsan sa isáng lingo, gaya ng dati dating ginagawa. Araw araw na, gabi gabi, pagka't ang mga pinto ng bahay na iyon ay bukás kay Rojalde sa bawa't sandali, máliban sa mga oras na mapagbubulungbulunganan ng tao ang kanyang pagparoón. Mula ng tipanán si Rojalde ni Don Nicanor, tipang di man sinasangayunan ni Danding ay di naman matangihán, palibhasa'y sa kanyang amá, ang binata ay litong litó sa pagaakala ng



sari-saring bagay na kung makaraos na sila ay magiging aliw ng kanyang langit.

Inakalang ang bahay na kanyang tinítirhang kasalukuyan ay walang gaanong gilas upang tahanan nilang mag-asawa at ang ginawa ay bumili sa Santana ng isang mainam na *chalét*, sa tabi ng ilog at sa lilim ng malalaking ilang-ilang, na dahil sa masusing pag-aalaga ng kanyang pinatanod muna ay walang sawa ng pamumulaklak at kumpol kumpol kung magsibuká ang mga bukong nag-unos sa mga sariwang dahon. Hindi pa nagkasiya si Rojalde sa ganitó, at halos nakagugol ng mahigit sa kalahati ng kanyang ibinili ng bahay sa pagpapaayos na mabuti ng mga di niya náibigang bahagi nitó, sa pagpapayari ng isang páhingahan sa halamanan at sa pagpaparagdag ng sari-saring búlaklak sa pinagdatnán nang iba't ibang punong pag-aliw sa tingin at mga halamang bumubulaklak ng sakdal ng inam. Sa halamanang iyon ay kabilang ang lalong káhirang hiranang dapu at mga punong galing sa Hapón, pati ng palasak na mga sampaga. Nagpapakamatay si Rojalde ng pag-iisip ng sari-saring bagay na magiging kaaliwán ni Danding.

At ang ganitong pagsusumikap ay malugód na ibinabalita sa dalaga, sa hindi matatagala't magiging asawa na niya, bíbigyan ng kanyang pangalan at sa hinaharap ay siyang mag-ingat ng kanyang puri. Sa katunayan ay walang paroón ang binata na di may balitang dalá tungkol sa ganitó ó gayóng halamang kagágaling pa lamang sa Hapón, sa ganitó ó gayóng bintana ng tátahanang bahay na ipinabago.

Nang huling pag-uusap nila ay tuwang tuwa si

Rojalde, sapagka't nḡ hapon ding iyon ay galing siya sa Santana at kapagbabayad pa lamang sa mḡa mangagawang nagsiyari nḡ ipinaáayos na kakanán.

—Wala nang kulang aking giliw kundi ang mḡa palamuti. Ito'y madali nang magagawa at ang isa-sanguni ko sa iyo nḡayón ay kun anó ang mabuting ipaguhit sa bubunḡan at sa mḡa paláringdingan. Ikaw ang hiníhingán ko nḡ isáng munukala upang lalong duminḡal ang ilalagay roón, sapagka't kaming mḡa lalaki ay di totoóng nakátálos kun anó anóng gayák nḡ Katalagahan ang nakawiwili't bumibihag sa puso, di gaya ninyong mḡa babayi na siyang may inḡat nḡ kaligayahan. ¡At saka sino pa ang aking paírugan sa isáng bagay na paris nito, kundi ang aking pinópoon?

—Mabigat na bagay ang hinḡi ninyo sa akin —ang paklí nḡ dalaga.—Ang tao ay di nagkaka-iisá nḡ hilig, may mḡa kaloobang palaging masayá at mayroón namang kalong na parati nḡ kalungkutan, at sang-ayon sa ganitóng nangyari'y may nakákikita nḡ kamatayan doon sa kung masdán nḡ iba ay pawang alíw ang násisinag.

—Totoo, datapwa't sa paghahaka nḡ tungkol sa kagandahan ay íisá ang niloloob nḡ lahat, walang pagkakaligaw ang mḡa salita kun ang patotohanan halimbawa ay ang pagkabusílak nḡ araw.

—Hindi ganyán ang aking palagay at kung nápapabukod man ako sa paghahaka nḡ iba ay huwag ninyóng pagtakhan. Tálawan ninyo ako marahil, datapwa't kun akó ang masusunod, ay isáng malungkot na libinḡan ang aking ipaguguhit sa kísame nḡ inyong bahay sa Santana at sa

ibang dako pa'y isáng babaying nakaluksa, isáng pusong patay at isáng Pag-ibig na nagdadalamhati.

Matagal na hindi nakaimík si Rojalde, pinagkurokuro ang kahulugán ng gayóng mga salita na binigkás ng kausap ng walang katawatawa.

—Diyata at isáng libinḡan?—ang náitanong ng makasandali. Anóng kasayahan, alin ang alíw at ligayang máidudulot sa isáng pook na kakanán ng iyong ibig ipalamuti?

—Sa ganáng inyo marahil ay walang ligaya ang gayon, datapwa't sa akin ay oo, sapagka't akó na nabúbuhay lamang sa turing baga ma't patay nang matagal, ay walang ibang kasintahan kundi ang lungkot, ang panglaw ng libinḡan.

—Nakapanḡinḡilabot ang iyong mga salita.

—Huwag ninyong pagtakhán sapagka't siyang totoó. Nagtanóng kayó sa isáng patay at ito'y walang sinabi kundi ang kanyáng pagkagiliw sa kamatayan.

—Wala sa loob mo ang iyong mga sinasabi. Hindi dapat gunitain ang kalungkutan kung nápipinto sa pagtatamó ng ligaya. Ngayóng wala nang kulang kundi ílang panahon upang magíng lubusang kay Danding ang aking búhay at pag-ibig, ay di marapat dalanḡinan ang mga alaalang malungkot: iya'y kaaway ng ligaya at lasong hindi dapat lagukín sapagka't makawawala ng pag-asa, sapagka't magpapabulaan sa katotohanang pagtakas ng dilim kung nínikat ang araw.

—Kay hírap ninyong papaniwalain. Makailán ko nang masabi na sa pag-iisáng dibdib natin ay hindi alíw ang aking mátatamo kundi kalungku-

tan at pagkasawi. Alalahanin ninyong ng̃ m̃ga unang araw pa ay itó ang aking nasasaloob.

—Totoó na ng̃a, datapwa't inakala kong pagkaraán ng̃ ilang panahón, pagkaparam sa iyong isip ng̃ maling paghahaka tungkol sa akin, ay paniniwalaan mo namang kaligayahan ang idinudulot sa atin ng̃ masayáng hinaharáp.

—Kun sakaling iníbig ko kayo, kun sana'y inyo ang aking puso, datapwa't hindi at may nag-aaring iba sa aking pag-ibig. Biníbigkas itó ng̃ dalaga ng̃ dahan dahan, malumanay at waring ang nais ay isá-isáng itarak ang bawa't salita sa puso ni Rojalde, na hindi naman makakibo at sa pagbabago ng̃ kulay sa mukha ay napaghahalang kinákabaka ang kanyáng sarili na nagsasabing yao'y pagka-aba ng̃ danḡal, baga ma't nagbubulong na lalo pang kahihiyán ang sásapitin kung sakaling makipagkasira at mapagalamán ng̃ labat, ng̃ karamihang bumati na sa kanya ng̃ boong lugod sa m̃ga pahayagan; ang pagkakaurong ng̃ kaniláng pag-iisáng dibdib.

—Danding, Danding—ang náitugon na lamang na may kahalong himutok—dahan dahan ka ng̃ pagsugat sa akin, sapagka't ang iyong pinapatay ay isáng pusong walang ibang sala kundi suminta sa iyo ng̃ labis.

—Hindi pagpatay ang aking ginágawa kundi pagtatapát. Ang ganito'y kailanḡang maalaman ninyo: hindi ko kayo iniibig ni maíbig kailan man, sapagka't ang aking puso, kung tumítibok man ay hindi na akin kundi sa aking pinagsanlaán na siya kong hari at pinopoon. At ang pinopoon kong iyan ay inyo nang kilalá kun sino.

—Malupit na Danding, may-ari ng̃ aking pag-

ibig, sukatin mo, ang iyong sinasalita, maawa ka sa akin at alalahanin mong ako'y iyong magíging asawa—ang nangangatal halos na paklí ng binata.

—Kayo ang may kasalanan ng lahat. Sino ang nag-atas sa inyóng sintahín ang isáng wala nang pag-ibig?

—Sawing palad akó, aking ipinagtatapat, nguni't iwala ka na ba namang awa sa akin?

—Hindi awa lamang kundi kayo'y kinahahabagan ko pa—ang patuya at masakít na salita ni Danding, na ng makahalatang ang di pagkibo ng kausap ay naghihiwatig ng pagdaramdam sa kanyáng mga sinalita, ay nagpatuloy at ang sabi:

—Huwag ninyong ipagdamdám ang aking mga sinabi, sapagka't ibig kong lahat ay ipagtapat ngayón nang hindi ninyo máwikawikang kayo'y aking pinagtaksilan. Mapapa inyo ako ng hindi umiibig at magsasama tayong wala kayong mátatatanaw sa akin kung hindi ang pagtatapat ng isáng babaying may-asawa, nguni't hindi ang pag-irog ng isáng masintahing babayi. Kung nányag kayo sa paraang iyan ng pag-aari sa akin, ay kayó ang bahala.

Lalong napipi ang binata. Ang kalamigáng loob na ginamit sa pakikipagusap hangang sa mga sandaling iyon, ay nagíging kapootán nang dangán lamang at nápapanahon sa pagdadalá ng bukayo ay inialís na sana, ipinagtaním habang buhay at isiningíl ng walang tantan kay Don Nicanor hangang sa ito'y isakdal sa mga hukuman at magkahiyahiya. Tinítimbang ang kanyang katayuan at saán man patunguhin ang pagkukuro ay lumálabas na siya'y tila namímilit, nagpapalimos ng kaunting paglingap sa isáng

walang isinasagot kung hindi: *ayokong* walang kabalibali. Natatalastas, na siya, isáng mayaman at humihiga sa salapi, isáng huwag lamang na di mandirilat ay niluluhurán na halos ng̃ kanyáng m̃ga alila sa bahay, siya na isá sa m̃ga binatang nápapatañgi sa boong Maynila dahil sa pagkamakisig at kayamanan at kinalilituhan ng̃ di iisáng dalaga, ay nápapababa, nawawalán ng̃ dangal sa nangyayaring iyon. ¡Magpalimos ang isáng Rojalde ng̃ pag-ibig pa naman!

Katawa tawang pagbabago ito ng̃ kapalaran na hindi áakalaing sukat mangyari ng̃ sino mang nakakikilala sa kanya. Noón lamang siya nápaharap sa isáng babaying di niya máunawaan. Noón lamang nakátagpo ang palawagí niyang nasa ng̃ isáng hadlang, na lalo pang minamadakila ng̃ binata sapagka't pag-ibig ng̃ babayi na tuwi na'y kanyáng pinaglaruán at siniklot-siklót. Siya ang niluluhaan ng̃uni't hindi siya ang lumuluha. Siya ang sinasamuan at hindi sumasamo, at saka ng̃ayo'y walang pinagibhán sa isáng bata na pinapalo na'y kumakalong pa rin sa iná. Dahil sa kanyáng pag-irog ay mapanarilíng gayon na lamang, at ibig matamo hindi lamang ang sariwang katawan, ang nagbibilugang m̃ga bisig, ang magagandang pisiñgi, ang matatamis na halik na máikikintal sa kanyáng noó ng̃ m̃ga sinagang labi ng̃ dalaga, kundi ibig pang mapakanya pati ng̃ pag-ibig nito. Kanyáng buong buo, kanyáng lahat, at bahagi ma'y huwag mápasaiba.

Bukod pa sa iníaat sa rin ng̃ dangal na sarili na huwag tumalikod sa binantang pag-aasawa kay Danding sapagka't lalong kahihyan ang mátatamo, palibhasa'y sa háyagan at sa kanya mang m̃ga kalagulaguyong kapwa binata, ay walang

araw at pagtatagpong di nagparangyá ng kanyang pagbili ng ganito ó gayong kasangkapan dahil sa nalalapit na pag-aasawa, ng kanyang pagbibilin sa ibang lupa ng lalong mga piling palamuti sa bahay, ano pa't hindi lamang ang maganak ni Don Nicanor ang nakaalam na may bahay na siya sa Santana na handang tirhan nilang mag-asawa, kundi isinama pa manding di miminsan doon ang ilan niyang katapatang loob at ipinagparangalan ang kanyang mga ipinagagawa, na lahat ay walang ibang tungo kundi pasalubungan ng lalong madadakilang bagay ang mag-aari ng kanyang pangalan. Itó ang mga sanhing ikinapag-aakala ni Rojalde na anó man ang sapiti'y dapat siyang mag-asawa kay Danding. Mangyayaring ito'y walang pag-ibig maaaring italam-pak nitó sa kanyang mukha at sa bawa't sandali ang mga sabing: hindi iyo ang aking puso. nguni't huwag lamang mahayag na kaya di natuloy ay sapagka't nagkasira sila at umayaw ang dalaga. Ang pag-gugunita lamang ng ganito ay ipinanghihilakbot na ng binata: mawalan na siya ng puri kun sa lihim, huwag lamang sa hayagan, sapagka't ang karamihan ay madalas na tootong di magpapansin sa natatago, бага ma't walang kapakupakundang kumutya sa mga dungis na nanngibabaw, gayong sa ilalim marami ang búrak.

Kaya nagwawalang bahala na sa ano mang sabihin ng kausap, nagpapakadagi hindi man, huwag lamang datnin ang guhit na kanyang pinangangambahang tuntungan. Marahang sumagot sa dalaga pagkaraan ng matagal tagal na sandaling hindi pagkibo.

—Pinapagtatalo ang aking kalooban n̄g iyóng m̄ga sinalita. Nálalaman mong panḡalawa kong buhay ang iyong pag-ibig sa akin. Ikaw ang napapatanḡing tala na tumatanglaw sa madilím kong kapalaran at hinaharáp. Kun ang pag-ibig mo'y siya mo pang ikakait isino ang iyong kinaway? Isá mong tapat na lingkod, isáng dahil sa iyo'y magdudulot n̄g kahulihulihang tibok n̄g búhay kung kakailan̄ganin. Kundi mo ako iibigin ay isáng buhay ang áagawan mo n̄g pananalig—ang patuloy n̄g binata n̄g boong siglá n̄g kalooban, na waring n̄g m̄ga sandaling iyo'y wala sa kanyáng sarili.

—Kayó ang maysala at hindi ako: umirog kayo sa isáng patay na hindi na makapagbibigay n̄g anong anó man—ang pakling malumbay n̄g dalaga.

—Danding! Danding! maawa ka sa aking paghibik—ang samo ni Rojalde, na kundi nahihiya at baka may makákita sa kanya, ay naníkluhód na marahil tulad sa m̄ga haring talunan na napaáawa sa nagwagi—huwag mong lubusín ang pag-ayop, huwag kang magpakalupít at ang pagirog ko'y pahalagahán. Ang pagpapakalupít sa isáng di naman lumalaban ay katutubo lamang sa m̄ga walang puso: ikaw ay may puso ring ipinagdaramdam at dahil dito'y umaasa ako sa iyong paglinḡap.

—Huwag kayong maghintay n̄g anó man, sa-pagka't ang isáng di na umaasa ay di namán makapagpapaasa sa kahit sino. Isá akong sawi na inagawan n̄g sariling loob, isá akong alipin na sunudsunuran sá panḡinoón, at ang m̄ga panḡinoon ko'y kayo at ang aking amá. Nagkaisá kayo n̄g pagpatay sa akin nang di man duminíg



sa itinututol at tapatang pagsasabi na ginigiliw ko si Luis. Ngáyón ay isáng biyaya lamang ang hinihingi ko, biyayang di ipinagdadamot ni ng mababanngis mang hukóm: huwag ninyó akong hanapan ng pag-ibig, ang nasa kong ito'y inyo sana namang igalang.

Ito ang sabi ng dalaga na wari'y siya na niyang huling loob, kaya lalong nalitó si Rojalde na wala nang maalamang sabihin sa pagkahalatang hanga't tumatagal ang pag-uusap ay lalo namang siyang nápapalunghi.

Si Luis, kailan ma'y si Luis! Ito at tannging itó lamang ang dakilang sabid na di, niya ikapagtamó ng ganap na kaligayahan, itó ang ulap na pinakadungis ng kanyang kalanngítang pinangapanngarap na maningning at nasasabugan ng mga talang makislap. Ikáilan na iyóng pagbangit ni Danding sa ngalan ni Luis!

Si Luis sa palagay ni Rojalde ay isáng aba, isáng dukhang walang kaluwagan sa pamumuhay, isáng *patay-gútom* na kaya nabubuhay ay dahil sa sinasahod sa bahay-kalakal na pinapasukan, isáng kawani na kapag nagkulang sa kanyang tungkulin ay ipagtatabuyang tulad sa áso ng kanyang panginoon, isáng nabubuhay sa lilim ng puhunan at kundi sa tulong nito'y matagal na sanang napalibing. Ito ang palagay ni Rojalde sa pagkatao ni Luis, na gayong kaabáabaan sa lahat ay siyang haring di mapagliluhan ng puso ni Danding. Gaanong saklap at gaanong lason ang ipinalalagok kay Rojalde ng pangalan ni Luis, na ibig niya'y mákitang tupók kun may kapangyarihan lamang sa ganitó! Oo, lalamurayin niya ang katawán ni Luis, híhimaymayin ang mga

lamán nitó upang huwag nang makapagdulot pa sa kalooban ni Danding n̄g kahit anóng damdaming ikadudusta n̄g kanyáng pagsintá.

Datapwa't hindi, hindi itó ang ikamamatay ni Luis sa matá ni Danding ang gayo'y lalo pang ikadadakila n̄g binata sa puso n̄g dalaga, sapagka't ipalalagay na siya'y isáng sawi, isáng tinampalasan n̄g may lakás at marahil pa'y lalong pakáibigin kay sa dati, kaya siya'y nag-isip, bumalangkás n̄g isáng munukala na ikawawalang halagá ni Luis, hindi lamang sa matá ni Danding kundi pati na sa pagbibigay sa kanya n̄g madla. At ang pagbabantang itó ni Rojalde mula n̄g unang araw na magtapat ang dalaga, ay di napaparam sa kanyáng isip kailan man: kasama saan man paroon, isinusubo sa pagkain at inuunan pati sa pagtulog. Ibig niyang maghiganti, in̄guni't alín ang paraán?

—Si Luis kailan ma'y si Luis!—ang naibulong sa sarili, at waring nasiraan n̄g isip na biglang tumayo at naglakad. Sa kalituhan n̄g kanyáng isip ay kun anó anó ang náguguniguni: sa pakiwari niya'y naroon si Luis at nakan̄giti n̄g n̄giting may paghabág. Siya ang tinatawanan, siya... at sa paggugunita n̄g kanyáng palad ay di nakitang nasok palá si ñora Titay sa kinalalagyán nila ni Danding, pagkatapos mabulun̄gán si Don Nicanor n̄g kung anó anóng katatawanáng inihalakhak nitó n̄g bigáy na bigáy sa pagka-kaupong ang kaharap ay isáng tasang tsá, at ang sabling panḡiti.

—Aalis ka na ba Rojalde? Anó namáng dali mo. Umawit ka n̄ga Danding, kay tagal nang inaamag n̄g iyong piyano, tingnán mo n̄ga't tila

nagsasabing: Inalimutan mo na ba ako?—at itinuro ang piyano na sa isáng dako ng salas ay nakukulubungán ng isáng káyong kulay bughaw, na nasasabugan ng mga tala, tulad sa kaputo na langit kung walang panginorin, bago humalakhak ng halakhak maligaya at waring ganap na ganap ang kasiyahang loob na walang muntimang alalahanin sa kabuhayan.

—Si nanay naman—ang tugón ng dalaga, wala na akong nalalamang awit. Nalimutan ko nang lahat, pati ang malumbay na *Nostalgia* ni *Fulvio Gil*.

Ang tinig na iyo'y nakagising kay Rojalde, nanuót sa kanyang kaluluwa at nakabuhay sa kanyang dugo. Saka pa lamang nagunitang ang kaharap palá roo'y hindi si Luis na ngingitingiti ng ngiting may paghabag, kundi ang iniiróg at ang magiging biyanang noon lamang pinansin.

—Maanong tumugtog ka na—ang samo ng ina. Si Don Nicanor man namang kapapasok pa lamang noon at nakaulinig sa pinag-uusapan, ay nakipamanhik din, kaya hindi natagala'y naalis ang káyong bughaw, at lumabas ang kumikintab na piyano na sa pinakaibabaw ay may isáng larawan pa ni Santa Cecilia, nápapagitna sa dalawang putol na bulaklak ng bató at sa kulay na namumutla'y nagpapahayag ng pagkauhaw nila sa tubig alat.

Nupo si Danding at ibinala ang pakikisunod ng piyano sa isáng malungkot na kundiman. Maya maya'y umaawit na.

Ang kanyang tinig, tinig na sadyang malambing, noo'y nagíng pagtanngis at sa balang bigkás ng salita'y may kahalong isáng buntong hininga, na pumupulas sa dibdib niyang kalong ng mara-

ming pighati. Ang katamtamang liwanag n̄g ilaw na kung mabasag sa nagpúputiang daliri n̄g dalaga ay nagtitila maningning na tingád sa karagatan kung gabíng madilím, ang mataos na paki-kinig n̄g dalawang matanda, at ang pagpigil ni Rojalde sa kanyang paghin̄ga upang huwag may maligtaan kahit isáng salita sa m̄ga núnulas sa gayong gagandang labi; ay nagpapadakila pa sa ináawit na kundiman ni Danding.

Ang kanyáng pagtan̄gis ay dinadalá n̄g banayad na palay palay hangang sa lansan̄gan, umaabot sa malayo, humahalík sa m̄ga bagong buwang sampaga . . . at nakikiayon sa kapanglawan n̄g gabi. . . .

Isáng tao, isáng lumalakad, ang bigláng napa-hinto. Ang tinig na yaong labis na kilala at hindi miminsang nakaalíw sa kanyang m̄ga pagaalinlan̄gan, na tumatan̄gis n̄g gayong kalungkot, ay nagíng sundang na tumarak sa kanyang puso at nakabuhay n̄g m̄ga alaalang mapapait. . . . Ang taong ito'y si Luis, na noón lamang nápadaan sa tapat n̄g bahay ni Danding, mula n̄g gabing maghiwalay silang kapwa may lason sa puso.





## IX

**N**ANG gabing iyo'y nuwi si Rojaldeng poót na poót. Ang pagkamuhi niya'y di anhin lamang ihanap n̄g basag-ulo ó isá kayang mákaka-kagalit na mákapanuntukan.

—Sa bahay!—ang bulas na sabi sa kanyáng kotserong nápailag n̄g may sandipá sa pagkakatayong púgay ang sombrero samantalang ná-nakyat ang kanyang pan̄ginoon sa kalesing may tatlong oras nang naghihintay sa tapat n̄g bahay ni Don Nicanor.

—Hindi ba ang sabi ko sa iyo'y sa bahay?—ang lalo pang pagalít na tanong n̄g binata sa nakatan̄gáng kinákausap, na hindi sa kabin̄gihán kundi talagáng sa pagtataká sa mukha at anyo n̄g kanyang pan̄ginoon, kaya nápapatigil. Pagkakapatag ni Rojalde sa uupáng may sapin pa't sandalang unan unanang sutla na kinálalarawanan n̄g ilang bulaklak n̄g lirio, ay inagaw ang riyenda sa kotsero at siya ang nagpalakad. Lumílipad, hindi tumaktbo ang magílas niyang kabayong alasán, na n̄g gabing iyo'y nanagana sa palo; palong maririín at walang awa na halos ikalagot n̄g m̄ga ugát n̄g kabayo sa pagtakbong walang patumanga. Náki-

kita ang gayón ng mga pulís na hindi namán nagsisikibô ni nangagtataka sapagka't kun totoo mang may isáng lupon at kautusáng umiiral tungkol sa pagkakandili sa mga hayop, ay labás marahil at di nasasaklaw ng kanyáng bisà ang mga may sukal ng loob na paris ni Rojalde.

Bagyó, hindi na hangin lamang ang katulinan ng kalesin, na sa bawa't sandali'y pinapagkaka-pakpak ng di nánayad ng lupang mga páa ng alásan. Bawa't sandali rin nama'y sunód sunód ang haging ng kumpas, na mamaya'y magtila lumúlugas ng maraming dahon, at mamaya'y tila angil ng punlô. Ang lakás ng hanging bumá-bayo sa noó ng binata na pinamúmugaran ng maiitim na panukala laban kay Luis, ay lalo pa manding nagpapasigla sa kanyáng pagpapatakbo. Marami nang lansangan ang kaniláng napaglagusan, saán man sila patungo'y nahahawi ang tao sa pag-ilag na masagasà, at baga man di miminsang munti nang mapabangâ sa ilang ná-kasalubong na kapwâ kalesa, ay patuloy rin si Rojalde. Ang ipinangangamba ng mabaít na si Román, na kanyáng kotsero, ay bakâ kung magkasakuna'y siya pa ang maiwan sa kuwartel.

Siya pa namang hangá ng mga sandaling iyo'y hindi naghahapunan at gutóm na gutóm na.—Anó kayâ ang nangyayari sa aking panginoón?—ang tanong sa sarili ni Román.—Kung wariin ko'y malaking bagay, sapagka't kaíkailan ma'y hindi ko náikikita sa kanya ang galit ngayón. Magpapakatatag ako at bakâ sakali—ang dugtóng pang dinamá ang isáng pilat sa bintí minsang pinalo siya ni Rojalde. Itóng mga panginoón, ang patuloy, ay mabubuti lamang kundi maiinit ang

úlo, n̄guni't huwag may mákakatagalit na iba at kaming m̄ga naglilingkod ang nagbabayad na wari bagang sa labinglima ó dalawangpúng pisong ipinasasahod sa amin, ay may katwiran na silang manampalasan. Lumayas ka, hindi ka naman babayaran at kung sakaling magsakdal dahil sa iyong pagkaapí ay pararatan̄gang nagnakaw. Ang m̄ga taong ito, anóng hirap pakisamahan! Ano mang siglá mong ipakita'y di ka sasalanan n̄g isáng an̄gil sa maghapon, ó isá kayang pangaral, ano pa't na sa kaniláng lahat ang buti, sila na lamang ang marunong n̄g lahat, sila ang masipag, sila ang ulirán, sila ang tao at kami ang hayop. Nápaka kapalarang áso ang amin. At malimit pang sabihing kami'y m̄ga walanghiyâ. Walang hiyâ kami?—ang patuloy ni Román na nápan̄gitî n̄g n̄giting masakláp. ¡Patawarin mo sila't hindi nalalaman ang ginagawâ!—ang pagtulang kay Cristong náitapos sa kanyáng pagmumuni muni. Walang hiyâ—ang dugtong pa—ay yaong kumakain n̄g di niya pinaghahanapan, yaong nagpapasasa n̄g walang kapagodpagod, yaong umaalipin sa kapwâ dahil sa kanyáng salapí, yaong di pinakikiuabanḡan n̄g iba sapagka't nag-aakalang walâ siyang katungkulang dumamay sa nasasawí, yaong paupong inaakyatán n̄g pilak at di man nakákikilala kun anó ang tulo n̄g pawis sa paggawâ, yaong nabúbuhay sa pagnanakaw sa loob n̄g bayan na paris mo, mahal kong panginoón.

Walang hiyâ raw kami!—ang marahang patawâ ni Román na itinuturo si Rojalde. Ito'y biglang sálilingon at may sinundán n̄g tinging dalawang babaying nangakasakay rin sa kalesin at kayâ napuna n̄g binata ay dahil sa malakás na pagta-

tawanan. Akala ni Román ay siya na ang nárandaman, kaya bigláng itinikom ang bibig at kunwa'y hiningi sa panginoon ang riyenda, at baka anya napapagod ay nang mahalihan.

—Huwag kang makaabala buwisit—ang angil ni Rojalde na mulí na namang pumalo sa kabayo, pagkatapos na ito'y mapapihit upang sundan ang kinálululanang kalesin ng dalawang nagkakatwa.

—Itó pa ang nápala ko—ang sabi sa sarili ni Román, na tatawá-tawá dahil sa may masamáng hinala na sa pagsunod na iyon ni Rojalde sa kalesing nákasalubong—kundanġan nama'y akó ang may sala, íano't pipintasán ko ang mayayamang panginoon na tulad sa lahat ng masalapi ay nangagsasabing sakít na raw ng maralita ang humingí ng matwid? At sapagka't nápansin niyang lalong matulin kay sa dati ang pagpapatakbo ni Rojalde, ay nasabi na lamang na ang pámntutang iyo'y matatapos sa pagsusuob ng kamanyáng ni panginoon sa paanan nina *aling kuwan* gaya ng karaniwang mangyari. Sina *aling kuwan* ay dalawa, at dalawa rin naman kaming mga *mamang kuwan*, kaigihan nang makapagsayaw ng kahit anó—ang pabiro pa ni Román.

Hindi natagala't nag-abot ang dalawang kalesin sa malapit ng Cinematografo Filipino sa daang Azcarraga, at noón di'y nadinig ang ganitóng salitaan:

—Rojalde—ikaw palá—ang wikang pataká ng dalawang inabot—akala nami'y kun sino kang humáhabol.

—Nagkakamali rin palá naman kayo. Hindi akó ang inyóng hiníhintay íanó?—ang tugón ni Rojalde lumapít lapít pa, at tila wala nang sama ng loob.



—Ikaw namán ang nápakapanibughin. Halikana n̄ga't sumama ka sa amin—ang malambing na sagot n̄g tinanóng.

Kitang kita ni Román ang pagkásikíl n̄g isáng katabi sa nagsalita, pagsikil na wari'y nagsasabing: yayayain mo iya't paano, iyan ba ang ating katipán?

—¡Saán ba kayo paroroón?—ang tanóng ni Rojalde hindi nakápansin sa nangyari.

—Sa Gagalan̄gin—ang tugón n̄g kausap—Ayaw ka bang sumama?—ang tapos pang nakita ni Román sa liwanag n̄g elektrikang hindi malayo sa kinátitigilan nila, na pinabaunan n̄g isáng tin̄ging malagkit, pagkalagkitlagkit na tulad sa bagkát.

—Sa ibang araw na—ang pakli n̄g binatang bumunot n̄g isáng panyó at nagpahid sa mukhá, bago dumukot sa bulsa n̄g pantalón.

—Ikaw ang bahala, magbabayad ka sa akin—ang bala n̄g kausap na mukhang di maalam magpasakit kundi magbigay lamang n̄g ligaya.

—Natatalaga akó sa kaparusahán—ito ang pakli n̄g binata sa dalawang nagsilayo noón din at lumiko sa daang Ilaya. Kináwiwilihan pa sana ni Román ang pagtin̄gin sa isáng magandang dalagang may tindang m̄ga balót, maní, at kun anó anóng kakanín sa may cinematografo, nang biglang pinilantik ni Rojalde ang kanyang alasán at tinumbok ang daang Jolo. Ang kaawaawang si Román ay nagkasiya na lamang sa pananaghili sa ilang binatang nákita niyang kaumpók n̄g dalagang may tinda.

Nang malapit na sila sa liwasan n̄g Binundok ay hininaan ni Rojalde ang pagpapatakbo at

nagpakaiging sumandál na ibinigay ang riyenda kay Román.

—Itó ang kababalaghán—ang náwika nito ng siya nang nagpapalakad—nagíng sukat ang pagkakatagpo namin sa dalawang iyon, upang ito'y magbagong loob at maniwalang hindi parang ang mga lunsanġan ng Maynila na maáaring pagpatakbuhan ng boong bilis. Napakasintosinto ang ulo nitóng mga panġinoon, kaníkaniná lamang ay lalamunin akó, at ngayo'y naritong mukhang kaawa-awa. Kahabag habag na panġinoon ko, may tinik ito marahil sa lalamunan. Hintay ka, sasabihin ko paláng humanap ng isáng suhi, nguni't isino kaya ang dalawang iyon na naglagay ng hieló sa ulo nito? At sa alaala ni Román ay binasa ang isáng mahabang talaan ng mga babaying kung araw ay makikináng, datapwa't kung gabi'y nangagbibili ng pag-ibig sa bawa't makaábot sa halaga ng isá nilang halík, ng isá nilang yakap. Marami sa mga babaying ito'y nangapalulong sa gayong búhay sapagka't ibig magsikisláp ay wala namang káya, marami ang dahil sa talagang nagmamasarap sa búhay na pagayong punong puno ng aliw, nguni't may ilan din namang kaya nagsisamá ay sa kasalanan ng lahat, sa mga huling ito'y kabilang ang mga ulilang kulang sa mag-ampon, ang nilinláng ng mga walang pusong mánġanġalukal ng lámán, ang mga dukhang sa kakulangán ng mag-akay, ay nangapilit sa pagbibili ng katawán upang may ikabuhay. Tulad sa kidlát na ang talaang iyong kináhahaluan ng mga sadyáng masama at mga pinasama lamang, ay nagdaán sa alaala ni Román, hangang sa ang gunita niya'y nápatigil sa dalawang panġalang bantog, at kung

tawagin sa boong Maynila ay sina *Sanáy*. Ang dalawang iyo'y di iba kundi si Bínay at si Matilde, magagandang babaying siyang pangarap ng lahat na makikisig at salin saling nagdaan sa bisig ng mga lalong ulo ng yaman sa Maynila.

--Tuloy na tayo sa bahay, Román—ang útos ni Rojalde sa kanyang kotsero.

Ang utos na iyo'y nakapagpaluwag sa kalooban nito at nakapagpaasa sa humahapdi na niyang tiyan, gutóm na gutóm at humihingi ng kanin. Naglagós pa sila sa ilang lansangan at pagkátatapat sa may simbahan ng Sta Cruz ay nadinig ni Román ang makasampung tugtog ng orasan. Ang mga tugtog na iyo'y naghabilin ng iba't ibang damdamin sa puso ng magpanginoón. Samantalang ginugunita ni Román, na ang kakanin niya pagdating sa bahay ay malamig na naman at mga labis na ulam pa, mabuti kundi inantók ang kalíbanan niyang si Gunday, naglílinkod sa bahay ni Rojalde, maliksing dalaga na hindi man kagandaha'y pinagaganda ng mga pangangailangan ni Román; sa dibdib at isipan naman ni Rojalde ay magkakabakang mga gunita at ala-ala ang naghahari. Natutulog na kaya si Danding ng mga sandaling iyon? Saán kayang dako nakahilig at sino ang ginugunita? Oh kung maáari lamang na magíng unan siya, sana'y nakásaksi sa mga lihim na isipan ng dalaga! Tulóg na nga marahil at waring nákinikinita pa ang paghahalili ni Danding ng damit, ang pagsusuot ng manipis na barong panghiga na mapaglalagusan ng mahinhing palaypalay kung hating gabi, ang pagkakalat ng mayuming buhók sa magaganda niyang balikat, ang paghihikab ng mga labing

iyong tulad sa talulot n̄g isáng sampaga, ang marahang paglapit sa ilawáng panggabi upang papagkalatin ito n̄g kawiliwili't ginintuang liwanag, ang pagupo muna sa hihigán upang dumalangin sa larawan n̄g isáng Ina n̄g Awang ipinalalagay ni Rojaldeng na sa may ulunán n̄g dalaga at siyang nagtatanod sa tahimik na pagpapahingá nitó, ang paghiga pagkatapos sa gitna n̄g gayóng malamlam na liwanag na nag-aanyaya sa pagtulog. Ang magandang katawan ni Danding sa gayóng anyo ay náplarawan sa kanyáng gunita: ang nagbibilugang bisig, ang ginata-sang batok, ang sinutlaáng pisin̄gi ang maámong tingin n̄g dalawa niyang matang hinirám sa tala, ang masayang noó na tulad sa liwayway n̄g isáng magandang umaga, ang pagtahíp n̄g dibdib, ang kinilos kilos na naghihiwatig n̄g bago at bago pang kayamanan n̄g isáng katawáng bata..... lahat n̄g ifo'y lumilitó kay Rojalde na sa pagkahilig sa kanyáng kalesin ay nagsasa-loob na kung siya na ang may-ari n̄g gayóng kagandahan, ay paluhod na lalapit at magsasabi n̄g ganitó:

—Giliw n̄g aking buhay, tapunan mo ako n̄g isáng tinging may pag-ibig. Isáng isá lamang aking luwalhati—at pagkatapos oh! pagkatapos ay sásairín niya ang paglagok n̄g kaligayahán. Malan̄gó sa pag-ibig at sa m̄ga bisig ni Danding ay isáng kapalarang minamadakila na sa lahat, n̄g mayamang binata.

—Oo, mapalad ako at may isáng Danding. N̄guni't biglang biglang sumagi sa kanyáng alaala si Luis, at ang magandang anyóng natutulog, na larawan n̄g tunay na kaluwalhatian, ay nagkaba-

gong anyô sa kanyáng tingin. Dahan dahang tila nagbabangon at taás ang laylayan n̄ sáyang ikínákikita sa isáng ginaringang bintí at marikit na paáng wari'y nangingiming tumuntong sa malambot na sapín n̄ sahiḡ sa silid na kinalalagyán niya, ay lumapit sa isáng mesita, humawak n̄ isáng panulat at tumunghay sa isáng maliit na papel na kulay sampaga. Ang langit at kaluwalhatian ni Rojalde ay sumusulat, n̄ dahan dahan, patigil tigil, at waring ibinabagay sa m̄ga paták n̄ hamog ang pagtititik n̄ ibig sabihin.

“Luis n̄ aking pag-irog:—ang pakiwari ni Rojaldeng siyang pamulá n̄ liham—isáng halík muna. ¡Nálalaman mo? Kagagaling pa lamang dito ni Rojalde, si mamimilit, si walang pakiramdam. Maraming bagay ang sinabi sa akin, nagtanong kung ano raw ang mainam ipaguhit sa comedor n̄ bahay niyang ipinagagawa sa Santaná. ¡Anó ang aking isasagot! Sinabi kong ang mabuti'y isáng pusong lumuluhá at isáng pag-ibig na tumatanḡis. Aywán n̄ga bá kung ito ang náisagot ko, palibhasa'y ikaw nang ikaw ang aking naálala. Oo, akin minamahal, ikaw at ikaw rin.

“Marami pang sinabi sa akin datapwa't isinagot kong huwag siyang humingí n̄ pag-ibig sa pagka't ito'y iyóng iyó lamang, sarili mo at hindi sa iba.

“Nagágalit ka ba? Oh, huwag mo akong ipalagay na taksil, nákinikinita ko ang iyong pag-ilíng na may alinglanḡan, huwag ka bang napakalulong: walá akong iniibig kundi ikaw, irog kong Luis, minamahal n̄ aking kaluluwa.

“Hibang na ako marahil n̄ pag-ibig sa iyo, buhay n̄ aking buhay, kayâ kung kaharáp ko

si Rojalde ang akala ko'y ikaw nang may-ari ng aking puso, nguni't hindi, siya'y walang mga labing may matatamis na halik na paris ng iyó, pinakaiirog kong Luis.

Huwag libo, huwag laksana, walang bilang na mga halik ang iniáalaala ko sa iyo. †At naalaman mo kung bákit? Sapagka't iniibig kita ng higit sa lahat, higit kay sa aking mga magulang, iniibig kitang tulad sa Diyos. . . ."

At sa ganitó natatapos ang sulat, na sa pagkabilig ni Rojalde'y tila nábabasa at napalarawan sa kanyáng matang bago itinago ni Danding ay pinabaunan muna ng isáng halik. Oh, kay lakí ng pag-ibig na iyón kay Luis. Diyata't walâ nang málalabi sa kanya kahit bahagya ng pag-ibig na iyong kátamistamisan, at lahat na'y mapapasa mapalad niyang kaagáw? Hindi siya humihingí ng marami, nguni't gadali man sana'y magkaroón, huwag ang paris ng nangyayari na siya'y walang maasahan kundi ang lahat ng paít, ang lahat ng kasaklapang nánatay sa kanyáng pag-asa.

—Lihim kitáng magkaaway Luis—ang nawika sa sarili—iyo ang pag-ibig ni Danding, nguni't aking lahat ang paraang ikapapahamak mo: salap salapí at salapí—ang tapos na wari'y isáng bagong Napoleón.

Ang pagkakagunitang ito sa ngalan ng kanyáng kaagáw, ay biglang pumawì sa maligaya niyang pagsasaisip ng magandang larawan ng dalaga. Sa isáng anyong tagalangit na ikinaalíw sandalí, humalili ang tikas ni Luis, ng binatang ibig niya'y mayurakan at ng huwag magíng hadlang pa sa kanyáng pagtatamó ng ligaya.

Kunót ang noó, salimuót ang ísipan, sikíp ang

dibdib at nagnanasang maghiganti sa kahit sino ng masok sa pintô ng kanyang bahay. Dahil sa hindi pagkakapag-magandang gabi ng tanod-pintô isang matandang lalaking dalawangpung taon nang naglilingkod sa bahay na iyon, ay munti ng sipain at pagulung-gulungin sa tadyak. Tuloy tuloy na singtulad ng isang matuling palasô sa pagakyat sa hagdan, samantalang ang sota at ang matandang munti nang masipa ay lumapit kapwa kay Román na sa hindi pagkibo'y nahalatâ nilang maraming nalalamang bagay.

—Ano ba, há, tila masamá ang ulo ng *señorito*?—ang halos panabay na tanong ng dalawa.

—Talagá, kayâ mag-ingat kayo't bakâ tayo ang pisanan.

—Aba at anó ang kasalanan natin?—ang gapahatol na pakli ng matanda.

—Si mang Simo palá—ang giit ni Román—tila ngayón lamang kayo sa mga panginoon, imaluwat pu ba ang humanap ng dahilan?

—E, e, siya nga naman—ang hawig lalawigang saad ng sota.

—Kaya magpakatálas ka—ang putol ni Román samantalang kinakayuran ng pawis ang katawang mapalo ng kabayo—baka ang ábot sa iyo'y paris ng mga palong ginawa kay alasán kanina, marahil ay nabalatán ka tuloy.

—At totoó bang galít na galít—ang usisa ni matandang Simo na dilát ang mata't buká ang bibig.

—Maniwala po kayong gayón na lamang ang kagalitan. Hindi ísang angil ang tiniís ko kanina; mabuti na lamang at nakaisip umuwî, kung hindi ay aywan ko kun anó ang nangyari.

—Bakit?—ang siyasat nḡ sotang nakatalikod kamay na't hawak ang mortigón nḡ kabayong nagtatatadyák at ibig makágulong sa lupa.

—Bakit?—ang pangiti nḡ tinanóng, at bago tumingin nḡ tinging may kahulugán kay matandang Simo—sapagka't may kulukoy sa ulo hiná..... hanḡin..... ang tuktok.

Nagkáligligan ang tatlo at higit sa lahat na tuwang tuwâ ang sota na pisil pa mandin ang tiyan at maupôupô na halos.

—Pedro!!!—ang tawag mulâ sa itaás ni Rojalde.

—*Señorito!*—ang malakás na sagot nḡ tinawag na sa pagkabiglâ ay walang máalamang gawín.

—Anó—ang ulit ni Rojalde—mulâ sa durongawang na sa dakong halamanan at daraanan nḡ pagtungo sa kamalig nḡ mḡa kabayo—hindi ka pa ba nakapagkakalag, hayop?

—Nákita na ninyo matandang Simo?—ang bulong ni Román sa katabi niyang mulâ nḡ marinig ang tinig at tawag na napopoót ni Rojalde ay nangamba na't nag-isip masok sa tirahan niyang silid na na sa ilalim nḡ hagdán—sabi ko't umaasó ah!—ang tapos nḡ nagsalitang noon di'y nawalâ sa isáng pintô nḡ silong, pasan ang guarnisyón at na sa saisip si Gunday, saka ang kanin at ulam na malamig niyang hahapunan.

Si matandang Simo nḡ mapag-isá na, ay nasok sa kanyáng silid, kung silid na matatawag ang may sandipa't kalahating parisukat na walang pinagibhán sa yungib at na sa ilalim nḡ hagdanan at marahil ay kinahinayangán lamang nḡ nagpatayô nḡ bahay, kayâ sinamantalá. Sa yungib na iyong bagay na taguán nḡ mḡa kasangkang pang minsan sa santaon kung gamitin, nakatira



si tandang Simo. Doón na inubanan ang kanyáng binata pang ulo n̄g ipasok sa pinto n̄g m̄ga Rojalde. Doón na nanghina ang kanyáng malalakás na butóng mulá n̄g mapasa bahay na iyón, ay ginamit na lamang sa paglilingkod sa iba at minsan—ma'y hindi sa sarili. Palad n̄g dukha, katalagahan sa búhay n̄g mahirap!

Unti unting ang katahimika'y naghari sa malaking bahay. Sa itaás ay wala nang naririnig kundi ang tagugtok n̄g paa ni Rojalde sa loob n̄g silid na tulugán, at sakâ ang hindi mápupuna, sapagka't inalilihim, na pag-uusap n̄g marahan, pabulóng halos at may halo pang nangahihiyang n̄gití n̄g noo'y magkaisáng unan nang si Román at si Gunday, pagkatapos na makain ni Román, hindi ang kanin at úlam na malamig, gaya n̄g kanyáng sapantaha, kundi ang masaráp na pagkaing bahagya n̄g tinuka ni Rojalde kung baga sa isáng ibon. Oo, ang madilim at maagiw na sulok na iyong na sa maytabi n̄g dapugán at siyang páhingahan ni Gunday, ay pinapagliwanag nila sa pag-ibig, nagíng kaluwal-hatiang puspos n̄g ligaya, at ang pag-uusap na marahan, pabulong halos, ay natapos sa pinapag-isáng halik n̄g dalawang bibig na kapuwa sumi-sintá. . . . .

Sa lupa ay ang galapak n̄g paa ni alasán, na na akay-akay ni Pedrong antók na antók man ay natatakot namang magsilong at baka siya'y sinusubukan ni Rojalde sa siwang n̄g m̄ga bintanang tinátakan pa rin n̄g ilang guhit na maliwanag at saka ang maminsan minsang pag-ubó ni tandang Simo na siyang ikinágugulat n̄g m̄ga ípis na sa ulunan niya'y naglalaro.

Mayâ mayâ at pagkaraán ng mahabang sandali'y unang nawala ang tagugtok sa itaas, na sinundán ng tunog sa paglalapat ng isáng pinto bago ang bulunġan sa may dapugán at saka ang ubo't galapák ni alasán sa lupa. Walang narinig pagkatapos kundi ang hilik ni tandang Simo hilik na may kahalong unġol at waring sa isáng binabanġunġot. Ang matanda nġa'y nanánaginip. Nápanagimpang dahil sa pagkagalit ni Rojalde ay pinalayas siya ng gabi ring iyon, ipinagtabuyang tulad sa hayop at hindi na iginalang ang mapuputing uban ng kanyáng úlo hangang sa manġabás pang siya'y tampalasanin. Isáng makapangyarihang: "lumayas ka nġayon din" kasabay ng isáng mariing tampal, na wari bagang sumayad nġa sa pisngi ni tandang Simo, ang ákinagulat ng nahihimbing na matanda. Pinahid ng makapat na palad ng kamay ang pawisáng moó, at bago nupo sa hinihigán. Ang kadilimán ng silid, ang pagkaluskos ng mġa ipis sa banig niyang pinagsirasira na ng panahón, ang pag-iisá sa gayong lagay, ang paghahalinghinġan ng kabayo sa kamalig na silunġan ay nakabaklá kay matandang Simo: sa pakiwari niya'y nánaba ang lanġit at tumataklob sa lupa, kayâ sa pagkatakot ay humiga uli't nagbalót na maigi sa lumang kumot na habing Iloko, kasangkapang pinakama-mahal niya sapagka't bigay ng isáng nákasintahang babayi ng kabataan pang hindi naglilingkod sa mġa Rojalde. Matagal tagal din bago nakatulong at gayóng muli na namang nápahimbing at hangang sa naghilik pa ay di rin nakaligtás sa panaginip. Napanġarap na namang ng marinig ang: *lumayas ka* at pagkatapos hipuin ang pisngi

niyáng tinampal n̄g Rojaldeng iyong halos sa kanyáng kandungān lumaki, palibhasa'y musmós pa n̄g maulila, ay nasok sa kanyang yunḡib, binalot ang kaunting damit na kanyáng nábili sa ilalim n̄g di kakaunting katiisan, isinaulo ang isáng sombrero na kulay tinapa na sa katandaán, binilang ang may limang piso lamang yata na kanyang natitipon at bago lumakad, lumakad n̄g walang linḡong likod, tulad sa isáng mágnanakaw na ayaw pasilay sa matá n̄g tao. Siya'y hindi taga Maynila. Sibol sa isáng lalawigang malayo, na halos na sa dulo pa n̄g kahilagaan n̄g Luzon, ay wala ni isá mang kamag-anak na matatakbuhan sa malapit. Nagiisá, ulilang lubos sa Kamaynilaan. May m̄ga kakilala n̄ga siya, n̄guni't isino ang di mababagót n̄g pagtingin at pagsunod sunod sa bawa't máibig n̄g isáng matandang paris niya'y malapit hang maging gusgusin? Sa lupa'y wala pang Diyos na sukat makalining at makagawâ n̄g lubusang pagdamay sa kapwang nasasawî. Nálalaman n̄g kahabaghabag na matandang marami sa m̄ga kilos n̄g tao ang sumusunod lamang sa isáng hangad na ibig mákamtam. Kailan ma'y di siya nagkita n̄g isáng gawang di átas n̄g kagalingang sarili ó kaya'y n̄g nais na kalugdán.

Ang limáng pisong baon ay hindi máipagtatagál sa Maynila. Makádudulang n̄ga siya n̄g bagong hanap-búhay pagka't hindi magkukulang n̄g isáng masalaping makabibili pa n̄g kanyang nálalabing lakás, n̄guni't ibig nama'y papangyarihin ang sariling loob, maging panginoong minsan ang kanyang katawán at huwag tuwi na'y busabos. Noón lamang siya nakátikim n̄g kalayaan, n̄guni't bakit

lilimang piso lamang ang baon?—Hindi n̄ga palá binayaran ni Rojalde, sapagka't n̄g palayasin siya'y sinabing nagkakautang pa n̄g mahigit sa dalawang daáng piso at dapat ipagpasalamat ang hindi pagsamsám n̄g m̄ga damit niya't pag-aaring marahil ay sa kinákukupit kung inúutusan, kayâ napamili, bagay itóng máituturing na nakaw at maúusig pa sa haráp n̄g m̄ga hukuman. Ang utang na ito'y natatalâ ayon kay Rojalde, sa isáng malaking libro na hawak hawak at siyang binabasa samantalang itinuro kay tandang Simo ang nakabukás na pintô. Nápaluha n̄g boong sakláp ang matandang bantay-pintô dahil sa gayóng pag-kaapí, at waring nákikita pang ang m̄ga paták n̄g luha niya'y nakadidilig sa uháw na dahon n̄g m̄ga damóng na sa isáng kaparangang kanyáng tinátalaktak, samantalang patun̄go sa linakhang kubong natatago sa lilim n̄g isáng malabay na mangá, bago'y sa unan lamang bumabagsak at siyang ikinababasa unti unti n̄g kanyang m̄ga úban.

Lumulubha ang kanyáng bangun̄got.

Lakad din siya, paris n̄g Judio Errante ni Eugenio Sué, at ang tinutun̄go'y ang bahay muna n̄g isáng pamangking may pitong anak na maliliít at siyang pinagbibigyán n̄g kaunti niyang kinikita, tuwing may mápagpapadalháng pauwí sa kanilang bayan. Sa baong limang piso'y walá nang malalabi, halos nagpapalimos n̄g kinakain makarating lamang sa ibig parunan, n̄guni't ang kalayuan n̄g bayang pinagsasadyâ, ang katandaán niya, ang kahinaan n̄g katawán ay di na ikinarating sa bayang sarili. Sa paanan n̄g isáng burol at sa ilalim n̄g nakapapasong sikat n̄g araw na kanyang ikinaliyo't ikinahiga sa lupa, ay

nápanġarap ná siya'y namatáy nġ unát ang dalawang bisig, pasuntók ang mġa kamay at tila ang hanap ay si Rojalde, ang ganid. na siyang mula nġ kanyáng pagkasawí. Ang kanyáng kaluluwa'y kinandóng nġ hanġin, sumama sa mġa alapaap, napaimbulog sa kalanġitán, humaráp sa Diyos at doo'y nagsumbong nġ kalupitáng ginawá sa kanya nġ walang áwang panginoon.

Nagbubukang liwayway, sa kasilanġana'y nġuminġití ná ang masayang liwanag, ang mġa mangagawang maaga kung pumasok ay nagsalí-salimbay sa mġa lansanġan at ang mġa dukhang di naghapuna'y gising nang nanġag-iisip kun saan kukuha nġ mákakai sa maghapon. Sa unang paghikab ni Rojalde na unát na unát pa sa mayuming sapin nġ kanyáng hihigang natatabinġan nġ mġa mahal na encaje, ay kasama ang nġalan ni Danding. Magdamag niyang binalak ang kaparaanang sukat gawin upang mapahamak si Luis, kayâ hawí na sa kanyang noó ang úlap nġ kapootan, at unang ibinati sa umaga ang nġalan nġ kinakasi. Sa kinágabihan nġ araw na iyon ay gagawin sa Malakanyáng ang kaugaliang pagtanggap nġ mataas na puno nġ Sangkapulanan; siya'y paroroón at hindi sasalang mákakatagpo sí Mr. Kilsberg, may-ari nġ bahay kalakal na pinapasukan ni Luis. Bahala na siyang magtahi-tahi nġ sásabihin, huwag lamang na di may mangyari kay Luis. Lubha pa kung ikasasawí nitó, ay lalo niyang pasasalamatan. At sinasabay sa kanyang alaala ang mġa pagsasasabihíng pagpainatinat hangang sa taasán nġ araw sa pagkakahigâ.

Si matandang Simo ay gising nang matagal.

dalawáng tugtog sa pinto ang ikinálundag niya halos sa banig at patakpong ikinapagbukás: ang tumawag na iyo'y ang mag-gagatás na taga Malibay. Dahil sa alikabok na nangangapal sa mga paa nitó, ay buong buong nágunita ni matandang Simo ang kanyáng panaginip, pati ng pagkamatay sa paanán ng burol.

—Totoó nga kayang ang igaganti sa akin ni Rojalde, ay ang ako'y palayasing tulad sa hayop?— ang náitanong sa sarili. At íling-iling na kinuha ang walis upang linisin ang hagdanan at ang boong silong: yaon ang katungkulan niyang gawin sa tuwing umaga . . . . .

Sa bukás na pinto'y nasok ang masayang sikat ng araw, na waring umaawit ng kaluwalhatian.





## X

**A**NG m̄ga diyos sa lupa ay nagtítipon tipon. Sinásaksihan n̄g isáng naghihingalo nang araw na pasibsib sa kalunuran, ang sunod sunod na pagdatíng n̄g magagarang sasakyán sa pinto n̄g bahay-pamunuang na sa Malakanyáng. Ang masayáng sinag n̄g araw na iyóng umawit n̄g kaluwalhatian sa piling n̄g nagwawalis na si matandang Simo, ay bahagyang kumíkináng sa mahihing agos n̄g Pasig at nagpapaalam na sa m̄ga murang dahon n̄g nagtátaasang kahoy na sa pinakaharáp n̄g bahay na iyo'y nagtitila m̄ga bantay na tagapag-in̄gat sa mahalagáng buhay n̄g tumitirá roón.

Ang maluwáng at malakíng lansan̄gan n̄g Malakanyáng, ay unti unting nasísiksik sa m̄ga karwahe, kalesin at berlina. Datíng at datíng ang m̄ga panauhin, na sinásalubong namán n̄g isáng katiwalang tumangap sa kanila at sa n̄ginitin̄giti kung nakíkikamay, ay waring nagsasabing kay dali palá n̄g man̄gawíl. Nang araw na iyo'y maraming dumaló kay sa talagáng karaniwan, palibhasa'y nakakayag sa madla ang páuna nang pagpuri n̄g ilang pahayagan, sa gagawing pagtanggap na itó

nḡ mataás na pinuno sa kapuluáng Pilipinas. Lahat halos nḡ mḡa pulis na nag-áayos sa hanay nḡ mḡa sasakyán ay pagod na pagod na sa kináaang-ang nḡ mḡa bisig na hawak ang palo palo upang ituro sa mḡa kotsero kung alin ang dako nilang titigilan. Nḡuni't ang pagkapagod na ito'y pináparam nḡ kasiyaháng loob: silá, siláng silá lamang ang sa mḡa sandaling iyo'y hari nḡ nang-atitipong kotsero.

Sa malamlám na liwanag nḡ hapon ay humalili ang liwanag nḡ ilaw elektrikong nagpakintab sa mḡa patak nḡ tubig na naiwan sa malalagong dahon nḡ kawad-kawaran at muthang naglatag sa hinaba-haba nḡ halamanan, at siya rin namang tumanglaw sa pulupulutong na taong nakapupuno sa maluwang na tangapan nḡ bahay. Ang mḡa along iyo'y hindi nagpapahingá: may yumuyukod, may umiling, may bumabati, may nakatingála, may nakatungóng wari'y nag-íisip, may hindi tumitinag, may nakíkinig sa sinásabi nḡ kausap at mayroón namang sapól nḡ mḡa palad na tila nalilitó sa gayong di magkamayaw na salitaan, sa gayong walang ayos na pananabíl nḡ púpúng bibig, sa gayong halohalong tinig at sa gayong sálimbayan nḡ mḡa pinagbubuting bigkás.

Mayâ mayâ lahat ay nagtindigan at sabay sabay, tulad sa mḡa kawal nḡ isáng sanáy na hukbó, na nangaglahad nḡ kamay: nínikat ang araw ó ang gobernador na lumálabas sa isáng pintong kaharáp nḡ nangaghihintay na panaubin.

Lahat ay nagpako nḡ kaniláng tingin sa mukha nḡ gobernador at baka sakaling máhulihan nḡ isá niyang damdamin ó panukala kaya, nḡuni't lahat ay walang anó mang nápansin. Ang malinis ni-



yang noó ay walang kakunót kunót, bagkus pang sa kanyáng m̄ga labi'y naglalaro ang isáng n̄giting tila nagsasabing: *jakin kayong lahat!* Tumayo sa gitna n̄g maaliwalas na tangapan, at walang pinagibhan sa langaw kung nakamamata n̄g matamis, na lumapit sa kanya ang m̄ga panauhin. Unang dumulog ang isáng may mahagwáy na tikas, mukhang mahaba at putlaing tulad kay Cristo

—Kagalang-galang na gobernador—ang wikalubós na lubós po ang aking kaligayahan n̄g pagbati sa inyo.

—Kailán man kayo'y mairugín—ang paklí n̄g gobernador sa nagsalita at bago nakikamay sa iba't iba pang lumapit sa kanya n̄g may m̄ga pulót din sa labi at may m̄ga langis sa dila. Sa lahat ay bumati ang gobernador, bála na'y tinapunan n̄g kanyáng n̄giting may dalawang talím at ang *how do you do*, salitang dayuhang karaniwan nang pangbati n̄gayon dito, ay ulit ulit na nárinig hangang sa ikágulat tuloy ni Rojaldeng libáng na libáng sa pakikipagúsap kay Mr. Kilsberg, nang siya nang lapitan n̄g gobernador.

—Mabuti po—ang tugón n̄g binatang di magkantututo n̄g sasabihin dahil sa pagkabigla—at ipatawad ninyo sa akin ang di ko pagkabati kapagkaraka—ang tapos na wari'y, nag-aalinlangan.

—Oh, ginoóng Rojalde—ang tugón n̄g gobernador—nálalaman na ninyong tayo'y magkaibigan. At patuloy na naman ang pagbati at pakikikamay sa ibang nangároon. Isáng tatayo tayo nang matalagal na mamaya'y ayusin ang pagkakatali n̄g corbata, mamaya'y hipuin ang pagkakasukláy n̄g biyak niyang buhók na baka naguguló, ang sumamantala sa pagkakataong may isáng kausap

gobernador at lumapit n̄g kunuwa'y nagpapawala-wala, bago ang hanḡad ay mákita siya nitó, at n̄g huwag nalilimutang paris noón na tila di kakilala. Sa isá n̄ga namang pagkátigil n̄g salitaan, ay nakalapit siya't ganitó ang sabi.

—Kagalang galang na maginoó—ang payuko pa n̄g bagong dulong—isá pong hamak na pinuno sa isáng dukhang lalawigan, ang naghahandog na magalang sa inyo n̄g kanyang paglilingkod.

—Kayó palá ginoóng Candelaria, nálalaman ko nang kayo'y talagáng mabuting maglingkod. Pinasasalamatán ko po n̄g labis ang inyóng m̄ga salita—ang tapos na dinugtunḡan makasandali n̄g ganitóng tanóng.—*!Kailan pu ba malilinis sa m̄ga tulisán ang inyóng lalawigan?*

—Kagalang galang na gobernador—ang tugón ni G. Candelaria na may halo na namáng yukód—iyan po'y isáng bagay na inaakala kong di na magluluwat. Kasalukuyang pong binabalangkás ko ang isáng paraáng ikádadakip na walang sala sa m̄ga pamunuang labás na nangliligalig n̄g katahimikan—ang tapos n̄g nagmamapuring sa kilos n̄g katawán at m̄ga anyo ay tila n̄ga isáng matalas na batyaw.

—Pag nagkagayon po'y magkakamatwid na naman kayo sa isáng bagong pagkilalang loob n̄g pamahalaang amerikano sa Pilipinas, at mararagdagan pa ang maningning nang talaan n̄g inyong m̄ga paglilingkod. Kayó ang dapat uliranín n̄g ibang m̄ga punong lalawigan. Hindi namali ang pamahalaan n̄g paghahalál sa inyo—at niwakasan n̄g isáng n̄giting wari'y nagsasabing: *mapapalad ang m̄ga walang malay sapagka't kanilá ang kalanḡitán!*

Isáng manunulat na nakárinig n̄g salitaang ito ang dumukot agad agad n̄g lapis at itinanda sa kanyáng talaan ang sumusunod: "*Pagbabalak n̄g punong lalarwigang Candelaria na dakpin ang m̄ga punong labas. Pinan̄gakuan siya n̄g gobernador na magiging marapat kun sakali sa isáng pagkilalang loob n̄g pamahalaan n̄g Estados Unidos sa Pilipinas.—N̄ginitian pa n̄g n̄giting makalaglag-matsing*". Nang matapos ang pagtatalang ito ay nagpalipat lipat sa iba't ibang lupunan n̄g m̄ga panauhin, ang manunulat, na sa pagkaibig makapan̄gisda n̄g maraming balita ay nag-aapat na katawán kung бага sa panginge. Si ginoong Candelaria ay nakihalo na rin sa isáng lupon n̄g maīgting na polítikong na sa pamahalaan, at ang gobernador nama'y nakihalo sa pulutong n̄g m̄ga mán̄gan̄galakal na dayuhan na sa sa isáng sulok n̄g tanggapan ay nan̄gagkakaisa sa pagpapalagay na ang lalong marapat upang guminhawa ang lupaypay na kabuhayan n̄g Pilipinas, ay tangapin dito n̄g walang anó mang singil sa Aduana ang lahat n̄g m̄ga ánihin sa Estados Unidos, at saka tulutang makapasok naman doon n̄g malaya rin ang m̄ga ánihin sa Pilipinas, бага ma't mapapatangi ang tabako at asukal, na kung luluwagan patí, ay ikáhahapay n̄g m̄ga naghahanap búhay na americano sa ganitóng kalakalin.

Nagkaputaputaki ang sálitaan at itó ang pagkakataong sinamantalá ni Rojalde upang tapusin ang pakikipagusap kay Mr. Kilsberg. Itó na íling íling habang nagsasalita ang binata, ay nagsabi.

—Ginoóng Rojalde, hindi ko mapaniniwalaan kailan man, na si Luis ay makáisip n̄g gayón. Siya'y isáng mabuting kawaní, matagal nang nag-

hiling kod sa akin, at ang walongpung pisong sinásahod ngáyón ay nátamo niya sa pamamagitan ng isáng matamán at marangal na pag-gawa.

—Pinananaligan ko kayo—ang pakli ng binata na nagpupumilit maihapay ang mga katuwirang iyon ng kausap—nguni't hindi ba totoóng sa likod ng isáng dilim ay mayroóng unós? Ang sampung taóng pagkatira ninyo rito ay di ikapagsasabing batíd na ang lahat naming ugali, at lalo pa ang sa mga mangagawa na ng mga huling taóng ito'y nangagsipagpalalo ng gayon na lamang. Huwag ninyong itutol na ang kaunting napag-aabót ni Luis ay siyang di igagawa ng laban sa inyo. Gayón man ay kayo ang bahala, kaya ko kayo pinagtatapata'y nang magamót hangang magaga, huwag nang matuloy kung mangyayari, ang kanyáng mga binabanta.

—Tignan natin, tignan natin—ang tugóng palinгон ni Mr. Kilsberg sa pulutong ng mga kapwa niya mangangalakal na dayuhan.

—Walang nag-akay sa akin kundi ang paglingap sa inyo, mahal kong kaibigan—ang tapos ni Rojalde at tumindig sa pagkakaupo bago nagpalipat lipat ng pakikipagsalitaan, samantalang ang mangangalakal ay napatungo sa kináuupan ng kanyang mga kahanap-buhay na ang isinasaloob ay ang mga narinig na pagtatapat ni Rojalde.—Dapat kong ipagpasalamat ang pagtatapat na ito ang bulong sa sarili ng kaumpók na sa pulutong na nilapitan—may masama na nga ba akong hinala sa mga kilos ni Luis. Ang madalás niyang pakikipagpulong sa aking mga mangagawa, na nga-yo'y maalam nang magmatuwid di gaya ng dading saán man batakin ay sama, ay isa nang

sanhing snkat kong ipaghinala. Ah, marahil ay gawa rin niya ang hulíng pagkakahingí sa akin ng m̄ga mangagawa ko ng dagdag na 20% sa dating sahod. At noo'y sinisisi ko ang Kapisanan ng Pag-gawa! Oo, náulol akó ni Luis, datapwa't ako ang bahala, nálalaman ko na kun anó ang gágawin. Isáng n̄giting pinilit ang itinapos ni Mister sa kanyang pagmumunimuni, bago nakikatló sa usapan ng m̄ga nagtatalo kung bakit napakatumal ang lakad ng pangangalakal dito. Noóng araw, makalipas lamang ang isáng taón ay nakapagtutubo na ng libo libo, nguni't ngayón, loh ngayón! ay bahagya nang makatawid.

—Tayo rin ang may sala—ang sagót ng isá sa m̄ga nag-uusap—dapat nating hingin, kundi man mátatamo ang layang pagpapasok, na sa loob man lamang ng tatlong taon ay babaan ang singil ng Aduana sa m̄ga kalakal na dinadalá rito. Marami sa m̄ga nag-uusap ang patangong umayon sa gayong panukala, nguni't mayroon din namang hindi, sapagka't yamang may bayang m̄mimili ay itó ang papagbayaran ng sa Aduana, ng dapat tubuin, ng lahat na; palibhasa ang tuntunin ng pangangalakal ay sumakmal hangang may másasakmal. At ang Pilipinas ay talagang sakmalin: ibakang gatasán!

Sa isáng dako ng tangapan, si Rojalde ay mangalóngaló halos sa kápapasalamat sa m̄ga nagdudulot sa kanya ng maligayang bati dahil sa nálalapit na pakikipag-isáng puso sa magandang anak ni Don Nicanor, karaniwan at kinakalawang nang bigkás at pasalubong sa sino mang mag-aasawa. Sa m̄ga pagbating ito't pagkamay ng maraming kaibigan sa makisig at mayamang binata,

ay násasabi-sabi nito sa sarili na hindi na kaila-  
nǎng apiapihín siya ni Danding at pagsabihan  
tuwi na nǎ: *hindi ko kayó iníbig*, sapagka't hindi  
rin lamang natatalastás nǎ mǎa nakikilugod na  
iyong sahól siya sa pagsintá, bagkus pang nagsisi-  
paniwalang kanyáng lubós na lubós ang puso nǎ  
binibini. ¡Kung málalaman ang gayon nǎ kanyáng  
mǎa kaibigang kaharap! Kaya nǎa hindi na pi-  
nupuna ang pagdusta sa kanya ni Danding, ang  
pagsasabi nitong siya'y hindi iníbig ni maíbig  
kailán man, ay nǎ huwag lumabas na kahiyahiya,  
nǎ huwag mapabilad sa pagbiro nǎ mǎa kaibigan.

—Kay laki nǎ utang mo sa akin Luis—ang ná-  
ibulong na pasumpa, at ang tingín ay kay Mr.  
Kilsberg na waring tinátaya kung kumagát ó hindi  
sa kanyáng pain.

Sa dakong kinálalagyan nǎ mǎa polítiko ay ma-  
higpit na pinagtatalunan ang iba't ibang bagay  
na tumutukoy sa mǎa palakad bayan. Naroón ang  
mukhang Cristong na sa ikapitong wika, bantog  
na taga-patnubay nǎ isáng partidong nag-akalang  
ang kaunaunahang tungkol niya ay humikayat sa  
mǎa naghimagsik na pilipino upang sumapayapa  
na. Kausap niya si Candelaria, ang mayukód na  
punong lalawigan, ang nanǎakong darakíp sa mǎa  
punong labás na nalalabi pa, bagay na kanyáng  
minamagaang dalhin, yamang di miminsang pina-  
tanayan sa gawa ang kanyáng kakayahan sa ba-  
gay na ito. Naáalaala pa yaong pagkakapaglakbay  
niya sa kun saan saang lalawigan nǎ kasaluku-  
yang hinihikayat ang mǎa naghihimagsik. Nároon  
din, бага ma't bihirang magsalita, ang kilalang  
si Benitez Draga, maibigín sa bayang siyang bumili  
nǎ may sampung libong baril sa isáng sakím na

pinunong hukbo at ang pinagbilha'y ipinanġanġa-lakal nġayón at sa daming tinutubo'y maanong maalaala man lamang ang maraming bao at ulilang níniyak pa dahil sa pagkamatay nġ kanilang mġa asawa at magulang sa mġa labanáng nangyari. Kaumpók sa pagsasalitaan ang lalo pa manding may pag-ibig sa bayang si Dr. Cuating (Torcuato), gaya nġ tawag nġ kanyáng mġa katoto; isáng nagpapangáp na mabuting pilipino, nġuni't walang gawa kundi magsabi sa sino mang mákasap na ang lahing pilipino'y hindi pa nahahanda sa pagsasarilí.

May ilán pang kasama rin sa pulutóng na pangwang mġa taga *amén*, mġa taong nagbubuhay dapo at kun saan malakí ang lilim, ay doon nakikisilong. Bihirang bihira sa nagkakaumpukang iyon ang may tunay na budhing malinis. Sa kagalingán nġ bayan, ay ipinagpapauna ang kanilang sarisarili na siyang lalong mahalagá, mahal at di bagay ipagpahuli. Mapalad na bayang may mġa ganitong polítiko.

—Kay bubuting kamay nġ naghahawak sa kapalaran nġ bayan—ang wika sa sarili nġ manunulat na sa pagkahapo ay napaupo sa isáng sulok at mula roo'y nagmamasid sa mġa nangyayari.—Mapalad ka bayang ko—ang dugtong pasapagka't kapalaran din naman ang magpatabasa ganitóng mġa limatik.

Isáng: "hindi po, maginoo, kayo'y námamali" na narinig nġ manunulat, ang ikinapalapit sa pulutong na pinagmamasdán. Nagtatalo si Draga at ang mukhang Cristo. Nġuni't tulad sa hanġing napawi ang malakás na tutol na iyong di na naman sinundán, kaya nġ mápalapit siya'y wala

nang nárinig na ano man, maliban sa halakhakang malakás ng m̄ga nagpupulong. Ang mánunulat ay di nakapagtala ng anó man: sa ilog na iyo'y tagalang di siya makapan̄gingisda.

Isáng magíliw na anyaya ang umalingawngaw sa taynga ng lahat: ang sandaling iinom ng sarisaring pangpabasa sa lalamunan ay sumapit din. Ang m̄ga labi at dilang nagsipanuyo at nga-láy na sa kásasalita, ay nangangailangan ng hamog na makababasa upang may itagal pa uli, kundi man sa paghalungkat ng iba't ibang bagay tungkol sa polítika ay kahit sa paninirang puri sa ganitó ó gayong *manguguló*, gaya ng tawag sa m̄ga may damdaming mahál na di nagbibili ng kanilang m̄ga pananalig at layon, palibhasa'y nangakatatalastás na hindi ang lagay na kasalukuyan, ang marapat sa Pilipinas, kundi ang isáng kapalarang lalong may mataas na uri, bilang kapalit ng dugo ng kanyang m̄ga bayaning sa lahat ng dako'y nagsuyo ng buhay na yakap ang watawat ng isáng banál na adhika.

Ang gayóng karaming dugo'y di mababayaran ng ibang bagay, ni ng m̄ga pasubali, kailangang bayaran sa tunay niyang halaga. Ang pangako ay utang at hangang di nákikita ang katuparán ng m̄ga pangakong ginawa, ang bayan ay hihin̄gi ng matwid, hindi mapápagal kailán man sa pag-ungkat. Kaya ang damdaming makabayan ay siyang naghahari sa lahat ng puso, doon naglagay ng kanyang luklukan at di matitinag ni ng kamatayan man.

Ang ingay at halakhakan ng m̄ga nagsisiinóm sa itaás ay nakagalák sa m̄ga na sa ibaba: ¡Salamat at natapos din ang paghihintay na iyong may m̄ga dalawang oras at kalahati na!



—Tapós na sila, úuwi na tayo—ang wika n̄g isáng kotsero sa katabí niyang sa hindi pag-imik at pagkakahilig sa loob n̄g karwahe ay nag-áantok antok na.

—Ha?—ang tanóng na pagulát n̄g pinagsabihan —náríto na bá?

—Hindi, abá, tingnán mo itó, kundangán ay hindi ka yata natulog n̄g tanghali, kaya ka inantok agad—ang tátawatawang salita n̄g gumising sa nagáantok.

—Paano ba namang pagtulog mo nitóng sa wala kaming tigil n̄g kágugulong mula kaninang umaga—ang may kámot pa sa ulong sagot n̄g antukin.

—Bakit, sino ba ang panginoón ninyo?—ang tanóng na magalang n̄g bumiro, n̄g makitang mabuti sa liwanag, na ang kausap niya'y isá palang matanda na.

—Ang aking panginoón? Isáng mapalad na máginoong pagkagising kung umaga'y walang gawa kundi lumakad. Pagkatanghali ay íiwan ko siya sa isáng fonda at ako'y dalídalang umuuwi sa bahay upang maghalili n̄g kabayo. Sumusubo pa ako halos ay nagsisingkaw na namán, sapagka't ang ibig n̄g panginoon ko'y nároon na ako uli kun siya'y makakain, kaya di ko man lamang mahagkán ang isá kong anák na ulila't inaalagaan n̄g maawaing asawa n̄g sota sa bahay, Dumaring akó sa fondang uhawuhaw pa sa di pag-inom na mabuti, at pagbaba n̄g aking panginoon ay tuloy kami sa isáng Club. Doo'y naglalaro siya n̄g billar hangang m̄ga ika 3 n̄g hapon, samantalang ako'y nakatigil sa lilim n̄g isáng talisay at doo'y nagtutukáng inaalo n̄g ginulong gulong n̄g m̄ga bolang pinaglalaruán nila. Pangagaling

namin doón ay tuloy kami sa kanyáng pinápasu-  
kang banko, at ako'y tigil na namán doóng ka-  
hanáy ng̃ marami nang kalesa't karwaheng nag-  
hihintay sa San Gabriel. Makaisá ó dalawáng oras  
ay náito na namán ang mapalad kong panginoóng  
walang kaawaawang pumagod sa akin at sa kan-  
yáng kabayo, at ang tambad nami'y sa isáng *bar*.  
Kung puno na ang kanyáng tiyan ay tuloy kami  
uli sa bahay: siya'y magbibihis, at itó ang pag-  
kakataong sinasamantala ko upang kandungíng san-  
dali ang aking anák, hagkan ng̃ tigisa sa dalawang  
pispngi, at ito'y panakaw pa, sapagka't ugali nang  
panginoon kong kun ako'y nakatigil ay ipalinis  
ang pawis ng̃ kabayo ó kaya'y papaspasán ang  
mga gulóng ng̃ karwahe. Minsang makita akong  
hawak ang aking bunso ay pinagbawalan pa. ¡Ang  
aking panginoón, nápakahigpit kasama!—ang may  
buntóng hiningang tapos ng̃ nagsasalita.

—Siya nga, nápakahigpit—ang tugón ng̃ kausap.

—Pangagaling namin sa bahay—ang tuloy ng̃  
nagbuntong hiningá—ay sa Luneta naman ang  
aming paroón. Doón mo sana kami mákita kai-  
bigan: palibid libid na asa mo'y may hináhabol,  
walang tigil ni sandali at ng̃aláy man ang bay-  
wang ko'y hindi makapagpahina ng̃ lakad. Ayaw  
na ayaw ang mapalad kong panginoon na máti-  
gil sandali. Tanĝo rini, tanĝo roón, ng̃iti sa dako  
pa roón; iyan ang gawa sa Luneta ng̃ panginoon  
ko na kung aking tayahi'y nápakaraming kakilala.  
Pangagaling doon kung mga ika 7 ng̃ gabi ay ba-  
lik na naman sa Club, doo'y maglalaro siya't mag-  
hahapunan, samantalang ako'y na sa lilim na na-  
man ng̃ talisay na ang inaalaala'y kung nakakain  
na ó hindi pa ang aking anák. Ngayóng gabi,

kaya di na kami nagtuloy sa Club, ay sapagka't dito n̄ga siya napadalá, at aywán ko pa kung pagkatapos ay maglalakád na namán kami. Malaking totoó ang aking binábata, at kaya máalaalang tao ring palá ako ay kung nagpapahingá na lamang sa gabi, sa tabi n̄g aking anák, na sa kawalang-malay, mapalad na sangol, ay di nakatatastás kung gaano kabigát ang mag-agaw buhay. Oo, kung hating gabi na lamang, dakilang sandali n̄g pagpapahingá, nahahakang malaya palá ako, at tao ring paris n̄g iba, di gaya kung araw na ang palagay ko sa sarili ay hayop na ri't di totoóng nátalayo sa m̄ga kabayo kong ginágamit.

—May katwiran kayo tanda—ang sabi n̄g nakíkinig—lahat tayo'y may ganyáng palad. Hindi ko pa n̄ga sinásapit ang nangyayari sa inyó, datapwa't lahat nama'y katungkulan kong gawin sa bahay, maglínis, magsota, mamilí, utusán pa, lahat na, sa makatuwid ay hindi lamang kotsero, hindi lamang alila, kundi busabos na nábili n̄g m̄ga mahal kong panginoon. *M̄ga*, ang sabi ko, sapagka't may kapangyarihang makapaguutos sa akin ang magandá kong panginoong babayi na totoong makáibigan, ang panginoon kong lalaking anó man ang igayak na mainam ay mukhang tiróng, ang tatló nilang anák na ayaw ipatatawag sa kanikanilang pangalan, kundi *señorito*, na ang ibig sabihí'y m̄ga panginoong maliliit, ang dalawang hipag na babayi n̄g aking panginoong dahil sa m̄ga pangit at walang ilóng, ay ayaw mang batiin n̄g m̄ga nagsasadya sa bahay na kung pakiramdamán ko ba'y sa panginoon kong babayi nangalilitó, at saka ang isá pang pinsan n̄g aywán kun sino sa aking m̄ga panginoón. Iyan po ang dami n̄g aking pinagli-

tingkuran, na nagkakaibaiba, namán ng ugali, pagka't ang inaútos ng una ay binabago ng pangalawa, mabuti na lamang at may mahaba akong pagtitiis na náipagtatagal ng pakikisama sa mga taong iyon. At wala namáng pakinabang sa pagtitiis na itó kundí dalawangpung piso isáng buwan at pagkaing labílabihan. Ako'y di na makatatagál sa ganitóng tayo, mag-úmpok lamang akó ng kaunti, at sila'y aking úwan. Titikman ko namán ang mabuhay ng sarili at hindi sa pamamanánoon—ang tapos ng boong siglá ng nagsasalita na sa pagkakaupo'y nagtaás ng ulo at tumingin sa Silangang wari'y naghahanáp ng araw.

—Mapalad na kabataang nakaáasa sa sariling lakás—ang himutok ng kotserong may anak na ulila—Kaming matatanda'y patungo na sa hukay, nguni't kayo, kayo ang makákapakitalád ng boong siglá sa mahirap na pagtuklás ng kakanin. At tulad sa isáng nangangaral na iniunat ang bisig na kanan, at waring pinagpapala ang hukbo ng mga binatang maralita, na náikita niyang dumaring sa lilim ng bagong bandila ng Pagkakaisá at Katamanán.

—Sulong kayo—ang wari'y ibinubulong ng gumagalaw niyang mga labi—mga anak ng Dalitang maghihiganti sa ngalan naming mga sinawi ng masasamang palagay at palakad ng isáng kapisanang dumadalan ng sa Pang-aapi: iwagayway ang inyong bandila at ang amin man lamang mga buto'y máliliman ng kanyang busilak na káyo.

—*Hombre, usted otsenta y otso*—ang pabulás na tanóng ng isáng pulis na dumulog sa matanda at siyang ikinapagbaba nitó ng bisig at nakaputol pa sa matamis niyang mga pag-gugunita. Ang ma-

tanda'y tumanĝo: iyon nĝa ang kabilanĝáng na-  
ukol sa kanya.

—*Porque no vamos, ¿cosa, slip? goddem yu—*  
ang may amba pa nĝ pulis, na noon di'y tumayo  
sa gitna nĝ daang halukipkip ang dalawang ka-  
may, unát ang liig, pabikaka ang mĝa paa, at  
minasdán ang pagpasa pinto nĝ matandang kan-  
yáng ginulat.

Sa pinto ay nakatayo nang naghihintay ang isáng  
taong may makisig na tikas, at íling iling nang  
makitang dumárating na ang kanyáng karwahe.

—Madalás na kayóng makalimot nĝayón maginoo  
sa inyong katungkulan—ang sabing may patuya  
sa kotsero nĝ mápatapat sa kanya. Ito'y nagpa-  
talastás nĝ ilang sanhi sa pagkabalam na di iki-  
nasiya nĝ panginoong noón di'y nupo sa loob at  
gahasang nagsabi.

—Sa club!

—Sa club na namán palá—anáng sarili nĝ inu-  
tusan—at ang aking anák ay di ko maalaman kung  
naghapunan na ó hindi pa. ¡Kay hirap na búhay  
nito! ¡Hangang kailan kaya ako magtitiis?—ang  
tanóng sa kanya ring-sarili na sinagót nĝ bigla  
at matuling pagtakbo nĝ mĝa kabayo.

Sunód sunód na naglábasan ang mĝa panaohin.  
Sa tawag na 99 ay lumapit ang kalesin ni Ro-  
jalde. Ito'y nabalam pa nĝ ilang sandali dahil sa  
• pakikipag-usap kay Mr. Kilsberg na hangang sa  
labás ay hindi niya hiniwalayán.

—Pinapag-iisip ninyo akó nĝ malalim—ang sagót  
ni Mr. Kilsberg sa isáng mahabang sinalita ni  
Rojalde.

—Sa wala kayóng dapat isipin—ang agád agád  
ay itinugón nĝ pinagsabihan—pinagtataksilán kayo

nḡ isá ninyóng kawani, kaya dapat humanda, gumawa nḡ mḡa paraáng ikafilag sa kapahamakán—ang huling sinabi nḡ binata na umakyát sa kanyáng kalesin pagkatapos kamaya't pagsabihan ang naiwang Mister nḡ isáng: lingkod po ninyó.

—Sa bahay ni Don Nicanor—ang utos kay Román na nagpapalakad na'y nakamata pa sa isáng taong nákita niyang matagal nang tátayo-tayo at sisilip silip sa siwang nḡ mḡa bakal na ga hinlalaki't nakabakod sa harapan nḡ bahay na iyon.

Ang bibig nḡ mḡa pulis ay walang tigil sa kásisigaw nḡ iba't ibang bilang at lapit namán nḡ lapit ang mḡa sasakyáng nánalis na may lulan na. Ang taong nakatawag sa kalooban ni Román ay naróon di't hindi umaális. Tila siya'y ipinako kaya hindi makakilos. Ang gayóng liwanag nḡ mḡa elektrika, ang nagkikintabang kulay nḡ mḡa kalesa at karwahe, ang magagarang kabayong násisingkaw, ang mangílán nḡilán pang kotserong nakagayak, ay naghihiwatig sa kanyáng ang mḡa taong nalilipon doo'y pawang mḡa ulo nḡ yaman, nagsisihiga sa salapi at di paris niyang minsan maghapon kung kumain at ito'y páhirapan pa. Ang iniwang mḡa bibig nḡ tatlo niyang anák na humihinḡi nḡ kánin, ang wari'y nákikitang pagtulo nḡ luha nḡ lumpó niyang asawa sa isáng barong kinukupit kupit na bigay lamang nḡ isáng naawá at talagáng ihahalili sa suot na sinamay, ay waring nagsasabi sa kanyáng na sa pintong iyon ang kapalaran, ang awang ikáliligtas nilang maganak sa maghapon man lamang, ang limós na maibibili nḡ kaunting bigas na máilulugaw sa gabing iyon upang mangakatulog nḡ may pasal sa tiyan ang kanyáng mangá bunso. Siya'y hindi na

nag-aalala n̄ sa katawang sarili, bantad na siya sa m̄ga paghabapunan n̄ isáng lumbong tubig na di miminsang ginawa at ikinágising sa gutom kung m̄ga hating-gabi. Saka siya nápapaiyak, saka niy naálala ang lahat n̄ pagkadustang tinatamó sa maghapon paghanap n̄ di makitakitang pag-gawa.

Sa pinto n̄ bahay na iyong, sa tingin n̄ amáng walang máipakain, ay nababalutan n̄ pilak na lantay, dahil sa pagkabusilak n̄ pintang kumikinang pa sa tama n̄ naglíliwanagang ilaw, ay hindi na marahil siya makálasap n̄ ano mang kapaitan. Doón ay hindi marahil nakikilala ang pagkamaramot, kaya siya'y naghintay at tumayo tayo. Noón lamang niya susubukin ang magma-kaamo sa kapwa, noón lamang niya titikman ang tumawag sa puso n̄ m̄ga may kaya. Ang gani-to'y kinasusuklamán niya tuwi na in̄uni't anóng gagawin!

Paglalabasan na n̄ m̄ga naiwang panauhin, n̄ m̄ga náhuli sa pag-alis dahil sa matagal na pakikipag-usap sa gobernador, ay nag-unat siya n̄ bisig at isinahod ang palad: n̄uni't walang mahulog na ano man, bagkus pang lumalayo ang iba at ang akala'y kakamayan sila n̄ gayon karusing na tao.

Isáng pulis na nakakita n̄ gayóng anyo ang lumapit na dalidali at sinungabang halos napa-lugmok ang katawang nanghihina sa gutom n̄ kaawáawang amá.

— *Usted ladron.*

Dalawang matang nandirilat ang nagpako n̄ tingin sa pulis, na sandalí namang natigilan n̄ makita ang tikas n̄ taong iyong tila nagtataglay

sa katawán n̄g m̄ga tandang malinaw n̄g pagka-  
masama n̄g isáng kapisanang di nagpapapansin sa  
dalita n̄g m̄ga maralita. Pagkatapos n̄g sandaling  
pagkátigagal ay dadalhin na sana n̄g pulis, mabuti  
na lamang at dumating si Ginoóng Draga, na si-  
yang namagitan.

Itó ang tumanóng sa taong hawak n̄g pulis kun  
sino at taga saan, at sa m̄ga labi n̄g inusisa'y  
narinig ang isáng malungkot na kabuhayang puno  
n̄g maraming pagtitiis, n̄g madlang pagkaapi. Sa  
sabing "ako po'y isáng amáng may tatlong anák  
na maliliit at isáng asawang lumpó pa," ay ná-  
kasaliw ang wikang "hindi na po ako makakita  
n̄gayón n̄g magagawán, бага ma't araw araw ay  
pinagpapakahirapang makita, sapagka't isáng lag-  
nat na munti ko nang ikamatay n̄g nanasok pa  
sa *escollera*, ang ikinawala n̄g dating sigla n̄g  
aking katawán".....

—Siya na, siya—ang tila payamot ni Draga na  
dumukot, sa bulsa. Ang daliri niya'y nakásalok  
sa loob n̄g m̄ga piso, sasangsalapiín at lalabing  
animin. Naluwatan din bago nakapagbunot, sapag-  
ka't álinlanġan siya kung magkano ang dapat ibi-  
gay. Kung piso ay nápakalaki, mabuti'y labing  
anim na lamang. Ito'y di pa gaanong bawas n̄g  
pinagbilhan niya sa m̄ga baril n̄g paghihimsik.

Ganitó n̄gang halagá ang inilagay sa nakalahad  
na palad n̄g dukhang amá, samantalang kináka-  
usap ang pulis upang huwag nang hulihin ang  
taong iyón at pagkatapos ay sumakay sa kanyáng  
berlina't ganitó ang nasasaloob:

—Saán kayang *restaurant* n̄gayón mabuting ku-  
main?

Ang dukha'y naiwan sa pagkakatayo, nakamata



sa magagarang sasakyáng nagsisilayo, at mahigpit na tanġan sa kamay ang labing anim na ibinigay ni Draga.

—Labing anim lamang!—ang wika—akala nġ mayayamang ito'y sapat na sa mġa kailangan nġ isáng mag-anak na maralita ang anó mang ibigay nila, at sa pagkahabág sa sarili'y naitapon sa malayo ang labing anim na hawak.

Nang mapagwari ang kanyáng ginawa ay natigilang sandali, bago lumayong dalidali, tulad sa isáng langġo, sa pinto nġ bahay na iyong anyong nababalutan nġ lantay na pilak, na ang iniisip ay kung saán kukuha nġ maipakakain sa kanyáng asawa't mġa anak na iniwang dumáraing nġ gutom sa maralita niyang dampa.

Ang nangyaring iyo'y sinaksihan lamang nġ mġa bituin sa langġit, at nġ isáng taong kátaong dumaraan: si Luis na galing sa bahay nġ isáng kakilala. Ang taginting nġ itinapong kaputol na pilak ay kanyáng ikinálingon at ikinapagpako nġ matá sa tikas nġ maralítang lumalayo, at unti unting nawawala sa gitna nġ dilím.





## XI

Sa gabing pagkaapi n̄g isáng dukha, ay sumunod ang isáng sikat n̄g araw na kaayaaya. Ang tala n̄g Pasig ay nagbaban̄gon pa lamang sa kanyáng pagkakatulog. Ang kanyáng m̄ga lansa-  
n̄gang wala pang tao at bahagya nang pinasisigla n̄g manḡisángisang karro n̄g tinapay, ay walang pinagibhan sa m̄ga daraanan sa loob n̄g isáng hospital na bawa't bahay, malaki man at munti, ay tulad na rin sa m̄ga hibigáng pinagpapahin̄gahan n̄g m̄ga may sakit. Wari sa gayong di pag-imik at pagpapakapipi ay ibig pagtakban ang lahat n̄g sugat, ang lahat n̄g baho, ang lahat n̄g kabulukáng itinatago sa kanyáng sinapupunan. Sa gayong anyo ay walang magsasabi na ang bayang natútulog ay binubuo n̄g kakaunting mapapalad at maraming m̄ga sawi, na doon sa maliliit nilang dampa at giríng giríng na tahanan, ay nan̄gag-iisip kung talaga n̄gang katutubo na sa buhay n̄g tao ang di pagkakapantay-pantay sa kalagayan, ó kaya nama'y nangyayari ang ganitóng pagkakalayo dahil sa masasamang palakad sa pinoon ngayón sa alin mang dako.

Unti unting nararagdagan ang siglá sa m̄ga lan-

sanġan at ang mġa bahay-kalakal at gawaan, ay nag-uunahan sa pagbubukás ng kaníkaniláng pinto upang lulunín ang daan daang mangagawa na pagkabanġon sa banig ay wala nang inaagapan kundi ang huwag máhuli sa pagpasok at ng di nanġababawasan ng sasahurin.

Isá sa mġa unang nagbukás ng pinto ang malaking bahay-kalakal ni Mr. Kilsberg, pagka't ito'y may utos na araw araw at tuwing ika 6 ng umaga ay magbubukas, utos na tinutupad naman ng walang kabago bago, palibhasa ang isáng pagkukulang sa gayon ay nákahalaga ng isáng pagmura sa bantay pintong doon na tumitira. Mayâ mayâ ay ilang: *magandang araw po tandang Pascual* ang umalinġawnġaw sa nakabukang pinto. Yaon ay bati ng ilang mangagawang nanġakagayak ng gingón na nagdáratingan na, at isá isá namang binibigyán ng matanda ng mġa *chapa*, palátandaan tuwing ikawaló ng umaga ay katungkulang ng isáng kawaní sa bahay ring iyon na lipunin, bilanġin at iharap pagkatapos kay Mister Kilsberg, upang maalaman nitó kung gaano ang mġa nagsipasok, sapagka't nanġanġambang baka siya mapagdayaan ay sayang din ang apat ó walong pesetang máibabayad ng labis.

Datíng at datíng ang iba pang mġa mangagawang nanasok sa bahay, na lahat ay nakagingón, at lahat nama'y may mġa noóng sunóg, may mġa palad na lipakán at mġa bisig na baták. Makakalahating oras pagkatapos ay isáng inġay ang nárinig, dahandahan muna tulad sa malayong ágos ng isáng talón, bago malakás na at nagíng pukpukang walang humpay, nagíng daíng ng bakal na nagbabaga, nagíng ngiyanġit ng mġa mákina.

nagíng anġil nġ palihán. Ang gayong karaming bisig ay walang pahinġa, lahat ay may ginagawa, lahat ay nag-úbos nġ lakás, lahat ay nagpapawis, samantalang sa itaás nġ bahay ay tahimik na nag-aagahan si Mr. Kilsberg.

Sa likod nġ inuupan niyang silya ay nakatayo ang isáng alagad na buong buong taynġa sa baw't hinġin nġ kanyáng pangġinoon. Si Mr. Kilsberg ay isáng dayuhang sa may mġa sampung taong pagkakatirá rito ay nagkaroón nġ mġa bagong ugali at hilig nġ katawan. Noong bago bago pa at nġ siya'y kawaní lamang na taga paninġil sa mġa insik kung aráw nġ Sábado ay totoóng matipíd: isáng tasang kapé na hinahaluan nġ isáng maliit na copang alak ang kanyáng agahan, nġuni't nġayón at dahil sa nakákita nġ mġa kasamáng makapamumuhunan at sa tulong naman nġ maraming daya at di totoong kálinisang mġa pakana sa pangangalakal, ay hindi na gayón ang kanyáng búhay. Nalis sa pinapasukan at nagtayo nġ sariling bahay-kalakal. Nġayón ay may kabayo na siya, mġa sasakyang magara, isáng katayuang kagalanggalang at kasalalamuha na nġ mġa dating nakapaiibabaw sa kanyá. Ang kanyáng gawaan ay totoong nápabantog, at hindi kakaunting tao ang gumagamit nġ mġa yari roón. Lalo pa ang mġa káyong inaangkát niya sa ibang lupa na siya na lamang lamán nġ mġa tindahan sa Rosario. Tuwing araw nġ lunes ay gayon na lamang ang panhík nġ salapi sa ating Mister: sunod sunod na insik ang nag-iiwan doon nġ daán daáng piso.

Nang huling dalawang taóng ikinagipít nġ mġa mánġangalakal, ay nagbagong hanay siya, nag-

pautang n̄g salapi sa m̄ga kapwa mán̄gan̄galakal na nanḡalulugi dahil sa kaliliitan n̄g puhunan, at ang tubong hinihin̄gi'y 30% isáng taón, kaya marami sa nagsikuha ang nang walang manḡáibayad at sa kahihiyáng mápasakdal kun sakali sa m̄ga hukuman; ay nanḡagbili na n̄g kanikanilang kalakal ó tindahan, sa mapalad nating Mister, na pag na sa m̄ga pagkakataong ganito ay totoóng mabuting pumaraán upang máilit na lamang ang binibili at nang hindi na nagpapaluwal.

—Oo, sa búhay na ito'y dapat mátuto n̄g lahat—ang násasabi habang n̄gumun̄guya, kundi akó nátutong kumaliwa't kumanan ikailán ako magkakabuhay-hari na paris n̄gayón? Malayo—ang panḡising náitapos sa kanyáng pagmumunimuni. Ang n̄gising iyo'y nakapagpaakala sa alagad na may mabuting ulo si Mr. Kilsberg, kaya nanḡahás na magsalita n̄g limang piso.

—Ha, limang piso!, at saán mo dadalhin?—ang tanóng na bigla sa nagmamakaamo.

—Namatayán po ang isá kong kapatid, at walang máipagpalibing, kaya ako'y nagmamakaawa sa inyo—ang marahang sagot n̄g alagad.

—Wala, nalalaman mo na ang ugali ko. Pagkatapos n̄g buwan saka ako nagbabayad—ang sagot ni Mr. Kilsberg na sinabayán n̄g isáng lagok na sikulate.

—Magíng awa na po ninyo sa akin!—ang ulit n̄g alila.

—Hindi mangyayari, hintín mo ang katapusán n̄g buwan—ang pagalít na salitang sinabayán n̄g tindíg. Nápakalabis itóng m̄ga alila—ang wika pang nanasok na sa pinto n̄g kanyáng sulatán—ang

akala yata'y may katiisan kaming m̄ga panginoón na máitatagal sa kaniláng m̄ga -pagsusumagwa. Napakarami ang walang-hiya sa búhay na ito— at nupong pabagsak na kunót ang noo't salubóng ang m̄ga kilay.

—Saán kaya akó kukuha n̄gayón n̄g máibibigay sa aking kapatid—ang tanóng sa sarili n̄g alila samantalang nagliligpit sa mesa. Ah, hintay ka—ang patuloy na wari'y nakaalala n̄g isáng mahalagáng bagay—úutang palá ako kay mang Luis, siya'y mabuti at saka maawain, hindi paris nitong walang iniwan sa ganid—ang turo sa kinalalagyán n̄g kanyáng panginoón.

Si Luis ay nánanhihik noón n̄g hagdanan. Kinusap n̄g alila, sinabi nito ang nangyari sa kanya, ang pagtangí n̄g panginoon, ang pagmatigás na hintin nang matapos ang buwan, gayong limang piso lamang namán ang kanyáng hinihingi at ito'y iáabuloy lamang sa isáng namatayáng kapatid.

—Kung gayon ay hindi ka binigyán n̄g anó man!—ang tanong ni Luis.

—Hindi po—ang máiyak-iyak na sagót n̄g alila, na pagkatapos ay sa kausap dumaíng at nagsalita. Ito'y di naman pinakiusapang matagal, kaya n̄g mabigyán ang alila n̄g hinihiram na limáng piso ay nasok sa loob at nupo sa kanyáng sulatán. Isá man sa m̄ga kasama niya ay wala pa roón. Nagiisá siya sa gitna n̄g gayong malaki rin namang bahagi n̄g bahay na ginágawang tanggapan ni Mr. Kilsberg yamang itó ang hinihingi n̄g m̄ga kailangan n̄g kanyang kalakal na hindi lamang sa Maynila kundi pati sa m̄ga lalawigan ay malakas na nábibili. Ang puhunan niyang

dalawampung libo, ay nag-ibayo na, at mahigit pa marahil, kaya madalas tuloy masabi ni Mister kung náririnig ang kinádaing n̄g iba niyang m̄ga kamanġanġalakal, na ang di nasisiyahang loob dito ay sapagka't ayaw na talagá. Ang Pilipinas ay mayaman at ang dapat simpani'y masamantalá ang kayamanang iyan sa kapakinabangáng sarili, ang palagi niyang salita.

Si Luis ang lalong nakaáalam n̄g m̄ga palíkaw líkaw n̄g puhunang iyong dalawampung libo, na sa kulang pang tatlong taon ay nagíng 60,000.00. Siya man ay nagtataká rin sa pagkakaraming itó n̄g tinubo n̄guni't násasabisabing dapat n̄gang magkagayón palibhasa'y walang kaawaawa si Mr. Kilsberg kung makapagdagdag sa halaga n̄g m̄ga kalakal niyang ipinagbibili, paris din namán n̄g ginagagawa n̄g iba. Nápakalabis ang pagdaragdag na itong halos ipinagtutubo n̄g sandaán sa sandaan din. Saksi n̄g kanyang pagpapalagay n̄g ganito ang hindi natapos na ginagawang isáng talaan n̄g halaga n̄g may labinglimang kahóng káyo na ipadadala sa Sebú n̄g araw na iyon. Sa bayang pinangalinġan ay nagkahalaga n̄g 500 piso, nagugol sa pagkakasakay sa bapor at bayad sa aduana 200 pisong lahat lahat at saka sa pagpapadalang iyon sa Sebú ay 1,500.00 na ang sininġil ni Mr. Kilsberg. ¡Paanong di magtutubo n̄g malaki, paanong di másasabi tuloy na ang pangangalakal ay walang pinagibhán sa nakaw kung magkaminsan!

Itó ang m̄ga palásisipang natatala sa gunita ni Luis, at saka pinaghahaka rin naman niya kung dapat na n̄gang ang isáng bahay-kalakal na tumutubo n̄g gayon, ay talagang di makapagpa-

pasahod n̄g malakilaki sa kanyáng m̄ga tagapag-lingkod.

—Kay hirap n̄g mabúhay!—ang náibuntong hin̄ga n̄g binata, at saka binuksan ang kanyáng sulatán upang kunin ang di natapos na talaan n̄g m̄ga halagá, n̄guni't ibang bagay ang násalat n̄g kanyáng m̄ga daliri. Isáng carton na n̄g bunuti't tigna'y larawan palá ni Danding.

Ang babaying iyon, kay tatamis na m̄ga alaala n̄g ginígising sa kanyáng isip! Ang inibig ibig at pinakamahal ay naroo't kanyáng kaharáp, na waring nagsasalita, waring may ibig sabihin, tila magtatapat n̄g isáng bagay na totoong mahalagá. Ang m̄ga labing iyong pan̄giti pa, ay humihin̄gi n̄g halik sa kanyáng si Luis, at ang noóng tila nagmumuni ay tila kiníkislapan n̄g isá namang alaala na ipinatutungkol sa lalaking mapalad na tunay niyang irog. Minsan, makalawá, na ang larawang hawak hawak ay hinagkán, sa tapat n̄g m̄ga labing pan̄giti na singisá n̄g bumubukang bulaklak. Kay lakí n̄g pag-irog niya kay Danding, na halos sinasambá, pinopoón.

—Danding kong giliw at kailan ma'y akin—ang násabi n̄g nag-iisáng si Luis. Isáng karagatang malawak ang n̄gayo'y nápapagitna sa atin, ako'y walang salaping ikaáabot sa iyo at ikaw nama'y inihahanap n̄g salapi n̄g iyong m̄ga magulang. Nápakasawing palad tayo, pinapaglapit na minsan n̄g pag-ibig at saka n̄gayo'y pinapaghiwalay n̄g hináharing kagalingan n̄g sarili: kung ako'y mayaman ay paoóhan din n̄g iyong amá, ipalalagay ring ako'y isáng Rojaldeng karapat dapat magtamó n̄g iyong kamay. Nápakahirap ang su-



milang at mabuhay sa pagdaralitang paris ko.—  
ang tapos ni Luis n̄g boong kalungkutan.

Mapapait na m̄ga pagkukuro ang binuhay sa  
kanyáng isip n̄g larawang hawak, na tila ibig mag-  
salita, tila ibig magtapat n̄g isáng malaking lihim.  
Sapól ang noó n̄g isáng palad at nakamata sa la-  
rawan ni Danding, na sa sarili'y isá isáng sinu-  
sumpa ang m̄ga pagkakabukod bukod sa pamu-  
muhay at kalagayan n̄g tao. Nápakalaking bagay  
pa ang pag-aarala't susuriin n̄g m̄ga n̄nibig sa  
kagalingan. At sa kanyáng isipa'y isá isáng binasa  
ang m̄ga samang naghahari, na ikinasasawi n̄g  
marami at siyang hangá n̄gayo'y m̄ga sugat pa  
n̄g katauhang sa bawa't sandali'y binabalungan  
n̄g dugo.

—Ikaw at akó—ang kausap sa larawan—ay kapwa  
sakmal at sinisila n̄g m̄ga palakad at samáng iyan.  
Tayo'y karagdagan pa sa bilang n̄g libo libong  
pinaluluha niyang kung tawagin n̄g ilang di na  
nagkukuro ay kapalaran daw, bago'y bunga la-  
mang n̄g kawalan n̄g pagkakapantay pantay at  
n̄g m̄ga pasunod na ibinibilang na tuloy n̄g m̄ga  
di maalam magmalas, sa m̄ga katutubong ugali  
n̄g tao. Alin mang palakad na ikinaáaba ay hindi  
matatawag na katutubo, siya'y likha lamang at  
gawa n̄g m̄ga *mapapalad*, na pagdating n̄g araw  
at kapanahunan ay mahahalihan n̄g ibang m̄ga  
palakad ding lalong naáyos sa matwid at sa ka-  
totohanang pagkamagkakapatíd n̄g lahat. Magandá  
kong Danding, kulang palad kong kasi, nalalaman  
kong hindi mo ako nililimot, at kung nánayag  
ka man sa hikayat n̄g iyong amá ay hindi sa  
pag-ibig sa aking kaagáw kundi sa paniniwalang  
ikalawa mong Diyos ang iyong amá na di dapat

suwayín sapagka't ipagkakasala ng dakila. Kaawang irog ko na binabawalan ng malíng pananampalatayang sumapiling ng lalaking pinili ng kanyáng puso. Sundin ang pag-ibig ó suwayin ang pananampalataya na sa ganang iyo'y mahal at dakila pa kay sa búhay: iyan ang suliraning nagbabaka sa iyong puso na ikinapagsasabi mo tuloy na ako'y iyong iniibig at di malilimot kailan man, gayong makikipagisáng palad ka na lamang sa iba. ¡Danding kong irog at akin kailan man! hindi mo natatalós kun anó ang pag-ibig—ang tapos ni Luis na kagat-labi't íling iling, at waring sa isipan niya'y marami pang bagay ang natatala na di na lamang sinabi.

—Mang Luis,—ang paglapit ng utusán nila sa tanggapan ay sinabi sa binata—tinatawag po kayo ng *amo*.

—¿Sinong *amo*?—ang tanóng na pataká ng pinagsabihan.

—Ang *amo po*—ang ulit ng tumatawag.

—Si Mr. Kilsberg ba?

—Opo.

—Ay bakit *amo* ang iyong tawag? Ito'y iyong tatandaán, sino mang tao'y di maálipin ng iba—at sinabayán ng pagtindig na tuloy nasok sa sulatan ni Mr. Kilsberg.

Nasok si Luis ng walang agam-agam sa sulatan ni Mr. Kilsberg, sa pag-aakalang may sasabihin ito ó kaya'y may itatanong namán ukol sa mga librong kanyáng hawak.

—Magandang araw po—ang magalang na bati ng binata.

Nagtaás ng matá si Mr. Kilsberg sa binábasang pahayagan, tiningnáng matagal ang bagong pasok

na nakatayo sa kanyáng harap at hindi na sinagot kundi tinanong agad kung nakatapos na sa ginagawang talaan ng mga halaga ng kayong ipadadalá sa Sebu.

—Ngayón din po'y tatapusin ko—ang sagot ni Luis.

—Ngayón din, ngayón din!—ang may patuyang pakli ng manganlalakal—sa makatuwid ay totoó ng paláng may mga ibang gawa kayong ikina-ábala. ¡Nalalaman ba ninyong kung may ikina-gagalit man ako sa isáng tao ay ang pagkukulang niya sa mga tinutungkol?

—Máginoo—ang salag ni Luis sa gayong úlos—tila po naman ang di pagkatapos ng isáng talaan ng mga halaga, na di madaling gawa, ay hindi makapagpapatotoo sa di pagmamasipag ng isáng tao.

—Hindi nga kung sa bagay—ang giít ni Mister Kilsberg,—nguni't sa paano ma'y naghihiwartig ng katotohanang ang dapat magpakasipag na iyan, ay abaláng abalá sa ibang mga bagay na kanyáng ginagawa.

—Mister Kilsberg—ang tugón ni Luis—tila po kayo'y may isinusumbat at sapagka't hindi ko ibig na sino ma'y maghinala sa akin ng hindi marapat ay isinasamo kong ako'y tapatín—ang salita ni Luis na umaapuhap sa kanyáng gunita ng bagay ó mga sanhing sukat ikapagsabi ng gayon ng kanyang kausap.

—Sadyang ako'y maraming sásabihin sa inyo—ang may pasandig pa sa silyang sinalita ni mister, bago nagpaningas ng isáng tabako.

Si Luis ay naghintay kun anó ang sasabihing iyon, sapagka't matay mang dalumatín sa sarili ay walang maalalang isáng pagkukulang na dapat

ipagkadahilán ni Mister Kilsberg sa pagsusurot sa kanya n̄g anóng anó man. Sa may pitong taon nang paglilingkod sa bahay-kalakal na iyon ay walang ipinakita kundi ang katapatáng loob, ang pagtupad sa tungkol na hawak, na kailan ma'y di pinagkulanġan kahit bahagya.

—Oo,—ang patuloy n̄g nagsasalita—ako'y maraming sasabihin na pawang tumutukoy sa inyong pagkakálagay rito. Tungkol sa karingġalan n̄g inyong paglilingkod ay wala akong madadaliring anó man, nákikita kong kayo'y isá na sa mġa kawaning máibibilang sa mġa umiibig sa ginagawa, n̄guni't sa likod n̄g ganyáng kapuripuri ninyong pagkamarapat ay may natatagong isáng sama na sumisira sa akin, sa bahay na itóng pinamamahalaan ko.

Sandaling tumigil ang nagsasalita at waring ibig tayahin sa ayos n̄g mukha ni Luis, kun ano ang nilolóob sa gayóng mġa sinasabi niya. N̄guni't ang mukha n̄g binata'y walang ipinahahalata, maliban sa pagtataká at pananabik na ibig maalaman kapagkaraka kun anó ang samang iyon.

—At ang samang iyan ó lasong inyong pinakalat ay dapat kong salansanġin kapagkaraka, upang huwag akong abuting paupo—ang patuloy.

—Ipagpatawad po ninyo sa akin na kayo'y hadlanġán—ang putol ni Luis—n̄guni't dapat kong sabihin ó ipagpauna na kung may isáng masama at nagsasabog n̄g lason sa bahay-kalakal na ito, ay iba marahil, hindi akó.

—Kayó at hindi iba—ang may kainitan nang pakli n̄g pinagpaalalahanang nápatindig tuloy—kayo na nagtuturo n̄g kung anó anó sa aking mġa mangagawa at nagpapakilala sa kanila n̄g mġa mat-

wid na pawang pasaliwa. Kayó na nagtuturong sila'y humingí ng humingí, gayong di naman máalam tumupad sa kanilang tungkol. ¿Kakaunti bang sama ang ganyang asal? Iyan ba'y di ka-taksilán nang dapat kong ikagalit? Ang ganitóng salita'y nakapoót kay Luis. At sapagka't násalang na rin lamang ang talagang sugat, ang lalong m̄ga pinakamamahal niyang layon at adhika, ay tinalagang magtanggol. Nang m̄ga sandaling iyon ay hindi ang kanyáng punong si Mr. Kilsberg ang inakalang kaharap, kundi isáng katalo, isáng kaaway na dapat harapin ng boong puso at kasiglahan.

—¿Kataksilan bang ipinalalagay ninyo ang pagtuturo sa m̄ga mangagawa ng kanilang karapatán?—ang pabiglang tugón ni Luis na sa gayong m̄ga isinúsumbat ay walang kabaklá baklá.—Kataksilán bang maipalalagay ng sino mang may malamig na isipan ang pagtuturo sa m̄ga mangagawa na kailan ma'y api, ng tanang kaparaanan? Ikailag nila sa nápakalupit na paniniil ng puhunan? Hindi ko akalain, maginoo—ang tuloy na salita ng binata—na ang aking pag-akay sa m̄ga mangagawa rito, ang paghikayat kong magtayo sila ng isáng kapisanang mapaninimbulanang kung magkasakuna, ang pagnanais kong sila sila'y magdamayán at mangátuto ng pagsasapisaping sáan mang dako'y siyang itinítibay ng kalagayan ng m̄ga maralita, ay inyong masamain at ipalagay pang isáng pananaksíl.

—At bakit hindi—ang madaling pakli ni Mister Kilsberg—sa ang lahat ng m̄ga iniaaral niyo sa kanila ay iyang sari saring kaululáng nábabasa sa kung anó anóng eklát na walang ibang tungó.

kundi magambala sa maayos na lakad ng panahón? Kung paniwalaan na ng mga mangagawang nánasok sa akin, dahil sa inyong mga aral, na totoong maliit at hindi kabayaran sa kanilang pagod ang apat na pesetang ibinabayad ko maghapon na kayo ma'y makapagsasabing nápakalaki at labis pa, ñay anó ang kanilang íisipin? Kayó na ang magsalita at magkuro kun gaano kalaking sira ang ibubunġa ng ganyang ginágawa ninyo.

—Tila po naman walang gaano—ang sagót na banayad ni Luis—sapagka't máunawaan mang maliit na totóo ang kanilang sahod at humingí halimbawa ng karagdagan ó kaya'y magsiaklás, ay wala silang ginawa kundi mag-usig lamang ng isáng matuwid na talagáng katutubo.

—Matuwid paláng ipinalalagay ninyo ang paghingí ng labis?—ang inít na inít na náitanong ni Mr. Kilsberg sa kanyáng kausap.

—Di kasi po, palibhasa'y walang kalabisán sa búhay ng maralítang kailan ma'y siyang bagsakan ng lahat ng bigát, siyang sadlakan ng mga pahirap ng mga kapalakaran sa buhay. At saka alin ang kalabisán sa paghingí, ng malakilaking bahagi sa tinutubo ng isáng mánġangalakal na walang kapakúpakundangang magbaón ng ngipin?

—Súukatín sana ninyo ang mga sinasalita—ang magahasang sabi ni mister—sapagka't kung ganyan nga ang inyong panánangnang mga pagkuro ay wala nang kamatumatuwid ang mga mayayaman sa búhay na ito, kundi lahat ay sa dukha—at sa silakbo ng kagalítang di mapigil pigil palibhasa'y di niya akalaing makapanġahás si Luis ng pagsagot pa sa kanya, ay bigláng nápatindig at dinuhapang si Luis na sana'y sásak-

tán kundi ná pansin sa malumanay na tingin at walang kabago bagong kulay ng mukha ng binata, ang nais nitóng magtanggol sa sarili.

—Luis—ang nasabi na lamang ng pasuntok ang dalawang kamay.—Kaiwa pa lamang ninyo sa akin. Ipasalamat ninyó ang kayo'y hindi ko sinaktán, gayong may labis akong matwid na maningil dahil sa upasalang ginawa ninyo sa akin. Ipinagbabawal ko sa inyó mula ngayón na ang aking mga mangagawa'y pagtuturuán ng kung anó anó, pabayaan ninyo silang mamalagi sa tahimik na kalagayang paris ng dati. Sa kápangaral ninyo ng ganyán ay hindi kayo nagpapaginhawa sa kanila, bagkus tumutulong sa pag-aalis ng hanap-buhay sa mga nangangailalang gumawa upang may makain.

—Hindi po pag-aalis ng kabuhayan ang aking ginagawa, kundi pagpapakilala pa nang sila'y di dapat mangasiyahán sa ikinabubuhay ngayón pagka't ang nápapauwi na lamang sa kanilang mga bibig na nagugutom ay ang ikaapat ó ikalimang bahagi ng dapat nilang mátamo, dahil sa pagpigang walang kaawaawa ng mga malalaki—ang sagót ng binatang di rin tumitinag sa dating anyo.

—Pagpiga palang ipinalalagay ninyo ang kangandahang loob nating dapat pang pasalamatán. Kaming nagbibigay buhay sa mga paris ninyong kundi sa mga ginagawang ibinibigay namin ay di mangakadugo, ang siya pang mímimiga! Nákatatawang mga paniwalá ang inyóng ipinakikipaglaban—ang may halakhak na itinaspos ni Mr. Kilsberg. Wala, talagang ang mga marurunong na ito'y may mga katawan lamang ay walá namang ulo.

—Nagkakamali kayó maginoo ang biglang putol ni Luis na nasaktan ng labis sa gayong pagyurak sa danġal ng mġa maralita. Kami'y may katawa't ulong ikinararamdam at ikinakikilala sa kapulitán ng mġa mámumuhunang hindi kaya lumilinġap sa amin ay dahil sa awa, kundi sapagka't kami ang kasangkapang kinakailanġan nila sa pagkakaroon ng marami pang salapi. Kung kaawaán ang nag-aakay sa inyo sa pagbibigay ng aming mágagawa, ay hindi na sana máririnig kailan man ang tuwi na'y panagót na: "wala kang mapapasukan ngayón dito pagka't hindi kulang ang aking mangagawa", sagót na katimbang din ng pagsasabing: "hindi ko kailanġan ang iyong lakás, marami ako rining binubusabos". Iyan ang dahilan ng aming mġa pagtutol: ang pagpapalagay ninyong kami'y mġa alipin, hindi kapwang dapat pagpakundanġanan.

—At anó pang mġa pakundanġan ang ibig ninyo? Hindi ba kayo'y inuupahan na sa inyóng nagágawa?—ang tanóng ni Mr. Kilsberg.

—Inuupahan nġa, nguni't upang hindi nakagíginhawa kundi sapat lamang sa mġa kailanġan ng isáng dukha upang huwag mamatay at ng tuwi na'y magkalakás na máihahandog sa panġinoón. Ang mġa pakundanġang ibig naming mátamo ay ang lahat ng nababagay sa aming pagkatao. Halimbawa: sa gawaang ito ay may mġa batang nasok na hindi mangakapag-aral pagka't mula pa sa banig ay kahirapan na ang nasuso, kaya ng mangagkaisip ng kaunti, ay unang hinaráp ang pagbabanát ng butó at nang mangabuhay, ibakit hindi tulutang magkaroon ng layang dalawang oras man lamang sa maghapon upang makapasok



sa isáng páaralan? Bákit ang pag-gawa ay di gawing lamang na walong oras at huwag siyam at kalahating tulad sa pag-gawa nṅ isáng hayop? Bakit sa mṅa gawaang paris nito ay hindi magtakda nṅ isáng halagáng pinakaganting pala sa isáng mangagawang tumanda sa paglilingkod at hindi na makagamit nṅ bisig? Bakit hindi magbigay nṅ isáng sadyang abuloy buwan buwan, sa nangáulila, sa mṅa mangagawang nasasawi sa pagpapagalaw nṅ isáng makina at kadalasa'y sa kakulangán nṅ ingat nṅ mṅa mámumuhuna't nagpapagawa? Bakit tuwi na'y ipagkakait sa mṅa maralita ang paglasap nṅ kaligayahang talagang kanila? Mṅa ganitóng pakundangán ang hinihingi namin, na hindi naman masasabing masagwa palibhasa'y kákaunti pa rin at walang kahalahalagá kung uuriin ang malaki, walang kasinlaking kapakinabangáng nátatamo nṅ mṅa mayroon, sa mahihirap na paris namin.

—Ah!—ang napabigla ni Mr. Kilsberg—mabuti rin naman palá kayo. Ang ibig palá ninyo'y kayo na lamang ang aming ipaghanap, mamuhunan kami't kayo ang makinabang, iya'y pagpasikat nṅ araw sa kalunuran, iya'y paghinging mabaligtad ang sangsinukob.

—At bakit po,—ang náitanong na may nṅiti pa ni Luis—inaakala ba niyong mahirap na gawa ang magsauli nṅ kahit bahagyang pinangagahan?

—Nangagagá ba kami?—ang sagot na patanong tuloy nṅ pinagsabihan. Si Luis ay hindi tumugon nṅuni't sa isáng tinging itinapon sa kanyang kausap ay nápalaman na ang ibig sabihing: “hindi lamang nangagagá kundi higít pa sa rito ang inyong ginágawa”. Ang hindi pag-imik nṅ binata

ay ipinalagay ni Mr. Kilsberg na isáng pagsuko at pagsisisi, kaya nagbagong isip at ang sabi:

—Nagaksaya tayo n̄g panahon sa isáng bagay na walang kahalahalagá. Hindi ko kayo tinawag upang pakipagtalunan, kundi upang pagsabihang itigil na ninyo ang pag-akay sa aking m̄ga tao.

—Dinaramdam ko pong di mapaayunan ang inyong hingi—ang matigas na pakli n̄g binata. Kun saan naroón ang m̄ga naáapi ay doon dapat itudla ang liwanag, kun saan may tumatāngis ay doon kailan̄gang paratnín ang lunas.

—Kung gayon ay súsuwayin ninyo akó?—ang may dílat pa n̄g matang usisa ni Mr. Kilsberg.

—Sapagka't hinihingi ninyo ang isáng bagay na wala sa matwid.

—Hindi ba ako ang nakapangyayari rito at siya ninyóng puno?

—Sa akin po lamang na pagkakawaní, hindi sa aking pagkatao't sariling kalooban.

—N̄gayon di'y lumayas kayo, hindi ko kailan̄gan dito ang isáng taong walang utang na loob. Su-long! Layas patay-gútom—ang bunghalit na sinailita ni Mr. Kilsberg na itinuturo ang pintuan.

—Lalayas ako kun siya niyong ibig, n̄guni't ipinaaalala kong ang inyong ginagawang pagkukulang sa akin ay katutubo lamang sa m̄ga taong walang dangal—ang sagot ni Luis na luma-labas na sa pinto. Ang ganitóng m̄ga salita'y ipinagsikláb n̄g kagalitan ni M. Kilsberg na sa pagdidilím n̄g paningi'y nakáhawak n̄g isáng pandagáng-papel na ihahagis sana kay Luis. N̄guni't isáng pulutong na m̄ga mangagawang biglang nasok sa kanyáng tangapan ang ikinátigil sa inaaakalang gawín. Sa mukha n̄g m̄ga bagong dating

ay náhahalata ang pagkalunos. Piping lahat at isá ma'y di makapagsalita, sa kaniláng m̄ga pawisáng noo'y nanánaig ang pamumutla at ang pangdirilat n̄g m̄ga mata'y naghihiwatig n̄g isáng malakíng bagay na ibig sabihi't di máipasnaw n̄g bibig. Si Mr. Kilsberg ay nápaorong at ang unang hinawaka'y ang susi n̄g kabang bakal na taguán n̄g maraming salapi't na sa tabi n̄g kanyáng uupán, at doón napatayong tila isáng bayaning nátatalagang magpakamatay na muna bago pabayaang makapasok ang kaaway sa pintong ipinagkatiwala sa kanya: wala rin namang kibo't tinatalasan ang anó mang kílos na masama n̄g m̄ga bagong dating.

—Hindi po namin kayo pagnanakawan—ang unang nasalita n̄g isá sa m̄ga bagong dating—Kaya po kami nakapanḡahás umakyat dito, ay ipagbibigay alam namin sa inyo na isáng mangagawa sa tabasán n̄g m̄ga tanso at bakal ang nadurugan n̄g ulo, dahil sa pagkalagot n̄g panghilang tanikala.

—Hindi sana siya mamámatay—ang dagdag n̄g isá pa—kundi maliit ang tanikala—ang dagdag na salita n̄g isá rin niyang kasamahán.

—Siya n̄ga naman kundanḡa'y gumagamit tayo rito n̄g di totoong matitibay na kasangkapan, gayong marami namang maipapalit—ang náibulong n̄g isáng pangatló.

—Anó sa akin kung may namatay man? Ilibing!—ang sagót na papiksi ni Mr. Kilsberg na bumitiw sa susi't umupo pagkatapos. Ang akala ba ninyo—ang tuloy pa—ay pati pagkamatay n̄g sino man sa inyong magkakasama ay katungkulan ko pang pakialamán. Sukat na ang kayo'y binabayaran ko at tapus. Kay dami n̄ga palá n̄g walanghiya

ang naibulong na lamang at hindi ipinarinig sa mġa kaharap, na karugtóng nġ ibig niyang sabihin.

—Kundi man po ninyo tungkol ang makialám sa ganitóng sakunang nangyari sa loob nġ inyong gawaan ay magpasiya man lamang kayo, pagka't ang bangkay ay na sa inyong bahay—ang tugón nġ isáng nagnġangalit sa kagalitan nġ mġarinig ang gayong mġa salita ni Mr. Kilsberg.

—Ibigay ninyo sa policia ó itapon sa lansanġan, —ang di kinukusa'y nábuca sa bibig nġ namumuhing mámumuhunan.

Lahat nġ magkakasamaha'y nagpako nġ tinging poót na poót kay Mr. Kilsberg, mġa tinging wari'y patalím, na ipinagbubukás nila sa puso nġ gayong ganid na sa harap nġ isáng bangkay ay di pa maging tao. Isá sa mġa nanhik, binatang may matipunong katawan, bisig na malalakás, at mġa daliring singtitigás nġ bakal, ang may luha sa mata't kagat labing nápalapit sa mámumuhunan, aywan kun sa anóng dahit at sa atas nġ kung anóng damdamin.

—Panaog kayong lahat, nġayón din—ang bulas ni Mr. Kilsberg sa mġa kaharap niyang hindi sa pagkatakot sa gayong utos, kundi sa pagkakagunita sa kasamang patay, kaya nagsialis.

Nang dumating sila sa lupa ay inabot na roón si Luis at ang iba pang mġa kawani na nġ ma-ñgakabalitá sa gayong nangyari ay nagsipanaog na lahat. Ang ulo nġ sawing palad na mangagawa ay nagkadalawa: sabóg ang utak at ang duguang lamad ay tumatakip sa kanyang mġa matáng nġ abutin nġ kamataya'y di na náipikit. Ang kanyang bibig ay pangġiwi, marahil sa hirap,

at sa nakabukas na kamiseta, ay nákikita ang isáng nanǵínǵitim na latay sa dibdib bagsak pa rin marahil nǵ bakal nǵ siya'y nakahandusay na. Hinanap ni Luis ang tanikalang nagpahamak sa kaawa-awa. Sa may ulunan niya, at sa may dalawang dipang taás, ay bibitin bitin ang tanikalang, gagalaw galaw pa ri't waring tinatawanan ang bangkay nǵ kanyáng sinawi.

Sa piling nǵ bangkay ay nanǵagtayong nalilipon ang lahat nǵ mǵa mangagawa sa bahay at sari saring usapan ang nangyayari. May nagsasabing ang may kasalana'y ang namatay, sapagka't tumapat doón, may naáawa sa naiwang mǵa anak at asawa nǵ nadurugan nǵ ulo, may nagpapatotoong kaya nápahamak ang mangagawang iyon ay sapagka't ayaw magsisimbá kun lingo, ano pa't sari saring palagay at salisalita ang naging kamanyáng na panuób sa bangkay na nakahandusay sa lupa, hati ang ulo at sabóg ang utak.

Si Luis lamang ang walang kibo. Halukipkip ang mǵa kamay, nakapako ang tingin sa bangkay na kaharáp, at máluha luhang tumátanong sa sarili kung kahalaga na nǵ apat na peseta maghapon ang gayong utak na sumabog.....





## XII

**T**INGNÁN mo Titay itóng mġa pahayagan, — kung minsá'y nakayayamót dahil sa kásasalita nġ hindi tumpák—ang may painát pa sa silyóng kináaupán na sinabi ni Don Nicanor sa kanyang asawang panatag na panatag sa pag-aayos nġ mġa barahang na sa isáng bilao.

—Bákit namán?—ang usisang tila wala sa loob nġ pinagsabihan na hindi rin nagtutugot sa paghanap nġ isáng kabayong espadang nagkukulang sa kanyáng biníbilang, at ang mataimtím na isinásaisip ay ang labanán nġ pangingeng makapanghali lamang ay sísimulan na nila nġ anim ó pitóng kasuki na tulad din sa kanya'y walang hinayang magtapon nġ lima ó anim na piso araw araw.—¡Ah, di lilitaw ka rin!—ang náidugtóng ni ñora Titay na hawak na ang kabayo at isinama sa kanyáng mġa nabilang na.

—Apat na manjar na nġayón—ang sabing tuwang tuwa, bago hinaráp ang asawang nakamata lamang namán at ang wika: íanó ba ang sinásabi mo Canóy?

Ang tinukoy, na hindi namán nagalit sa gayóng pagbibinyág na panibago sa kanya at bagkus pa

nḡang natuwa, sapagka't nalalamang pag-gayon ang tawag ni ñora Titay ay tandang ito'y naglalalambing at may malamíg pang ulo; ay malumanay na sumagot.

—Itó bang mḡa pahayagan, kung minsa'y makapagsalita nḡ hindi dapat. Tingnán mo nḡa lamang ang sinásabing itó: ISÁNG KAPAHAMAKÁN—MANGAGAWANG NASAWI—ang básang malakás din naman sa pinakaulo nḡ balitang ibinabalita naman sa asawa—Utak ang sumabog na ito, at útak na naman nḡ isáng marálita. Kahapon nḡ umaga sa gawaan ni Mr. Kilsberg na na sa daang B... nangyari ang ganitóng sakuna. Isáng malaki rin namang pútol na bakal ang tumama sa ulo nḡ kinulang palad na nahati sa dalawa at isinabog nḡ kanyang utak. Sinásabing hindi sa kasalanan nḡ namatay kaya napahamak, kundi dahil sa tanikalang kinátatalian nḡ bakal, na di umano'y kálawanḡin at sadyang marupok kaya di nakatagál sa kabigatán nḡ bakal.

Ang sawing palad na ito'y nagnḡanḡalang Agustín Kahabagan, taga-Siláng, Kabite, at may naiwang isáng asawang may sakít at dalawang anak na musmós. Anó pa't tatlóng bibig na namán itóng walang mákakain, bakit ang kiníkita ni Kahabagan ay apat na peseta lamang maghapon. ¡Apat na peseta lamang!.... Itó, itóng salitang pahimutok sa huli na wari'y pagsisi sa puhunan ang hindi ko ibig—ang tapos ni Don Nicanor nḡ mabasa ang balita—Tila ipinalalagay na nápakaramot ang puhunan at nápakaliit ang ipinasasahod sa mangagawang namatay. Palibhasa'y hindi nákikilala nḡ mḡa nagsisisulat sa pahayagan ang talagáng halagá nḡ puhunan at mḡa pagkabigo naman

sa panġanġalakal, kaya ganitó kung manġagsalita. Sa anó ba ang kamalayán nila sa nangyayari'y wala naman silang gawa kundi sumulat lamang nġ sumulat?

—Galít ka nġayón sa mġa pahayagan, baka kung ang málalagay riya'y tungkol sa pakikiisañg dib-dib nġ anák mo ay wala kang pagkasyahan sa tuwa —ang sagot ni ñora Titay na hinaluan pa nġ isañg *pshé* na totoong malambing, pagkalambing lambing kaya nápatindig tuloy ang ating Don at hinipo ang baba nġ giliw na asawa't ang sabi.

—Si Titay ko, pagkagandá gandá kung maká-ismid.

—Abá, abá—anáñg babayi—si Canoy, siya ka na't baka may makákita sa atin.

Náġkatigilán ang dalawa, at waring kapwa sila nahintakutan sa maraming larawan nġ mġa santó at santáng nároroon, na ang iba'y may mġa matang tirík na asa mo'y naghihinġalo, mayroón namang wari'y humihinġi nġ pag-ibig dahil sa mġa tinging mapunġay, lubha pa ang Santa Cecilia sa ibabaw nġ piyano na sa pagkakatingala sa lanġit ay tila sumisisi kay ñora Titay sapagka't napahipo sa baba.

—Hipo lamang nama'y ikasalanan na nġa kaya? —ang isinasaloob ni ñora Titay samantalang wala ang kanyáng asawa at may ginawa sa labas, nġuni't hawak din ang bilao nġ mġa baraha na talagáng pinaniniwaláan niyang hipuin man nġ hipuin ay hindi makagagalit kahit sa nápakasunġít na santa. Nagtitika po ako, mahal na Santa Cecilia—ang sabing hawak ang sotang oros at siyang kinákausap—na kailán ma'y di na muling magkakasala sa inyóng haráp. Mahal na Santa, itó po



ang aking ipinanġanġako. Sasabihin pa sanang: “*magtitirik siya nġ dalawang kandila kinġgabi-han din, nġ araw na iyon ó sa hapon kung makatapos na maaga sa panginge*”, nġuni’t sa papasok si Don Nicanor na malayo pa’y pasigaw nang nagsasalita’t galák na galák na ang sabi.

—Nakú Titay, pagkaiinam, oo—at tuloy nupo sa unang silyang natagpuan.

—Nang alin?—ang may patakáng tanóng nġ pinagsabihang ang tingi’y sa isáng maliit na cahitang dala dala ni Don Nicanor.

—Nang mġa na sa loob nitó—ang may palaki pa nġ tinig at kaunting dilat nġ matáng isinasagot agad ni Don Nicanor samantalang pinagalaw-galaw ang hawak sa kamay na ayaw namang bitiwán.

—Anó nġa iyan—ang payamót nang salita ni ñora Titay sa kanyang asawang tila nagbibiro na nama’y gayong naroón at di man nagkukuráp nġ matá si Santa Ceciliang hindi pa natatagalang pinanġakuan niya nġ boong pagtitika—Tingnán ko nġa, napakapalabiro ka namán.

—Hindi, hindi mangyayari—ang tátawa tawang salitá nġ kausap—hulaan mo muna kung anó itó at saka ko ibibigay pagkatapos, bago sinabayan nġ tindig at muli na namang pinaglaruan sa mġa daliri ang kanyang hawak.

—Pshé, kung ayaw ka ba!—ang may kaunting tampong binigkas ni ñora Titay na ang hinaráp na nama’y ang kanyang mġa baraha. Ang gayong pagtatampo’y nakapagpabagong loob kay Don Nicanor. Mahulog na ang langit, nġuni’t huwag lamang máturenġang nagtatampo si ñora Titay, ang kanyang minamahal na asawa, ang

ginígiliw n̄g boong puso, ang paraluman n̄g kanyang buhay na kung may manḡisan̄gisa mang uban sakali, ay mubuti namang tumingin sa kanyá at may m̄ga lambing na totoó niyang minamamamis.

—Hindi na Titay, hindi na—ang pagluhog na halos ay ibulong ni Don Nicanor sa nagtatampó niyang kasi—Sásabihin ko na ang totoo: ito'y m̄ga pahiyas na padala ni Rojalde upang mágamit ni Danding sa araw n̄g kanilang kasal.

—Siya n̄ga ba?—ang nanánabik na tanong ni ñora Titay na napatindig tuloy at umakmang kunin ang hawak hawak ni Don Nicanor. Ito'y lumayo layo n̄g kaunti at hangang lumalayo'y sinusundan naman ni ñora Titay na wala nang tampó ni kagalitan, bagkus ang han̄gad ay mákita kung anóng m̄ga pahiyas iyon. Maya maya'y ibinaba n̄g lalaki ang hawak niya sa mesang marmol na na sa gitna n̄g salas, at pagkatapos buksa'y isá isáng kinuha ang na sasaloob na pawang nagdírikítang m̄ga pahiyas.

Sa m̄ga unang sandali pa lamang ay pinagtakhan ni ñora Titay ang malaking bato't pagningning-araw n̄g singsing na waring nakikiagaw sa kagandahan n̄g tala sa hapon. Isá isá niyang hinipo ang hikaw, ang peineta, ang gargantilla, ang pulseras, ang wari'y pamutong na ipinalilibid sa pusód, ang alfiler sa pangliig, at saka ang ilán pang singsing din na kun бага man may maliliit na bató ay di rin naman puhuhuli sa kislap at kininángkináng n̄g ibang m̄ga singsing na ná-kikita niya. Ang m̄ga pahiyas na iyong gagamitin n̄g kanyáng anák at máipalalagay nang arí nitong tunay mula n̄g sandalng iyon, ay hindi

lamang dadalawangpung libong piso. Isá lamang bató kung ipagbibili ó isasangla ay maipagpapan-ginge nang isáng buwan man ni ñora Titay.

—Talagá n̄gang si Rojalde ay mabuting manugang—ang sabing hindi napigilan at tuloy kinuha ang singsing na may ningning araw at isinadaliri.

—Baka marumhan Titay—ang marahan, n̄gumi't may pag-iingat n̄g asawa. Datapwa hindi nitó pinansín at tulad sa isáng nasiraan n̄g isip na may patalóntalón pa't pindak indak. Si ñora Titay, ay waring pinagsaulan n̄g batang lakás dahil sa bisa n̄g kumikislap na singsing. Ang káiindak niya'y patuloy at sinásalitán pa n̄g m̄ga wikang: Inakú Canoy! maanong ako'y dalaga pa at n̄g nakahanap sana n̄g ganitong katipáng maalam magmahal. Si Don Nicanor naman, at aywán kun dahil din sa pagkatuwa, ay hindi pumansin sa gayong sinabi n̄g asawa, at walang kaimík imík na wari'y pinipi n̄g gayong kayamanang kaníkanina lamang ay kanyáng pinaglalaruan.

Nang mapagod si ñora Titay ay ang gargantilla naman ang dinampot at baga man alan̄gálan̄gán sa liig niyang kung magandá mang dati'y hindi na n̄gayón, palibhasa'y pinapagkakulubot na n̄g m̄ga taóng nakalilipas, ay malambing pang ipinasuot sa kanyáng Canoy na sunudsunuran naman sa asawang di niya ibig makitang nagtatampó ni nagagalit.

—Magandá ba akó n̄gayón?—ang malamyós na usisa sa asawang hindi na nakatugón, sapagka't nilapitan agad ni ñora Titay at niluglog sa balikat na ang sabi:

—Kay buting manugang ni Victorino. Marahil siya'y magbabait naman kung magíng asawa na

nḡ ating Danding. Pinanánabikan ko na Canoy ang pagkábilang niyang tunay nating anák.

—Baka naglililihi ka na Titay kay Rojalde.

—O, eto ang iyo palabirô—at isáng kurót na manipis ang pinasayad sa katawan ni Don Nicanor na nápahalakhak na lamang sa gayong pagpapatotoo nḡ asawa sa taglay na kalamigán nḡ ulo. Sa kinákikilos ni ñora Titay na mamaya'y umupo, mamaya'y magtindíg, ang gintong dali-say nḡ gargantilla, at dahil sa tama naman nḡ liwanag, ay lalong nagníningning na tila ang ibig sabihí'y di nagbabagong talaga ang kanyang uri, mapa sa liig mang matanda ó kaya'y sa liig nḡ isáng binibini.

—Siya nḡa Nicanor, kay laki nḡ kasiyaháng loób ko nḡayón, waring ako'y may lakás pang ikatatagal sa apat ó limangpung taong búhay. Tila ang langít ay nabuksan sa akin at nḡayon ko nákikita ang malaking kabuluháng mátatamo natin sa pag-aasawa kay Rojalde nḡ ating anák.

—Ikaw lamang ay ayaw makiníg sa akin. ¡May hihigit pa ba naman nḡ kabutihan sa isáng pag-aasawang paris niyá'y maglalayo sa atin sa pagkápahamak at sa kahihiyang tátamuhin sakaling isakdal tayo ni Rojalde dahil sa aking utang sa kanya?—Talaga Titay na kun sa katalasan nḡ ísip ay wala nang úna sa akin!—ang may pangiti pa ni Don Nicanor sa kanyang kausap na ang huwak na nama'y ang kinálalagyan nḡ mḡa pahiyás at sa nagkakanduduling na tingin sa mḡa nagníningningang bató, ay nagíng isáng sakím na dumadalanḡin sa kanyang kayamanan.

—Siya nḡa, nabulagan lamang akó noón. Ay anó kaya, kung magíng asawa na si Danding ni

Rojalde, hindi na n̄ga tayo sinḡilin?—ang tanóng n̄g babayi kay Don Nicanor na pagkárinig sa gayong pag-aalinlan̄gan n̄g asawa, ay nápaupong bigla na ang tinḡi'y sa pinto at baka nároon si Rojaldeng kanyang pinan̄gan̄gambahan.

—Aywan ko rin—ang dahan kahang salita't waring bulong sa sarili ni Don Nicanor—n̄guni't bahala na tayo kay Danding, kuong nároon na ba'y di pagtatakbantakban na tayo ni Rojalde, kaya n̄gayon pa'y pawang panunuyo na ang ipinatata-naw ko sa kanya. Alaláng alalá n̄ga ako Titay sa mangyayari sa utang natin sa kanyang 30.000 piso! Isáng buntong hininḡá, isáng himutók na di napigilan n̄g nagsasalita, ang itinapos sa gayong pagsagot.

—N̄guni't hindi na tayo marahil sísinḡilín: isáng manugang na paris niyang nakapaghahandog n̄g ganitóng kayamanan, ay di mangyayaring magka budhing sakim na magtútunton pa sa utang n̄g biyanan. Iwaksi mo ang pagkalungkot giliw kong Canoy, at ang tingnan mo na lamang ay kung magandá ang iyong si Titay kung ganitóng nakagargantilla,—bago umindák na namang tila humihingi n̄g isá pang anák kay San Pascual—Kay sarap palá n̄g ganitó, maanong may isá pa tayong dalagang máipakakasal. At ang pagkatuwa ni ñora Titay ay nauwi sa káhalalakhak, sa kátatawa, samantalang si Don Nicanor ay pinapanínimdím naman n̄g kanyang m̄ga sariling pagkukuro tungkol sa utang na 30.000 piso.

Ang di pagkatalós kun siya'y sísinḡilin ó hindi ni Rojalde sakaling magíng asawa na ni Danding, ay isáng alinlan̄gang di mapaknít sa kanyáng gunita at mula n̄g ipahayag n̄g asawa ay hindi na

mapawi pawi sa loob. Tunay n̄gang n̄g huling pag-uusap nila ni Rojalde tungkol sa utang na itó ay halos ipinangako n̄g binata na mápakanya lamang si Danding, ay wawalíng halaga ang pantang. N̄guni't isino ang makapagpapatotoó sa akin—ang sa sarili'y sinásabi ni Don Nicanor—na ang m̄ga kasulatang hawak niya'y di gágamitin balang araw sa ikapapahamak ko? Bigáy na bigáy ang pagkakaloob ko n̄g aking anák sapagka't itó ang tan̄ging paraáng ikaíilag ko sa pagkahiya, datapwa't kun sa katapusa'y maguguho ring lahat ang aking m̄ga panukala at ang tíkas ni Rojalde ay siya ko ring kaaway na mákikita pati sa pagkáhimbing, ay wala ring bisa ang pagpipilit ko n̄g kapangyarihang amá, wala ring lakás ang pagsamantalá ko sa pagsunod n̄g isáng anák, at kailan ma'y mapapasalalay sa burak ang pinakáingatan kong puring sarili. Napakagipít na kabuhayan itóng akin, at ang asawa ko'y tatawa tawa pang hawak ang m̄ga pahiyas na bigay n̄g mámanugan̄gin ko't aking kaaway!

At tulad sa isáng ulól, si Don Nicanor ay nápatindig na bigla, nanglilisik ang m̄ga matá, katál ang m̄ga labi at tím ang m̄ga bagáng. N̄guni't isá na namang halakhak ni ñora Titay ang nakapagpagunita sa kanyang may isá n̄ga paláng natutwa sa kanyang piling. Munti nang nátampalasan ito dahil sa kanyang pagkamubi, kundi nápasabay ang tawag na: ¡Canoy! n̄g ating ñora.

Bahagya nang sinagot ni Don Nicanor na nang m̄ga sandaling iyo'y nakaupo na nama't ang ginugunita'y ang kanyang búhay. Kaíkailan ma'y di nangyayari sa kanya ang gayong pagkapit sa pa-

talim. Sa kanyang gunita'y biglang sumagi ang mga panahong nagdaan na naikapagmamalaki sa lahat, ang mga panahon ng pagkapugal niya sa malagong damo, noong siya ang naniningil at hindi sinisingil. Ang tatlongpung libo ni Rojalde ay isang mabigat na pasang nagpapalubog sa kanyang palad na waring pinagtiyapan naman ng mga sakuna upang duhagihin.

Isa isang napawi, isa isang isinakabaong ng paghihikaos, isa isang naparam na tulad sa bula; ang mga lalo niyang di malimut-limutang ugali. Ang mga sayawang tuwing araw ng lingo'y maghapunang ipinagkakatipon ng mga kaibigan sa kanyang bahay, ang minsan sa sangbuwang pagtanggap sa mga kakilala, ang pagdaló kailan ma't áanyayahan sa iba't ibang lupong lalo pang ikinatatanyag ng kanilang pangalang mag-anak, ang hapon hapon paglilibang sa Luneta na hila ng dalawang magagarang kabayong puti at tila isang bagong Santiago kung itinatakbo na ng matulin, ang makalawa isang lingong pagpasok sa mga dulaan upang makapanood ng ganito ó gayong palabas, na napapabago, ang kagaanan niyang kumuha ng isang abono sa ópera kung dinadalaw ang Maynila ng alin maug samahang italiano; ay wala nang lahat at pinapanaw ng kanyang pagdarálita. Hindi nga siya naghihikahos na paris ng iba, hindi siya sumasala sa oras at araw araw ma'y umuusok sa kanyang kalan ang dalawa ó tatlong lutong ulam, mayroon pa rin siyang mga palamuti sa loob ng bahay, may isa pa ring kabayo, may mga mecedora pa ring nagbibigay ng anyong kagalang-galang sa kanya kung kináuupan at nagbibiyabo datapwa't hindi sa gayong buhay

na matatawag na katamtaman siya namihasa, kundi sa isáng buhay masagana at nalilibid ng maraming aliw at kaligayahan.

Huwag mapalagay ang pangalan niya sa mga pahayagan sa tuwing may sayawang pinagkati-punan ng mga taong tanyág sa Maynila, ay isáng lasong hindi niya malalagók, isáng kamatayang maagap sa buhay ni Don Nicanor. Hinahanap, kinasasabikán, inaasám na makapanumbalik sa gayong lagay, sa baytang na pinakamataás upang mula roo'y magingning at makasílaw sa ibá. Kumisláp, huwag magdilim: itó ang kanyang adhika at sang-ayon sa bantang ito'y ipakikiisáng dibdib ang kaisá isá niyang anák sa binatang si Rojalde, makisig at mayamang gayon na lamang. Sa isipan ni Don Nicanor ay sarisaring panukala ang binábalangkás dahil sa nálalapit na kapalarang iyon. Ang biyanan ng isáng pinakaulo sa yaman ay hindi na máipalalagay na malít: siya'y magkakaroon na ng kaunting kahulugán at pagpupugayan ng mga kung mákasalubong niya ngayo'y di man lamang magsitingin. Kukuha uli kay Rojalde ng kailangang halaga sa isáng hanap buhay na naiisip niyang gawín, at ng di siya matangiha'y sasamantalahing talagá ang mga unang araw ng pagsasama ng bagong ikakasal at magsasalita sa manugang na walang di sa pag-ayon lalo't tutulong si Danding ng pag-amuki.

Sa anák niya lamang nangangapit ang ating maginoo: ang kabaitan ng isáng anák na paris ni Danding ay nayag sa mga sinabi ng magulang, ay magagamit pa ring di sasala sa ano mang kanyang panukalain. Sa ganito'y hindi dapat magalinlangan, nababanaag na ni Don Nicanor ang



maganda niyang kapalaran sa hinaharap at sa katunaya'y siyang madalás na kasama sama saan mang dako, ang paniniwalang mápapanahon na naman siya sa paghahawak n̄g malalaking halaga. Lalo pa sana kun siya ang gawin ni Rojaldeng tagapangasiwa sa lahat n̄g kayamanan, yamang ulila na rin ito. Sa ikatutupád n̄g ganitóng panukala niyang kung mangyayari'y sapilitang igiginhawa n̄g malaki, ay inahihikayat na kay Danding, hindi pa man, ang dapat gawing paglalakbay sa iba't ibang lupa sa loob man lamang n̄g isáng taón upang anya'y malibáng ang kanyang anák at makarating namán sa dakong kalunurang mulát at gising sa lahat n̄g bagay. Si ñora Titay lamang ang di sang-ayon sa ganitóng mungkahi, pagka't hindi niya ibig na ngayón pa namang magkamanugang n̄g masalapi ay saka mapalayo sa kanyang anák. Maári rin namang makapaglibang dito kung ibig, sa Pilipinas ay marami ring m̄ga lalawigang matatahanan sila, n̄guni't huwag na lamang sa ibang lupa sapagka't hindi niya mādadamayan kung magkasakasakit ang giliw at pinakamamahál niyang bunso.

—Isáng taón lamang namán Titay ang madalás na ipaklí ni Don Nicanor—pag ito na ang napag-úsapan nila.

Datapwa't ayaw na ayaw ang babayi at madalás pang siya'y mápaiyak tuloy kung totoong nagpupumilit si Don Nicanor. Ang mag-asawa'y totoong abala sa paghahanda sa kaniláng m̄ga anák kung matuloy na, walang sandaling di ito ang kanilang nápag-uusapan. Kailan ma't nagkakarili sila sa salas na iyong pinakatahanan n̄g maraming namatay na banal, ay walang nangábabangit kundi

mga salitang: kasal, Rojalde at Danding. At hangang sa pagdarasal kung hating gabi, ugaling namana ni Don Nicanor sa kanyang nunong may isang daa't labinglimang taon na ng mamata'y, ay una pang naihihingi ng awa sa kinakaharap na larawan ni S. Roque, ang dalawa nilang anak, ang minamahal na mga bunsong iyong haharap sa katahimikan. Lubha pa si ñora Titay na hangang sa nakakatulugan na tuloy ni Don Nicanor ay wala pa ring tigil ng kapapagalaw sa labi at nguso, aywan kung dahil nga sa paghingi ng kaawaan o kun sa pagsamong papanalunin namán siya sa panginge, at huwag paris noong talo na lamang ng talo at bihirang bihirang manalo, gayong kung mga Viernes at Sabado, umuulan man o hindi, ay anim anim na kandila ang patirik niya sa Remedios sa Maalat, at Sto. Cristo sa Lungos sa Kiyapo, mga pintakasing dahil sa mapag-gawa ng kababalaghan noong araw, ay kanya namang pinanunuyuan dahil sa panginge.

Hindi na natapos tapos at palaging bulaklak ng kanilang dilang mag-asawa ang: *si Vitorino natin ay hindi pa naparirito*, lalo na kun ang binata'y naabala sa pakikipagusap sa mga kaibigan at di nakapaparoón agad, tuwi na'y nag-iisip sila ng sari saring pakitang loob na sukat ikatarok ng binata sa kanilang pagmamahal. Si Rojalde, hindi pa man, ay hari na sa bahay ni Don Nicanor, at ang kanyang ngala'y walang idinudulot kundi pawang aliw at kaligayahan sa dalawang bibiyannin. Nguni't ng araw na iyon, araw na ikinaindak ni ñora Titay sa malaking tuwa pagka't nagpapaganda sa kanya't nagpapakisig na lalo ang gargantillang na sa lalagyan ng mga pahiyás na

padalá ni Victorino Rojalde, ay kung bakit ná-pasaloob nila kapwa ang baka kung mádaos na ang dalawang minamahal na bunso, ay maningil din si Rojalde at sila'y lalo pang mápasakahi hiyán.

—Mabuti Titay kung matuto si Danding—ang marahan at may buntong hiningáng salita ni Don Nicanor mula sa pagkakaupo. Nabiglaanan ang kausap sa gayong sinabi at halos nabitiwan ang isinusukat na singsing sa kanyang daliri. Tingnan munang matagál si Don Nicanor, na waring ang ibig ay tarukin kung may ganap na ísipan itó ó wala at bago tumanóng.

—Matuto n̄g anó? Ano ba ang iniisip mo?

—Ang utang natin kay Rojalde!—ang malungkot na paklí ni Don Nicanor—Na sa kanyang lahat ang m̄ga kasulatang ikápapahamak ko, na sa kanya ang aking buhay—ang patuloy n̄g boong kalumbayan n̄g makasandali pa.

—Tila ka naman hindi lalaki, ikaw rin ang sumisisindak sa sarili mong kalooban. ¿Hindi ba lamán mo na si Rojalde kung mápadaos ang kasali?

—Oo n̄ga!—ang halos ay pabulóng na pag-ayon ni Don Nicanor.

—Ganoón palá, ay ano't áalalahanin mong singilin ka? Isáng lamán kayo, ano't hihintin mo ang pagtutuntunan? Siyá ka na niyang Canoy, ginugunita mo ang di mangyayari—ang tapos ni ñora Titay sa kanyang m̄ga salita na ang hawak nama't siyang sinusubok sa ulo, ay ang peinetang may labingdalawang batong kumikislap.

—Ang man̄ga manok Titay sa loob n̄g isáng tankal ay nagtutukaan din, walang ninira sa bakal kundi ang kalawang.

—Hús! mġa halimbawa iyang hindi máiuukol sa iyo at kay Rojalde—ang sagot nġ asawa.

—Titay, Titay, ang 30,000 ay hindi kakaonting salapi na dapat limutin at sukat. Maano na nġang magkátotoo ang iyong sabi, nġuni't pagnagkabula, pagnagkabula.....! ang huling sabi't hindi na natapos na salita ni Don Nicanor na napatindig tuloy at dumunġaw sa dakong lansanġan.

Ang malakas din namang hanġin sa lansanġang mula pa sa malayo'y may dalá nang alikabok, at saka ang malapit nang sumakatanhalíang init nġ araw na lumiliyó sa lalo mang matatág na paninġin, ay siyang di ikinákita ni Don Nicanor sa dalawang babaying nagtutulak nġ pinto sa daan at kapwa tila nagmamadali nġ pagtatago sa kainitan. Narinig niya na ang orasan sa katapat na bahay ay tumugtog, nġuni't hindi na nasundan nġ bilang sa pagka't isáng masayáng: tia Titay, tio Nicanor ang umalingawnġaw na bigla sa salas, sabay sa: íanó, may laban ba tayo? nġ isá pa rin tinig nġ isá namang babaying nupo agad sa tabi ni ñora Titay. Si Don Nicanor ay bigláng nápalinġon at tatawatawang lumapit sa mġa-bagong dating. Ito'y sina aling Mensia at ang anak niyang si Beatriz, ang pinsan ni Danding na noóng magkainán sina Don Nicanor sa Tayuman. ay katulong tulong ni ñora Titay sa paghahanda.

Ang mġa dinatnán ay kapwa malugod na nakipagharap sa bagong dating na mag-iná, at ang una unang nápansin ni aling Mensia'y ang hawak na lalagyan ni ñora Titay. Nang mġa unang sandali'y nagwawalang bahala itó, datapwa't sa maulit na paghinġi nġ bagong dating, ay pinabayaan nang isá isáng mahipo, isá isáng matignán mula sa sing-

sing na may kislap-araw, hangang sa gargantilla at peinetang suot ni ñora Titay.

—Malaki laki rin namang salapi ang naipamili mo nito Titay: itó lamang singsing ay magkakahalaga n̄ mahigit pa sa sanglibong piso—ang salita ni aling Mensia n̄ matapos.

Nagkátin̄inan ang mag-asawa at waring sabay silang nag-akala na ipagkaila ang katotohanan tungkol sa m̄ga pahiyas na iyon, n̄gunit si ñora Titay rin ang hindi nakapagpigil, una una ay sapagka't pinsang buo niya si aling Mensia at ikalawa'y hindi na naman kaila rito ang malapit na pagdulog sa altar ni Rojalde at ni Danding upang mag-isáng palad na sila habang buháy: kaya sinabi nang ang lahat n̄g pahiyas na iyon, ang gayong kayamanang natatago sa isáng maliit na sisidlán, ay bigay lamang, handóg ni Rojaldeng kanyang mámanugan̄in.

—N̄gayón lamang umaga iniabót sa akin sa hagdanan n̄g pinapagdala—ang dugtong ni Don Nicnor sa m̄ga paliwanag na ginagawa n̄g kanyang asawa.

—At ipinadalá ba sa iba ang kayamanang itó?—ang tanong na may pagtataka ni aling Mensia, na ang ibig sabihi'y malaking kamalián ang ginawang pagkakatiwala sa ibang kamay n̄g m̄ga pahiyas na paris noo'y di maáaring di makatukso sa sino mang banal at may puring tao, palibhasa ang isá lamang ay libo ó mahigit pa ang halagang taglay.

—Ipinadalá lamang—ang may pagmamalaking sagot ni ñora Titay—Ipinadalá lamang at ito'y katotohanan pa n̄g pagka di mahinayan̄in ni Rojalde sa salapi, magkaano mang halaga.

—Abá ay siya n̄ga—ang tugon namán n̄g pani-walaíng si aling Mensia, sapagka't kung iba iba siya'y hindi magkakatiwala ni sa isáng may Cristong nangungusap sa dibdib.

Nagkátawanan silang lahat dahil sa sinalitang iyon ni aling Mensia na humilig at nagpaugoy ugoy sa mecedorang kináuupan, at itó ang pagkakataong sinamantalá ni Beatriz upang kunin ang lalagyán n̄g m̄ga pahiyás at siya naman ang nag-suri. Walang maalamang gawin si Atíng, gaya n̄g tawag sa kanya n̄g matatalik na kakilala, sa harap n̄g gayong magagandang palamuti. Mamaya'y pagalaw-galawin sa daliri ang singsing, mamaya'y itaas ang gargantilla upang tingnan kung sa malayo man ay kikinang din ang m̄ga batong na sa pinaka relikario at sa pagkakasabog sa paligid n̄g isáng maliit na Virgen ay tila m̄ga bituing nag-áantitilaw. Sari saring alaala ang gumuhit sa kanyang gunita dahil sa m̄ga palamuting hawak, náisaisip una una na mapalad si Danding pagka't nakatagpo n̄g mayaman, náalala ang di naman masagana nilang buhay na sukat bagáng ikabili n̄g isá man lamang hikaw na paris n̄g kanyáng hawak, at sa wakás ay nasabi sa sariling maanong ang katipan niya'y magkaloob ding maghandog n̄g gayong kagagandang m̄ga pahiyás kung maipagtapat na ang kanilang pag-iibigan sa kanyang amá't iná.

—Talagáng iba n̄ga naman ang mayaman!—ang isinaloob n̄g matignan nang lahat ang nápapalaman sa handog na iyon ni Rojalde, bago humarap sa kanyang tia Titay at itinanong kung na-saan si Danding na tila raw nagtatago ó nagmamalaki dahil sa mag-aasawa na at sa isá pa namang nakapagáalaala n̄g gayong kayamanan.

—Hindi naman nagmamalaki si Danding—ang pakli n̄g tinanong—marahil ay na sa silid lamang at may tinatahi. Nalalaman mo na namán ang ugali n̄g pinsan mong iyan kung anó.

—Hintay n̄ga't paroonan ko—ang sabay sa pagtindig na sinalita ni Atíng, bago tumun̄go sa silid pagkatapos iwan sa mesang marmol na naroroon, ang bukás pang lalagyán n̄g m̄ga pahiyás.

Sa salas ay naiwan ang matatanda na nag-úusap n̄g tungkol sa kainitan n̄g panahon, sa dapat sanang gawing pagdidilig na makáitlo maghapon sa m̄ga lansangan upang huwag makabulag ang alikabok, sa mainítang labanan n̄g panginge pagkapananghali, sa nararapat na pag-gawa n̄g sorbetes upang huwag mangagpawis na totoó ang magsisipaglaro, sa nalalapit na mahal na araw sa Santa Cruz, sa nababalitang bagong kagayakan n̄g Magdalena, sa hindi pa ma'y mahugeng nang pabasa sa daang Alcalá ni Capitana Tisia, anó pa't sarisaring bagay na mahahalaga't hindi, ang kanilang napag-salitaan samantalang sa loob n̄g silid na tulugán ni Danding at sa tabi n̄g hihigan nito, yaong hihigang kinákitaan sa guniguni ni Rojalde n̄g magandang t́kas n̄g binibining natutulog na sa kinilos kilos ay nagpapatnaw n̄g bago at bagong kayamanan n̄g isáng katawang bata; ay dinidinig ni Atíng ang m̄ga dalamhati n̄g kanyang pinsan, n̄g ikakasal na akala niya'y maligayang totoo, gayong may tinák palá sa lalamunan, may lason sa puso at walang kaulaulayaw kundi ang paghihinagpís.

—Oo, Atíng, mag-aasawa n̄ga akó—ang marahan at pabuntó buntóng hininga ni Danding—datapwa't

mag-aasawa sa hindi ko iníbig. Mahigít pa sa ibinabalita mo sa aking inihandog ni Rojalde ay maiáalala niya, datapwa't kung sa akin ay walang magíging kahulugan ang anó man niyang ibigay at sa palagay ko'y buhol lamang n̄g isáng tanikalang iginagapos n̄g tatay, n̄g nanay, ni Rojalde sa aking katawán.

—Diyata?—ang may awa't pagtataakang tanóng ni Atíng.

—Ah, hindi mo nalalaman kung anó ang pag-ibig, ikaw ay hindi pa pinalalagok n̄g lason n̄g masungít na kapalaran. Hanga n̄gayo'y bulaklak ka pang di pinakukupas n̄g pagkasawi, sa paanan n̄g kinalilikmuan mong m̄ga aliw at ligaya ay di pa dumadalaw ang daluyong n̄g pagkadusta, sa m̄ga pisn̄gí mong nagsasariwaan ay di pa humahalik ang mapapait na luha n̄g pagkalunos. Mabuhay kang tahimik giliw kong Atíng, sumaligaya ka magpasa walang hangan!

—Pati ako'y iyong pinaiiyak—ang magiliw na pakli n̄g kausap at sinabayan n̄g isáng halik sa pisn̄gí n̄g pinsan at sa ganito'y tila ibig ampatin ang m̄ga luhang iyong tumatagistís.

—Huwag kang magdusa aking Atíng ang ayo n̄g nalulunus—ipinagtatapat ko sa iyo ang lahat sapagka't ikaw na lamang ang aking aliw sa buhay na itó, ang dibdib na mapaglalagakan ko n̄g m̄ga sama n̄g loob.—ang huling salita ni Danding na sa pagkalumbay ay yumakap sa kanyang pinsan, n̄g yakap na ipinag-abot n̄g kanilang m̄ga puso.

Kapwa sila lumuluha n̄g maghiwalay, kapwa may dusa sa puso at kapwa naman di mangá-kaimik.



—Atíng—ang nḡ makaraán ang unang sandali'y sinabi ni Danding sa kanyang kausap—lahat marahil nḡ makaalam nḡ pag-aasawa kong ito'y nagpapalagay na ako'y na sa ligaya, datapwa't sa iyo ko lamang sasabihin na nḡayon pa ma'y patay na ako. Oo, irog kong pinsan patáy na, hindi buháy ang iyong pakikiabayan—at luha na namang lalo pang mapapait, lalo pang masasaklap ang ipinagpuno nḡ dalaga sa lahat niyang ibig sabihin.

Isáng alilang babayi, isá riyan sa mḡa sawing palad na dumadayo sa Maynila upang maglinkod sa mḡa bahay na malakí, at dahil sa kaliliitan nḡ sahod na tinatangap ay nagkakabaónbaón sa utang hangang sa magsitanda at kaya lamang makaalis sa pinaglilinkuran ay kung may lilipatang ibang panginoon ó kaya'y nakapag-asawa sa isáng may loob loob nḡ kaonti, na nakapagsauli sa nagiging utang nḡ giliw; ang mula sa labas nḡ pinto nḡ silid ay tumawag sa magpinsan at di umano'y mananghali na.

—Nariyan na—ang sagot ni Beatriz, na pagkatapos aliwin ang kanyang nagdadalamhating pinsan ay siyang kumawit sa bisig nitó at magkasabay na lumabas.

Na sa salas pa lamang ang dalawa, ay nárinig na ang pagmumura ni ñora Titay.

Galít na galít ang *maganda kong Titay* ni Don Nicanor, sapagka't ang alilang minumura'y nakapangahas tumingín sa nakabukás na lalagyan nḡ mḡa pahiyás na na sa ibabaw nḡ mesang marmol, nḡ tawagin ang kanyang mḡa panginoon upang makapananghali.

—iPipiso ba ang halaga nitóng ibig mong na—

kawin walanghiya?—ang huling salita n̄ naga-  
galit, na sinabayán n̄ pagsusubo n̄ isáng putol  
na mabilog n̄ papas, tulad din sa m̄ga pari kung  
nakikinabang sa pagmimisa.





## XIII

**N**ATAPOS ang Marzo't humalili ang Abril, buwan n̄g masasayang gabí at kaaliwaliw na m̄ga buwang liwayway. Isáng buwan pa't ang pag-iisáng palad ni Rojalde at ni Danding ay idaraos, kaya lalong nag-uulol ang m̄ga usapusapan hingil dito, at sa maraming bibig kung may m̄ga lipunan sa gabí, ay wala nang nánasnaw kundi ang pag-aasawang iyon n̄g mayamang binata na sa palagay n̄g iba'y napamali dahil sa ang napusúa'y isáng di rin naman káyamanang totoó.

Sa m̄ga tain̄ga ni Luis ay abót na ang gayong alingaw-n̄gaw at ang paghihinagpís niya'y lalo namang naráragdagan, at ang nangyayaring iyo'y maagap na ilinuluha n̄g kanyang puso. Makailang sa m̄ga pag-iisá niyang madalás, ay nagugunita ang pag-iibigan nila n̄g anák ni Don Nicanor, ang pag-iibigang iyong nagsimula sa katamisan at natapos sa kalaitlait na pagkadusta. Isá isáng inalala ang matatamis nilang sandali, ang m̄ga pag-susumpaang kung nagkakarili, ang magigiliw na pagtanggap n̄g kanyang kasi kailan mang siya'y papanhik n̄g hating gabí sa silid na nagíng kaluwalhatian n̄g kanilang pag-irog, ang m̄ga pag-

sasalitaan nilang may kahalong lambíng, lahat na ay nasásaliksik n̄g kanyáng isipan, bagá man bawa't dahong buklatín n̄g pag-iibigan iyong nagdaan at nakalipas upang di na magbalik uli, ay nagtatarak n̄g isáng balaraw sa puso niyang wala nang pag-asa at wala nang kulay masayáng náatanaw, bagkus pawang kalungkuta't hinagpís.

Parating gabí ang tinatahak ni Luis sa manglaw niyang kabuhayan, n̄guni't hindi gabíng may m̄ga bituin at nagdudulot ng sayá, kundi gabíng masun̄gít, sagana sa dilím at lipós n̄g pangun̄gulila. Ang niluluhaang pagsintang natapos ay di máikita n̄g aliw ni sa m̄ga kaibigan, ni sa pag-irog n̄g ibang babayí. May m̄ga pag-ibig din namang dinadala sa hukay.

—Malaking hadlang n̄ga naman ang salapi—ang madalás mawika—sapagka't ako'y dukha ay wala nang matwid n̄gayóng humingí sa isáng Don Nicanor, n̄g kaunting pagpapakundangán sa pag-iibigan namin ni Danding. Sa akala ko'y ang pagigíng dukha'y katimbáng na rin n̄g pagigíng api habang panahón. ¿Kailan pa kayá magíging Diyos ang tao upang matuto n̄g pag-wawalang bahala sa m̄ga udyók n̄g kagalingang sarili.?

Baga man di madalás ay may mangísá n̄gisá rin siyang kakilalang nakapagbabalita n̄g nálalapat na pag-aasawa n̄g anák ni Don Nicanor. Minsang sadyain niya ang isáng kaibigang taga Tundó, isáng matalik na kasama, upang hingán n̄g tulong at magagawa sa paghanap n̄g isáng kápasukan, ang unang ibinalita'y ang mahugong na di pa mang pag-aasawa ni Rojalde. At sa ibang mang mákausap niya'y itó na rin ang náririnig, ano

pa't waring pinag-iisahan n̄g boong Maynila ang paglilibing sa kanyang puso.

Ang ganitóng pagkaduhagi at ang napadiwra niyang lagay dahil sa pagkakaalis sa dating pinapasukan, ay totoong ikinaguguló ni Luis. Mápa-umaga mápatanghali at mápagabí ay iniisip kung sino ang mádudulugang makapaglalawit sa kanyá n̄g isáng kamay na kaibigan, kun alin ang pinatong tatawagan upaṅg makátagpo n̄g kandili. Kung nag-iisa na lamang sana siya ay hindi pa totoóng mababahala, pagka't maáaring di kumilos n̄g dalawa man ó tatlong buwan at saka makapaghihintay pa n̄g isáng kápapasukang bagay sa kanyang katawán, sa nálalaman niyang kaunti at naáayos sa kanyang m̄ga ugali. N̄guni't hindi, hindi kanyáng tiyan lamang ang magugutom at sa di niya pagkita ay lima pa katao ang mada-dayukdok, isáng ali at apat na kapatíd. Ang dalawang kapatid niya, baga ma't m̄ga dalaga na ay hindi naman nákakatulong sa paghahanap-buhay. Kulang pang pangbili n̄g damit ang unti-unting nakikita sa pananangapan n̄g tabi. At ang dalawa pa'y kapwa naman maliliit na kasalukuyan niyang pinagkakagugulan sa pag-aaral. Pag siyá ang hindi kumilos ay waláng isusubo ang limang bibig na iyong katungkulan naman niyang lingápin, sapagka't lamán n̄g kanyang lamán, butó n̄g kanyang butó, dugo n̄g kanyang dugo.

Ang kanyáng áli ay matanda na at kung dati't dati'y nákakatuwáng niya dahil sa pagbabalikwasang ginagawa n̄g pinupuhunan sa pagkakanín tuwing hapon at kung m̄ga lingó n̄g gabí sa m̄ga pinto n̄g dulaan, n̄gayo'y hindi na maka-

pagkilós: una'y sa pagkamahina nḡ katawán at ikalawa'y kailanḡan na siyang maglumagi sa bahay dahil sa dalawang bulaklák doong dapat pag-ingatan, masdán sa bawa't sandali at huwag kalilingatán. Sa mahigit lamang isáng buwáng pagkakaalís ni Luis sa pinapasukan, ay nagdanas na sila nḡ maraming pagkagipít. May mḡa sandali silang ipinanḡunḡutang lamang nḡ naipag-tatawid gutom. Kung may natitipon man lamang sana si Luis ay hindi kailanḡan: ang pagsasalat ay di dadalaw sa kaniláng pinto kung mḡa isá ó dalawang buwang hindi siyá papasok at kikita. Nḡuni't walang naímpok na anó mang halagá, ang kinikitang dati'y sapát lamang sa mḡa gugol sa bahay at sa iba pang mḡa kailanḡan, kaya ang pagdadahóp sa gayong kaiksíng panahón ay napatataopo't ibig nang manuluyan sa bahay ni Luis.

Sa tindáng-bayang dati dati'y muluwag na ná-kukunan nḡ ano mang máibig ó kailanḡan kaya sa bahay, ay untiunti nang pinagkakaitán ang matandang ali ni Luis, bagay na kung maalaman nito'y di naman mapaghabol ó máisama kaya nḡ loob, palibhasa'y mabuti na lamang at kahit nagmamaramót, ay may tindá siláng ná-kukunan nḡ tuyo ó tinapá kaya, niyang dalawang pang-karaniwang ulam nḡ mḡa nagsasalát na atin pa ring ibinubuwis sa mḡa insik. Madalás na si Luis ay maghamaghapong di sumisipót nḡ bahay, at waláng tigil nḡ kásasaliksik sa kun saan saang sulok, nḡ siwang na mapagsisingitan nḡ kanyáng katawán. Nḡuni't pagod lamang, pawis at pagdudumi nḡ damit ang kanyang nápapala: hindi pa rin siya nagkakapalad at waring nilalayuan

nḡ magandang pagkakataon, pagka't sa gayong pagsusumigasig ay *wala* nang *wala* ang natatamóng kasagutan. May mḡa gabí pa siyáng sinasamantalá at inilalakad din upang-dumalaw sa ilang kaibigang kanyáng inaakalang may magagawang malakí upang siya'y magkaroón nḡ pagkakakitaan, nḡuni't marami sa mḡa kaibigang iyon ang kung minsan pa'y napakakaila nanḡa sa bahay man at ang kawikaan nila'y baka manḡunḡutang si Luis kaya naparoroón. Ang mḡa *pakitang loob* na ito'y unti-unting nagpapasakláp sa damdamin ni Luis, at ibig nang lumayo, magpakalayo layo sa mḡa kaibigang iyon na sa kanyang pagkasawi'y di mangakadamay, nḡuni't sa tuwing maáalala ang limang bibig na kanyáng pinakakain at magugutom kundi siya kikilos, ay napipilitang dumulóg uli, tumugtog sa mḡa pintóng natugtugan na, at doo'y huminḡi nḡ kandili.

Dapwa't iyon at iyon din ang napagsasapit: palaging *wala*, sa *unang pagkakataón* ay *ipatawag kita*, ang mḡa kasagutang náririnig, at ang *pagkakataon* ay hindi na dumatíng datíng, at ang *walang* iyon ay di na nahalinhan nḡ *mayroon* kahit minsan. Siya nama'y di namimihikan sa paghanap: kahit ano ay mápapasok na lamang, siya'y hindi kabilang niyang nanḡamamatay hiya kung masabing mababang baytáng ang kinálalagyan. Napagtatalastás niya na sa loob nḡ isáng kapisanang pinaghaharian nḡ pagkaka-bukod bukod ay dapat na magyuko nḡ ulo maminsan minsan. Hindi tuwi na'y náipagmamalakí ang nálalaman, may mḡa pagkakataón sa buhay na ipinagsusuot nḡ magaspang na káyo.

Minsan at pagkagisíng na pagkagisíng nḡ umag-

ay nakita sa pahayagan niyang kinapapasulatan, ang isáng babalang na sa unang mukha at sa titik na ganga kalingkingan halos sa katabaan, ay nalalagay ang ganitó:

**“Kapalarang ipinagkakaloob**

Bigay lamang halos ang gagawin sa sino mang mákakasundo, n̄g isáng katungkulang isasahod n̄g di naman maliit na halaga buwan buwan. Samantalahín ninyo ang ganitó at magsadyá agad agad sa nan̄gan̄ailan̄gang Samahang Americano na na sa Escolta blg.....”

—Tila níkat din sa akin ang araw—ang nawika ni Luis n̄g mabasang makalawa ang gayóng babala. N̄gayón di’y paroroon akó at baka mau-nahan pa.

Nag-ayos lamang n̄g kaunti, uminom n̄g kapé at noon di’y nagbihis. Anhin na lamang ay marating ang Samahang americanong iyon na nan̄gan̄ailan̄gan n̄g mabibigyán n̄g isáng katungkulan kung makakasundo, at di n̄ga nagluwat ay han̄gin na n̄g ilog Pasig ang sa paglalagós niya sa isáng tuláy ay siyang nálan̄gap. Pagkababa sa tulay ay nag-alinlan̄gan pa mandin kung aling dako ang unang paghahanapan n̄g bilang na na sa babala. N̄guni’t hindi natagala’t sa dakong kaliwa siya lumakad na titingatingala at sa bawa’t sandali’y nápapatigil, mamaya’y sa pagtingin n̄g m̄ga bilang na na sa pinto, mamaya’y sa pag-ilag sa maraming taong nákaka-salubong.

—Bilang, bilang.....—at ulit ulit na ibinubulong n̄g pataás ang tingin ang nasasabi sa babala, na waring ipinan̄gan̄ambang baka málimutan, ó kaya’y malampasán n̄g hindi nákikita.



Hindi nagluwat at ang kábubulong niya'y nápatigil, ang bilang na hinahanap ay nakatitik sa itaás n̄g pintong kanyáng hinaharáp. Walang pangipan̄giming nasok at isáng: *magandang araw po* ang ibinati sa unang taong nákatagpo sa loob. Isáng mainam at malaking tindahan n̄g pahiyás na pawang mahahalaga, ang kanyáng kinálalagyan. Sa lahat n̄g dako n̄g tindahan ay nagsabit ang m̄ga orasang ginto, ang nag-iinamang cairrel sa piling n̄g iba pang m̄ga hiyas din, naghanay ang m̄ga sinsing na may nagkikislapang bató, ang iba't ibáng hugis na pangpalamuting likha n̄g arte, ano pa't sa pook na iyong nápapagitna sa apat na pader, ay nakukulóng ang di kakaunting kayamanan na kung sásalapi'y lalabis sa limangdaang libo. Lahat nang ito'y nápansin ni Luis sa isá lamang paraán n̄g mata sa m̄ga bagay niyang nákitang dóroon. Hinintay na siya'y sagutin n̄g pinagbigyán n̄g magandang araw na sa pinakadulo n̄g tinda ay nakaupong ang hinahalo'y isáng kahong lumalagusaw sa maraming pilak na lamán.

—Sandali po lamang—ang sagót n̄g naghahalong iyon—utang na loob po'y umupo kayo, samantalang tinatapos ko itong aking bibilangin—ang dugtong pa n̄g boong pag-galang.

Si Luis ay umupo naman at sa pagmamasid niya sa m̄ga pahiyas na naglagay sa magkabikabilang panig n̄g tindang iyon, ay napag-isipisip ang magagawang kagalingan sa gayong karaming salapi kung iúukol sa pagbibigay lunas sa katawhang lumuluha. ¿Saán kaya sinasangkap ang mahabang tanikalang iyon—aniya sa sarili.—na batbat na batbat n̄g makikinang na bató? Hindi

maipag-aalangang iyo'y gamit lamang upang dumingal na lalo ang kagayakan, upang mápabukod sa iba, upang hanġaan, takhán at ipalagay na mapalad—ang sagot nġ kanyá ring sarili.

Anong lakíng kayamanan nitóng sa palagay ni Luis ay magagamit na sa pagpapasimula at sa pagdaraos nġ isáng bagong paraang ikatutubós nġ mġa mangagawang paris niya na kailan ma'y apí, alipin at sakmal nġ puhunan. Sa kámamasid nġ sari saring pahiyás na doroong tumutudyó sa mahirap niyang buhay, sa pagmamalas nġ mġa singsíng, panusok, orasan at kung anó anó pang di man kailanġang talaga, ay kinakasangkapan naman nġ mġa mayroón upang lalong mapabukod sa mġa nagsasalát; ay napalarawan sa mġa matá ni Luis ang lahat nġ katiisan at paghihirap nġ mġa anak nġ dálita sa loob nġ mġa pagawaan, ang isá isáng tulo nġ pawis sa kanilang mġa pagód na noó, na katimbang nġ pagkaubos namán nġ kanilang mġa lakás, ang mġa pagkaapíng nilalagok dahil sa karamutan nġ puhunan, ang mġa pagkadusta dahil sa pagpapasasa nġ mġa may káya, ang walang katapusan nilang paghihikahós na nagbubuhát sa kaliliitan nġ sahod na hindi na naman madaragdagán pa, palibhasa'y itó ang siyang ipinakikinabang nġ mġa mámumuhunan, ang mġa anak anak nilang nákakaramay sa pagkagipít, ang kanilang pagkaalipin at palagi nang pagkautusáng diwa'y di na makapag-uutos kahit minsan man lamang; lahat nġ ito'y nagunita ni Luis sa pagkakaupong ang masid ay sa mġa pahiyas.

At ang naghahalo nġ maraming salapi, ang nagbibilang nġ di marahil dádaang piso, ay tsa

aling katwiran nanghahawak upang kumita ng libo, laksa araw-araw, halagang di man lamaag mahipo ng isang dukhang tumanda na sa pag-gawang walang likát! Bakit siya, na naroon lamang at nakaupo ay kikita pa ng mahigit kay sa isang maghamaghaon sa ínit, kay sa isang hubad barong ikinikilos ang boong katawán sa pag-gawa!

—Sasabihing di sasala na may puhunan siya at ang mangagawa'y wala—ang patuloy ng isipan at pagkukuro ni Luis. Totoo na nga, datapwa't ang puhunang iyang náipagmamalakí ay hindi talagang kanilá, kundi galing at sadyang bunga ng pawis ng dukha at kaya lamang na sa ílang kamay ngayón ay sapagka't iginagalang ng mga útos ang tinatawag na pag-aari ng isá't isá. Ang kasiraan ay na sa mga utos na iyang siyang batis ng tanang ikinasasawi ng mga mangagawa. Kapag nabago ang mga utos ay mag-iiba ng di gagaano ang kalagayang aping apí ng mga mangagawa—Dapat na ang pakásikapi'y ang ikaáalis sa paghahari ng mga paris nitóng malulupít mang panginoon ay sapilitang dúdulugan ng isang nagigipít na paris ko—ang wakás na salita sa sariling ang tingi'y sa nagbibilang.

Tila naman sinadya, ito'y nápatinín din kay Luis at sa pagtatama ng kanilang mata'y humingí pa mandin ng tawad ang manganlalakal at ang sabi.

—Ipatawad po ninyo't sandali na lamang.

—Huwag po kayóng mabahala kun sa akin—ang náisagót ng binata na nag-akalang kaya marahil siya pinagpapakitaan ng gayong giliw ng kaloban, ay sapagka't ipinalalagay na siya'y mamimili.

Ang tagintíng nḡ salaping hinahalo ay umaalinḡaw-nḡaw sa loob nḡ tinda at wari'y nagtatawág nḡ kapwa salapi ring ibig mákasama sa pagpapataba nḡ kabang walang kabusugan nḡ mánḡanḡalakal. Hindi sa loob lamang nḡ tinda umaabét ang tagintíng, sa lansanḡan ma'y ikinátitingin nḡ maraming tao sa loob nḡ tinda. Ilán pa sa mḡa nagdaraán ang sandaling napapatigil at ang akala'y kung anó ang gayóng pagkakaguló nḡ maraming pilak. Wiling wilí pa naman sana si Luis nḡ pagtingin sa isáng marikit na hikaw na ang anyo ay tila isáng bulaklak na sampagita at ang pinakatampok sa gitna ay isáng maníngning na bató, nḡ kaginsaginsa'y nápalinḡon siyang bigla sa may dakong pinto upang tingnán kung sino ang minura't sukat nḡ nagbibiláng sa loob.

—Ano ang ibig mo at tatayo tayo ka riyan, tekas?—ang galít at may dilat pa nḡ matáng salita nitó.

Sa bukás na pinto ay walang tekas na nakita si Luis nḡ ilinḡap ang mḡa matá, kundi isáng lalaki lamang na gulágulanit ang suót at pugay ang sombrero ang siyang hawak nḡ nakaunat na kamay na isinasahod sa may loob nḡ tinda. Ang tekas na sinino nḡ nagbibiláng nḡ salapi ay malumanay namang umalís nḡ mārínig ang gayóng pag-uusisa na may kahalo pang kagalitan.

Lumayong dahan dahan at nanḡanḡatal ang mḡa labi na tila may ibinubulong na pagtutol. Nang makasandali'y nagunita ni Luis na ang taong iyo'y di niya miminsang nakita. Sandaling inisip, at siya nḡa naman: yaon ang amáng nagsasanla nḡ lakás, at tila yaon din ang nagtapon nḡ kaputol na pilak sa tapat nḡ Malakanyang na kanyáng naa-

nagnág sa dilim at n̄gayo'y *tekas* na kung pamagatán. Sa nápakawksing panaho'y kay dali niyang nápailalim at nádaganan n̄ pagkadusta. Ang gayong nangyari'y nakapagpaakala na kay Luis kung anó ang taong kákausapin at pakikipagalamán tungkol sa babalang nábasa sa pahayagan n̄ umaga ring iyon, at siyang dalidaling ipinanaog kahit di pa nag-aagahan.

Kunót ang noó at íling íling pang ipinagpatuloy n̄ mán̄gan̄galakal ang pagbibiláng niyang naabalang sandali dahil sa pagkagalit sa *tekas* na kung ano't tumayo sa pintuan at doon pa naglahad n̄ kamay.

Ang *sandaling* ipinan̄gako kay Luis n̄ mán̄gan̄galakal, ay natagal tagalán din bago natapos.

—Kakaunti palá ang natubo ko sa tatlong araw—ang marahang sabi n̄ lumalapit na sa kináuupan n̄ binata, bago hinaráp itó, at ang wikang may kahalo pang n̄giti.

—Kay tagal ninyong naghintay íanó po? Hindi ko kasalanan, dahil sa maraming gagawin kaya ako naluwatán. Ano po ang maipaglilingkod ko sa inyo, may kailan̄gan ba kayong bilhin? Kayo'y mamili na, dito'y marami at sari saring m̄ga pahiyas ang inyong pagpipilian, may m̄ga singsing ako, orasan at kung anó anó pang pangpalamuti na pawang gintong may matataás na uri. Ako'y di nagbibili n̄ mababang gintó paris n̄ iba, kaya ako'y masuki. Pili na kayo n̄ bálang máibig. Tignán naman ninyo kung ang mábibili rito n̄gayo'y inyong ikahihiya. At ang nagparan̄galang mán̄gan̄galakal na naghihimutok na lumapit kay Luis sapagka't kakaunti ang natubo,

ay umanyong samahan ang binata sa lalong magandang poók ng tindahan.

—Patawarin po ninyo ako, pagka't hindi ako naparito upang mamili, kundi upang mag-usisa ng isang bagay—at sinabayan ni Luis ng pagdukot sa bulsa ng pahayagang kinakitaan ng babala tuloy kinadkad ito at ang dugtong—Sa pahayagang hawak ko'y may isang babalang nag-sasabi na sa tindang ito'y nangangailangan kayo ng isang kawaní, at kaya ako naparito'y upang alamín kun maári kong pasukan ang kinakailangan ninyong iyan.

Daig pa ang isang kulóg na ikinagulantang ng manganlalakal, ng gayong mga salita. Sa makatwid, ang tao palang kanya pang pinaupo at magiliw na pinakipag-usapan ay isa riyang sa mga manananghod ng papasukang araw-araw ay walang pagod sa kápanganamoy sa lahat ng sulok? Ang lalaki palang iyong umagang umaga'y nasok sa kanyang tinda at ipinalagay na isang mayamang taga lalawigan na naparito sa Maynila upang magtapon ng salapi, at salisalitaán lamang ay madaling bumili, ay isang patay gutom, walang paghahanap at dapat dakpin dahil sa hampas lupa? Ang pagkagunita ng lahat ng ito ay nagpaasim sa mukha ng manganlalakal na noon di'y natuyuang bigla ng mga salitang magigiliw, at sa mukhang mairog ay napahalili ang mukhang nakasimangot na karaniwan nang ipakiharap ng mga manganlalakal na paris niya sa sino mang maniningil kung nagtatapos ang buwan.

—Hampas lupa pala at patay gutom, ang kausap ko—ang wika sa sarili. Ay ano ngayon ang

ibig ninyo!—ang tanong kay Luis na tila may kahalo pang kaunting yamot.

—Alamin po kung anong kawaní ang inyong kailanġan—ang maliwanag nġuni't walang pakumbabang sagot nġ binata.

Bago sumagót, ay isáng paraán muna nġ tingġin mula sa ulo hangang paa ang ginawa nġ mánġanġalakal sa kanyáng kausap na naghahanáp nġ mápapasukan.

—Ang kailanġang ko rito—ang wikang-haring binitiwang—ay isáng kawaning máuutusan ko sa lahat, sa paglilinis sa loob nġ tinda, sa pagbubuhat nġ mġa kahong madalás kong tangapin, sa pagdadalá nġ mġa sulat sa correo at sa pagkuha roon nġ ano mang padalá sa akin, sa pagparoón sa Aduana kung may kukunin, ano pa't isáng utusán ang aking ibig na sasahod naman nġ ma-  
buti: labinglimang piso isáng buwan.

Munti nang masabi ni Luis, nġ madinig ang lahat nġ iyon, na nápakadaming gawa naman ang hinihinġi, gayong kaliít nġ sahod, nġuni't nagpigil na lamang, tiniím ang mġa bagáng at tinapunan nġ isáng makahulugáng tingġin ang kausap.

—Hindi ko matatangap ang nápakaliit na sahod na iyán—ang tugon sa mánġanġalakal—nápakaliit namang totoo at di bagay sa akin. Ipagpau-  
manhin ninyo ang aking pag-abala.

Noon di'y nagpaalam sa may-ari nġ tinda. Nang dumating sa lansanġan, at nġ mákasalamuha na nġ maraming taong naglalakarang pawang nagmamadali at hagibis na hagibis, ay náisalooob na napakaramot na talagá ang puhunan at walang sinisikap kundi ang makapiga, makahitít, maka-

sakmál. Bawa't másalubong ay tila kinábabasahan sa noó ng salitang *alipin*, maliban sa ilang nan̄aka magarang sasakyán na siyang mang-aalipin at m̄ga hari. Kay dami ng apí, kay dami ng dusta, kay dami ng nahihirapan—ang isinasaloob ni Luis hangang lumalakad.

Man̄gilann̄gilan sa m̄ga halos ay mákabunguang balikang kanyáng kakilala na kung minsay tanguán at madalás na pagpugayan kung na sa kabilang dako ng lansangan. Hanga't nálalapit siya sa Pasaje de Perez ay ginugunita kung sino sa m̄ga kakilalang iyon ang dapat dulugán upang katulungin sa paghanap ng mápapasukang kinkailan̄gan niyang talagá.

—Si Ramirez—ang wika sa sarili—ay kawani sa isáng bahay-kalakal maipasok kaya niya ako roón?—bago nilingon ang Ramirez na iyong nákasalubong niya at nákan̄gitian pang sandali, nguni't malayo na, at mamaya'y nánasok sa pinto ng isáng bahay-kalakal na karatig nito.

Paglampas sa Pasaje de Perez at pagkátapat sa isáng tindá ay isá na namáng kaibigan ang násalubong. Nguni't ang kaibigang ito'y bukod tangi sa ibang tumigil pa't kinamayán si Luis.

—Kay tagal nang di tayo nagkikita—ang bati kay Luis—Anó ang lagay mo ngayón?

—Ang lagay ko'y ang sa alamáng, paglukso ay patay—ang tugong may pangitingiti pa ni Luis.

—At wala ka bang napapasukan hangang ngayon?—Ang usisa ng kausap—nabalita ko ngang ikaw ay umalis kay Mr. Kilsberg, dahil sa ilang sanhing di ko na pakakasiyasatin ngayon, nguni't ang akala ko'y nakapasok ka na kahit saan, ang akala ko'y mayroon ka ng pinagkakakitaan.



—Wala pa n̄ga at siya kong nilalakad na kasalukuyan.

—Kaawáawa ka namán—ang marahang salita n̄g kausap—ay anó, nakatagpo ka na?

—Hindi pa. Lahat halos n̄g pintua'y napatauhan ko na, lahat n̄g m̄ga kakilala'y aking nadalaw, isá isáng kinausap ang m̄ga lalo kong matalik na kaibigan, ay wala ring mangyari. Bin̄gí na ako sa kápapakinig n̄g m̄ga salitang: *tignan natin, magbalík ka sa ibang araw, susulatan kita kung makátaos*, anó pa't lahat na n̄g m̄ga pabalát-bun̄ga'y nasok sa tain̄ga ko at napatala sa aking ala-ala, baga ma't hangá n̄gayo'y wala pa ni isáng natutupad. Gabí gabí halos ay nahihiga akong ang pag-asa'y na sa kinábukasan, sa umagang susunod na marañil ay itatangap ko n̄g isáng liham ó pasabi kaya n̄g m̄ga nagsipan̄gakong iyon, datapwa't wala, sa ano mang pagsikap ko'y di man lamang magtamó n̄g isáng katuwaáng sukat makaginhawa sa akin. N̄gayón n̄gayón lamang ay galing ako sa isáng tinda n̄g m̄ga pahiyas na nan̄gan̄gailan̄gan n̄g isáng kawani.

—Ay anó, nápapasok ka?—ang agaw n̄g kausap.

—Hindi n̄ga at di ko naibigan ang gagawin at ang ipasasahod. Magiging utusán ako at ang sasahuri'y labinglimang piso lamang.

Ang kausap ay nápan̄gan̄gá.

—Diyata't utusán?—ang tanóng na may pagtataká.

—Siya n̄ga—ang tugon ni Luis.—Utusáng maglilinis sa tinda, magiging taga-dalá n̄g sulat, taga buhat n̄g m̄ga kahon, taga paroón sa Aduana, kung kailan̄gan, at saka labinglimang piso ang

sahod. *!*May pagkasahol pa ba namang tutulad diyan?

—Napabuti ka n̄ hindi pagtangáp. Wastó ang ginawa mong pagtangí. Hindi tuwi na'y pasasakmal tayo, mamínsan minsá'y dapat din namáng magtaás n̄ ulo at tumutol, ipakilala sa m̄ga na sa itaás, na sa lupa man, sa hinahamak nilang kababaa'y may m̄ga batóng buháy rin.

Ang kaibigan ni Luis na nagsasalita n̄ ganitó sa gitna pa namán n̄ Escolta, ay isáng bata pa't di kágulanḡang totoo, na may asawa't m̄ga anak at may walong taon nang kawani sa isáng bahay kalakal na ang sinasahod lamang nama'y pípitong pung piso.

—Ako'y wala nang maisipang gawin—ang salita ni Luis n̄ makasandali—Ang tiyan ay di nada-daán sa panḡako.

—Hindi kita pinanḡanḡakuan n̄ anó man kaibigang Luis, datapwa't isinusumpa ko sa iyong kita'y ihananap n̄ kapapasukan—bago nagdukot n̄ orasan at ang wika—Diyan ka na, tanghali nang totoo.

—Pinasasalamatán kita n̄ labis dahil sa iyong pagkukusa, at wala akong ipinaaalala sa iyo kundi ang gipít kong kalagayan at paghihikahos n̄gayón.

—Hindi ko kalilimutan ang náipanḡako sa iyo. Diyan ka na—at pagkasalitá nito'y kinamayán si Luis.

Nang m̄ga sandali namang ito'y nanaba sa tulay na maliit n̄ Santa Cruz ang isáng magílas na automovil na dahil sa walang likat na pagpapatunog n̄ *gong* ay siyang ikinahahawi n̄ daán daáng kalesa na tuwing umaga at kung ga-

noóng m̄ga oras ay sadyang di magkágiitan sa Escolta.

Pagkatanaw na ni Luis sa automovil ay sumagi sa kanyáng gunita si Danding, ang iniirrog pa rin niyang dalaga, ang babaying langit n̄g kanyang ulilang palad. Si Rojaldeng kaagaw niya sa puso n̄g anák ni Don Nicanor, ang may ari n̄g automovil at siya n̄gang nasasakay ritong tulad sa isáng hari, na kinálilimbagan sa mukha n̄g taglay na kaligayahan, at n̄gingiti-n̄giti n̄g pakikipag-usap sa katabi sa upong tila naman nagmamalaki sapagka't siya'y kasama n̄g isáng pan̄ginoon n̄g pilak. Ang kasama, ang katabi at nagmamalaking kausap, ay si Don Nicanor, magiging biyanan ni Rojalde at isá sa m̄ga hadlang na nakasansala sa pagtatamo ni Luis n̄g kaligayahan. Pagkátapat n̄g automovil kay Luis, at aywan kun talagáng kinusa, ay lalong nagn̄gan̄gawa ang *gong*, lalong nag-ibayo ang kanyang m̄ga sigaw, na waring nagpaparangalan sa walang mapasukang binata n̄g kanyang katulina't pagkamaligaya naman n̄g pan̄ginoong násasakay.

Isá lamang namang tinginan ang ipinag-usap n̄g m̄ga matá ni Rojalde at ni Luis: ang tingin noo'y pag-aba at ang dito'y tila pagkahabág.

Ang ganitóng pagkakatatapunan n̄g m̄ga tingin ay hindi nápuna ni Don Nicanor na walang kamalayán sa m̄ga nangyayari sa kanyáng piling, palibhasa'y may hinahanap siya n̄g matá sa gayóng paglakad na naka automovil at kasama n̄g isáng ulo n̄g yaman. Ang hinahanap niya'y si Balani ó kaya'y si Barrientos upang máipagpaparangalan ang gayong kahilihili niyang palad.

—Kay buti n̄g magkaroón n̄g isáng magandá

at mabait na anák na dalaga—ang isinasalob, samantalang pinagpapahayagan ni Rojalde n̄g kanyáng m̄ga panukalang gawin kung náraraos na. Sa anó mang sabihin n̄g binata ay tan̄go n̄g tan̄go, walang tinututulang kahit anó at bagkus nakikiayon pa n̄g lubos, lalo n̄g masabi n̄g binata ang nais niyang ipaglakbay sa ibang lupain si Danding.

—Mabuti ang iyong balak—ang tugóng naálaala ang malapit niyang pagiging katiwala sa maraming kayamanan ni Rojalde samantalang wala rito at naglilibang sa ibang lupain silang mag-asawa—Hindi n̄ga papayag marahil si Titay, at sa akin man nama'y masákit din na ang kaisá isá kong anák ay mapasamalayo, n̄guni't ang lahat n̄g iya'y makakalapa na natin...

—Hindi po naman kami magluluwat, m̄ga tatlong buwan lamang, at ito'y katagalan na—ang putol n̄g binata.

—Ganoon palá lamang, huwag kang magalaala't akó ang bahala, pagdating ko sa bahay ay ipag-papauna ko na ang ganyang panukala mo.—Kung kay Titay ay huwag kang mag-alaala, asahan mo nang siya'y papayag. Maniwala ka sa akin.

Ang pag-uusap n̄g dalawa ay napatigil, at ang automovil ay biglang humintó. Mula sa may tapát n̄g isáng almacén ay tinatanaw sila ni Luis na násalangán na namán n̄g dating súgat, at sa pagkakatayo't pagmamalas na iyon sa kanyáng kaagaw at sa amá n̄g kanyang kasi ay nakágunita na namán n̄g m̄ga bagay at ala-ala tungkol sa pag-iibigan nilá ni Danding, pag-iibigang kulang palad at natapos sa pagdadalamhati n̄g kanilang m̄ga puso.

Ang pagkakataong ikinakita niya sa pagkakatabi sa upo ng dalawang may likha ng kanyang pagkasawi, ay nakabuhay na naman sa mga pag-aakala niyang laban sa mga kasalukuyang palakad sa pamumuhay. Sapagka't siya'y walang isang automovil, sapagka't siya'y wala ng pangalan at kayamanan ng isang Victorino Rojalde, ay magbabata ngayong mawalan ng isang Danding at maagawan ng pag-ibig na talagang kanya na.

Mula sa kinatatayuan ay nakitang ang dalawang pinagmamasda'y nasok sa tinda ng mga pahiyas na kanyang pinangalingan. Nakita rin naman kung paano ang pagkakayukod at magalak na pakikikamay ng mangangalakal na di pa natatagalang naghahandog sa kanya ng labinlimang pisong sahod. Nakita ang pagkásalubong nito sa pagbaba pa lamang ng dalawang iyon, at waring nasinag sa magiliw na anyong ipinakita ng mangangalakal, na nawala ang kabanGISang ipinakita ng palayasin ang tekas sa pinto ng kanyang tinda.

Matagal na sandaliug hinintay na lumabas ang dalawa, nguni't isang pangyayaring násaksihan niya ang ikinalibang at sukat. Ang nginalanang tekas ng mangangalakal na kinapulog niya, ang pinalayas sa pinto ng tinda sapagka't nangahas maglahad ng kamay, ay dalá na ng isang pulis na waring nagmamalaki sa gayong kabayaniban niyang ginawa.

Sa sunog na noo ng kaawa-awang dakip ay nababasa ang maraming katiisan at pagdaralitan dinanas, sa mga matang naglalaliman at may tiniging matatalim ay mahuhulaan ng kahit sino ang sunod sunod na pagkaing di niya ikinatikim

nḡ isá man lamang subo sapagka't walang pagkunan, sa nanḡanḡatog na katawán at sa tila di máigalaw na isáng bisig ay mapagkukuro nang siya'y di makagawa, at sa gulagulanít na damit na tumatakip sa kanyáng katawán ay mapatutunayan ang pagkamaawain nḡ isáng kapisanang may mayaman at mahirap. Ang pagkakahuli sa kanya'y ipinagtakang di gaano ni Luis at sa kanyang sarili'y tumutol, datapwa't náalaala noón din na may isáng utos nḡa paláng nagtatadhannang bawal ang pagpapalimos sa mḡa lansanḡan. Nágunitang dahil sa utos na iyon ay di na íisáng dukha ang naparusahang makulong sa Bilibid at walang pagsalang itó rin ang mangyayari sa nahuli.

Tinapunan nḡ isá pang tinḡin ang kulang palad na dakip, bago lumakad na pauwi sa kaniyang bahay, malungkot at ang náitatanóng sa sarili'y kun alin ang lalong mabuti sa magkaroon nḡ isáng kautusang nagbabawal nḡ pagpapalimos ó sa magpatayo nḡ isáng Bahay-Ampunan nḡ mḡa maralita.

Pagód, pawisán at hapong hapo nḡ dumating sa kanyang bahay. Doo'y panibago na namang lason ang nakahanda sa kanya. Sa hagdán pa lamang ay sinalubong na nḡ matandang ali upang pagpatalastasang sa tanghaling iyo'y may bigas nḡa silang náisaing, datapwa't walang náibili nḡ ulam.

—Mag sa matamis na lamang tayo—ang wikang may pagtulo nḡ luha nḡ matanda.

Si Luis ay hindi sumagot at tulóy tulóy sa pinakasilid nḡ bahay upang maghubad. Ang gayong dagok nḡ dalita ay nagíng patalím na tumarak sa kanyang dibdib, at umiwa sa kanyang

puso. Isáng buntong hiningá, isáng himutók ang nasnaw sa kanyáng bibíg, bungá nḡ pagkahabág sa sarili at nḡ napagsasapit na pagkasawi.

Sa labás ay nagkukumahog ang matanda sa pagsasandok nḡ kanin at paghahanda nḡ mata-mís na kanilang pananghalian. Sa bahay naman ni Don Nicanor at nḡ mḡa sandali ring iyon ay nánanhik itong masayáng masayá at isáng kahitang munti na nababalot nḡ terciopelong bughaw, ang daláng pagdaka'y iniabot sa nakanḡiting si ñora Titay.

—Itó ang ibig ko—ang nakatawang salita ni ñora Titay—Tingnan mo't hustong husto sa akin at totoó namang marikít—ang dugtong pang na sa daliri na ang isáng singsing na ipinakikita sa asawa.

—Dapat namang magíng marikit na talaga. Limangdaang piso ba nama'y..... ang di natapos na tugon ni Don Nicanor.

Sa umpok nḡ mag-anak ni Luis na nanananghali na noon ay ibang ibá ang usapan.

—Nápapasok ka ba?—ang tanong nḡ matanda.

—Hindi po, at nápakaliit na totoo ang sahod. Labinglimang piso isáng buwan at áalilain pa akó—ang sagot. Ang dalawang kapatid na dala-ga'y napatinḡin nḡ may halong pagtataka sa kapatid na nagsalita, samantalang ang dalawa pang kapatid niláng bunso ay pánḡatawanang nagsisikagát nḡ matamis.

Mapalad na kamusmusán!





## XIV

**K**AHINÁHINAYANG ang inyóng m̄ga pagpipi-  
lit na ginagawa: kailán ma'y di papasnaw  
sa bibig ko ang salitang pag-ibig.

Ganitó ang sagót ni Danding sa nagmamaka-  
among si Rojalde na sa pagkakaupo sa isáng sil-  
yang katapat n̄g dalaga ay naglalahad dito n̄g  
kanyang pusong umiirog. Ang ganitóng kasagu-  
tang di na míminsang náririnig sa sinisintá niyang  
binibini tuwíng kákausapin at siyang nátatamong  
pala kailán ma't magsusuób n̄g kamanyáng sa  
paanan n̄g ginigiliw, ay nagíging hirin sa kan-  
yang paglunok n̄g ligaya, lasong kumakamandag  
sa buo niyang katawán at bagay na nagpapaalab  
namang lalo sa kapootan niya't pagkasuklám sa  
may kagagawán n̄g lahat n̄g iyón: kay Luis.

Itó at di ibá ang tanġing may kasalanan n̄g  
lahat. Ang pinapag-úulap niyang pag-iisip n̄g  
sunód sunód na pag-kasawi sa pangġingibig na  
iyon; ay wala nang bahagya man lamang liwanag  
na sukat ikákita n̄g talagang di niya pagkama-  
palad, walang nátatanaw kundi pagkasahól, at  
inaaring sala ni Luis ang kasalanang talagá n̄g  
panahon. At sang-ayon sa paghahakang ito'y ibig



na putlín ang sanhi, sapagka't kung wala na ito'y lubós na namán ang kanyang kaligayahan at aliw.

Si Luis ay wala na sa pinapasukan, pinaalis n̄g may-ari n̄g bahay-kalakal na pinaglilingkuran, n̄guni't hindi pa rin sapát ang ganitó sa binábantang higantí ni Rojalde. Kung mapápatay lamang ay pápatayin si Luis, datapwa ang ganito'y masama at makatítigmak n̄g dugo sa malinis pa niyang kamay.

Sa sarili niya'y yari na ang isáng panukalang ipinaghihintay lamang n̄g pagkakataón saka gágawin. Ang matigás at di na matutulang sagót na narinig sa dalaga ay nag-udyók sa kanyang gawin at sukat, idaos ang sinabing panukala, upang mádali naman ang pagkápahamak n̄g marahil ay tumatawa sa kanyang binata. Pag naduhagi si Luis ay mamámatay na walang pagsala sa matá ni Danding, at siyáng siyá na lamang ang maghahari at gigitaw sa puso't kalooban n̄g dalaga. Itó ang kanyang ibig: kanyang buong buo.

—Oo, aking buong buo—ang bulóng sa sarili—at ang manghás na sino ma'y kaaway ko habang buhay,—bago hinaráp ang dalaga't ang sabi.

—Hanga n̄gayón ba nama'y m̄ga pag-apí ang patanaw mo sa akin? Ikaw na lamang ang di nagsawa n̄g pagpapahirap sa isáng di naman lumalaban, sa isáng walang pag-iisip na hindi iyó.

—At sinísisi ba ninyo akó?—ang marahan n̄guni't matigás na sagót ni Danding. Huwag ninyo ukong sisihin kundi ang pag-ibig kong di na mababawi sa nápaglagakan, sa nápagbigyán n̄g aking oo. Kailán ma'y pinagtapatán ko kayo, m̄ga salitang walang gayak ang aking ginamit, at sa akala ko'y wala kayong matwid na manisi pagkatapos.

—Totoó na n̄ga Danding. N̄guni't infibig kita n̄g higit kay sa aking buhay kaya ganitó na ang aking pagsamo, ang pagluhog na pinupuhunan. Kundi lamang sa pagkatalastás kong máliban sa iyo'y wala na akong ligaya, ay di na sana ako nagpumilit at binayaan kitang panatag. Hindi mangyari ang gayón, pagka't iniibig n̄ga kitá at minamahal. N̄gayón ay hinihintay ko ang awa mo naman sa akin.

Hindi kumibo ang dalaga. Sa di pag-kibo'y ipinahalata ang pagkayamót sa isáng salitaang nagpahayagan na niya n̄g sadyang nilóloob. Náramdaman naman agad ni Rojalde ang pagkayamót na yaon n̄g kausap at makasandali lamang ay nanaog na. Bahagya nang sinagót ni Danding n̄g mamaalam, at kundi lamang nápakahalay nang totoó, marahil ay di man pinakipagkamayán. Sa m̄ña magulang man ni Danding na nag-uusap noón sa isáng panig n̄g bahay ay nagpaalam si Rojalde, at ang madaling pagkakáalis na iyo'y pinuná ni ñora Titay.

—Kay dali mo namán—ang sabi sa binata. May naghihintay ba sa iyo? Wala naman yata'y dito ka na n̄ga maghapunan. May isáng ulam akong niluto na ibig ko'y mátikmán mo. Dito ka na kumain sana—ang tapos pa n̄g boong pagmamahal n̄g bibiyanin niyang babayi.

—Marami pong salamat—ang paklí ni Rojalde—Paalam na po.

Nang nakatalikod na sa mag-asawa si Rojalde, ay isáng “máalaala ko palá” ni ñora Titay rin, ang sandali pang ikinapigil n̄g áalis. Napasalamat si ñora Titay sa huling kaloób n̄g mayanang mámanugan̄gin na n̄g tanghali rin n̄g araw

na iyo'y idinating ni Don Nicanor. Kahiya hiya na raw naman silang totoó at walang máigaganti sa gayong m̄ga pakitang loob at patanaw na lalo pang nagpapaníngning sa kagandahang ugali ni Rojalde na bigay n̄g bigay ay di man lamang nila nápaglilingkuran sa kahit anó. Datapwa't isinagót n̄g pinagsasabihan na ang m̄ga pagkakaloób na iyo'y walang ibang kahulugán at hindi dapat pag-aalahanín ni ñora Titay. Mahigít pa sa roo'y mahihin̄gi sa kanya na sadyang natatalagá namang tumupad.

Pagkatapos n̄g ganitóng salitaan nilang násalawan pa n̄g ilang pakikitulong sa pagpapasalamat ni Don Nicanor, ay nábangit ang tungkol sa háharapíng pag-aasawa ni Danding at ni Rojalde sa papasok na buwan n̄g Mayo.

—Ikaw na ba sana ang bahalang kumalapa sa kabataan n̄g anák namin—ang pahatol na sabi ni ñora Titay—Siya'y walang kamalayán sa maraming bagay, at itó pa n̄ga ang inaalaala naming mag-asawa.

—Kun sa akin po ay hindi magíging sabíd ang lahat n̄g iyan—ang tugón naman n̄g binata—Ini-ibig ko siya n̄g gayón na lamang upang mátu-tong magpaumahanín sa anó man niyang pagkukulang. Makapaniniwala kayong sa aki'y di mag-aalaala n̄g anó man si Danding.

—Salamat kung magkakagayón—ang pakli n̄g ñora—at umaasa namán akóng mapagtitiisan mo ang aming anák, na nálalaman mo namang napakabata. Iyang kung minsay nápapansin mo sa kanyáng tila katabangáng loób ay walang anómán. Bungá lamang n̄g nais niyang sa m̄ga panahóng ito'y huwag munang tumalikod sa pag-

kadalaga na ayon sa sinabing minsan sa akin ay ipinagdurugo raw ng puso niyang talikdang madali. Ulit at ulit ang pagpapaalaala ko sa iyong huwag mo siyang pagpapansinín. Kung máraos na kayo ay saán ba di máhihilig din ang ka-looban niya sa maligayang buhay ng may-asawa.

Sa pagkárinig ni Rojalde ng ganitóng mgá paliwanag ay muntí nang maitutol na hindi iyon ang sanhi ng katabangang loób ni Danding, kundi si Luis na ng mgá sandaling iyo'y siyang nakatala sa kanyang ala-ala. Kun ang hangad lamang na huwag tumalikód agad sa masayang panahón ng kadalagahan, ang siyang sanhi, ay di naman sana nagpakatangí tangí ng gayon si Danding at dapat malamuyot ng kanyang matiyagang pagsamo. Inuulól kaya ako ni ñora Titay—ang naitanong sa sarili pagkatapos ng gayóng mgá paghuhulo hulo.—Hindi naman marahil—ang náisaloob pa—hindi mgá salitang paris ng kanyang binigkás, ang ipang-uulól. Marahil nga'y sinúsubok lamang ako ni Danding. Nguni't hindi rin, ang pagpayag niyang magíng asawa ko baga ma't walang pag-ibig, ay isáng bagay na di ko máwatasan, at kasukatán nang sanhi upang ipag-balik ko sa mahabang nalalakaran kundi lamang kahihiyang malaki ang áabutin.

—Iyang may mgá batang-loob ay ganyán na nga—ang patuloy ni ñora Titay—kung minsan at dahil sa kakapusán ng isip, ay nag-aakalang kapanǵanibán ang gumawa ng isáng bagay na sa wakás ay pakikinabangán nilá, at kung minsan nama'y naniniwalang maluwalhati ang isáng bagay ó panukalang kinákukublihan lamang ng maraming dálista. Násasabi ko ang ganitó at sa

akin ma'y nangyari noóng kadalagahan ko pa. Sa dinami dami ng nannginibig sa akin ay isa ang aking napupusuan, hindi sapagka't makisig ni mayaman, kundi talagang siyang nakabihag sa aking pag-irog. Ang pag-iibigan naming iyo'y tumagal ng may anim na buwan marahil na siya namang ipinagpapanbik sa amin ni Canoy. Sa mga unang araw pa lamang ay minapaít ko na ang taong ito—at itinuro si Don Nicanor na noo'y nagpapaakyát ng usok ng isang tabakong hinihitit sa mainam na kísame ng kanyang bahay—nguni't ang kinababagutan ko palang ito'y siya namang kinatipan ng mga magulang ko. Isang malaking sama ng loob ang aking tinamó ng maalaman ang gayon nguni't pagkaraan ay unti-unting napahilig ang kalooban ko kay Canoy, kaya ng iharap na kami at hangan sa mapadaos ay siya na lamang ang laman ng aking puso, ano pa't tunay ko nang iniibig. Hindi naman ganitó ang nangyayari kay Danding, kundi isa lamang pag-ayaw na mag-asawa agad, kaya lalong madaling lunasan, at di sasalang magkawatasan lamang kayo'y kapwa sasaligaya't magtatamasa ng maraming aliw. Maniwala ka sa akin: kabataan lamang ang nagdadala sa kanya.

—Ganyán din nga po ang palagay ko, kaya di na pinagpapapansing gaano ang maasim na mukhang ipinakikita ni Danding kung minsan—ang nasnaw na kasagutan sa bibig ni Rojalde, baga ma't sa kalooban niya'y laging bumubungo ang mga salita ng dalagang:—huwag ninyo akong hanapan ng pag-ibig, sapagka't ito'y náipaari ko na sa iba.

Nakakulang pa ring isang oras sila sa pag-uusap, at ang nagmamadaling si Rojalde'y di naman ki-

nahalatán ng pagmamadali nga, bagkus tila nawiwili sa pag-uusap na itóng ipinagkakatalastasan nila ng mga isinasalob. Nguni't ganitó ma'y di nahikayat si Rojalde na doón na nga maghapunán at ng makátikim ng umano'y masaráp na lutong ipinagpaparangalan ni ñora Titay. Kawikaan niya'y di na namán sararáp sa mga ulam sa kanyang bahay ang patitikmang iyon. At saka talagang sa kalooban niya'y ipinagnngingitngit ang matibay na pagtangí ng dalaga na siya'y ibigin. Kundi lamang malalagay na ng kahiyabiya ay isinalaysay sana sa mga kausap ang katigasang loob ni Danding, ang palagi nang bukung bibig nitó na di makaiibig kailán man, at nais din namang usisain kuang wala silang malay sa di malimutlimutang pag-ibig ng kanyang kasi kay Luis, ang binatang kaaway niyang talagá mula ng matalastás niyang kaágaw sa puso ni Danding. Datapwa't isang malaking kahihyan ang ikinapipigil, isang paglingap sa sarili ang di ikabuká ng bibig nang ang lahat ng iyo'y lulan na ng dila.

Hindi niya mapaniwalang kabataang loob nga ang nag-uutos kay Danding. Talagang matibay ang pag-irog nitó kay Luis, kundi ba naman ay anót di na naawa sa kanya at di man lamang natutong magpagiliw sa lahat niyang pagpapa-god? Kundi pa naman pag-ibig ang magpagawa ng isang chalét, kundi pa naman pag-ibig na dakila ang magbilin ng lalong mahal na mga halaman kahit sa ibang lupain, upang máitanim lamang sa halamanang kanyang ipinagawa, at kundi pa pagmamahal ang maghandog ng mga pahiyas na nagkahalagá ng may sampung libong piso; ay wala nang pangalawá ang ganyang paglilingkod sa

isáng dalaga. Oo, walang wala na—ang náitapos sa ganitóng pagmumuni n̄g binatang nakatayo't nagpapaalam na namang muli.

Datapwa't sa kanilang usapa'y tila sinadya n̄g mag-asawang itakda na tuloy pati araw n̄g pag-iisáng dibdib n̄g dalawa, kaya't bago nápapanaog si Rojalde ay natalos nang sa ika 27 n̄g Mayong papasok idaraos ang kanilang kasal. Mabuting araw itó, ayon kay Don Nicanor, sapagka't una una'y lingó, at saka di na ikagagahól sa m̄ga paghahandang kailan̄gan sa isáng nápakalaking bagay na paris n̄g gagawin.

—Huwag n̄ga sa araw na iyan—ang sabi ni ñora Titay pagkatapos mapagsangunian ang isáng kalendariong na sa may ulunan niya—bagong buwan pa naman, iya'y pamahiin n̄g matatanda. Di raw nagtatamong pala ang m̄ga pag-aasawa sa bago at nagpapatay na buwan.

—Hús, hindi, sabihin mo'y mabuti n̄ga't pasikát pa lamang—ang saló agad ni Don Nicanor.—Hindi na naman kumibo si ñora Titay at ang pinagparuna'y idáraos din lamang ay mabuti n̄gang mápadaos na agad.

Kasiyaháng loob at pagkagalák ang taglay ni Rojalde n̄g mapanaog sa lupa, at di man dinaragan si Carlos gayong náhuling nag-aantok sa loob n̄g kalesin. Isáng: gising na Carlos—ang kanya lamang nasabi at pagkuwa'y nakyát, umupo, at pinabayaan ang takbó n̄g kanyáng alásán.

—Akin ka na Danding, aking akin lamang. Ka-kaunti n̄g panahon ang ipagtitiís ko, sandali na lamang at ang mainam kong chalét ay pamamahayan n̄g pinopoon n̄g aking puso.

M̄ga ganitóng ísipang pawang magíliw ang nag-

halihaliling kumaulayaw kay Rojalde habang si-násagap ang mabining simoy ng gayóng kagan-dang gabi ng Abril.

—Nápaakin ka rin minamahal ko, akin ka na, oo, akin—ang ibinubulong bulong na may halo pang mga ngiti. Nguni't wari'y itinaóng sa isáng panig ng lansangá'y námatamataan si Luis na anyong tumututol sa gayong mga salita. Sa pag-kabigla ni Rojalde ay násisip pasagasaan ang kanyáng kaagaw, na tahimik namáng nakatayo sa tapat ng isáng maliwanag na elektrika at waring may hinihintay. Nguni't ng isulyap sa ibang dako ang kanyáng mga matá ay isáng pulis ang ná-mataan.

—Kung mapapatay lamang kita!—ang nagnngi-ngitngit na salita mula sa loob ng kalesin na manglilisik ang mga matá at nakaakmang may sasakalin ang mga daliri ng kanang kamay—ikaw ang maysala ng di ko pagtatamó ng kaligayahan, ikaw ang sanhing di ikáibig sa akin ni Danding, ikaw ang tinik sa aking lalamunan. Walang wala na akong ipagbabatá. Ngayon di'y ilalagda ko ang kahatulán laban sa iyo, ngayón din Luis, maniwala ka—at sa isipan niya'y pinag-ayos na mabuti ang isáng panukalang mata-gal nang binabalangkás. Sa gunita niya'y isá isá na namang nágising ang mga salita ni Danding sa pag-uusap nilang di pa nalalaon, at habang naáalaala ang lahat, ay lalo namang nag-uulól ang kapootán kay Luis na ng lingunín niya'y naroón pa ri't nakatayo.

Nalimutan pati ng maligayang usapan nila ng kanyang mga bibiyanin. Walang ibang sumilíd sa kanyang kalooban kung hindi ang nais na



maghiganti sa binatang ipinagtatanim, na ibig mákitang tinitisod tisod n̄g lahat. Libo, laksang m̄ga panukala, pakana at m̄ga lalang ang namumugad sa isip ni Rojalde tuwing maáalaala si Luis, datapwa't sa kalakhán n̄g paghihiganting ibig gawin, ang anó mang maisip ay ipinalalagay na walang halagá at di bagay sa kanyáng pina-panukala. Ibig niya'y isáng bagay na ikawawalang kabuluhán ni Luis, isáng paraang malinis, isáng pagkapahamak na sa kasalukuyan at hináharáp pa ay ikamatay sa matá n̄g tanan n̄g binatang pinagbubudhián. Náisip na ipapatay si Luis upang makapagsarili sa puso ni Danding, náisip na ito'y ihimatong sa m̄ga puno at sabihing kaalám sa ligalig na naghahari upang máparusahan, n̄g uni't ang m̄ga ísipang ito'y ipinalalagay na marupók at walang gaanong bisa.

Ang pagdidila kay Mr. Kilsberg, ay siyáng pinakapasimula n̄g paraán niyang inakalang gawin sa hulí.

—Panahón na n̄gayong tupdin ko ang ikalawang bahagi n̄g aking ginawa. Sa unang hakbang ay dapat isunod ang pangalawá. Lakás loob Rojalde. Itong si Carlos—ang patuloy na munimuni—ay siya ko na yatang kasangkapanin—bago tiningnán n̄g matagal ang kanyáng kotsero, na walang kamalak malak sa nangyayari at ang hinaharáp na matamán ay ang pagpapatakbo—n̄g uni't hindi, hindi ganitóng tao ang aking kailanġan. Ang Carlos na itó ay baka magpaikit n̄g dila kung dumating ang panahón, bakit n̄ga mukhang duwag at tila walang pusong matibay. Iba, iba ang aking kákatulunġin—at sumandal na nagpakabuti sa kanyáng hiligáng m̄ga unan unanang

sutla. Kailanġan ko ang isáing taong walang inaalaala at may pakundanġan sa akin upang huwag akong ipahamak. Ang sisikapin ko nġayo'y humanap nġ taong iyan. Sa malapad na Maynilang ito'y di mawawalan nġ isáing magbibili nġ kanyang laya at pagkatao sa loob lamang naman nġ mġa ilang taón.

Kunót ang noo't ábot ang mġa kilay na isá isáing ginunita ang mġa nagkakautang sa kanya nġ loób. Marami siyang nágunita, nġuni't mġa taong di niya madudulugán nġ isáing panukalang marunġis na paris nġ binabalak, sapagka't mġa kapantáy rin niya kundi man sa yaman, ay sa pagkatao at buhay na hayag. Sa mġa nagkakautang sa kanya nġ malalaking halaga, ay una unang nágunita si Don Nicanor, nġuni't ito'y di dapat pagpaalaman nġ gayóng munukala, bukod pa sa di namán makikiayon sa gagawin, sakali mang hikayatin, isá pang may utang din sa kanya at kailán mang sisingili'y madahiláng totoó, hangang sa pinagiisipan na tuloy ni Rojaldeng isakdat sa mġa hukuman, ay di rin magagamit sa binabanta sapagka't mananamantaláng di sasala. Ang hanap ni Rojalde'y isáing taong mura niyang mábibili at di magpapahamak kung sakasakali.

—Isáing taong ganitó sana ang mátagpuan ko— ang sinasabi sabi—Sa marami kong kakilala ay wala akong mápisil at lalo na sa mġa kung tumawag sa aki'y kaibigan. Isá man sa kanila'y di ko magagamit at sa samantala'y magtatagál pa ang di pagkatupad nġ aking higantí, at pag nagkabihihi'y mákakaisáng palad ko si Danding na si Luis pa rin ang kanyáng iniibig. Itó ang di ko malalagok, itó ang di ko mapapayagan.

Kung talagang ayaw siya sa akin, ay mapahamak naman ang Luis na iyan. Nguni't inásaan at sinong tao ang kákatulungin ko?

Panibago na namang pagkukuro, panibago na namang paglalarawan sa sarili ng mga tíkas kaibigan na matá'y man niyang tanungin ay di man ng akapagpaoo.

—Napipi na kayong lahat sa aking pithaya—ang nasasabi ng binata—isá man sa inyo'y di natutong magpairog at ako'y binayaan na ninyong mag-isá. May mga sandaling kayo man mga giliw kong kaibigan ay masasama na rin at kaaway ko! —ang náidugtong na may pagnngitngit pa ni Rojalde.

—Saan po tayo paroroón señorito?—ang magalang na usisa ni Carlos. Siya, bago sumagot ay nagbunot ng orasan at sa maliwanag na ilaw ng parol ng kalesin ay tiningnan kun ano nang oras. Mag-iika siyam lamang ng gabi. Nápakaga pa at ang sandaling ito'y masasamantalá sa pagparoon sa Club na kanyang kináaniban upang makinig sa napakamahalagang salaysay ng isá niyang kaibigan at kasapi rin sa Club, hingil sa kabuhayan at paglalagay ng sungay sa nápakabait na asawa ng isang marangal na babaying ipinakamagalang sa mga lipunan ng Maynila. Bakit ang salaysay ay lampás na sa kalagitnaan at ng gabing iyon matatapos sa pagtuturo ng nagsasalita kun saan saang sulok nagkikita ang magkálunya, kung ilán nang pinto sa Kamaynilaan ang nagagawa nilang *paraiso*, at kung anó namang mga paraán ang tinátahi ng babayi upang makaalis tuwi na sa bahay na sarili at ng makadalo, sa mga tiyapan nila. Sa gabing iyong ikatatapos

n̄g salaysay, ay isá rin naman sa m̄ga kasapi, isáng ayaw maniwala sa kapurihan at pagkamalinis n̄g sino mang maran̄gal na babayi, ang nan̄gakong magpahapunan, kaya sa pagkakita ni Rojalde n̄g oras, ay inakalang sa Club ay nagkakaumpugan na marahil ang m̄ga kopang puno n̄g masasaráp na alak, at ang m̄ga ulam namang naglagay sa mesa ay untúnting naúbos, dahan dahang nálibing sa m̄ga tiyan n̄g doo'y nan̄gagkakatipon.

Waring nápapakingan ang palakpaka't pagkakuwa n̄g m̄ga nag-uusap, waring sa m̄ga tayn̄ga niya'y sumasapit ang lahat n̄g sinásabi n̄g mananalaysay na nagpapakalan̄gó naman sa pagpuri n̄g m̄ga kaibigang kasalo. Tila náririnig ang pagsumpa n̄g ilan na sila'y di na mangag-aasawa kung gayóng babayi rin lamang ang magiging palad, na sa ilalim n̄g isáng kabaitan at pagkamalinis na kunwa'y taglay ay isáng kaluluwang nasasaputan n̄g pusali, ang itinatago. Gayon man ay may mangisán̄gisá ring nagsasabi na hindi lahat n̄g babayi'y masama na: saán mang gubat ay may ahas, datapwa't ang ganitóng pagtatangol ay nagiging sanhi lamang n̄g m̄ga pagtawa at pagbiro n̄g nan̄garoroon: ang pigíng na ginagawa'y upang ipagdiwang ang pagkatalastás nilá sa isáng mahalagáng lihim na di nalalaman n̄g marami, sa likaw n̄g bituka n̄g isáng babaying di ipalalagay n̄g kahit sinong gagamit n̄g gayong mahalay na pag-uugali. Sa lupong iyon ay masasayang lamang ang anó mang pagtatangol: sa paniwala n̄g lahat, lubha pa't pagkatapos na marinig ang gayong katotohanan, ay wala isá mang babayi na sukat pagtiwalaan, pawang mang-uulól, pawang

makasalanan. Lahat nang itó'y nákinikinita ni Rojaldeng siyang nangyayari sa Club

Ibíg ibíg sanang paroón upang makipagkatuwa sa mġa kaibigan, datapwa't ang kahalagahan ng pinapanukalang bágay, ang pagnanais niyang makápaghiganti agad; ay siyang ikinabuo sa loob ng adhikang makibalita na lamang sa kinábukasan ng mġa nangyari sa pigíng, at ang harapin ng lubós na lubós ay ang kanyang banta.

—Sa bahay na—ang sagot sa kotserong diwa'y sa paghihintay ng isasagot ng panginoón ay nagpahina ng takbo бага ma't handang magpatulin kailan ma't makaramdam ng isang pagkamuhi ng kanyang señorito.

Ang utos na ito'y tila nagpatubo ng maraming pakpak sa mġa paa ng alasan, na gayong di man lamang aabot ni sa kalahati ng di sasalang pagkamatulin ni S. Francisco, na inilalarawang may pakpak sa boong bahagi ng katawán at anyong kun sa lípara'y di padadaig sa lalo mang makisig na sasabunġin; ay di nag-igláp at nakarating sa tapat ng pinto ng marikit na bahay ng mayamang si Rojalde.

Nang gabing ito'y di na kinailanġan ang dalidaling pagbubukás ng isang matandang Simo. Ang pinto ay bukás na talagá, aywán kun dahil sa maaga pa namán ó talagang di na ibig ng matandang bantay na siya'y makákita sa mukha ng panginoón ng *anó mang bakás* ng sama ng loob. Madaling nakyát at bahagya nang tumugón sa magalang na: *magandang gabi po* ni matandang Simo si Rojalde. Pagdating sa itaás ay nasok sa kanyang silíd at pinalitán ng isang *kimono*, ang magara niyang suot na pantalo't americanang sutla.

Sa pinakadapuga't kakanán ng malaking bahay ang maagang pagkáuwi ng binatang panginoón ay nagiging sanhi ng mga pagtatalo at sarisaring úsapan. Si Román ang lalong nabagót sa kátutugón sa tanóng ng isá, sa usisa noón, at sa pag-ukilkil ng mga nápakalurit niyang kausap.

—Saán kayó galing?—Kay aga ninyong umuwi—Tila mabuti ang ulo—Hindi na ba kayo aalis?—Ganitóng mga tanóng at pagsisiyasat ang ibig sagutíng minsanan ni Román baga ma't di mang-yari palibhasa'y nalilitó siya at di maalaman kun sino ang unang pagbibigyang lugod. Mabuti na lamang at inabuluyan siya ni Gunday na noo'y sásisipót kun saan galing, at siyang di nahiya ni Román sa una pa lamang pagtatanóng.

—Kami'y galing sa Sta. Cruz, sa bahay ng magiging panginoón nating babayi at mula roo'y nagtúluyan na kami rito ng walang pasabit sabit na gaya ng karaniwan.

Ilán sa mga nakákarinig ang nagsipaniwala sa gayóng paliwanag, nguni't mayroón din namáng hindi, bagkus nagtatanóng pa ng kung anó-anó. Si Román ay nagbingibingihan na at ang pinákaharap na mabuti'y si Gunday na mamaya'y tingnán ng maluwat, mamaya'y sulyapán ng may kindát na kahalo, at mamaya'y tingnán ng pagkápungay pungay. Ang gayóng gawa ni Román ay ná pansin ng isá sa mga nag-úsisisa, kaya ná-pauwi sa tudyuhan at biruán ang salitaan hangang sa si Gunday ay mapuno at masok sa kanyang silid na búbulong bulong, kasunód ang isang mahugong na halakhakan.

Isang tugtog ng kampanya, palatandaan ni Rojalde kung tinátawag ang kanyang katiwala

sa bahay ang siyang ikinaputol agád n̄g tawan. Ang tinawag ay patakbo halos na lumapit sa panginoon at magalang na tumanóng dito kun anó ang ipag-uutos.

Si Rojalde ay nakaupo sa isáng mainam na silyóng sa sandala'y kinátatalaan pa n̄g pangalan niya't pamagát na nagkákakawing. Ang maliwanag na ilaw n̄g isáng bombilla ay tumatama sa kanyáng nakatun̄góng noó, samantalang hawak ang isáng pahayagang binabasa basa.

—Bigyán mo akó n̄g isáng kopang Rioja—ang wika—at pagkatapos ay ihanda na ang aking hapunan.

Matulin pa kay sa pinagkakasaktán n̄g malubha, na ang katiwala ni Rojalde ay nagsalin sa isáng mainam na copa n̄g kaunting alak na kulay ginto, bago tinawag si Gunday at pinagsabihang maghanda n̄g pagkain. Tunog n̄g pingan at m̄ga basong gágamitin sa mesa ang nárinig pagkatapos, samantalang sa loob n̄g silid ay nakahilig sa silyóng nilalasap ni Rojalde ang lasa n̄g Riojang kulay ginto at ang naáalaala na nama'y ang pagkakatwa sa Club n̄g kanyáng m̄ga kaibigan. Nang masok uli ang katiwala upang sabihing handa na ang pagkain, ay ibang bagay na ang náisip ni Rojalde: si Luis na kanyáng kaagáw at kun sino ang mágagamit sa pagpapahamak dito.

—Isáng katulong, isáng katulong ang aking kailan̄gan—ang ibinubulong n̄g lumalabás na sa pinto at hangang sa umupo sa mesa ay itó pa rin ang sinásabi. Ang paghanap n̄g kinákailan̄gang katulong ay kasama n̄g masasaráp na ulam na n̄ginun̄guyanguya niya sa pagkain, hangang sa

nḡ maubos ang isáng pingang pugò na totoo niyang násarapan, ay tila nakátaos nḡ isáng mákakatulóng pagka't noón di'y tinawag ang katiwala at may sinabing marahan dito.

Pinakátalasan man nḡ mḡa alilang kaharáp ang kanilang tainḡa sa pakikinig nḡ gayóng sinabi, ay walang náwatasan kundi ang mḡa salitang *papanhikin maya maya* nḡ kaunti. Hangang dito na lamang ang kanilang nárinig at ang dating mḡa katalasa'y sumukò sa nápakarahang bulóng nḡ panginoong kumákain.

Lahat nḡ naroroón lubha pa si Gunday na siyang taḡa-abot nḡ mḡa pingan nḡ ulam sa katiwala upang idulot naman nito sa panginoón; ay walang inabatan kundi matapos ang pagkain upang máusisa sa katiwala kun sino ang pinapápanhik nḡ panginoón. Nḡuni't talagáng tinitikís yata ni Rojalde ang pagkainip nḡ mḡa alagád, sapagka't laban sa kinágawian na niyang ugali ay doón pa uminón nḡ capé at humitít nḡ isáng tabako. Ang unang pagpa sa labas nḡ katiwala ay sinamantalá ni Gunday upang usisain kun sino ang pinaáakyat, nḡuni't ang tinanóng ay di man sumagót nḡ kahit anó bagkus nagpakita pa nḡ kayamután.

—Huwag ka nḡang mag-uusisâ Gunday at wala kang maáalamang anó man sa akin—itó ang naging sagót nḡ katiwala nang totoong yamót na sa walang tantáng kátatanong ni Gunday. Alám namán nitó ang ugali nḡ kinákausap na mahírap pilitin sa di niya ibig, kaya ang nagsisiyasat ay hindi na kumibo at nagkasiya na lamang sa mḡa pagmumunimoni.

Si Rojalde ay nasok sa kanyáng silíd, pagkatapos maisip sa pag-inóm pa nḡ capé, kung anó



ang kanyang sásabihin sa kanyáng ipinatatawag upang mahikayat, at sundin n̄g boong pagtatapat ang kanyáng m̄ga iútos. .

Kailan ma'y inakala niyang upang makagawa ang isáng tao n̄g anó man, ay kailangan ang salapi, kaya sa minumunakala mang ito'y tinataya na kung magkaano ang kanyáng magúgugol.

—Magkahalagá man n̄g gaano ay aking gágawin—ang wika sa sarili—huwag lamang sa tuwi tuwi'y magíng sabid si Luis sa aking paglakad. Siyáng napakaliit ang makaábala sa akin? Nakakukutya! Nguni't hindi paris ko ang úurong sa ganitóng labanán. Humalik sa alabok ang walang itatagal, magbali n̄g tuhod ang masupil, n̄guni't gagawin ko ang lahat n̄g magagawa. Magkahalagá man n̄g gaano, si Luis ay mapapahamak, ito'y aking isinusumpa.

At pagkasabi nito'y tila isáng may kinagagalitang nagyao't parito sa loob n̄g silíd, walang kápalagyan, mamaya'y tignan ang orasan, mamaya'y pakingán kung may dumárating na tao.

—Isinusumpa ko, isinusumpa ko—ang úlit úlit na sabing pasuntók ang m̄ga kamay—Hindi ko ibig ang magpahamak, datapwa't pinípilit ako n̄g m̄ga nangyayari. Isáng Rojalde, isáng pinananalaytayan n̄g dugong malinaw n̄g m̄ga may salapi, ang maduduhagi sa pag-ibig? Ito'y ka-hiya hiyang totoo. Akó na saán mang dako ay nagíng mapalad at di napahiya, salamat sa aking salapi, ang dito pa namán sa bayang sarili'y magtatamó n̄g kahihiyán. Há, ha, há!—ang dugtong na halakhák—katawa tawa, oo!

Sa pagkapagod marahil sa káyayao't dito sa loob n̄g di rin naman maliit na silid, si Rojalde

ay nápaupo at ang hinawakan nama'y ang paha-yagang binábasá basá bago maghapunan. Nguni't isáng pagwawaksi nitó makasandali lamang ang nagpatotoong sa pagbasa ma'y di rin siya mawili. Nápapako sa kanyang isip ang inaakalang gawín. Walang pinag-aakala kundi ang pananalitang gá-gamitin sa hinihintay niyang kinaiinip inipán na.

Tatawagin na sana ang katiwala upang ipaalala ang kanyáng sinabi, nang kaginsa ginsa'y nakárinig nḡ dalawang tuktók na marahan sa pinto.

—Tuloy—ang salita ni Rojalde mula sa loob.

Bago nakahakbáng nḡ papasók sa loob nḡ silid ang pinatútulóy ay di gagaanong *susmaresep* ang nábangit nḡ marahan. Naálaala pa niya ang pagkásigaw sa kanyá isáng gabi nḡ panginoóng noo'y kakausapin.

—Tuloy ka—ang ulit na namang salita nḡ panginoón—Masok ka Pedro—ang dugtong pa nḡ makasandali.

Ang pinapasok na si Pedro, ang sota ni Rojalde, ay bahagya nang nakapanḡahas nḡ dalawang hakbang na papaloob. Doón na lamang napatigil. Nang ilapat ni Rojalde ang pintuan ay inakala ni Pedrong siya'y búbugbugin, kaya lumimḡap na nḡ sulok na mápagtataguan kung sakali. Gayon na lamang ang takot niya kay Rojalde. Nguni't nápatabimik at pinagsaulan nḡ loob nḡ makitang nupo ang panginoon at lalo pang nagkaroón nḡ katiwalaán nḡ siya'y piling maupo rin namán.

Pagkasarap sarap nḡ mḡa pakitang loob na noo'y nátikman ni Pedro, kaya násasabi tuloy sa sarili na ang kabutihán nḡ kanyang panginoon

ay di na mákikita sa sino mang mápaglilingkuran pa niya sa hinaharap. Ang lahat naman n̄g iyo'y kinukusa ni Rojalde upang másilo si Pedro at nang ito'y madalá saan man ibigin.

Sinimulán sa pagsasabing 'may isá siyang bagay na ipagagawa at walang ibang mapagkakatiwalaan nito kundi si Pedro lamang, na inaasahan niyang di naman tátangi kung hingán n̄g isáng katibayan n̄g kanyáng pagkamatapát na loob.

—Di kasi po—ang tugón ni Pedrong takang taká sa biglang pagtitiwalang iyon sa kanya n̄g panginoón, bagay na may malaking kahulugán sa isáng naglilingkod sa ibang taong paris niya.—Kung sa inyo po'y nátatalagá akong maglingkod at kayahin ang bagay mang hindi kaya—ang pangako pa mandin n̄g sota.

—Pedro, huwag kang magdumali—ang pakli ni Rojalde—Ang bagay na ipagagawa ko sa iyo'y ikápapasok mo sa Bilibid.

Sa pagsasabi n̄g ganitó ni Rojalde ay isinabay ang pagpapako n̄g tingin sa mukha n̄g kausap, na biglang biglang kinálimbagan n̄g pamumutla at pagkatakot, at ang m̄ga matang di pa natatagalang nagpapahayag n̄g katiwalaáng loób, sa masíd ni Rojalde'y nawalán n̄g buhay at dilát na dilát na tila nag-aalinlangan sa kanyang ná-kikita at náririnig. Inakala ni Rojalde na itó ang pagkakataóng masásamantala upang biglaín ang gatong, kaya walang pinalibang sandali at ang patuloy:

—N̄guni't huwag mo namang akalaing walang mákakapalit na ginhawa ang pagkabilango mo kung sakali. Ikaw ay payayamanin ko. Limanglibong piso ang ibabayad ko sa iyong paglilingkod

na gágawin sa akin. May m̄ga sapát akóng kalyamanang sukat ipagíng matibay n̄g aking salita. N̄gayón ay hiníhintay ko ang iyong pasiya: oo ó hindi.

—Limang libong piso at saka Bilibid,—ang m̄ga salitang ikinátigil na sandali ni Pedro: pag tinangihan niya ang salapi ay wala siyang ginhawa at pag itó namán ang inibig ay may kapalit na lason. Putong may kapatíd na pamalo, ginhawang ikápipiít, ang gayang alók n̄g panginoón. Ang pagkamarangal na katutubo sa tao'y siyang nagudyok kay Pedrong tignán n̄g tingíng matapang ang panginoóng nagsalita, ipinalagay sa sariling ito'y nápakaaba at walang dangal; n̄guni't si Rojalde'y may sinásabi na naman at tila binabantang huwag bigyán n̄g panahón ang alila upang makapagkuro kuro pa.

—Oo, ó hindi, sagutín mo akó—ang wika. Marahil ay akalain mo n̄gayong ako'y napakasama na, ako'y walang dangal at nagnanasang kita'y ipahamak. Ito n̄ga ang iyong hinala, sa m̄ga tingin mo'y aking napagkíkilala, datapwa't isip-isipin mo namán, malumanay mong kuruin, at ipagpapasalamat mo pa sa akin ang ginagawa kong kita ang unang hingán n̄g paglilingkod na kailanngan ko at hindi ibang tao na mapagkakatiwalaan ko rin naman.

—Ang mábilibid, ang mábilibid.....—ang putól putól na sabing nápakarahan at wari'y pag-kausap sa sarili ni Pedro.

—Ulól, kay hina n̄g ísipan mo—ang paklí ni Rojalde. Ay anó kung mábilibid ka? Sa dalawáng taón bang ikakukulóng mo kung sakali, at kung narito ka sa labas na may pagkain at damit pang

bíbilhin; ay makatitipon ka nḡ limang libong piso? Hindi, ang maging sampung taón ma'y di ka rin kikita nḡ gayong halagá! Dapat mong unawaing sa buhay na ito'y una sa lahat ang salapi. Ibig mong guminhawa, mátuto kang mag-tiís: walang ligaya sa buhay na di pinamuhunanan nḡ pagod.

—Totoó na nḡa po, nḡuni't ang aking puri, ang sarili kong budhi.

Mḡa kaululán iyang pinagpapániwalaán mo at siyang di ilago nḡ buhay nḡ marami. Ang puri, ang sariling budhi? Iya'y mḡa salitang likha likha lamang, jilan ang walang puring nagkalat diyan na sapagka't may salapi'y mararangal kung tagagin? Ilang walang budhi ang pinanḡanḡaninuhan at iginagalang nḡ lahat dahil sa lakás at káyang kakambal nḡ kanilang mḡa yaman? Maniwala ka sa akin Pedro: ang nagnanasang pumaitaás ay di nagtititingín sa lupa, sulong nḡ sulong, makasagasa man nḡ kahit anó at mag-iwan man sa likod nḡ maraming luha. Tawanan mo ang mḡa kamusmusáng iyan at ang lingápin mo'y ang ikagagalíng nḡ iyong sarili: ganyán ang buhay at pamumuhay.

Si Pedro'y hindi kumikibo. Tinitimbáng na mabuti ang mḡa katwirang iyon sa kanyang sarili, isá isáng kinukuro at kiníkilala kun alin ang lalong tapat. Napakahirap, sa ganáng kanya na máulit pa ang pagkakataong paris noón na ipagkakaroón nḡ limang libong piso, na di niya akalain sa panḡarap mang isáng araw ay pahihipo sa kanya. Ang limang libong pisong iyon ay máipamumuhay na nḡ tahimik sa bayang sarili, mápupuhunan sa ano mang ibigin, ano pa't ikáta-

tanghal niya pagkakataón. Bákit tátangihán ang gayong biyaya! Dahil sa sariling budhi! Mga kamusmusan iyan ang wika nga ng aking panĕinoon—ani sa sarili ni Pedro—bukod pa sa kahinâhinayang namáng talagá kung ito'y aking paraanin.

—Ano, ibig mo ó ayaw ka?—Ang usisa ni Rojalde—Pagsabi ng iyong nasasalob.

—Nápakaliít po naman yata ang limang libo—ang biglang bigla't aywan kung bakit nasnaw sa bibig ni Pedro.

—Sa halagá ay di tayo magkakaalít. Ang sabihin mo'y kung sang-ayon ka.

—Mangyari pa po—ang náitugon ng kausap na waring naparaman sa loob ng mga pag-aalinlangang kinabákabaka—nguni't sabihin ninyo sa aking kung anó anó ang gagawing kailanĕan.

—Iyan ang ibig ko: magíng lalaki ka. Dingín mo. Ako'y may isáng kagalit, isáng kaaway na sa anino ma'y hindi ko ibig mákita. Siya ay binata, may kaunting nalalaman, dukhang mapagmataás at di pa natatagaláng nápapaalis sa pinapasukan dahil sa pagkaswail. Ang binatang iyan ay saka ko na ipakikilala sa iyo, nguni't sa paggawa ng aking ituturo sa iyo ay mátuto kang huwag magkamali, ng hindi masayang ang aking mga binabanta.

—Magkatiwala po kayo sa akin.

—Náito ang limang daang piso—ang wika ni Rojaldeng sinabayan ng tindig at kumuha sa isáng maliít na sisidlán ng mga salaping papel. Iya'y ibiníbigay ko sa iyo na pinakakatibayan ng ating usap. Kapagka ako'y iyong inulól ay umasa ka na sa pagkápahamak.

—Huwag po kayong mag-alala kun sa akin ang pakli ni Pedro samantalang itinatago ang tinan-gáp na halagá. Ibig ko kailan man na ako'y pagkatiwalaan n̄g m̄ga nagkatiwala sa akin. Sabihin ninyo kung anó ang gagawin at bukas na bukas ay nang másimulan na.

Hindi na nag-alinlanġan si Rojalde. Ang lihim niyang pinapanukala labán kay Luis ay ipinag-tapat kay Pedro. Walang inalinġid na anó man, lahat lahat ay sinabi, pati n̄g paraán, silo at pa-kanang iúumang upang huwag makaligtas itó. Si Pedro nama'y buong buong taynġa sa m̄ga siná-sabi n̄g kanyang panġinoón, walang di tinandaan, walang sinayang na isáng salita, bagkus dinárag-dagan pa n̄g m̄ga inaakala niyang makabubuti sa gagawing laláng.

Sa hinaba-haba n̄g kanilang pag-uusap ay na-pag-abót ni Pedrong ang kagalitan ni Rojalde sa kanyang ipahahamak ay gayon na lamang, at ná-unawaan ding kung mátututo siya ay di lamang gayong halaga ang tátangapíng kaupahán. Nġuni't ang dapat ay pakáinġatang mabuti aug pagdaraos n̄g gagawin na kundi sa boong linis ay di mag-kakabisa. Bákit wala naman siyang pakákapag-hirapan kundi ang pupuhunaning pagkatuso. Má-liban sa rito'y wala na.

May dalawang oras ang itinagál n̄g pag-uusap na iyon, at halos hating gabi na n̄g lumabas sa silid ni Rojalde si Pedro. Isá mang alila'y wa-lang násalubong n̄g nanánaog na sa hagdan, sa gayong kalakíng bahay na nasasabugan n̄g ma-raming ilaw ay tulóg nang lahat ang tao at wala nang náririnig kundi ang manġisá n̄gisáng ubó

ni tandang Simo na sa madilím niyang silíd ay nagpupumilit mákatulog.

—Sa makatwid ang gágawin ko—ang wika ni Pedro n̄ nakahiga na sa kanyáng banig—ay ito: una, umalís bukas n̄ umaga at manuluyan muna kahit saán, sa ika sampu n̄ umaga ay aban̄án ang panginoon ko sa tapat n̄ Banco Hongkong upang ipakilala sa akin ang Luis na iyong kanyáng kinagagalan. Sa bahay nito'y makikipanuluyan ako't saka gagawin ang..... Hintay ka Pedro't baka may makárinig—at itinaás ang ulong wari'y may pinakikiramdamang nanúnubok sa kanya, bakit n̄a may náulinigang tila tuktok sa pinto.

—Tao na kaya itóng magnánakaw n̄ limang daang piso ko!—ang tanóng sa sarili bago tumindíg na inapuhap ang isáng buntot-paging kanyáng ginágamit sa paglalakád kung gabi. Nakiníg na mabuti, halos pigilin ang paghinḡa n̄uni't isá na namang tuktok na paris n̄ una ang ikinawala na n̄ kanyáng takot.

—Ang m̄ga kabayo palá—ang wika sa sarili. N̄gayon ka na lamang magsosota Pedro, n̄gayon na lamang, bukas ay hindi na at ikaw ay isá nang Don..... Limang daang piso n̄gayon, tatlong libo kung makapanuluyan na ako sa bahay n̄ sinásabing si Luis at saka dalawa pang libo uli bago ko gawín ang.....—at luminḡap linḡap na namang tila may kinatatakutang kung sino. Mayaman na ako n̄gayon, mayaman na—at tulad sa nasiraan n̄ isip na ipinagtapunan ang lumang unan, ang gulágulanit na banig, ang lapak lapak na kumot. Inaakala ni Pedro na ang isáng may hawak na limang daán ay alan̄gang gumamit n̄



gayong m̄ga lumang kasangkapan at sakdal pa n̄g dudumi. Siya ay mayaman at hindi dapat humiga sa gayong mabahong banig.

Kung anó anóng m̄ga pagkukuro ang sumilíd sa isipan ni Pedro, sari saring m̄ga pagtaya n̄g gagawin sa salaping iyon ang kinaulayaw magdamag kaya't bahagya nang nákatulog. Mabuti na kun sa magdamag ay nakalimot n̄g matagal tagal. Nagsisikíp sa kanyang ulo ang m̄ga panukalang tutupdin at hangang sa inabot n̄g umaga sa nilakad lakad sa kanyang silid.

Pagkarakang makapag-agahan ay nagbalót na at бага man pinakausisa n̄g m̄ga kasamahan sa bahay, ay walang sinabi kundi siya'y pinalalayas n̄g *señorito* na kanyáng nákagalit. Si Rojalde'y minasamáng gayon na lamang sa harap n̄g m̄ga nagtatanóng.

—Kaya palá ipinatawag sa akin kagabi—ang sabi n̄g katiwala sa kanyang m̄ga kasamahan—ay pabalayasin. Kaawa-awa naman si Pedro, kabuting makisama!!!

—Siya n̄ga—ang ságutan naman n̄g ibang tila nasusukalan din n̄g loob sa gayong pagkakapaalís n̄g *señorito*.





## XV

ISÁNG karwaheng mabikas ang tumigil sa tapát n̄g pinto ni Don Nicanor. Ang karwaheng bagong bago, makintáb at pinan̄gan̄alagaan n̄g isáng kotserong may gayak pang sadya ay nakatawag sa maraming tao. Ang iba'y nápapahan̄ga sa magagandang kabayong puti na siyang singkaw, ang nan̄aglalakad ay nápatatigil at pinagmamasdáng mabuti ang magarang kasuutan n̄g kotsero, at ang iba nama'y nagtatanóng sa sarili kung sino ang may-ari ó kaya'y mataás na taong panauhing di sasala ni Don Nicanor Gutierrez n̄g m̄ga sandaling iyon.

Sa bukás na durun̄gawan n̄g m̄ga kalapít na bahay ay di íisang ulo ang nag-usli na lahat ay nanánabik sa pagkaalám kung sino ang sakáy at anó ang kahulagán n̄g pagkakátigil n̄g karwahe.

—May sakáy iyan.

—Wala sabi, sa nákita ko n̄g tumigil ay akó ang paglalakuan mo.

—Kay ulit nitó.

—Lalo ka na.

Ganyáng m̄ga pagtatalo ang sa m̄ga bukás na durun̄gawang sinísilipan n̄g di íisang ulo, ay

nangyayari. Ibá ang palagay n̄g m̄ga na sa lansan̄gan at ibá ang sa na sa itaás n̄g m̄ga bahay. May nagsásabing nakita raw na isáng amerikano ang bumaba, may nagpapatotoóng isáng makisig na binata at mayroón namang naggigiít na wala raw lulan n̄g dumating, бага ma't pagkátapat sa bahay at sapagka't nátaunang nakadun̄gaw si Don Nicanor, ay magalang na bumati ang kotsero at si Don Nicanor nama'y dali daling umalís at tila may kinausap sa dakong loob. Sa nagkákalabang m̄ga hinala at palagay na ito, ay nápasangkot ang bintang na marahil ay iháharáp na si Danding.

—Marahil n̄ga. Siya n̄ga namán—ang nasnaw na salita sa maraming bibig. Ang gayóng palagay ay madaling nakapagyao't dito at lalo pang nakapagparagdag sa pananabik n̄g m̄ga nagmata sa karwahe.

Hindi ísang dalaga ang mula n̄g makarinig sa gayóng *marahil*, ay nagsipagtiyaga nang maghintay sa pagpanaog n̄g iháharap upang masdán kung anó ang kanyáng suot na baro at saya, kun anóng kulay at guhit mayroón, kung gaano kaya kamahál, ano pa't ibig n̄g lahat na makitang mabuti, pati pagmumukha ni Danding kung malungkot ó nasasayahán.

Mayamaya at wari'y pagtugón sa kainipán n̄g m̄ga naghíhintay, ang pinto sa lansan̄gan n̄g bahay ni Don Nicanor, ay nabuksán at sukat. Unang lumabas si Don Nicanor na nakagayak na mabuti may dalá pang tungkod at isáng tabako sa bibig. Sumúsunod si ñora Titay, bihís na bihís din at kumikisláp ang m̄ga daliri, bago si Danding ang dalagang ibig mámasdan n̄g lahat

kung may mukhang masayá ó kaya'y malungkot. Sa gayák ni Danding ay walang anó mang karinġalan. Ang karaniwan ding ipagsusuót niya ang ginamit nġ hapong iyon. Nġuni't karaniwan ma'y nagpapaningning namang lalo sa kanyáng pagkamahinhing impók. Sa mukhang kaagáw nġ bukung liwayway, sa mġa matáng humiram nġ kulay sa lalong madilím na gabí, sa malinis na noóng sing-uri nġ busilak; ay walang nápunang anó man ang nanġagpakong tingín nġ nagsisipagmasíd. Kung may damdamin man noón ang magandang anak ni Don Nicanor, marahil ay kusing ikinukublí at sa sarili na lamang pinapagkakasiya. Ang lalong marunong na manghuhula, sa gayong nápakatahimik na anyo; ay di makapagmamalaki sa kanyang dunong: sápitang magpapahayag nġ di niya kasapatán.

Lahat nġ mġa nagpapalagay na idudulog nġa marahil siya, ay nanġapamaáng sa gayóng kahinhinán nġ anak ni Don Nicanor na alanġang-alanġan naman sa kahalagahan nġ bagay na gagawin, at kabaka sa loob ang mġa bago na namang paghinhinala na nanġagkasiya na lamang sa pagmamasíd sa karwaheng lumálakad na't pagkaliko sa isáng lansanġan ay di na nila natanaw pang muli.

Ang mag-áhak ni Don Nicanor ay patunġo sa Santana: isáng paanyaya ni Rojalde ang kani-  
láng tinanggap, paanyayang kalakip nġ samong huwag siyang habagín.

Kaya ganoón ang nápakahigpít na anyaya nġ binata ay sapagka't tapós na tapós na ang ipinagawa niyang bahay, ang tátahanan nila ni Danding kung mápadaos, at siyang ibig ipagparanġalan sa mġa bíbiyanin. Sa bahay na iyong

pinagkagugulan ni Rojalde ng di kakaunting salapi ay malaking totoong kabaguhan ang kanyang napasok. Sa dating anyo at ayos matanda ay humalili ang tikas bata, at naitulad sa mga *chalet* na napagkita niya't di miminsang napanhikan sa iba't ibang bayang kanyang dinalaw. Sa pagpanhik pa lamang ng hagdang ginamitan ng mga piling marmol, ay masasayahan na ang paningin: isang malagong *pasionaria* ang sa pagkakapulupulupot, sa sadyang inayos na mga kawad; ay nagbubulaklak ng masagana at nagsasabog ng masarap na amoy hangang sa loob ng bahay. Sa pinakaharap ng durungawan at nagpapahiram dito ng kanilang lilim, ay naglalaguan namang mga *mileguas* ang gumagapang, hitik sa mga bulaklak at waring nakikibanga sa mahihin-hing sampagita na sa mga landas ng halamana'y gumugubat lamang at nagaanyayang sila'y pitasi't isaliig ng sino mang magandang binibini.

Ang mga ilang-ilang na naglugay, sa huling sandaling itinatanggap ng mga pahimakas na halik ng araw, at sa pagkakalat ng kanilang bangoy waring nagsisibati sa di matatagala't kanilang poonin. Lahat ng bulaklak ay naroon, sukat ang lumingap lamang upang mahangaan ang kanilang kulay na waring pilas sa bahaghari, ang suson susong nilang talulot na tagapagtago ng lihim ng mga pusong nag-ibigan. Walang hinayang si Rojalde sa paggugugol ng salapi, ng ipinagagawa ang kanyang halamanan at nakita nga naman niyang lahat ng inibig ay nangyari, ano mang pinita'y nasunod. Ang pahingahan sa pinakagitna ay nalilibid pa ng isang maliit na ilog at puno ng maliliit na isdang kun saansaang

bayang ipinagbiling at may sarisaring kulay na pawang nakakahangá.

Ang bahay namán mula sa unang baytang ng hagdanan sa pagpanhik, hangan sa pinakalutuán sa itaás ay masásabing puno sa lalong mayayamang bungá ng *arte*. Walang bago sa matá, walang bago sa paningín na di nároroon: ang panabing lamang sa mǵa pinto ay magkakahalagá na ng tiglilimang pung piso bawa't isá. Hindi nga naman kabulaanan ang natatala sa isáng *kuwentang* ipinakikita ni Rojalde sa kanyáng mǵa kaibigan na umaabot sa labing anim na libo nang piso, at ito'y sa mǵa silya lamang na ipinadalá sa bagong bahay sa Santana.

Kaya si ñora Titay at sa daán pa lamang, sa pakikipag-usap sa asawang si Don Nicanor; ay walang katawad tawad ng pagpuri sa kanyáng mámanugangin, sapagka't kung bagamán ng araw na iyon lamang makikita ang bahay sa Santana, ay nabalita na sa ibang tao ó kaya'y kay Rojalde na rin ang lahat ng mǵa ginawa roón at ang pagkakaayos ng mǵa ipinabagong bahagi ng bahay.

Si Danding ay walang kibo at sa sarili'y tinimbang ang gayong pagkagalák ng kanyáng amá't iná sa pakikiayong maging manugang si Rojalde, ang binatang kung bakit hindi niya maibig-ibig, ipagpilitan man sa loob.

Sa pinto pa lamang at nang tumigil ang karwahe ay si Rojalde na ang sumalubong sa magának. Bigáy na bigáy ang kanyáng pakitang loob sa mǵa bagong datíng, lubha pa sa dalagang ng pakikamayán ay tinapunan ng isáng titig na may pagsinta. Ang pananabík ni ñora Titay na masaliksik na lahat ang boong bahay, ang pagnanasa

niyang sa pagdalaw na iyo'y huwag may máka-  
ligtaang di masuri ay ipinahalata agad, at siya  
ang káuna-unahang nanhik, unang nasok sa loob  
at unang nagyayang isá isáng dalawin ang mġa  
silid nġ bahay, na sa balita niya'y puno nġ ma-  
raming kayamanan.

—Kay inam na salamín nitó—ang di napigilang  
salita sa harap nġ isáng salaming naglalarawan  
nġ buong buo sa tikas niyang matanda na. Sa  
bahay—ang dugtong pa—ang mġa salamín ay pa-  
wang magdaraya, kung minsa'y mákita kong tila  
ako'y mataba at kung minsan nama'y payát. Ta-  
lagáng ito—ang turo pa sa asawa na nakatingála't  
wiling wilí sa pagmamasíd nġ isáng magandang  
pánooring pilipino na yari nġ isáng kilaláng pin-  
tor—ay walang palad na mamilí nġ kasangkapan.  
Iyóng binilí mo nġ sandaang piso ay ganitó ba  
kainam? hoy, tingnan mo!—ang mġa salita pang  
may kalabít nġ makitang hindi siya pinápansin ni  
Don Nicanor.

—Alín ba, alín?—ang marahan namang sagót nġ  
tinukoy na nagsasalita na'y di pa rin maalis ang  
matá sa kanyang pinagmamasdán.

—Itó—ang wika ni ñora Titay na itinuturo ang  
salamín—iyan ang pananalaminan nġ tao. Tingnán  
mo't kuhanng kuha pati mġa kiya—at si ñora Titay  
ay kumiling kiling na tila nagpapakitang gilás pa  
kay Don Nicanor.

Ang gayóng pagkakapuso ni ñora Titay sa sa-  
lamíng di na pinagsawaang purihin ay náramda-  
man ni Rojalde. Walang pinalibang sandali, noón  
di'y ipinahiwatig sa mag-asawa na kinábukasa'y  
isáng salaming paris noón ang kanyang ipadadalá.

Si Don Nicanor ay tumutol, ayaw siya nġ ga-

noón. Nápakarami na namáng totoo ang kanilang utang na loob kay Rojalde, at magíging kahiya hiya na naman kung mápaparagdag pa ang salámin. Si ñora Titay ay nakitulong din sa pagtangí, nǵuni't pagtangíng may pakunwari at tila nagpapahabol, sapagka't sa salitang: *huwag na nǵa lamang* ay kahalo ang: *kailanǵan nǵa sana kung sa bagay*.

Nǵuni't ang binata'y ayaw magpahalata nǵ kaputiáng taynǵa at nagpakapamápamanhík hangang sa natamo ang: *ikaw na nǵa lamang ang bahala* sa mag-asawa.

Si Danding lamang ang di umiimik at di nakikihalo sa pag-uusap, sapagka't sa sarili niya'y nagnǵingitnǵit at suklám na suklám sa gayóng pananamantalá nǵ mǵa magulang sa kanyáng pu-song ipinagbibilí.

—Ang aking amá, ang aking iná, wala nang kalinǵap linǵap sa akin.....—ang tanǵing salitang marahan pang náipulas sa mǵa labi.

Pagkapangaling sa salas nǵ mǵa panauhin ay isá isáng pinasok ang mǵa silid. Walang pinatawad kahit isá, bala na'y ninasang makita ni ñora Titay, mamaya'y isáng kortina mamaya'y isáng velador ang hinanǵaa't pinakapuri. Sa silid na tulugá'y nakapasok din at doón nama'y ang mainam na hihigan ang siyang nabati. Sa iba't ibang bahagi nǵ bahay ay marami ring mǵa kasingkapang maririkít ang kanyáng hinanǵaan. Magíng sa wala mang kakahúkahulugang sulok nǵ bahay ay nakakita ang iná ni Danding nǵ mǵa bagay na kupuripuri. Ang páliguan, ang kakanán, labat na'y kanyáng minagandá. Hindi nakárinig si Rojalde nǵ kahit isáng pintás, pa-



wang pagpuri na lamang ang nasnaw sa bibig ng mga bibiyananin.

Si Danding lamang ang tanging walang kibo, at nakamata sa tanang ginagawa ng kanyang mga magulang na tila di na nangapagod sa kagagala sa malaking bahay.

Sa bawa't larawang nagsabit ay si Don Nicanor namán ang kináringán ng mga papuring tulad sa kamanyang. Lubha pa nang makita ang isang "*Paglubog ng Araw*" kuwadrong pinamagatan ng ganitó ng gumawa.

—Iyan ang pintor—ang wika—Tingnan ninyo't tila totoong totoó ang pagsibsib ng araw na mukubli sa kabilang panig ng bundok. Ang dagat na iyang tahimik at bahagya nang magkaalong wari'y nahihiya pang humalik sa pangpang, ang mga panginoring patungong lahat sa kanluran, ang mga ibong tila nagmamadali sa paglipad at ang taong nagtatapon ng huli niyang titig sa lumulubog na araw; ay nagpapahayag ng pagdating ng gabi, iyang gabing balót ng hiwaga at sagana sa maraming lihim.

—Siya nga namán—ang may pag-ayong pakli ni Nora Titay sa gayong pagpapatotoo ni Don Nicanor sa karunungan magkuro kuro tungkol sa pagkamahalagá ó hindi ng isang bunga ng arte.

—Dito'y walang kuwadrong di may taglay na kahulugán at halagá. Sa mga taong walang nakikita sa buhay kundi ang mga nadadama lamang at di nagbubukas ng kanilang isip sa mga damdaming mahalagá at mahal, ay di makahanap ng pagkalugod sa mga kuwadrong ganyan. Nguni't sa aki'y hindi: ako'y isa sa mga dumá-

dalanġin sa bunġa nġ katalinuhan at kailan ma'y nagíng matamáng tagasamba nġ kanyáng mġa gawa.

—Kung gayón ay hindi ko nġa palá ikahihiya sa aking mġa kaibigan ang pagkakapili ko nġ mġa kuwadrong iyang ipinalamuti sa bahay na ito—ang sagót ni Rojalde. Sa pagpili ay wala akong tuntuning sinusunod kundi ang pagnanasang makuha ang lahat nġ nábabago at bilhin ang lalong mahal, sapagka't kawikaan ko'y ang bago ay pilit na hahanġaan nġ sino mang makákita at kaya naman mahal, ay dahil sa talagang may halagá—ang dugtong pang mġa salita ni Rojalde.

Pagkárinig ni Don Nicanor sa gayong mġa sabi ay nagpahiwatig nġ tila isáng pangġangġaral sa magíng manugang, pagka't sa palagay niya ay hindi iyon ang sadyang tuntunin, mabuti na lamang at di napadiwara si Rojalde sa pamimili.

—Paano ang inyong gágawin, sa ako'y di talagang bihasa sa mġa bagay na iyan. Bigyan ninyo ako nġ libolibong piso at di akó malilitó munti man at maáalaman ko kun saan iúukol; dapwa't sa paris nġ mġa bagay na iyan, ako'y sadyang walang káya, páuna ko nang ipinahahayag ang pagka di ko marapat, at lubós akóng nanġangġayupapa sa karapatán nġ iba—ang itinugón ni Rojalde sa mġa paliwanag ni Don Nicanor.

Ito'y hindi na namán kumibo at ipinanġambang baka siya'y kamuhián nġ kinákausap. Magsisipanaog na sana sila sa halamanan upang ang iba't ibang búlaklaking nároroon, ang siya namang masdan dapwa't sápasok ang isáng alilang maydalang tsá.

Hindi pa nġa roón natitira si Rojalde nġuni't

isáng araw pa muna'y nag-utos sa ilan niyang alila upang kinábukasan n̄g hapon ay pa sa Santana at maghanda n̄g tsá, hindi ang tsá n̄g mahihirap kundi ang kagawiang inumín kung hapon n̄g may salapi at kung minsa'y ipinagaanyaya pa sa m̄ga kaibigan at katápatang loob na mákaka-inuman. Sa pag-iinuma'y lalo nang nagtumabil si ñora Titay. Ang m̄ga pingán at tasang ginamit nila'y pinag-ukulan n̄g di kákaunting papuri, ang kakinisan, ang m̄ga bulaklak at dahong tila totoóng totoó n̄ga, ay kanyáng minagandang lahat. Samantala naman si Danding ay walang kibo, bahagya nang tumítikim n̄g tsá at halos di makatitig kay Rojalde dahil sa kahihiyán.

Ikinahihiya n̄g dalaga ang sukat masabi n̄g binata, sa napakalabis na kapalagayang loób n̄g kanyáng iná. Sa pagsasalo'y násalang na naman sa kanyáng puso ang dating sugat, ang pag-ibig kay Luís at panibago na namang m̄ga pagluha n̄g libim ang idinamay niya sa pag-irog na iyong kusa lamang ipinagpapaumanhin upang makapagbigay lugód sa kanyáng m̄ga magulang na nan̄gag-aakalang sásaligaya siya kung mákaisang palad na ni Rojalde.

—Ginto n̄ga ang sarong idinúdulot sa akin, datapwa't ang lamán nama'y dugo—ang náisalooob n̄g dalaga, at sa pagkahapis na biglang sumalakay sa kanyáng puso ay nápalin̄gon na lamang at sukat. Mapapabulalás sana ang boo niyang pighati kundi náia gap ang panyóng dalá sa kanyang bibig. Ang luhang nan̄giligíd sa m̄ga mata'y mahahalata n̄g m̄ga kaharap kaya ang ginawa'y tumindíg at lumapit sa isáng durun̄gawan. Ang malamig na han̄gin n̄g hapon, ang masangsang

na amoy n̄g *mileguas*, ang masamyong bangô n̄g ilang-ilang na kumpol kumpol sa pagkakabitin, ay siyang nagíng saksi n̄g dálita at kapighatiang nilagók ni Danding. Naáalaala si Luis, nágugunita ang kanilang sumpaan, ang matitibay na pangakong nagíng buhol n̄g kanilang pag-irog at bawa't isá sa m̄ga ala-alang ito'y may katimbang na dalita sa kanyáng damdamin, may kapalít na buntong hiningá.

—Nalulungkot ka ba giliw ko?—ang tanóng na biglang inilapit ni Rojalde sa nakapanǵalum-babang dalaga.

Ang kinausap ay hindi sumagót at si Rojalde nama'y nagpatuloy:—Lahat n̄g náikikita mo ngayón, iyang m̄ga pili at nag-gagandahang bu-laklak na sa pagkakaunǵós sa m̄ga dahon ay tila napapipitas na kusa sa magagandang daliri n̄g isáng Danding, ay alay n̄g aking pag-ibig sa iyo, suyo n̄g aking pag-irog sa nagmamalaki mong pag-linǵap, iyang pag-linǵap na makáilan mo nang ikait sa akin.

Si ñora Titay naman at si Don Nicanor ay nalílibang sa pag-uusap at di náririnig ang gayóng pagsasalitaan n̄g dalawa.

—Oo, aking Danding, mapagkaít ka sapagka't hindi ka na naawa sa aking m̄ga pagsamo—ang giit pa ni Rojalde.

—Námamali kayo n̄g pagpapalagay—ang marahang tugón n̄g dalaga—kung pagkakait sa ganáng inyo ang aking ginagawa, sa akin ay hindi at pagtatapat lamang sa isáng inirrog ko n̄g taós sa pusong paris ni Luis.

—Hangá ngayón pa ba nama'y tinatalagá mo akong apihín? Hindi ko inakalang may puso

kang bakal, hindi ko sinapantaha kailan mang pawawalang halagá mo ang isáng tapat na pag-sintá.

—Wala sa akin ang kasalanan kundi sa kasawiáng palad ninyo. Noón pang araw ay sinabikong huwag ninyó akong hanapan ng pag-ibig.

Si Rojalde ay hindi nakakibo. Ang gayóng hubad na kototohanan ng kanyáng pag-kasawi ay nagtila isáng malakás na suntok sa kanyáng mukha at naging panusi sa kanyáng bibig. Nagkasya na lamang sa isáng malalim na buntong hiniñga, sa isáng tingin sa dalaga, at sa isáng ngiting makahulugán.

—Nápakasaya ang hapon, nápakasarap ang hangíng humihihip na nagpapasigla ng katawan. Ibig ba ninyong manaog tayo sa halamanan?— ang salita ng binatang, si ñora Titay ang hinaráp.

—Sabihin pa Rojalde, sa bahay mo'y walang di dapat tignán, lahat ay nakahahanga sa kainaman ng ayos at pagkamaringal. Tayo, Danding, ikaw na maibigin sa bulaklak ay makapamimili ngayón. Sa akala ko'y sagana ang halamanan ni Rojalde at di paris ng sa bahay na kapós kapós.

—Ang inaala-ala ko po'y baka di makaalíw kay Danding ang mga bulaklak na naririyang tugon ni Rojaldeng kay Danding ang matá.

—Marahil nga po—ang tugón ng dalaga. Alam naman ninyong may ilang buwan na ngayóng ako'y tinabangan sa mga bulaklak, sapagka't ang mga bulaklak man pala'y may itinatagong tinik.

Nápakagat labi si Rojalde, at si ñora Titay ay napatingin sa kanyáng anák. Si Don Nicanor ay na sa huling baytang na ng hagdán at mula roo'y pinapagmamadali ang kanyáng asawa't anák

apang ipagparangalan ang isáng té na hitik na hitik sa kumpol n̄g m̄ga bulaklák.

—Kay inam nito Danding, o, kay inam. Sa bahay ay di ka makapagpalago n̄g paris nito. Danding halika!

Ang gayóng pagpapagibík ni Don Nicanor ay siyang ikinapawi agad n̄g dilim na bumantang magíng unos sa itaás n̄g bahay dahil sa m̄ga sinalita n̄g dalaga. Si ñora Titay ay nagpigil na lamang at tumingín sa anák na waring ang ibig sabihi'y: *sa bahay tayo magsisingilan*, at si Rojalde nama'y matagal na di nakaimík. Ngingiti ngiting si ñora Titay, na kasunod ni Danding, mula pa sa unang baytang, ay tumanong kay Don Nicanor.

—Iyan ba ang sinásabi mo?

—Oo, Titay tignan mo ang lago, tila kusang iinagyan n̄g dahon at bulaklak.

At siyangá namán, ang puno n̄g te na kanyáng itinuturo ay malusóg, batbat n̄g m̄ga nag-iinamang bulaklak at m̄ga bukong búbuka na lamang. Walang sanḡang di hitik, walang dahong di nagpapahayag n̄g kasaganaan sa dagta.

—Kay gaan n̄g kamay n̄g tagapag-alaga mo Rojalde—ang náwika ni Don Nicanor sa mámanuganging tila may malalim na inísisip. Ang binata ay hindi sumagot at nagpauna sa kanyáng m̄ga panaohing nasok sa isáng landás na patunḡo sa kinálalagyan n̄g páhingahan.

—Halikayo rito—ang magiliw na anyaya sa mag-ának. Dito'y may m̄ga puno akong kusang ipinagbilin sa Hapón, karamiha'y walang dahon kundi pawang balaklak lamang.

Ang tatlo'y sumunod at sinamantala ni ñora

Titay ang mahina niláng paglakad sa pamumuti nḡ maliliit na sampagitang tila mḡa bituing nagkalat at napapupulot sa sino mang may-ibig. Si Danding, sa gitna nḡ gayóng halamanang naghahalimuyak nḡ sari saring bāḡo ay nakáramdam nḡ kaunting aliw. Kung pawang bulaklak na lamang sana ang mádaraanan sa buhay! Kung wala na sanang mḡa kadalambahatiang ipinagluluksa nḡ puso!

Pagkaganda gandang halamanan noón. Hindi nakapagtimpi ang dalaga nḡ mápatapat sa isáng malabay na sanḡa nḡ ilang-ilang: pangítíng pumitas nḡ isá, isá lamang naman, at ang ganito'y tila pag-tugón sa isáng magíliw na salitang ibinulong sa kanya ni Pag-ibig:—Ito'y iyo aking Luis—ang wika sa sarili, at ang bulaklak na hari nḡ mḡa kagubatan sa Pilipinas ay sandaling minasdan bago itinago sa kanyang dibdib, na tila ang nasa'y makalunas sa kanyáng mḡa hinagpis, sa kanyáng mḡa pagluha nḡ lihim, sa kanyáng pagkaduhagi. Si Rojaldeng nakámamasid sa gayong ginawa, ay naingít sa sanḡa, nanibugho sa ilang-ilang na mapalad pa sa kanya.

Si ñora Titay naman ay patuloy sa pangunguha nḡ sampagita.

Sa haráp nḡ isáng *rosa Virgen*, na gaya nḡ ibang mḡa puno roo'y mabulaklak, si Danding ay di nakapagpigil nḡ isáng buntong hiningá. Oh! isáng bulaklak na paris noón ang kasabay nḡ kanyáng *oong* pinagkaloob kay Luis. Naáalaalang bago nabitiwan ang gayong *oo*, ay di míminsang siya'y napipi, naáalaalang nanḡínḡiníg ang kanyáng mḡa kamay nḡ iabót ang bulaklak sa kanyáng kasi, bulaklak na ipinalamuti muna sa kanyáng pusód

at iginawad kay Luis upang magíng tanda ng kanilang pag-íbigan. Ang mga araw na iyón ng kaligayahan, ang mga sandali ng matatamis na pag-uulayaw ay isinakandungán na ng gabi at di na muling máliliwaywayan ng araw, datapwa't nag-iwan ng mga tanda, naghabilin ng mga bakás na tuwi na'y nagsusurot sa kanyáng gunita ng isáng pag-giliw na dati'y nagíng buhay at ngayo'y kamatayang iniluluha ng kanyáng puso.

Ang bulaklak na saksí ng kanyang sumpa, ay narooong tila nanínisi, tila nagpapahayag ng isáng pag-uusisa ni Luis.

—Huwag mo akóng sisihin aking giliw—ang nasabi ng nagdadalamhating dalaga, ako'y walang sala, nárito, iyong masdan ang mga nagbubunsód sa akin—at isáng patak na luhang di naman nákita ng amá't iná ni ng nanúnubok na si Rojalde, ang nukál sa kanyang mga matá't dahan dahang namalisbís sa mga ginaringang pisngí bago napakandong sa mga talulot ng isáng sampagita.

Napamata si Danding sa bulaklák na iyong magíliw na tumangáp ng kanyáng luha, nágunitang mabuti pa ang sampagita at marunong mahabág, nguni't patuloy sa pamumuti si ñora Titay at ang sampagitang iyo'y di rin pinatawad. Nákasama sa panyong pinaglalagyán ng mga nápitás na, at tutuhugin daw pagdating sa bahay.

—Marami na ba kayong napipitás?—ang tanóng ng binata sa kanyáng bibiyananin.

—Mayroón na rin—ang tugon—nguni't ibig kong magkaroón ng maramirami pa. Lugod na lugód si Danding sa mga bulaklák na itó—ang huli pang salita.

Si Rojalde'y hindi kumibo, nagbalik sa bahay



na tila may nakalimutan baga ma't noon di'y nag-balik sa kinálalagyan n̄g bibiyananing babayi. Ito'y malapit na sa pahingahan n̄g abutin ni Rojalde. Si Danding naman ay nakatayo't sa malayo na kamata.

—Kay ganda n̄g aking giliw, lalo't mámasdang balot na ganyán n̄g isáng namamaalam na liwanag, 60, hindi ako napamali n̄g pagdudulóg sa kanyá n̄g aking pag-ibig. Si Danding ay isáng dalagang may gandang silanġan, isá riyan sa mġa gandang di mákikita sa ibang lupaín kundi dito lamang sa bayan n̄g masayang lanġit at magagandang bukanliwayway—ang di napigilang gunita n̄g umiirog na si Rojalde.

Lihim baga ma't taós sa pusong paluhod niyang inihahayin sa paanán n̄g gayong dilag, ang buo niyang pag-suyo, ang buo niyang pag-sintá. At lalong nagtibay sa kanyáng loób ang hanġad na kanyahín n̄g sariling sarili ang dalaga, huwag tulutang magkapagibig sa ibáng lalaki pagka't kung iba'y ipinalalagay niyang alanġang mag-ari sa gayong alindog.

Wilí sa ganitóng mġa pagkukuro, sabik sa mayamang aliw na matatamasa sa kandunġan n̄g gayong gandá at poot kay Luis na kung bakít di malimut limutan ni Danding, ay bahagya nang pinakingán ang salita ni Don Nicanor, na sa pagkapagod marahil ay umupo sa loob n̄g páhingahan. Bahagya nang nakapag-ukol n̄g isáng pasasalamat sa mġa papuri ni Don Nicanor sa gayong kaayos na pagkakahayan n̄g mġa halaman, sa kainaman n̄g pagkakatayo n̄g páhingahang na sa gitnang gitna at tila isáng araw na walang tinag sa tayo, ay nagpapakalat n̄g kanyáng mġa

sinag ó maliliit na daang pinaggugubatan n̄g sampagita at iba't iba pang m̄ga bulaklák na naka-kaaliw sa puso. Si Rojalde ay walang mata't pakiníg kundi kay Danding na kay Danding lamang, na sa pagkakatayong nakamata sa malayo, ay tila paraluman n̄g m̄ga mánġanġathang naghahanáp n̄g lalong maniningning na kulay na máigagayak sa kanyáng kagandahan.

Ang tikas na iyong sa gitna n̄g halamana'y nakikipanġagaw sa dilag n̄g lalong m̄ga piling sampaga, ay ibig ni Rojaldeng huwag na sanang maalís, ibig na oras oras sana ay mápaghandugan n̄g kanyáng maalab na pag-giliw n̄guni't sa tuwing mágugunita na ang pusong nagbibigay buhay sa dilág na pinópoon n̄g kanyáng kaluluwa, ay hindi kanyá kundi sa ibang lalong mapalad na binata ay walang pagkásyahan sa n̄gitn̄git at ibig na kung mangyayari lamang ay matupad na ang munukalang ipinagkatiwala kay Pedro.

Sa kinágabihan ay may tiyapan sila n̄g dating sota sa jardin botánico. Magkikita sila sa ika 9 sa isá sa m̄ga uupáng nayúyungyungán n̄g malagóng baliti, na sa pinakagitna n̄g liwasang iyo'y matapang na nakikibaka sa panahón. Sa usapang ito'y magkákatalastasan na sila kung paano ang gágawin at kung kailán matutupad ang kanyáng higantí.

—O, makikita n̄gayón n̄g Luis na iyan kung sino sa amin ang mag-aari sa puso ni Danding. Ang m̄ga kadustaan kong tiniís ay paminsanan mong pagbabayaran sa akin, pangahás—at sabay sa pagtitiím n̄g m̄ga bagáng na dinukot ang orasa't tinignán kung anó n̄g oras:—Maaga pang totoo, nápakaaga pa—ang wikang tila naínip.

Si Danding ay tinawag ni Don Nicanor upang usisain kung bakit walang kibo, kung bakit di mamitás doon ng mga bulaklak ó kaya'y maglibáng libáng. Isáng:—matamlay po ang katawán ko—ang sagot na natamo ng amá at patuloy rin ang pag-wawalang imik ni Danding na sa anyo ng mukha'y tila nag-lisip ng isáng mahalagáng bagay.

Ang malamig nang sinag ng araw ay unti-unting nag-iiwan ng pahimakás na halik sa mga murang dahon at talulot ng mga bulaklak. Si Don Nicanor ay di kumikilos sa pagkakaupo at kinákausap si Rojalde tungkol sa mga hanap-buhay na sa akala niya'y pagkakakitaan. Si ñora Titay ay wala namang maalamang paglagyán ng kanyang mga sampagita na lalong naragdagan dahil sa ibinigay pa ng isáng alila ni Rojaldeng nanguha sa ibang sulok ng halamanan at iyon ang utos ng panginoon. Ang pag-uusap ay unti-unting nagkakabúhay: sinimulán ni Don Nicanor at ni Rojalde, at di natagala'y kahalo na si ñora Titay.

—Siya nga naman—ang salita nitong paayon sa asawa—bihirang bahay dito sa Maynila ang magkakahalamanang paris nitó. Sa mga ilang-ilang lamang na iyan ay sukat nang mápataka ang kahit sino.

—Masasabi ninyo ang ibig sabihin—ang tugón ni Rojalde—datapwa't ang totoo'y di pa ako nasisiyahang loob sa ayos ng aking halamanan. May mga kakulangán pa na pagdating ng araw ay ibig kong ipagawa.

—Sa mga may batang puso na paris mo—ang pakli ni Don Nicanor—ay wala nga namang nakasisiyang loób. Ganyán din akó noóng aking

kabataan. At hindi na hiniñgahán ni Don Nicanor ang pagsasalaysay n̄g kanyang m̄ga pinagdaanan, ang m̄ga ginawa niya't paráparáang ikináligtas sa di miminsang pagkakasubo sa m̄ga sakuna, kahit na ang karamihan sa kanyang pinagsabi'y walang kinálaman sa pagpapatotoong ang may m̄ga batang puso ay madalás na di masiyaháng loob.

Nahalata ni Rojalde ang gayong pagkalayo nila sa talagáng pinag-uusapan, n̄guni't bigay loob at pag-galang pang ipinalagay sa kanyang bibiyannin ang huwag nang salangsan̄gín ó hadlangán kaya, at tinalagang habang nakíkinig n̄g m̄ga salisalita ni Don Nicanor, ay tuman̄go-tan̄go na lamang. Itó n̄ga ang ginawa na ang m̄ga mata'y wala sa kausap kundi nakapako sa marilag na mukha ni Danding, na ibig niyang kásinagan n̄g isá man lamang pagkaawa sa kanyang pag-hibik.

—Akó na sana ang nagíng ilang-ilang—ang nasaloob n̄g binatang inaalaala ang mapalad na bulaklak na itinago ni Danding sa kanyang dibdib—kung akó ang ilang-ilang at siya niyang nápitás, oh, kay laking ligaya!—at di man ibig ay nápan̄giti n̄g bahagya.

Ang n̄giting ito'y ipinalagay n̄g nagsasalitang si Don Nicanor na isáng pagkalugód n̄g nakikinig sa kanyáng m̄ga sinasabi, kaya ang dugtong pang tátawatawá na nagpakabuti sa upo ay ito:—Naku sabi ko sa iyo't noóng ako'y batang kasingulang mo, ay sari sari at kung anó anó naman ang aking náisip.

At sapagka't ipinan̄gambá ni ñora Titay na baka may máapuhap si Don Nicanor na isáng bahagi n̄g pinagdaanan nilang kahapon ay siya

pang daliruti't isalaysay hangang sa abutin na tuloy sila roón ng gabí, at di na maabutan ang mga kapangiging iniwan sa bahay na naglalaraban pa at di na tuloy matalastas kung sino ang nakápulitana ng marami; ay nagyaya na sa anak at asawa. Sa wikang: *tayo na* ay isinabay ang pag-tindig at tumanong pa mandin kay Rojalde kung ito'y hindi sasama sa kanilá.

Ang binata ay bumangit ng ilán niyang kadahilanang di ikapagbibigay loob: isang pakikipagkitang di maiwasan sa isang mangangalakal na kákasamahín niya sa isang hanap-buhay na bubuksan sa lalong madaling panahón at malapit na pagtubuan ng sandaan sa sandaan din, at saka ang pakikipagkita rin sa isang nagíng kaibigan sa Londres na may dalawang araw lamang dumarating at lulan ng *Kumanu Marú*. Itó ang di niya ikasama baga ma't ibig ngang magkapalad na makasuno ng mag-ának sa íisang sasakyán, bagay na magiging dangal pa niya kun ipahihintulot lamang ng mga dinahilang sanhi. Muli at muli ang paghingí ng tawad kay ñora Titay, dahil sa gayóng masamang pagkakataón.

—Huwag ka nang sumama kundi mangyayari—ang banayad na tugón ng ñora ng marinig ang mga sinalita ni Rojalde—baka, wika ko, wala kang paroroonan, kaya kita niyayaya.

Si Rojalde na kaya lamang namán nagpakatangí tangí ay dahil sa nasang si Danding ang umangyaya sa kanyá at sasama agád, palibhasa'y hindi totoo ang mga pagkikipagkitang gágawin, at kung baga ma'y sa ika 9 pa ng gabí kakausapin si Pedro; ay natilihan ng makita ang paglayo ng dalaga, samantalang sila'y nag-uusap pa ni ñora.

Titay; na wala mang kakibo kibo. Maano'y pinasubalian siya ng isá man lamang salita, maano'y tinapunan ng kahit isáng tinging kundi man magpahayag ng pag-ibig ay magturing ng pagdusta. Walang wala, iniwan siyang tila di kaki-lala at kaya lamang huminto sa paglakad ay ng mapatapat sa rosa virgen, sa mga bulaklak na nagpapagunita sa kanyá, ng kanilang pag-iibigan ni Luis. Doo'y nápatigagal na namang gaya ng pagkápatigagal ng isáng namatayán sa tapat ng libing ng iníbig na nasira. Doo'y naghingá na namán ng maraming himutók ang kanyáng puso, doo'y isá isáng binasa sa kanyáng ísipan ang mahahalagáng talata ng kaniláng pag-iibigan ni Luis na kailan ma't maálaala'y umiwa sa kanyáng puso ng bago at bago.

Sa gayong pagkakátayo na walang kakilos kilos, ay inabot ng nag-uuúsap na si na ñora Titay, si Rojalde at si Don Nicanor. Unang bumati itó at itinanóng sa anak kung anó ang tinitignán.

Hindi sumagot ang dalaga at isá lamang buntong hiningá ang nasnaw sa kanyáng bibig ng makisabay na sa nagsisilákad na patungo sa pintuan. Ang rosa virgeng iyo'y nagpapaalaala sa kanyá ng maraming bagay.

—Pagtubuan nga kaya ng malaki ang hanap-buhay na pinapanukala mo—ang usisa ni Don Nicanor kay Rojalde ng sila'y na sa pintuan na.

—Sa akala ko'y pagtutubuan, sapagka't sa Europa ang hanap-buhay na sinabi ay pinagtutubuan ng di gagaano at pinamumuhunanan ng lalong mga maysalapi.

Ang salitaan ay tumagál pa ng iláng sandali, bago nakaalis ang mag-ának at napasakay sa kar-

waheng pinasaluno sa kanila ni Rojalde na siya ring maghahatid sa pag-uwi. Ang binata ay matagal tagal din sa daan bago nasok: hinintáy pa munang ang karwahe n̄g mag-ának ay makaliko sa Namayan. Nákitá pa n̄g m̄ga alilang nagliligpít sa itaás n̄g bahay na nangagdun̄awan n̄g maramdamang umalis na ang m̄ga panauhin, ang pagkakapagpugay ni Rojalde sa m̄ga lulan n̄g karwaheng lumiliko.

Makasandali ay nasok, nagbalík sa halamanan at doón n̄g nag-iisá na, ay binigyáng daáng máipulas ang lahat n̄g sama n̄g loob. Náisip ang kanyáng pagkasawi, nágunita ang katigasáng loob ni Danding na di niya mapasuko suko. Gayong malapit na niyang magíng asawa ang anák ni Don Nicanor ay di man lamang kinákitaan n̄g kahit kaunting pag-linḡap. Itó ang tunay na di niya mabatá, ang kailan ma'y ipinagdaramdam n̄g kanyáng puso. Madalás na ikahabág sa sarili ang nangyayari, hindi ikákatulog kung minsan at di ikatahimik na palagì.

Kung minsan ay mágunita ang kabigatán n̄g pakikisama sa isáng di umiibig: sa pagsasamang ganito'y walang alíw na málalaspap bagkus pawang kapáitan at sama n̄g loob. Halos nákinikinita nang ang pasumunód na ipamamalas ni Danding. ay hindi máhahaluan n̄g anó mang pag-ibig; bakit itó na n̄ga ang kailan ma't mag-uusap sila'y siyang sinásabi n̄g dalaga.

—Wala ring pinag-ibhán sa patáy ang aking magíging asawa—ang wika ni Rojalde—n̄guni't anó pa ang gágawin, sa pagkasubo kong ito'y mahirap na ang umurong, ang kahihiyán kong tatamuhin ay gayón na lamang. At saka saán ko gugugulin

ang salapi at ibang kayamanan pang malulusaw ko kung íbigin, kundi sa paghanap ng alíw? Ang kailangan ngayo'y magíng asawa ko siya, at magíng asawa ko ng may pag-ibig sa akin. Hindi sa gayón gayón lamang kung kaya ko binilí si Pedro!

Pagkábangit sa pangalang ito'y pinapanabík ng pagnanasang matalastás kung anó na ang m̄ga nangyayari sa ipinagbilin niyang gawin, kung natutupad ni Pedro ó hindi, at kung kailán mādadaos ang panukalang matagal-tagal din naman niyang binalangkás.

Hindi sa siya'y walang pag-asa sa katapatáng loób ni Pedro, kundi ang inaalaala'y baka ito má-unahan ng pakitang loob ni Luis ay magbinabae tuloy sa kanyáng títungkulin. Kalahati nang mahigit ng halagang kanilang pinagkásunduan ang náibibigay sa dating sota, at ito ay wilíng wilí naman sa kapalaran niyang tinamó, ayon sa m̄ga ipinahayag ng huli nilang pagkikita.

Kay Pedro rin niya natalastás, na nakauwi na itó sa bayang sarili, nakapamilí na roon ng iláng pitak na palayan at saka isá pang kalabaw. Ipinamarali niya sa m̄ga magulang at kababayan na nagkapalad sa lotería kaya ganoón. Niwalang niwalâ naman ang m̄ga pinagsabihang tao, kaya't si Pedro na dati dati'y walang katuturán sa kanilá ay unti-unti nang hinahanḡaan at pinopoon. At itó pa naman ang kanyáng pinakananais: mapatangí, mapatanghal. Sa lilim ng isáng pagpapakumbaba, si Pedro ay nagtatago ng isáng masakim na budhi. Sa lahat ng kaparaana'y ibig lumaki, dumakila at tingalín. Nang m̄ga unang sandali ay ipinangilabot niya ang di sasalang pag-



pasok sa Bilibid, datapwa iyon na lamang marahil ang tanġing pagkakataong dulot sa kanyá nġ kapalaran, kaya siyang pinanġapitan nġ boong higpit, tulad sa pagkapit sa maliít mang timbulan nġ isáng nalulunod. Itó'y di nġa niya sinabi kay Rojalde, bagkus ipinahalata rito sa kanilang pag-uusap, na kung sumusunod man ay hindi dahil sa salaping kabayarán; kundi sa pagkáibig na mag-bigay loób. At nang lalong maniwala ang dating panginoón sa di niya pagkamasakím ay ipinahiwatig pang sa salaping iyong bigay sa kanyá, ay bumawas nġ ginugol sa pakikipagkaibigan kay Luis, kaya't nġ mġa araw na yao'y nagkakabatián na sila, baga ma't di pa lamang nanġagkakapalagayang loob.....

Ganitó ang mġa natalastás ni Rojalde sa hulí nilang pagkikita ni Pedro, at di pa nġa natataláng ibinala sa kanyá nġ datihang sota ang pag-uusap na iyon sa jardin.

—Marahil—ang sa sarili ni Rojalde—ay malaking bagay ang sásabihin sa akin. Pag-inulól ako nġ Pedrong itó ay naalaman ko na kung ano ang gagawin—at si Rojalde ay nápatigagal.

Bahagya na siyang naliliwanagan nġ takip-silim, ang dumarating na gabi'y nakapapasok na sa halamanan at wala nang másinag halos na mġa bulaklak sa nanġaglalabayang sanġá nġ mġa punong nároroon. Isáng kawang kabág kabág ang halos pasagíd nang nagdaán sa ulunán ni Rojalde na saka pa lamang nakáisip manhik nġ bahay. Pag-datíng sa itaás ay sinabi sa mġa alilang mangakauwi na kung ibig, at siyá'y maliwan pa roón.

Ang talagáng nagbabantay sa bahay ay walang maalamang gawín nġ pangangalaga kay Rojalde.

Itó'y nagpalabas n̄g isáng silya at sa pagkapanhik n̄g hagdanan umupo. Hiníhintay niya ang pag-sundo ni Román na tinanġaang bago mag-ikapitó n̄g gabi'y dumatíng doón n̄g walang pagkukulang. Sa pagkakaupo'y nagbubulong sa kanyá n̄g sari saring bagay ang mabining simoy na mula sa kalapít na ilog ay humihirám muna n̄g banġó sa mġa ilang-ilang at sampagitang nagkalat sa há-lamanan. Nakasandali rin sa gayóng maligayang paglasáp n̄g alíw, bago dumating ang kanyáng kalesin na pagkatapat sa pinto'y biglang tumigil. Si Rojalde'y nagtindíg at nanaog na di man lamang tumugón sa magalang na: *¿aalís na pu ba kayo?* n̄g maliwang bantay. Kay dami at sari-saring bagay n̄g nilalaman n̄g kanyáng ísipan noón at di na maáaring duminig pa n̄g anóng anó man!

Pagkaupong pagkaupo ay iniutos kay Román na siya'y dalhin sa Luneta: doo'y ibig niyang sumagap muna n̄g simoy sa dagat at makipag-alíw sandali sa maraming taong kung gayong mġa oras ay naglilibang sa liwasang sinabi. Malayo layo pa ay nakaakit na sa kanyá ang masasayang tinig n̄g isáng balitaw, tugtuging tulad sa kundiman ay nagpapaalaala n̄g maligayang kaha-pon n̄g ating mġa ninunong laya at walang panġinoón. Ang tugtog na iyo'y nanúnuot sa kanyáng kaluluwa at waring nagpapahayag n̄g maraming alíw, nanġanġako n̄g mġa kaligayahang di pa niya nátatamo.

Hanga't nápapalapit ay lalong maliwanag na ná-papakingán ang masayang balitaw. Sa Luneta ay marami namang tao, ang iba'y lakád, ang iba'y nanġagtayo at nakikiníg n̄g tugtog, madla ang

nangagpapahingalay sa damó, at ang mapapalad na paris niya'y nangakalulan sa mabibikas na saksyán at paligid ligid na wari'y sinásanay ang kanilang mġa kabayo. Si Rojalde man nama'y nagpaligid ligid din at māmaya'y mápalapít, māmaya'y mapalayo sa tinutugtog na balitaw. Sa minsang pagligid at nġ kasalukuyang tinútugtog ang marcha amerikana, na itinayo nġ tuwid na tuwid nġ lahat, pugay ang mġa sombrero at walang kasalisalita ay natagpuan niya si Mr. Kilsberg.

Nagbatián silá, nagkámayan at nag-usap pagkatapos nġ bigay na bigay. Sari sari ang kanilang nápag-usapan: unang nátukoy ang lakad nġ kalakal na бага ma't di ipinaghihinagpís ni Mister Kilsberg na paris nġ iba, ay nasabi rin sa kausap na di naman niya ipagtubo nġ malaki, paris bagá nġ mġa nagdaáng panahón.

Si Rojalde ay may sinabi kay Mr. Kilsberg na pinakásang-ayunan naman nitó at di iba kundi tungkol sa paghingġi nġ mġa kalwagan sa pangangalalakal na dapat iharap agád sa pamahalaan; sapagka't kundi man siya kaayong lubos nġ gayong panukala ay mabuti na rin nġa ang humingġi at baka sakaling may mátamo kahit bahagya. Ang pag-uusap nila'y unti unting nagkakáluluwa. Nápabaling sa napakalabis na gugol nġ pamahalaan sa kanyang mġa kawani na dito lamang marahil nakásasahod nġ limpak limpak, bago nápasuot sa pagtitipíd na dapat gawin, kung íbig masiyahán ang bayang di makadalá. Sa isáng bayang mahirap ay tiwali naman ang magtayo nġ isáng pamahalaang walang hinayang magtapon—ang tapos pang salita ni Rojalde.

—At dahil diyan ang sagot naman nġ kausap—

kaya ayaw dingín ang hingi n̄g m̄ga may pag-aaring ibinubuwis na babaan at gawing piso lamang sa sandaán ang buwis sa lupa't m̄ga bahay. Itó, kaya sinabi ni Mr. Kilsberg ay sapagka't nababalatan siya sa kábabayad n̄g buwis sa may kung iláng páupahang bahay na malalaki ay wala namang tao.

Lahat n̄g m̄ga labis na gugol, lahat n̄g salaping nátatapon at napapagayon lamang sa kung anó anóng pagawa na diwa'y tinatahing talaga upang huwag manḡaalis sa tungkol ang maraming m̄ga kawaning pinasasahod n̄g malalaki; ay kanila nang nápag-usapan. Hindi pinatawad pati n̄g pagpapaluwang sa Luneta na iáagaw n̄g kailan̄gang lupa sa dagat, at kung iláng buwan nang pinapanukala. Ang gayóng pagharáp sa isáng gawaing ipagbibitiw na naman n̄g pu pung libong piso ay dapat munang ipagpaliban sana sa palagay n̄g dalawang nag-uusap, na tila n̄g gabing iyo'y nanḡagtalagá n̄g kaní-kanilang dila upang pulaan ang panḡan̄gasiwa sa salapi n̄g bayan.

—Anóng kagalin̄gan ang sa n̄gayo'y mátatamo sa ganyáng gagawin?—ang tanong ni Mr. Kilsberg.

Si Rojalde ay wilíng wilí sa pakikiníg n̄g gayong m̄ga pagpula na ipinalalagay niyang na sa katwiran.

Sa gayón n̄g gayon, ang pag-uusap n̄g dalawa'y nápaibang dako at halos hindi kinukusa'y si Luis ang nápag-usapan. Ipinahayag na lahat ni Mr. Kilsberg ang m̄ga nangyari; walang inalihim kahit ano, pati n̄g pagtatalo nila ay binangít at tinapos sa pagpapasalamat sa may tapat na puso niyang kabiligan, na gayóng walang nais kundi makapag-

lingkod lamang, ay nakapagpautang sa kanya ng isang napakalaking bagay na di mababayaran marahil ni ng salapi.

Si Rojalde'y nagpakababababa naman sa harap ng gayong mga papuri, at muli na namang inulit ang pagsasabing kaya niya isiniwalat ang katotohanan, ay sa pagkaiibig na mailayo si Mr. Kilsberg sa isang kapahamakang sukat sapitin.

—Salamat kaibigan ko—ang pakli ni Mr. Kilsberg—dahil sa inyo'y nakilala ko ng lubos na lubos ang dati'y pinagtitiwalaan kong si Luis, na isa palang nagtataksil sa akin at nagtuturo ng kung ano anong kaululan sa aking mga mangagawa. Anong pagkasalisaliwa ng mga pag-aakala ni Luis sa dapat gawing pagpapasunod ng puhunan!—Sukat ba namang sabihin sa akin na ang katampatan daw pag-upa ay ang nasasalig sa mga kailangan ng isang mangagawa at hindi sa maibigan ng umuupa. May kaululan pa bang lalaki sa rito?

Si Rojalde ay napatawa ng may halo pang halakhak. Ang gayong paghahaka'y katawatawa nang talaga at di dapat dingin ng isang taong may pag-iisip na maipagkukuro ng katotohanan at matwid.

Sa pagkakatukoy na iyon kay Luis ay nalalala tuloy ni Rojalde ang kanilang tiyapan ni Pedro na nakalimutan dahil sa gayong pag-uusap, kaya tinangnan ang orasan, at hawak ito sa kamay na nagpaalam kay Mr. Kilsberg. Sandali pa silang nagkátigilan pagka't may naungkat si Rojalde.

Sa samantala'y pawang pagsasalaysay ng mahirap niyang tayô ang ginagawa ng matandang kotsero ni Mr. Kilsberg sa kanyang kausap na

si Román. Inilalarawan na naman dito ang nápa-kalungkot niyáng kabuhayan, na gayóng katanda na'y di man lamang magkaligayang mapatahimik ng bahay at huwag mag-abala sa paghanap ng kákanin. Ang buhay na iyo'y pinasán niya mula pa sa kasariwaan ng kanyáng panahón, at nábibingit na lamang sa hukay ay di pa mandin m<sup>a</sup>sinagán ang araw ng pagkatubós.

—Dito kang palagi sa pagkakaupo. Ulanín, arawin, bagyuhin, mápaumaga, mapatanghali, mápagabi, ay ibá na lamang nang ibang tao ang iyong pinaglilingkuran: kung ito nama'y di pagkabusbos ay aywán ko na!—ang may himutok pang sabi ng matanda sa kanyáng kausap na sa mata-íntim na pagdinig ay ipinahahalata ang pakikia-yon sa nagsasalita.

Sasagot sana si Román, nguni't naputol ang ibig sabihin: ang kaníkanilang panginoó'y dumá-rating na.





## XVI

ANG kadilmán n̄g gabi, ang kapanglawan n̄g m̄ga lansan̄gan, ang mahinang habagat na nagpapalagasl̄as sa m̄ga dahon n̄g kahoy, ang bahagya nang makarating na liwanag n̄g ilaw-elektrika hangang sa paanán n̄g baliting na sa gitna n̄g jardin, ang nagkakalikaw at suót suót na m̄ga ugát noong tila malalaking ahas na naglilingkisan, ay nagpapalungkot sa puso ni Rojaldeng may m̄ga ilang sandali na sa isáng bangkong dóroon. Siyang siya lamang ang tao at ang pag-iisáng ito'y lalo pang ikinalulumbay. Wala ring pinagibhan sa isáng libin̄gan ang kinálalagyán niya. Sa haráp n̄g baliti ay nagunita ang kapos-palad na si Sisa sa NOLI ni Rizal at bigla rin namang sumagi sa kanyáng guniguni ang naging kasabihan nang m̄ga duende, nuno at tikbalang na noóng siya'y musmós pa ay nápagdidinig kay matandang Simo. Naálaala pa ang sinalita sa kanya na nangyari sa ilang mán̄gan̄gasó, na sa panunubok n̄g baboy-gubat at samantalang ayaw halos magsihin̄ga upang huwag siláng máranda-man n̄g matalas manḡan̄gamoy na hayop-bundók: ay sa lilitaw at aywán kun saán galing, ang

isáng taong munti muna n̄g m̄ga unang sandali, datapwa't palaki n̄g palaki, pataás n̄g pataás hangang sa magíng malaking malaki, na halos sumuko sa langit, at siyáng sumungáb sa isáng mángangásóng nawalán n̄g ulirat at n̄g mahimas-masa'y na sa puno n̄g kanilang hagdanan, hihingal hingal, malata ang katawan, hindi makapagsalita at walang máisagot kundi pawang ilíng sa m̄ga itinatanóng n̄g kanyáng asawa. Naalaala ang sinalita sa kanyáng nangyari rin sa isáng mangliligaw na nákagalit n̄g isáng duwende at minsang galing sa bahay n̄g kanyáng nilíliyag ay hinalay noón sa puno n̄g isáng malagóng mabulo kaya't sa takot n̄g binata'y doón na lamang nákitang patay n̄g kinábukasan. At ang kaluluwa n̄g isáng nasirang makasalanan na pinabalik uli rito sa lupa upang máipagsabi ang isáng lihim na kasalanang ginawa at siyang di ikapasok sa kalanġitán na kung m̄ga gabi raw madilim ay naghahanáp n̄g m̄ga nag-iisá sa paglakad ó kaya'y n̄g m̄ga na sa dilím upang kausapin, at kaya pinanġilagan n̄g lahat ay sapagka't di na ísang nanġaglakaslakasang loob na nakipag-usap sa kanya ang namatay noón din. Pati ito'y nágunita ni Rojalde sa gayóng pag-iisá sa puno n̄g baliti: walang di náapuhap sa napagdidinig noóng kanyáng kamusmusan pa, isá isáng binuklat sa isip ang m̄ga buhay-buhay na di miminsang napitang salitín n̄g kanilang m̄ga lingkod noong siya'y bata pa, baga ma't ikinatatakot at madalas di ikákatulog na mabuti.

—Kung may tikbalang kaya n̄gayóng biglang lumitaw dito—ang usisa sa sarili ni Rojalde—Marahil nama'y di manġangahás sa akin; nálala-



man na niyang ang musmos na nagpipikít ng matá kahapon, másabi lamang ang tikbalang, nãayo'y isá nang binatang may matitipunong bisig at pangangatawang timbang na timbang na di na niya mabibigla ng ganóganoon. At kakausapin ko pa siya't ipagpaparangalan ang sari saring bungã ng isipan ng tao, ipatatalastás kong ngayo'y nauutusan pati ng lintik, nahahalughog pati kayamanang natatago sa ilalim ng lupa, at sa mãa kasangkapang bató ng matatandang lahi ay humalili ang mãa kasangkapang may sarisaring tabas at hugis na pawang mãa bakal, patalím, tanso ó kaya'y ginto. Ibabalita ko rin namáng pati pa pagsasalitaan ngayo'y nagagawa sa pamamagitan ng kawad, magpakalayolayo man, at sasabihin ko ring ang mãa paglalakbay na kasalukuya'y mabilis na mabilis hindi gaya ng dating masagwíl at puno pa ng kapanãanibán. Marahil ang tikbalang ay magdidilat muna ng mata, bago magbubuka ng bibíg na takangtaka sa kanyang mãa makikita't maririnig sa akin, at mana pa'y maisip na tuloy ang manirahan dito't pasakop sa mahirap na pakikitunggali sa kabuhayan. Ah! hindi sásalang mahihikayat ko ang tikbalang—ang may biro pang tapos ni Rojalde, sa kanyang mãa munimuni.

Lalong nagpakabuti ng upo at baga man iníp na kay Pedrong may ilang sandali, dahil sa pagkabalang nito sa oras na takda, ay nalilibáng din sa gayóng pag-aalaala sa mãa tikbalang at nuno.

Tungkol sa mãa nuno ay naalaala niyang ayon sa mãa sabiha'y palatira raw sa mãa punso at palaging nangbabató sa matwa man ó sa magalit.

Sa kanilá na ring bahay noón siya'y malíft, ay nádinig sa m̄ga alila na may nuno raw sa silun̄gán n̄g m̄ga kabayo, kaya kung magsihalinghíng itó't sumingasingasing kung hating gabi'y gayón na lamang. Minsa'y narinig pa niyang ang ikinamatay raw n̄g isá nilang utusáng babayi, ay ang pagkagalit n̄g nuno na diwa'y di máibig n̄g alilang iyon kaya nakáisip maghiganti. Sa pagkaalala sa nagíng palad n̄g alilang namatay dahil sa higanti n̄g isáng di máibig, ay nágunita ni Rojaldeng ganitó rin namán ang ninanasa niyang gawin kay Danding bagama't di itó ang pinag-iitin̄gan n̄g kanyáng kagalitan kundi si Luis.

—Talagá n̄ga, anyáng, walang kamuwang-muwang ang m̄ga lamáng lupang iyan. Ni hindi maalam magsipaghiganti, dapwa't di ko sila pinakakasing labis—ang may pagkahabág pang salita—Sila'y nan̄gagíng tao sa panahón n̄g dilim kayá di marurunong pumaraán. Wala, may sumipot lamang dito na isáng tikbalang ó nuno, ay sápitang mahihikayat ko at patatalo sa áking m̄ga ikakatwiran. Isá isá kong ipaliliwanag sa kanilá ang m̄ga kalwagan n̄g pamumuhay n̄gayón, ang m̄ga kagalin̄gan at ginhawa sa panahong itó salamat sa walang higlaw na pagsisikap n̄g puhunan. N̄guni't hintay ka muna Rojalde—ang náibulong—ang m̄ga bata't matatandang gusgusi'y malurit makipag-usap, mausisang totoo at palatanóng n̄g kung ano-anong bagay: kung usisainila sa iyo kung gaano namán ang ikinásulong—n̄g tao sa pamamahala at pagpapasumunod sa bayan n̄g m̄ga pamahalaang natatayo, ay tanó ang iyong isasagot?

Si Rojalde'y natigilan, Kung may isá n̄gang nuno ó tikbalang na sa súsulpot doo't magtatanóng n̄g bagay na ito, ay di sásalang maúutál siya, di sasalang ipahahayag na pawang paimbabáw lamang ang m̄ga kináng na iyang nagpapagandá sa lahat n̄g bagay, at m̄ga palamuting ginagamit n̄g tao upang matakban n̄g kaunti ang kalagayan niyang busabos pa rin hangá n̄gayón.

Nápatindig si Rojalde at waring naghahanáp n̄g isáng kasagutan sa gayong mabigat na tanóng. Datapwa't ang kanyáng pag-iisip ay daglín nápauntol, sa biglang pagkakatanaw sa malayo n̄g isáng taong lumalapit. Mahinay ang lakad n̄g dumarating at waring di namán nagmamadali n̄g gaano kaya pinag-alinlanġanan pa ni Rojalde kung si Pedro n̄ga sapagka't hindi ganoón ang lakad n̄g isáng hin̄hintay na talagá. Unti-unting lumálapit ang kanyáng natanaw, hangáng sa n̄g may iláng dipa na lamang ang agwát ay natunayan n̄gang di palá si Pedro, kundi isáng pulís amerikano, pagkatapat sa kanya'y tumigil munang sandali, at tila pinagwari kung anó ang nagiging kailanġan n̄g isáng taong sa gayong m̄ga oras n̄g gabi ay na sa isáng liwasang hayág.

Maya maya ang pulís ay nagpatuloy, at sa dahan dahan ding pag-layo'y ipinakilalang hindi siya nagdudumali. Lalo nang nainíp si Rojalde, lalo nang ipinagtaká ang di pagsapit agad ni Pedro, at hangáng sa ipinalagay tuloy na baka ito'y di na paroroón. Sa akala niya'y kinusa n̄g hin̄hintay ang di pagtupad sa salitaan at nag-isip tuloy n̄g isáng paraang magaling ó isá kayang higanti sa dating sota, upang siya'y huwag má-tawanan at ipalagay na magagawán n̄g anó mang

máibig. Nguni't isá na namáng tao ang nátanaw niyang dumárating na pasalubóng sa pulís at nangagaling sa liwasan ni Lawton. Ang panibagong natanaw niyang ito'y nagdudumali, matuling matulin ang lakad at tila may hinahabol. Pagkátapat sa liwanag ng isáng ilaw, ay nakilala ni Rojalde kung sino: si Pedro na palá.

Ibíg ibíg nang salubunġin at ng mausisa kaagad, datapwa't nagpigil at hinintay na makarating sa kanálalagyán niya: sa gano'ý di pa máhahalatang siya'y nanánabik at di rin naman málalagay na mababa, pagka't kababaan kay Rojalde ang maturang siya ang sumalubong kay Pedro, na isáng sota lamang noóng araw, isáng inutus-utusan, at katulong man niya sakali sa isáng pinápanukalang gawin, ay di rin makapá-pantay sa kanyáng tayog at pagkadakila ni sa pangarap man lamang.

—Patawarin ninyo ako—ang unang nabigkás sa bibig ni Pedro ng magkapiling na sila sa upo ni Rojalde, at pagkatapos na makapag-gawad ng isáng: magandang gabi po ay nagsabing hindi kinusa ang pagkabalang, nakaabala di umano ang pagtapos ng mga kailanġang gawin dahil sa kanilá ring usapan.

—Umaasa akong hindi ka nang-uulól—ang tugón ni Rojalde—at naniniwala rin naman akóng may ganap kang dangal upang magtapat sa akin—ang tapos pang nagpako ng kanyáng tingin sa mukha ng kausap na sa gayóng kadilím na gabi'y di namán kinábanaagan ni Rojalde ng kahit bahagyang tanda na sukat pagkákilanlan ng mga isinasaloób—Oo Pedro, ako'y umáasa sa iyo, sa-pagka't binábayaran kita, at sukat mo namáng

mapagkuro na kapag pinagkulanġan mo ako'y nalalaman ko na kung anó ang gagawin—ang dugtong ni Rojalde nġ makasandali.

Nálalaman niyang ang kausap ay madadalá saan man ibigin. Si Pedro'y isá riyan sa mġa taong siláw at dunġo sa harap nġ isáng gaya ni Rojalde na bukod sa maraming nálalaman ay matumpok nġ salaping magagamit sa anó mang ibigin. Si Pedro'y walang máisagot sa gayóng mġa salita na tila isá nang pag-uuna ni Rojalde nġ pinapanukala sakaling tumalikod siya sa pagtupad nġ kaniláng usapan. Gayon ma'y nagpumilit ding tumutol, at nġ mapalagay man lamang sa di kahiya hiya ang kanyáng paglilingkod sa panginoón.

—Naalaman mo kung ano na ang iniisip ko kaninang di ka pa dumárating?—ang putol na sabi ni Rojalde sa mġa paliwanag ni Pedro.—Tignán mo itó—ang saad na sabay dukot sa bulsa—ito'y isáng rebolber na sadyang ihahanap ko sa iyo saan ka man naroon. Isá lamang sa lima niyang punlo ay sukat nang makakitíl nġ iyong hiningá't makapagbigay matuwid naman sa akin sa harap nġ mġa hukuman. Kay Rojaldeng mayaman, kilalá sa pangangalakal, tanyág sa pagkamaranġal, at lipós kapuriha'y sangbayanang tao ang maniniwala kung magsabing kaya pinatay si Pedro ay sapagka't siya'y hinarang nito't ibig agawan nġ mġa dalang pahiyás; nġuni't isá ma'y di maníniwalang pumatay siya nġ tao sapagka't ibig lamang pumatay. Kita mo na kung anóng mġa kaluwagan mayroón ako upang máutang nġ walang parusa ang iyong buhay—at pinakabuti ang hawak sa rebolber.

Si Pedro ay katál na katál. Hindi magkantututo n̄g sásabihin at halos lumuluhang nagpaliwanag kay Rojalde. Itó namá'y gumawa lamang n̄g ganoon dahil sa pagkáibig maalaman kung hangáng saán ang abót n̄g katapatáng loob ni Pedro.

Ito, na nagsasalita na, mamaya'y mápalakás at mamaya'y mapatigil.

—Ituloy mo, ipatuloy mo—ang sabi ni Rojalde tuwing titigil si Pedro. Isá isá namáng ipinaliliwanag n̄g datihang sota ang kanyáng m̄ga nagawa mula n̄g huli nilang pag-uusap. Sinabi ang lahat na di nagkaila n̄g anó man, pati n̄g m̄ga paraang sinandata upang siya'y magíng kaibigan ni Luis. Pinakapuri itó, sinabing may magandang puso at saka totoóng kaibigan n̄g m̄ga dukha, walang unaunang kasalanang kinikilala sa mahihirap kundi ang kanilang karalitaang bun̄ga n̄g masasamang palakad n̄gayón, n̄g masamang pagpapalagay sa nanḡa sa ibabang marapat pa sa kaunting pakundangán at pagtingin, huwag ang paris n̄gayong sila ang masama at sila ang bagsakan n̄g lahat n̄g pintas at pula. At ito'y totoo ayon kay Pedro, siya man namán kung minsa'y may ganito ring palagay.

—Ulól, ulól, ulól—ang sunod sunod na nasabi ni Rojalde—sa bibig n̄ga naman náhuhuli ang isda. Kung gayo'y kaibigang ka nang totoo ni Luis at di mo nanasain kailan man ang siya'y ipahamak? Di ikaw rin ang nagbibigay matwid sa akin upang paghigantihán kita?

—Hindi po naman—ang bahagya nang náipakli ni Pedro—kaya't hanga n̄gayo'y nakikipagkita ako sa inyo ay sapagka't di ko binabáwi ang aking

salita. Magíng halaga ma'y anó, ay tutupdin ko ang naipanġako. Nġuni't ako'y nanġingġilabot tuwing magugunita ang aking gagawin sa isáng ma-buting tao na paris ni Luis.

Naunawaan ni Rojalde sa ganitong mġa salita nġ kausap, na tila nag-aalinlanġan pa itó nġ kaunti bagay sa kalinisan nġ tungkol na kanyáng tutupdin, bagkus humahanġa kay Luis sa gayóng paghihirap at mġa dalitang binabatá, tulad sa isáng bayani kung sa nġalang pagmamahal sa kanyáng mġa damdamin at paniwala, kaya tumalagang hadlanġán agad ang pagtubo sa kalooban ni Pedro nġ wari'y isáng palagay na kaalang-alang si Luis.

—Pati ikaw ay tila nahawa na rin sa sakít ni Luis. Kung bakit nġa ba di ko násabi agad sa iyong siya'y talagáng ganoón, бага ma't sa bi-big lamang ipinamumutawi ang kanyang mġa paghahaka at sa gawa ay hindi na. Sumunod ka sa aki't magkakasalapi ka, ó kung hindi ay nalalaman mo na—at ang rebolber ni Rojalde ay nápadikit at sukat sa pilipisang kanan ni Pedro.

Ito'y nápaibag sa pagkakaupo: ang lamig na naramdamang nanuut sa mġa lamán niyang nanġatal, ay tila lamig na nġ kamatayan, tawag nġ hukay sa katawan niyang ibig na lunukin. At muli na namang di nagkangtututo nġ sásabihin, muli na namáng namilipit ang kanyáng dila.

Ipinatuloy ni Pedro ang pagsasabi: ang gayong kagandahang ugali ni Luis, ang kanyáng pagka-maawain sa mġa mahihirap, sa mġa apiapihan nġ kapalaran gaya nġ kanyáng tawag sa mġa paris ni Pedrong nasásaklaw at na sa ilalim nġ kapangyarihan nġ salapi, ay siyang nasamantala, siyang ipinagíng magkaibigan nila agad at nġa-

yo'y ikinapagpapalagayang loob na nilang tulad sa m̄ga magkapatid.

—Kung gayo'y ang kanya ring pagkamahilig sa m̄ga dukha ang iyong sinamantala at kinasangkapan?—ang tanong ni Rojaldeng may halong pagtataka sa katalinuhang iyon ni Pedro.

—Siya n̄ga po—ang tugon nito—at salamat sa paraang iya'y nagkasundo kaming mabuti, nagkapatang loob kami, at n̄gayo'y magkapatid nang matuturan. Sinabi ko sa kanyang ako'y isang taga lalawigang malayo, at kaya naparito sa Maynila'y upang humanap n̄g mapagkakakitaan, n̄g ikabubuhay sapagka't ako'y dukha at walang sukat pagkunan. Sinabi ko ring ako'y napapasok n̄g paglilingkod sa mayamang kay Don Victorino Rojalde, at sa bahay nito'y nalabi akong may anim na buwan, datapwa't minsang nagalit ang panginoon ko sa akin ay tinampalasan ako, sinaktán at minura pa, bago pinalayas na di man binigyan n̄g nauukol sahurin. Sa wakas ay sinabi ko sa kanyang ako'y wala ni isá mang kakilalarito sa Maynila, at di ko maalaman kun saan ako patutun̄go, at sa pagkaawa sa aki'y binayaan nang doon akó magtira sa kanila . . . . .

—Há?—ang tanong na nananabik ni Rojalde.

—Doón na ako nakatirang may ilang araw n̄gayón—ang patuloy ni Pedrong wari'y di nakapansin sa tanong n̄g kausap—at walang hinihintay kundi ang inyóng utos upang tupdin ang ating úsapan—Si Luis ay ating atin na n̄gayón. Pagnakawala pa'y talagang kulang palad tayo.

Si Rojalde'y di nakakibo agad. Ang naalaman niya kay Pedro ay ikinagalak n̄g gayón na lamang. N̄gayo'y wala nang ligtas si Luis, kailan



ma't ibigi'y lilitaw itong kahiyahiya kay Danding at wala namáng pagsala na di mápapakanya ang pag-ibig n̄g binibini, n̄g magandang anák ni Don Nicanor na walang ipinalagok sa kanya kundi pawang kapighatian at dalita. Lahat n̄g pag-aping ipinatanaw ni Danding n̄g m̄ga sandaling iyo'y ipinalagay na bayád na. Bayád na't ang naduhagi'y si Luis.

—Salamat Pedro, salamat—ang m̄ga unang salitang nasnaw sa bibig ni Rojalde—Kailán ma'y di ako nagdamdám aliw na paris n̄gayón: ikaw ay naging timbulan ko sa pagkalunod. Hintín mo n̄gayon ang aking utos kung kailan gaganawin ang ikalawang bahagi n̄g ating usapan. N̄gayo'y nakapanġanay na tayo, ang m̄ga susunod pa'y may kadalián nang tupdín, sapagka't na sa akin na't saka sa tulong mo rin naman. Ang mahirap lamang ay siluin si Luis at n̄g madalá natin saán man ibigin. N̄gayóng masilo na'y kulang lamang ang ipugal. ¡Kailan mo inaakalang mabuti!

—Kayo po.

—Kung gayón—ang sagot ni Rojalde—ay sa makalawa mo málalaman sa akin. Dito rin tayo magkikita, sa ikawalong ganap n̄g gabi, at tangapin mo ito upáng may mágugol ka. Tinangap ni Pedro ang iniabot na di namán maalaman kung magkaano, palibhasa'y madilím.

Ang usapan sa ilalim n̄g baliti'y natapos at ang dalawa'y naghiwalay. Sa dáraan na namán ang pulís na nagbabantay sa katahimikan n̄g gabi at nang-aabat sa sino mang may masamang anyo, n̄guni't pinakakatalastalasan man ang matá't pag-iisip, ay di nakáramdam sa dalawang taong

iyong tahimik na nagsisilakad, ang isá'y patungong tuláy ng̃ Santa Cruz at ang isá'y patungo ng̃ Bagumbayan.

Nang na sa ibabaw na ng̃ tulay si Rojalde ay may natagpuang isáng karwahe. Tinawag: ang kanyáng kalesi'y naghihintay na sa Club, sapagka't ganoón ang bilin niya kay Román. Samantalang patungo sa Club, ay naisip na ang isáng pagwawaging paris noo'y dapat ipagsayá at ipag-anyaya sa m̃ga kaibigang matalik: halimbawa, isáng hapunan sa restaurant. At itó na ang pinanukalang gawin, papanhik lamang sa Club, makikipag-usap na sandali at lahat ng̃ abutan doo'y dalhín pagkatapos sa restaurant: sa gayo'y magkakaalaala sa kanya ang isáng pagwawaging bungã ng̃ pagkamatalino at kaalamáng pumaraán.

—Oo, ito ang mabuti—ang naiisip—Kapag sa buhay ng̃ tao'y may mahalagang bagay na náagawa ay dapat namang magsayá. Madali kotsero—ang utos pang mabalasik sa nagpapalakad ng̃ kinásasakyan niyang karwahe.

Samantala nama'y ináaninag na mabuti ni Pedro sa liwanag ng̃ elektrikang na sa tapat ng̃ bahay Municipio, kung gaano ang halagáng iniabot sa kanya ni Rojalde.

—Dalawangpu't lima palá. Malaki rin naman, ng̃uni't ikabilang kaya ito sa halagang úsapan namin at hanga ng̃ayo'y na sa kanyá pa? Hindi marahil. Pedro, Pedro—ang saád sa sarili ng̃ datihang sota—ng̃ayo'y makapaglilibang ka . . . . hanga't ibigin—at sa pagkaalaalang may sugalan gabigabi sa bahay ng̃ isá niyáng kakilala, ay doon napatungo at tumalagáng ipatalo ang kanyáng dalawangpu't lima.

Si Rojalde nama'y dumárating sa Club. Naroon na ang kanyang kotsero na sa pagkainip marahil ay nakahilata sa loob n̄g kalesin. Pagkátanaw ni Román sa kanyang panginoon ay ga nágulat pa't hindi magkantututo n̄g gagawin, n̄guni't unti-unting pinagsaulan n̄g loob n̄g makitang si Rojalde'y patuloy na di man lamang siya kinibo.

Isáng masayang pagsalubong n̄g m̄ga kaibigang dinatnán, ang ipinaniwala ni Rojaldeng hindi nakabawas sa paglingap sa kanya n̄g m̄ga kaibigang dati, ang may kung ilang araw na di ipinakisalamuha sa kanilá.

—Sumaligaya kayong lahat—ang pagkuwa'y ná-sabi n̄g binata.

—Bakit di ka náparitong may kung ilang gabi?—ang sabad n̄g isá sa m̄ga dinatnán na sa pananalita at m̄ga kilos ay tila matalik na kaibigan n̄g bagong dating.

—Kasama—ang sagot nitóng tatawa-tawa—m̄ga gagawing madalian at pawang mahalaga ang nigil sa aking makaparito. Ako ma'y nahihinayang din: sa palagay ko'y tapos na at marahil nangákilala na ninyo kun sino sino ang m̄ga bayani ni Vagues sa kanyáng mainam na salaysay.

—Tapos na n̄ga, n̄guni't inaáalaman mo ang ginawa ni Vagues? Hindi man sinábi sa amin kun sino ang babaying iyon, ang kanyáng sungayang asawa at kung sino naman ang mapalad na nakáuulol. Madalumat mong pinipilit pilit nami'y ayaw magsabi, kaya ni isá man sa ami'y di naniniwala bagkus nagpapalagay na iyo'y isáng kabulaanan lamang na gawa-gawa niya—ang tugón n̄g kaibigan.

Sa salitaan n̄g dalawa'y marami ang nakisa-

gót: isá't isá'y nakitalamitam hangang sa n̄g dumating si Vagues na aywán kung bakit nabalan ay gayong palauná sa pagparoón sa Club, ay ang buhay pa rin n̄g babaying iyon ang kanilang nápag-uusapan at ang di naman pagkáramdam n̄g asawa sa kanyáng pagka may sunḡay. Sinalitá n̄g m̄ga dinatnan kay Rojalde ang m̄ga huling lihim na isiniwalat ni Vagues, ang makáitlo nang paglilipat n̄g kanilang bahay-tagpuan sa pag-ilag na baka may makaramdam sa gayong ginagawa, ang m̄ga pagdadahilán n̄g babayi sa asawa kung may dádaluhang tiyapan, ang paglilibáng sa m̄ga tagong pook n̄g Maynila na tumatagal n̄g m̄ga ilang oras, at lahat n̄g ito'y di náraramdaman n̄g asawa na bukod sa walang kamalay malay ay naníniwalang banal, malinis at walang dusing, ang babaying nagtataglay n̄g kanyang puri't karangalan.

—Ano iyan, ano iyan—ang usisa ni Vagues na tila nagmamalaki pa sa pagkakasiwalat n̄g lihim na iyon.

—Ano pa, kundi ang m̄ga kabulaanang pinag-tahitahi mo at ipinakaing pilit sa m̄ga kaibigan natin—ang tugón ni Rojalde sa nagtatanóng.

—Hindi, makalilibong hindi kabulaanan ang aking sinabi. Isinusumpa ko sa....sa....sa.... n̄galan n̄g aking.....

At sapagka't di magkantututo si Vagues n̄g sasabihin at tila nakalimot kun sa n̄galan nino susumpa ay isá sa m̄ga kaharap ang nagsabing:

—Sa n̄galan ba n̄g iyong si M...?

Pagkárinig ni Vagues sa gayong sabi'y nápatigil at tuminḡin n̄g tila may kahalong galit sa nagsalita. Datapwa't mukhang kaibigan ang na-

tunghan at di niya magagawa na ang isáng kaibiga'y ariing kaaway at gawing katánimang loob.

—Hindi—ang wika—hindi sa nḡalan ni M... na aking pinakamamahal, kundi sa nḡalan nḡ aking puri'y isinusumpa ko na talagang totoo ang isinalaysay na kabuhayan sa inyo, at walang halo kamunti mang biro, ni dagdag, ni kulang.

—Kung gayo'y bakit di mo masábisabi kun sino ang babaying iyon—ang mapiling usisa ni Rojalde. At sapagka't di sumásagot si Vagues at tila nagáalinlanḡan ay nagpatuloy nḡ pagsasalita si Rojalde—Mḡa kaibigan—ang wika—sa akala ko'y hindi lahat nḡ naririto'y nagsipaghapunan na. Ako ang unaunang hindi. Háhandúgan ko kayo nḡ isáng masarap na hapunan kailan ma't mangangako si Vagues na kanyáng sásabihin ang pangalan nḡ babayi; sapagka't ang bagay na ito'y mahalaga sa ating lahat. Anó ang wika ninyo?

—Sa ganáng amin ay oo—ang sagutan nḡ madla—aywan lamang namin kay Vagues kung náatalagang humiya sa nápagkaisahan nḡ lahat.

—Saan tayo maghahapunan?—ang usisa ni Vagues—Ibig ko'y isáng hapunang maringal at magíng katotohanan pa nḡ pagkabukang-palad ni Rojalde.

—Iya'y hindi na dapat ipagpauna—ang sagot nḡ tinukoy—Tayo na.

Si Rojalde at ang iba pang kaibigang inabutan sa Club ay nagpánaugan. Iláng sandali pagkatarpos ay magkakasalo silang nalilimpi sa mesa nḡ isáng mabuting Restaurant. Lahat nḡ ulam na inilalapit ay binabati nḡ boong lugod nḡ nagsisikain, palibhasa'y isá man sa kanila'y hindi pa nakapaghahapunan. Sa hiningi ni Rojaldeng ha-

punan n̄g anim kataong pawang mahal, ay nakuro na agad n̄g may-ari na doo'y makalilikom siya n̄g di mumunting halaga, kaya ipinagbilin sa m̄ga naglilingkod sa mesa na anó mang hingín n̄g anim ay ibigay at ipinagbilin pang mangag-ibayong liksi sa pagdudulot n̄g ano man, upang huwag may másabi ang sino man sa anim. Gayon n̄ga namán ang nangyari: alak na alak lamang ay sari sari, mula sa pangkaraniwang Jerez hangang sa Champagne. Walang anó mang naidaing ang magkakaibigan, lahat ay papuri sa m̄ga lutong iyon, sa maliksing paglilingkod n̄g m̄ga alagad. Samantalang naghahapunan sila at dahil sa bisa n̄g alak, si Vagues ay marami nang bagay na nasasalita tungkol sa kabuhayan n̄g kanyáng *m̄ga bayani*.

Ang babayi ay anák palá n̄g isáng pari, sa isáng maganda namang taga Bulak na dito nagtitirá sa Maynila. Nang magíng dalaga at dahil sa dilág niyang sukat sambahin n̄g sino mang binata, ay di íisa ang nan̄gibig datapwa't ang pusong bakal ay di nabagbag munti man sa pagsuyo, at paghibik n̄g m̄ga nagsidulog na nag-aalay n̄g pagsinta. Isá't isá'y nagpapaibíg, nagpapakita n̄g m̄ga lalo at lalong pagpapakababa upang magíng marapat, n̄guni't ang mailáp na puso n̄g dalaga'y tila di man naáabot n̄g gayóng m̄ga patanaw.

Isáng araw ang dalaga'y kinausap n̄g kanyáng iná, at ipinahayag nito ang nais na papag-asawahin ang anák sa isáng pinsang malayo na at saganà pa sa pilak. Ang dalaga'y tumutol, sinabing di pa tumutugtog sa kanyáng puso ang pag-ibig at ang kináwiwiliha'y ang masayang panahon n̄g pagkadalaga. Gayon ang isinagot,

sapagka't ang lalaking idinudulog sa kanya'y hindi siyang pinapanġarap, dahil sa ang ibig niya'y isáng lalaking kahit mahirap ay makawatas lamang sa kanyang mġa isipan.

Nġuni't gayon na lamang ang pamimilit nġ iná, gayon na lamang ang paghikayat hangang sa nalamuyot din ang dalaga at nayag na máka-isang palad nġ lalaking di iniibig. Ang bagong kalagayang kinápasukan ay minabigat na sa mġa una pang sandali. Hindi iníibig ang asawa kaya ganoon; datapwa't nġ magkaanák na nġ isá ay unti unting nawili ang kalooban sa lalaking naging palad. Nakaraán ang may kung iláng taón, nġuni't isáng araw ay isáng bagong kakilala ang ipinanhik sa bahay nġ kanya ring asawa. Ang bagong kakilalang ito'y isáng mangġanġatha nġ mġa dula na totoóng pinápalad. Saan mang dako'y pinupuri sa kainaman nġ mġa dula niyang *Liwayway*, *Pusong patay* at iba pang kailan ma't itatanyág ay ipinagtatamo nġ di gagaanong papuri sa madla. Batbat nġ kapuriha't pagkadakila na ang mánġanġathang iyo'y nanhik sa kanilang bahay. Sa minsang pagpanhik ay madalás na pagdalaw ang isinunod, at nagkaroón siya sa bahay nġ mag-asawa nġ isáng kapalagayang loob na kung may iniisip mang sulating isáng bagong dula'y isinasanguni muna sa kanyang mġa kaibigan. Minsa'y nagpalabas sa Zorrilla nġ isáng bago niyang katha na ang pamagat ay *Resurrexit*. Sa dulang iyo'y nálarawan nġ buong buong ang mag-asawa, ang iná nġ babayi, ang pagsama nilang walang pag-iibigan at ang pagkaka-taóng nátagpuan nġ babayi sa isáng kaibigang ipinanhik nġ kanya ring asawa, ang lalaking nġ

kasikatan pa ma'y siya nang pinapanġarap at ninasang magíng kaisáng puso. Ang kathang ito'y nagpadakila pang lalo sa manunulat at siya rin naman niyang nagíng susi nġ pagsilò sa puso nġ babayi.

Sumunod na araw sa palabas, ay isáng liham nitó ang sa kanya'y sumapit. Humihinġi nġ mġa paliwanag sa gayong *kapanġahasan*. Ang mangangatha'y sumagot at sinabi tuloy ang boóng lámán nġ kanyáng puso. Hindi natagala't pagkatapos nġ mġa pag-aalinlanġan nġ babaying nagamot nġ mġa salitang: *hari ang pag-ibig, walang pinopoon ang pag-irog, at buhay na walang halaga ang tatawirin ko kundi ninyo ako íibigin;* nġ mangangatha; ay nagkáibigan na sila.

Saka na nagsimula ang mġa típanan, ang mġa tagpuang ipinagtatamasa nġ aliw, salamat sa katiwalaáng loob nġ lalaki na di nakararamdam sa gayong napagsasapit.

—Ang babaying iyan mġa kaibigan—ang tapos ni Vagues na hawak ang isáng kopang Champan—ay si Clementina ni Escotillon, at ang mapalad namang mangangatha'y si Leandro Perez. Nġayóng nangákikilala na ninyo ay tumagay tayo sa nġalan nġ pag-ibig.

Bunguan nġ mġa kopang puno nġ bumubuláng alak, palakpakan at pagkakatwa ang nagíng pasalubong sa mġa salitang itó ni Vagues. Ang mġa kopang nagtaás ay nápasabibig nġ magkakaibigan noon din. Sari saring salita, iba't ibang palagay ang ibinunġa nġ gayóng pagkakilala sa babaying lumalapas nġ aliw sa kandunġang di niya sinumpaang pakikisamahan habang buhay.



May nagsasangalang, may pumupula at may naáawa sa asawang walang malay sa nangyayari. Lahat sila'y nakákakilala kay Clementina ni Escotillon. Sa lalong mġa mahal na lupunan sa Maynila'y tampak siya't isá sa mġa hinahanġaan nġ madla, dahil sa kabaitan, pagkamalinis, at kapuriháng taglay, nġuni't nġ mġa sandaling iyo'y waring náikikita nġ magkakaibigang natitipon, na nakahilig sa kandunġan ni Perez at nagpaparinġ dito nġ matatamis na salita nġ pag-ibig. Ang gandang iyong di naman húhuli sa iba, ay waring kinahihinayanġan nilang ma pa kay Perez na lamang. Náikikinikintang ito'y walang maalamang gawin upang huwag panghinawaan nġ gayong dilag. Nápahandusay din lamang si Clementina, ay maanong isá na sana sa kanilang anim ang kináhandusayan!

—Mġa kaibigan—ang salita nġ isá—hindi natin maikakailang si Perez ay mapalad. Anong mġa matá mayroón si Clementina, mġa matáng wari'y nag-aanyaya sa pag-ibig. Ang kanyáng katawan, ang kanyáng mġa bisig, ang mukhang nápakamo; ay sukat nang ipagíng dakila ni Perez huwag mang magsulát nġ mġa dula, sapagka't ang magkababayi nġ paris ni Clementina ay isáng kapalarang di na mátatausan uli. Sa isáng halik kaya nġ gayong kasariwang mġa labi, ay magkaano ang maibabayad, Vaguest—ang usisa nġ nagsalita sa tinukoy na kasalukuyang humihigop nġ sorbete.

—Isáng buhay man ay maibabayad na—ang sagot nitó pagkatapos makalunok na tila hinahabol pa ang paghinġa upang huwag masamid.

Ang mġa kaharap ay nakáhalata sa gayóng

nangyari kay Vagues, kaya nagkátawanan pa sila ng bahagya.

—Isáng buhay man m̄ga kasama ang sabi ko—ang ulit na ipinatay sa tawanan—sapagka't ang halik ng m̄ga labing paris ng kay Clementina ay katimbang ng kaluwalhatian.

—Siya n̄ga naman, totoo, totoo—ang sagutan ng lahat—at n̄gayo'y pasalamatan natin kay Rojalde ang ganitóng masaráp na hapunan.

Isáng n̄giti nitóng may halong tan̄go ng ulo ang nagíng sukli sa ganoóng pasasalamat. Si Rojalde'y walang kibo. Sa ísipan niya'y sari saring bagay ang gumigiít: naáalaala si Danding, ang malapit niyang pag-aasawa, ang di pag-irog ng kanyang kakasamahin habang-buhay, na tulad na tulad sa nangyari kay Clementina ni Escotillon. Kun sa kanya kaya sumapit ang gayong palad?

Kun siya, si Victorino Rojalde ang pangyayarihan noon, ay aywán pa. N̄guni't oh, makápatay ako!—ang loob loob ni Rojalde. Dapwa't noon di'y nagtakíp ng mukha na waring ibig paknitin sa isip ang akalang pagpatay sa isáng inírog.

—Wala na ba tayong alak!—ang tanong ng isá sa magkakasalo.

—At magpapakalangō ka ba!—ang tanong ni Vagues sa humihin̄ging halos makupa na sa kapulahán.

Ang tinanong ay hindi sumagot pagka't ang salita niya'y nadinig ng alagad na maliksing kumuha ng anim pang Champagne at inilagay sa ibabaw ng mesa, na ang ibig sabihi'y huminḡi kayo't dito'y mayroon ng lahat n̄guni't ihanda lamang ang kabayaran.

—Sa kapurihán ni Rojalde, sa kapurihan ni Clementina ng samahang Perez-Escotillon na nang-  
hihirám ng tamis sa ibang kandungán, at sa  
kapurihan ng *Resurrexit* na nagíng hagdanang  
ikinaakyat sa langit ng isáng mangangátha, ay  
uminom tayo ngayon—ang ga talumpati pa ng  
huminí ng alak na taban ang kopang, puno ng  
bumubuláng Champague.

Sa anyaya niyang iyo'y nakisunod ang iba at  
ang mga kopang puno'y nangapataás, nagkápín-  
kian muna bago sumayad ng mga labi.

Ang mga alagad sa restaurant ay nangakamata  
lamang at takang taka sa katibayan sa alak ng  
anim na iyon. Ang paghahapunan nila'y nagta-  
tapos: isá't isá'y nakáraramdam na ng panganga-  
ilangang matulog. Si Vagues ang unang nápa-  
hikab. Dádalawa lamang ang hindi nag-aantok at  
siyang nag-anyaya sa lahat na pumaroon sa bahay  
ng ilang babaying kakilala nila sa Gagalanín,  
yamang maaga pa rin lamang.

—Siya nga, siya nga, tayo na—ang sagót ng  
ilan na sinabayan ng tindig at pagpapasalamat na  
namán kay Rojalde. Pagkakita ng mga alagad  
sa gayong pagtitindigan ay isá ang dumulóg na  
may hawak na isáng maliit na papel.

—Magkano?—ang tanong ni Rojalde.

—Tatlongpung piso po—ang sagot ng tinanong.

Si Rojalde'y nagbukás ng kalupi, humugot ng  
may kung ilang billeteng isinalansan sa mesa at  
bago ibinigay sa alagad. Munti nang mápalukso  
itó sa katwaan ng makitang ang palabis sa tatlongpu  
ay limang piso pa.

—Maanong gabi gabi'y magsikain sila rito—ang  
sabi sa mga kasama ng wala nang naririnig kundi

ang alingawngaw sa pagtatawanan ng mga nagsisipanaog.

Ang anim na magkakasama'y naghiwahiwalay na pagdating sa lupa. Tatlo ang na pa sa Gagalangin at tatlo ang hindi. Si Rojalde, pagkasakay sa kanyang kalesin, ay nag-utos sa kotserong umuwi na sa bahay. Sa karamilian ng alak na nainom at sa pag-aantok na totoong masasal, ay napahilig sa loob ng kalesin; datapwa't isang gunitang nati-timo sa kanyang isip ang di ikatulo ng pagtulog. Naalaala si Clementina, ang babaying dahil sa hindi umiibig sa asawa ay nakaisip tuloy humanap ng aliw sa ibang kandungan.

Muli na namang sa sarili'y naitanong kung dapat o hinding ipagpatuloy ang bantang mag-asawa nguni't paano mang mga paghahaka ang gamiti'y isang bagay ang natatausan: na hindi siya dapat umurong dahil sa kahihyang tatamuhin sa marami.

—At saka bakit ko pa bibilhin si Pedro, bakit pa magpapakagugol ng malaki sa mga paghahanda kung sa wakas ay iurong ang aking nais? hindi ba ito'y isang kaduwagan?—ang tanong sa sarili.

Sa ngalan ng katotohanan, si Rojalde ay hindi duwag, kailan ma'y nagpatuloy sa kanyang mga inakala, hindi yumuko sa pang-anib, at ito rin naman ang ibig niyang ipamalas sa binabantang pag-aasawa.

—Hindi—ang wika—isinumpa kong magiging akin si Danding at sapilitang ito'y mangyayari.—Ang palad ng tao'y di magkakaparis: si Escotillon ay di masalaping paris ko, hindi ko sasapitin ang magkasungay, bagkus pang ako'y iibigin

ni Danding. Oo ako'y fibigin!—ang magiliw na salitang itinapos sa gayong pagmumunimuni. Kung mápaakin na si Danding, kung siya'y mákaisang palad ko na, ay saka ko matatangihang hindi na-mán isáng buhay ang kahalagá ng mga halik ni Clementina.

Matatamis na gunita, magigiliw na mga pag-aalaala ang noo'y sinarili ni Rojalde. Naalaala ang malapit niyang pagtatagumpay kay Luis, ang di sasalang pagkahulog nito sa kamay ni Pedro, at ang di na matatagaláng pagtatamo niya ng dakilang palad. Sa kanyang isipang ginugulo ng alak at pagtutukâ ay mabubulaklak na mga talata ang nasusulat, at lahat ay ukol kay Danding, sa dalagang kanyang langit at ligaya, sa pusong tuwi niyang hihibika'y pawang pagmamamagigilas at di pagdinig ang panagót.

Sa pag-aalaala ng boong nangyari sa maghapon ay unang naghahari sa loob ang di sasalang pagkahannga ni Danding sa mainam na bahay na tahanan nila sa Santana, nguni't nagugunita rin naman ang pagwawalang bahalang ipinamasid ng dalaga, ang tila pag-iríng sa kanya't pagdusta.

—Sinusubok kaya lamang ako ni Danding?—ang tanóng sa sarili na nakabilig din sa kalesin at nakikitungaling mahigpit sa alak at pag-aantok—Marahil—ang nawika pa—ang mga mata't gandáng iyon ay hindi mata't gandang magpapatangis. Oh, iibigin din ako ni Danding ng aking buhay—at walang kamalayán sa ginagawa na nag-anyong may niyayakap, nguni't isáng pagkaliyóng bunga ng sunód sunód na Champagne ang ikináhandusay na bigla sa loob ng kalesin.

—Sa kapurihán ni Clementina ng samaháng

Perez-Escotillon, na nangungutang ng tamis sa ibang kandungan... ay... tumagay tayo... mga kasama—ang pautal utal na bulong ni Rojalde. At isang halakhak ang itinapos sa gayong mga salita, halakhak na ikinagulat ng kotsero at akala'y kung ano na.





## XVII

**D**I nakailáng araw at nágisnan n̄g boóng Maynila ang isáng balitang ipinagtaká n̄g lahat: may nakawáng nangyari n̄g gabing nagdaán, at nakaw na di paris n̄g m̄ga karaniwan, kundi isáng nakawáng malakí at napagkíkilalang pinaghandaan na muna bago ginawa. May ilang libo raw ang nadalá n̄g m̄ga nagnakaw na pawang papel, m̄ga pahiyás at iba pa. Ganitó ang sabi n̄g m̄ga pahayagang nagkakaisá halos sa pagbabalita.

Ang hindi lamang pinagkátugmaa'y kung ilan ang nagnakaw, sapagka't samantalang sinásabi n̄g ilang may anim daw kataong may dalá pang m̄ga hagdan at lubid na mahahaba, ay pinatotohanan naman n̄g iba na dádalawa lamang, at hinihinala pang may m̄ga kasabwa't sa loob n̄g bahay na pinagnakawan. At ang pinagnakawa'y ang mayamang binata, bantóg, kilalá sa pagkamaawain, litaw sa boong Maynila at kasapi sa iba't ibang kapisanang pangpalusóg sa bayan na si Victorino Rojalde gaya n̄g sabi n̄g isáng pahayagan, na waring ibig bayaran ang salaping ninakaw, n̄g ganitóng m̄ga papuri.

Ayon sa isá ay ganitó ang pinangyarihan.

“Kagabing ika 12 at  $\frac{1}{2}$  na marahil at nang tahimik na tahimik ang lahat, ay isáng putók ang nárinig sa bahay ni G. Victorino Rojalde na ikinágulat n̄g madla. Ang putók na iyo'y waring sa biglaan ginawa at gaya n̄g maásaha'y nakabaklá n̄g maraming loob. Dahil sa putók ay ilang pulis ang dumaló sa may tapat n̄g bahay, at noón lamang natalastás kung ano ang sanhi.”

“May m̄ga magnanakaw paláng nanhík sa bahay n̄g sinabing ginoo, na nagsipagdaán sa durungawan n̄g silid, at n̄g nan̄gasaitaás na'y binuksán ang lahat at dinalá ang tanáng makukuha. Ayon sa m̄ga bali-balita nami'y may m̄ga 15.000 piso raw ang sana'y máitatakbo n̄g m̄ga pangahás kundi naagapang nahuli n̄g isá namang secreta na kátaong dumaraán sa tapat, na pagkárinig n̄g putók at n̄g makitang may m̄ga taong patakpong lumálabas sa pinto ay naghinala na agad n̄g masama. Ang m̄ga magnanakaw ay náhuli noón din, at n̄gayo'y nan̄gapipiit na, upang pag-usigin sa nágawa nilang sala sa harap n̄g hukuman.”

Itó ang nakawáng nagbunga n̄g sarisaring paghabaka't m̄ga palagay n̄g nan̄gakaalám at pati na n̄g m̄ga pahayagan; hangang sa may isá pang sa di pagkatalastás na ang m̄ga magnanakaw ay nahuli na't napipiit, ay nagtátanóng kung anó raw ang ginagawa n̄g m̄ga pulis, at kung ang m̄ga nakawáng paris nito'y siya nilang ganti sa salaping ibinubuwis n̄g bayan.

Sa alin mang dako'y walang sang-usapan ang madla kundi ang nakawán sa bahay ni Rojalde, at sa ibang lupunan pa'y nápururi ang kaliksihan n̄g secretang iyong nagkaloób namáng makialám



agad. Pati sa m̄ga baháy baháy at sa usap-usapan n̄g m̄ga mag-ának na tumatangap n̄g pahayagan, ay walang nábabangit kundi ang nakaw na iyong nagpapahalata n̄g *kalakasang loob, at kaalamán sa m̄ga sulók-sulók n̄g bahay ni Rojalde*, gaya n̄ga n̄g sabi n̄g isáng pahayagang kastila.

Hindi ísang ának na kaibigan ni Rojalde ang nagtataká sa nangyaring itó, lalo pa si ñora Titay, na kapagkarakang malaman ang nakawa'y agad nang pinalakad si Don Nicanor upang makipagkita kay Rojalde at alamín ang boong katotohanan. Pati si Danding na di nagsasasagót sa kanyáng m̄ga magulang kung si Rojalde rin lamang ang natutukoy sa kanilang m̄ga pag-uusap, ay bumasa n̄g umagang iyon, n̄g pahayagan, at nagpapahalata rin n̄g kanyáng pagtataka sa nangyari.

Nápakalaki ang ninakaw, napakamahalaga ang pagkatao n̄g pinagnakawan, na pati m̄ga surot marahil sa m̄ga silya lalo pa sa bahay n̄g m̄ga mayayaman; ay nagíng saksi n̄g pagkapoót n̄g kanikanilang sínísipsipan n̄g dugo.

Datapwa't isáng bagay ang kinasásabikang maalaman n̄g madla: kun sino at ilan ang nagnakaw. Lahat n̄g m̄ga pahayagang nagbalita n̄g nangyaring iyon ay walang sinásabing anó man. Waring ang katalasan n̄g m̄ga mánunulat ay walang ná-pala sa pag-uusisa tungkol dito, sapagka't alin ma'y hindi nakapag-una n̄g kabit banaag n̄g kalinawang sukat ikákilala sa m̄ga may kagagawán n̄g gayong nakaw. At itó ang ibig maalaman n̄g lahat upang huwag mawalán n̄g kulay ang isáng pangyayaring paris noón, ay magíging sanhi pa kung m̄ga isáng lingo lamang n̄g m̄ga pag-uusap-usap.

Isáng pahayagan sa hapon, malaganap at may

kapuriháng maayos magbabalita, ang sa bilang n̄g araw na iyo'y nagpaliwanag n̄g boong nangyari. Sa unang mukha at may dalawang tudling pang pinakaulo ang pinaglagyan n̄g m̄ga kinasasabikáng paliwanag. Ang pahayagang iyo'y tunay n̄ga namang mabuting magbabalita. Dahil sa nakawan sa bahay ni Rojalde ay nagpasadya pa roón n̄g isá niyang manunulat na nakipanayam sa binata upang alamín n̄gang talaga ang kalahatlahatan. At nalawang hindi palá ísang putok lamang ang nagawa sa nagdaang gabi n̄g nakawan, kundi marami at ang nagpapatok na una'y si Rojalde na rin na siyang nakápansin n̄g nananaog na ang isá sa m̄ga magnanakaw at daladala ang maliit na balutang pinaglagyán n̄g kanyang m̄ga nakuha sa itaás n̄g bahay.

At sinabi pa ring nasukatan ang susi n̄g kabang bakal ni Rojalde kaya ang tampalasa'y nakapagbukás n̄g walang kakilákilatis at nakuha ang lahat n̄g naibigan. Munti nang madaláng lahat, n̄guni't n̄g maramdamang may dumarating na tao ay inagapan na agad ang pagpanaog, at itó ang pagkakataong sinamantalá n̄g binata upang paputukán ang magnanakaw. Sinabi rin naman ang m̄ga pangalan n̄g nagsipagnakaw na dádalawa palá.

Pahayagan ang nagsasalita nitóng sumúsunod:

“Sa m̄ga sandaling ito, ang boong Maynila'y nakatatalastás na n̄g nakawang nangyari kagabing ika 11  $\frac{1}{2}$ , (hindi ika 12  $\frac{1}{2}$ ) sa bahay n̄g mayamang binatang si G. Victorino Rojalde. Siya'y galing sa panonood n̄g palabás kagabi sa dulaang Zorrilla. Tiwalang tiwalang nanhik sa kanyang bahay at walang kamalayán sa nangyayari sa loob

nṅ kanyang silid. Mabuti at nakáuwing maaga ang binata dahil sa nakarandam nṅ kaunting bigát nṅ katawán.

Pagkapanhik niya ay nagtuloy na sa silid na tutulugán: isá mang alila'y wala na, at pawang nangátutulog. Ang bantay pinto lamang ang nagising nṅ dumating siya, at saka ang kotserong naghintáy naman sa kanya sa dulaan. Sa loob nṅ silid at nṅ bago pa lamang nakapapasok, ay nakáulinig agad nṅ isáng kaluskós na di karaniwan. Hindi muna pinansin nṅ mṅa unang sandali, datapwa't sa kalansing nṅ salaping tila hinahalo na kanya na namang narinig uli ay napilitan na siyang lumapit sa dakong pinangagalingán nṅ kaluskos. Mabuti't náusisa niya: isáng taong nakakabayo sa palababahan nṅ durunṅawang nakabukas at handang mananaog, ang kanyang namalas. Sa kamay na kaliwa ay hawak ang isáng balutang pinaglagyán nṅ salapi at sa isáng kamay pa ay isáng mahabang sundang ang pigil. Ang gayong anyo nṅ tampalasa'y hindi nakasindak kay Rojalde: agad kinuha ang rebolber na kanyang dalá sa katawan, sapagka't hindi pa nakapaghubad, at pinaputukán ang tatakas na magnanakaw.

Sa unang putok ay nápalinṅon ang binaril na wari'y nabigla sa gayong pagkakátutop sa kanya, at sapagka't nakita ni Rojaldeng tátalon na lamang ay pinaputukán pa uli nṅ isá. Ang kalabóg nṅ isáng katawang nahulog sa lupa, at ang hugong sa paglagpak nṅ isáng mabigat na bagay ang sumunod pagkatapos. Dinunṅaw agad ni Rojalde at ang akala'y nakápatay siya. Nṅuni't hindi palá.

Sa gitna n̄g dilim ay nabanaag ang matuling pagtakbo n̄g palabás sa daan, kaya pinasundan pa n̄g isá ring putok.

Patuloy ang pagtakbo n̄g tampalasan, n̄guni't halos hindi pa nakahuhuling baytang si Rojalde n̄g pagpanaog, ay isá namang putók sa labas n̄g daan ang kanyang nárinig.

Lahat na n̄g tao sa bahay ay nágising, at ilang sandali ay namunô ang lansanġan. Ang magnanakaw at isá pang kasama nito'y nanġaroo't napi-piít na. Isá palang secreta na kátaong dumaraan ang nakarinig sa huling paputok ni Rojalde, at siyang nakaharang sa nagsisitakbóng magnanakaw. Ginamit din n̄g secretang ito ang kanyáng rebolber, kaya di nakalayo n̄g malaki ang dalawa.

May ilang libong lahat ang halaga nang ninakaw n̄g mġa tampalasan, at ayon sa pahayag' ni Rojalde ay may mġa sampung libo. Ang sinabing halaga ay nakuha uli. Ang nagsipagnakaw ay dalawá, isáng nagnġanġalang Pedro Dalahikan at isáng nagpapamagat namang Luis Gat-buhay.

Sinásabing ang Luis na itó ay hindi kasamang nanhik sa bahay at siyang pinakabantay na nainwan sa lansanġan. Ang taong itong tátayo tayo sa malapit n̄g pintuan ay nákita ni Rojalde n̄g mangaling sa dulaan at saka n̄g kanyáng kotsero na isá sa mġa saksing magsasalaysay sa hukuman. Nákita n̄ga nila, n̄guni't hindi naman pansin. Sa pakikipag-usap din naming ito, ay natalastas na si Pedro Dalahikan ay nagíng sota sa bahay na iyon at hindi pa natatagaláng pinalayas dahil sa masasamang gawang hindi náibigan n̄g panginoon.

Tungkol naman kay Luis Gat-buhay ay may ma-

sasabi rin kami. siya'y nagíng kawani sa bahay kalakal ni Mr. Kilsberg at kung ilang buwan na nğayong pinalayas nitó dahil sa nagtuturo nğ kung anó anóng mğa paghahakang pawang lisyá at wala sa matwid sa mğa mangagawang nanasok doon.

Tila ang *kahapon* nğ dalawang náhuli'y puno nğ mğa kagagawang di nila ipinagkakadangal. Ilán na ring mğa kapahayagan namin ang nag-aakalang marahil ang dalawang magnanakaw na sinabi ay kagawad nğ malaking kapisanan nğ mğa magna-nakaw na di umano'y natatatag sa Maynila at kung may ilan nang buwang siyang pang'anib nğ tahimik na nagsisipanahanan sa mapalad na bayang ito nğ di matapos tapos na *chólera*, at nğ naglalakihang sahod nğ mğa kawani na siyang ipinaghihirap nğ madlang nagsisibuwis.

Ang paglilitis sa mğa magnanakaw ay gágawin din sa loob nğ lingong ito at nğayon pa'y ipahahayag na namin ang nilolooob nğ sangbayanang sila'y huwag kaawaan sa pagpaparusa, upang mangakita nğ kapwa nila tampalasan na dito'y may kaparusahang ikinákapit sa sino mang makagawi nğ labás sa katwiran."

Mula nğ sandaling mápalagay sa mğa pahayagan ang ganitóng mğa paliwanag; ang kahatulan sa dalawang nahuli sa pagnanakaw, ay halos masásabing yari na. Lahat na'y pumula sa kagagawang iyong máipapayag lamang nğ isáng pusong halimaw na di nakákikilala nğ mğa mahal na damdamin. Ang marami rin namang kakilala ni Luis, ay nangatilihan nğ mabasa ang gayon, bago nagsipagpagalaw na lamang nğ balik na waring ang ibig sabihi'y walang di máiisip ang tao sa

buhay na ito lalo't paris ni Luis na talagang gipít na gipít na. *Sa patalim man ay kakapit ang kawikaan n̄ga, at isino ang nakatatalastás kun ang ginawang iyon ni Luis ay pagkapit na sa patalim, paninimbulan sa isáng pagkakataon na ipaninibago n̄g kanyang kalagayan sakaling kátamuhan n̄g pala?*

Tunay n̄ga at siya'y isáng binatang maran̄gal, may puri, at kilalá rin naman kundi man sa nápakatataás na m̄ga baytang n̄g kapisanan ay sa hindi na rin naman kahiya hiyang lagay; n̄guni't ito'y noong panahong hindi siya naáalis sa pinapasukan, noong m̄ga araw na masasabing kanyáng itinawid n̄g kahit paano. N̄gayón ay nagiba ang m̄ga araw ni Luis. Sa likod n̄g isáng panananghalia'y náukubli ang malungkot na anyo n̄g isáng di paghahapunan, at ang isáng taong may ganitóng buhay ay di n̄ga malayong maká-isip magnakaw upang guminhawa n̄g kaunti.

At hindi mangmang si Luis na gagawa n̄g isáng bagay na di natatalós. Siya'y may sapat na kaalamáng sukat ikapagkurong kaya lamang dapat gawin ang paris n̄g kanyang ginawa ay kung talagang málalagay na sa pagkagipít na ikamamatay, sapagka't ang pagnanakaw ay siyáng sandatang ginágamit n̄g m̄ga tampalasang talaga ó n̄g m̄ga namamatay sa gútom. Bukod pa sa rito ay dapat malining ni Luis na sa gayong ginawa'y itinataya niya ang dangal, ang kapurihan at ang pagkatao. Hindi n̄ga dapat pag-alinlan̄ganang nálalaman niyang lahat ang ganitó, at kung nagnakaw man ay sapagka't talagang inibig.

Ganyang m̄ga paghabaka at pagmumunimuni ang

ginágawa nḡ mḡa kaibigan ni Luis, pagkaalana sa nangyari. Isá sa kanila ang dinulugán nḡ matandang ali nito upang papanagutín sa lagak na hinihinḡi nḡ hukuman, upang makalaya nḡ samantala si Luis. Tatlóng libong piso ang hinihinḡi at umano'y mabigat na salitaan iyon. Ang dinulugan, pagkatapos makapagpahayag nḡ kanyang dalamhati sa nangyari, sa sinasapit nḡ kanyáng kaibigan at sa di sasalang sásapitin pa; ay nagsabing hindi kásiya, hindi áabot ang boong halagá nḡ kanyang mḡa pag-aari sa gayong kala-king lagak.

Sa pagsasabi nḡ ganito'y nagbubulaan ang tinurang kaibigan: siya'y makapananagot sa mahigit mang halaga kay sa roon datapwa't nag-aalaala kay Luis na baka kung makalabás na, at sa kahihiya'y makáisip tumakas, at siya pa ang mapinsalaan. Hindi nḡa ganito ang sinabi sa dumulog na matanda, bagkus huminḡi pa mandin nḡ tawad dahil sa di kaarianḡ siya'y makapaglingkod.

—Wala na pu ba kayong ibang kakilalang sukát makásagip sa amin?—ang nagmamakaamong tanóng nḡ matanda.

—Nakú, minamahirap ko na po ang mamanhik. Akalain ninyong kung ako'y mayroon ay di kayo magdadalawang salita. Sa mḡa kakilala ko ay wala akong maituturo sa inyo isá man. Sila'y pawang walang mḡa káya, at ito nama'y nalalaman ni Luis.

—Kung gayon po'y . . . . .

—Walang wala akong magagawa na. Ibig ko nḡa sanang makapagbigay loob sa isáng kaibigang paris ni Luis, nḡuni't sa kasawiang palad ay wala akong gaanong bagwís. Sa ibang bagay pa ma-

rahil ay makapaglilingkod ako sa inyo at sa kanya man naman—ang tapos na salita n̄g kaibigang iyon.

Ang ali ni Luis ay dumulog sa ibang m̄ga kakilala rin, sa pananakaling baka makatagpo n̄g isáng makasasagip.

Isá ring pagkabigo ang naging palad sa pinamanhikang isáng mayamang kakilala. Ang mayamang ito'y nákakapit-buhay pa nila n̄g m̄ga panahong lumipas at di míminsang nakapanġutanġan sa kanya n̄g loob upang magluto tuwing magdaraos n̄g ano mang handaan sa kanilang bahay. Ang iminatwid naman nito'y wala raw sa kanyang panġalan ang lahat n̄g kanilang m̄ga pag-aari, kundi na sa n̄galan n̄g asawang babayi, at ang babayi kailan ma'y mahirap kausapin.

Paris din n̄g unang dinuluga'y nakipighati sa nangyari at pinakáramdam n̄g boong puso ang sinapit ni Luis, isáng batang may bait na katutubo masipag at di paris n̄g ibang may magusót na kabuhayan; n̄guni't hangang dito na lamang naman ang kanyang pagdamay na magagawa. Minsan ay may nakiusap na sa kanya tungkol din sa pananagot sa lagak na hinihinġi n̄g hukuman, n̄guni't noón ma'y walang nagawa palibhasa ang lahat nilang pag-aari, at mula noóng magkagulo n̄g 96 ay isinapanġalang lahat n̄g asawa sa panġanġambang baka kundi ganitó ang gawin, ay mapadiwara pa ang kaunti nilang m̄ga pagkabuhay kung dumating ang pagkakataong siya'y hulihi't ipatapon, bago samsaman n̄g m̄ga pag-aari paris n̄g ginawa noong taong 1872 na magkagulo sa Tangway.

Hindi miminsang inulit ang pakikiramay niya sa ali at m̄ga kapatid n̄g binata upang huwag maha-



lata ang kaayawán niyang managot sa isáng taong kaya nabibilango'y dahil sa pagnanakaw. ¡Kay bigat na kasalanan nito at kay kahiya hiya pa!

Ang ganitong paghahaka niya'y ipinahiwatig sa matandang nakikiusap, baga ma't pasumalá lamang.

Pagkárinig sa gayón ng matanda at sa pananakaling baka kung maalaman ang boong nangyari'y mahabag din sa kawalang sala ng pamangkin ang mayamang kausap at igawa siya ng paraan, ay isinalaysay ang boong pinangyarihan.

Ang kanyang pamangkin ay walang sala at inasahan niyang makalalabás din kun ang matwida na paghatol ay siyang panununtunán. Sa nakawáng iyon umano'y kinápapasukan ni Luis, ay talagang walang malay ito. Ang nangyari'y kinayag siyang maglibang ng gabing iyon ng isáng kaibigang may mga dalawa nang lingong nagtitirá sa kanilang bahay. Nagnangalang Pedro, ang kaibigang ito, na isáng araw ay halos umiiyak na nakipagkilala kay Luis at nagtatanóng kung saáng bahay siya maáring maglingkod. At ito, sinásabi nang umiiyak sa kanyang pamangkin pagka't pinalayas daw at tinampalasan pa ng panginoon niyang Victorino Rojalde. Sa pagkahabág ni Luis, baga man kami'y nagdadalita nang totoo pagka't ng mga araw na iyo'y umalis siya sa dating pinapasukan dahil sa nakagalit ng kanyang pinakapuno, ay inampon ang Pedrong iyon na sa pagkahiya marahil at nakikita naman ang aming pagdaralita, ay madalás di magkaín sa bahay.

Nitong huling lingó ay sinabi kay Luis na siya raw ay may mapapasukan kaya sumamo na namang siya'y pagtitiistiisán na ng pakikitulog sa

bahay. Mabait-naman sana at masunurin ang sinasabing Pedro. Gayong nakikitulog lamang ay napapakinabangan sa bahay at ang tubig na ginagamit nila'y salok na lamang ni Pedro. Nang gabi ng nakawan ay niyaya nga nito si Luis na maglibang libang daw at tuloy paroon sa bahay ng isang kakilala upang magtanong ng kálalagyan ni Luis.

—Nalalaman naman ninyo marahil na sa pagkawkawani ay bihasa si Luis—ang patuloy ng matanda—kaya naganyak at sumama kay Pedro upang kung mayroon ay maagapan niya agad ang kápapasukan dahil sa halos kumain dili na lamang kaming mag-ának. Noong papauwi na sila at pagkatapat sa bahay ng dating panginoon ni Pedro, ay siyang pagkaalaala nitong siya nga palá'y may kukuning ilan pang kasuutan sa bahay na iyon at naiwan niya noong palayasin.

Namanhik kay Luis na maghintay munang sandali sa pinto, at siya'y di matatagalán, nguni't nakaraan lamang ang ilang sandali ay nakarinig na ang pamangkin ko ng sunód sunód na putok at bago nakitang si Pedro ay hagibis nang lumalabas at sumigaw na: takbo Luis at papatayin tayo. Sa pagkabigla niya ang una, at sa kaibigan namang malining kay Pedro kung anó ang nangyayari, ay nakitakbó na tuloy at tila naman pinagtipa'y siyang paghabol sa kanila ng isang taong ng huwag nang mapagod marahil ay nagpapatok din. Iyón palá'y secreta.

Nang magkapinawpinaw ay nákitang nalílibid na sila ng maraming tao at si Pedro at saka siya'y hawak na nang secreta. Di umano'y nagsipagnakaw, bagay na pinakatututulan ni Luis

n̄guni't nang halungkatín ang katawán ni Pedro ay nákitaan nang marami n̄ga namang salapi. Ipinakli nang pamangkin kong siya'y walang sala sa gayon, sinabing wala siyang malay at kung kasama man ni Pedro ay di niya talastás na ito palá'y magnanakaw. Datapwa't isino ang didinig n̄g kanyang tutol? Pinagsabihan siyang sa haráp na nang maglilitis na hukom makapagpapahayag n̄g ano mang ibigin, at n̄g m̄ga sandaling iyo'y katungkulan nang secreta ang silang dalawa'y dakpin kapwa at kulun̄gin dahil sa siyang m̄ga nagnakaw sa bahay ni G. Victorino Rojalde. Iyan ang pinangyarihan n̄g kasaliwaang palad na uma-abot sa amin—ang tapos n̄g matanda. Ang mayamang kausap ay nápatin̄gin sa matanda n̄g tin̄ging tila may pag-aalinglan̄gan. Ang m̄ga pagkakatahitahing iyon ay tila talagang kinatha ó pinag-aralan kaya muna sa isáng kasaysayan. Hindi maáring di kaalam si Luis sa gayong nakaw. Magíging labis na kaululan namán ang magkatiwala kay Pedro. Sa m̄ga di n̄ga main̄gat magmasid sa alin-mang bagay, ang m̄ga sabing iyon n̄g ali ni Luis ay kapanipaniwala, n̄guni't sa isáng paris niyang may uban na, ang paniniwala sa gayong panaginip ay may kahirapang mátamo.

Itó na sana ang sásabihin sa kausap, datapwa't nagpigil at kinahabagán ang pagdadalamhati n̄g matandang kaharáp na mula pa sa m̄ga unang sandali nang pagpanhik sa kanyáng bahay ay luha na ang pinuhunan.

—Kung gayon po ay námamali kayo nang ginagawa—ang nasabi na lamang sa luhaluhaáng kausap—ni hindi na ninyo kailan̄gan ang mag-

lagak ni taga pagtangol na sukat magsangalang sa inyong pamangkin sa harap nang hukumang lilitis, sapagka't kung tunay na wala siyang sala ay sápiritang makawawala. Sa m̄ga hukuman n̄gayon ang sino m̄ang iharáp na sadyang walang kasalanan ay nakalalaya pagkatapos, kaya kahinahinayang lamang ang m̄ga pagpapagod ninyong ginagawa. Sakali mang makátagpo kayo nang mananagót sa hukuman ay magkakautang lamang kayo n̄g loob sa walang kasaysayang bagay. Umuwi na kayo at hintin na lamang ang tapat na paghatol, n̄g matwid.

—Siya na n̄ga po sana—n̄guni't iba na rin ang si Luis ay makalaya muna sapagka't gasino na ba ang magagawa ko sa di ko napag-aalamán kung anong m̄ga pasikotsikot ang kailanġan sa isáng basag-ulong paris nito. Kung kami n̄ga lamang ay may kaya!—ang di natapos na himulot n̄g matanda dahil sa panibago na namang salakay n̄g sama n̄g loob.

—Kung gayon ang inyong nais ay wala tayong magagawa—ang sabi nang mayamang nagpaká-sandigsandig sa pagkakaupo—Ang m̄ga kasawiáng palad na ganya'y dapat nating daanin sa tiŋs. Ganyan na n̄ga ang nabubuhay na tao, mag-aasal patay sapagka't kung hindi'y . . . .

—Oo na n̄ga po ang pakli n̄g matanda, n̄guni't kayo ang pangalawang taong humabág sa akin. Ganito n̄ga palá ang mahirap—ang may pagdaramdam na sabi nang matanda na sinabayán n̄g tindig.

—Huwag pong pasamaín ang inyong loob, sinabi ko na n̄ga sa inyo ang aking kadahilanan, kung na sa pangalan ko ang aming m̄ga pag-aari

ay walang liwag na makapagbibigay loob sa inyo. Nalalaman na ninyo kung ano ang ugali n̄g aking asawa.

Hindi na sumagot ang matanda at ang tinun̄go'y ang hagdanan. Isáng *paalam na po, huwag kayong magagalit*,—ang tan̄ging nasabi n̄g ali ni Luis nang nanánaog na. Isáng akala ang pagdaka'y sumaisip n̄g matanda. Paroroón siya sa bahay n̄g katangapang-tahi n̄g kanyang m̄ga pamangking dalaga at doon naman magmamakaawa. Manínikluhod siya roón kung kakailan̄ganin, halalik sa bakás n̄g yapak n̄g mag-asawang iyong masalapi rin naman, at susubukan kung may mátatamong pala.

Dalawa nang pinto ang kanyang natatawagan, dalawang puso na ang kanyang natugtog na kapwa di tumugón at kapwa di nahabag. Sa ikaitlo kayang dudulugan ay íanó naman ang kanyang sasapitin?

Sa mag-asawang ito'y may malaki siyang katiwalaáing loob at tinalaga nang sabihin doon hindi lamang ang kinákailan̄gang ipananagot sa tatlong libong pisong hinihingi n̄g hukuman upang makalaya muna si Luis, kundi makikiusap pa rin n̄g máipapatinga sa taga pagtangol na magsasangalang sa kanyang pamangkin.

Si Cristo at nang papatayin na ay makaitlong masun̄gabang n̄guni't nakátagpo nang isáng taga Cirene na tumuwang sa kanya: siya naman marahil ay makatatagpo rin nang isáng maawaing paris noon, at ikagaguangaán n̄g kaunti n̄g kanyang m̄ga damdaming pinápasan. Asang asa sa ganitó na tinun̄go ang bahay nang mag-asawang kákausapin, at di n̄ga nag-alinglan̄gang mag-

patao po sa pintuan n̄g malaking bahay na iyong sa taás at kainaman n̄g ayos ay tila nagpaparangya sa m̄ga katabíng naglilitang bahay na pawid at ang karamiha'y giríng giríng.

Dalawang ásong malalaki at nagtatabaan, pabilhasa'y sagana sa alaga at pagkain ang unang sumagot n̄g pakahól at pasibasib pa sa *pagpatao pong* ito n̄g ali ni Luis. Mabuti't nakalapat ang pintuan sa lansanġan at kung nagkataon ay nákagat pa marahil ang matandang kahabaghabag na naparoon upang magmakaawa.

Sa ikalawang tawag niya'y isáng alila ang sumalubong na painġós pang tumanong sa matanda kung anó ang ibig.

—Nariyan ba si ñora Justina?—ang banayad na tanong.

—Narito po, at sino ba kayo?—ang paanġíl ding tanóng n̄g alila.

—Ipakisabi lamang ninyo sa kanila, na nárito si Toyang ang ali ni Consolacion at Salud na katangapan nila n̄g tahí.

—Hintay po kayo riyán at sasabihin ko muna,—ang salita n̄g alilang tumalikod na lamang at sukat na di man pinatulóy ang matanda.

Matagál ding naghintay bago bumalik ang nag-sabi. Nag-aalinlanġang tumuloy at násipang tila ang mabuti'y umuwi na muna sa bahay at kaunín ang sino man sa dalawa niyang pamangking dalaga bago makiusap sa mayaman.

Sa ganito'y di siya mag-iisá n̄g pagsamo at mag-kákatulong silang mag-ali. Pipihitin na n̄ga sana ang paa, datapwa't siyang pagdating n̄g alila.

—Tumuloy raw po kayo—ang sabi.

Ang pinto'y nabuksán at ang dalawang ásong

matataba'y di na nagsikahol n̄g makitang may kasamang taong bahay ang panauhing bagong dating.

—Magandang hapon po, ang magalang na bati n̄g matanda kay ñora Justinang mula sa itaás n̄g hagdanan ay nakatayong kalong ang isáng maliit na ásong sampagita na may mapulang n̄guso at matáng bulagáw. Isáng tan̄go lamang ang nagíng panagot ni ñora at hinimashimas pa ang kanyang ásong pagkátanaw sa dumating ay nagpupumiglas at ibig kagatín ang matanda.

—Makatutuloy po ba?—ang usisa ni aling Toyang na iniakyat na sa isáng baytang ang kanyang kanang paa.

—Tuloy kayo, ang salita n̄g násaitaas. Ang matanda'y nanhik na ang kalooba'y sumisikdo at hiyang hiya sa kakausapin dahil sa pakay n̄g kanyáng pagkaparoon.

Nang nagkakaharapan na sila't inuusisa ni ñora Justina tungkol sa kanyang sadya ay halos di mabuka ang bibig, halos walang maapuhap na salitang magagamit sa pagsasabi n̄g kanyang sadya. Ang inaalaala'y baka mapahiya na naman.

N̄guñi't nagugunita sa isáng dako ang kaawaawang anyo ni Luis sa piitan, ang pagtitiis nito sa pagkakulong, kaya gaano mang kahihyan ang tinataglay ay ipinagpaumanhing labat at sinabi ang sásabihin.

Sa haráp ni ñora Justina ay isá isáng inulit ang kanyáng m̄ga sinalita sa m̄ga pinangalin̄gang bahay. At idinugtóng pang kailan̄gan niya ang isáng makapananagót sa lagak na hinihin̄gi n̄g hukuman, upang sa samantala'y makalabás si Luis, at ipinaliwanag tuloy ang pagkawalang sala nito

na dahil lamang sa bulag na paniniwala kay Pedro, kaya náparamay sa nakawán, gayong walang kamalayáng talaga sa nangyari. Ang pagkawalang salang ito'y sinásagutan niya kahit sa Diyos, sapagka't halos nababasa niyang lahat ang lamán ng puso ng pamangkin na sakaling di nalalaman ni ñora Justina'y ipinaalam niya ngayóng sa kanya lumaki pati pa ng mga kapatid na dalaga.

—Opo, ñora Justina, ang pagkawalang sala ni Luis ay masasagután ko—ang patuloy ng matanda, ng maramdamang tila nag-aalinglanḡan ang kausap na ñora—Kaya nga po ba humahanap ako ng kaparaanang sukat ikalabás ng aking pamangkin sa kanyáng pagkapiít ngayon—ang tapos.

—Ay anó po ang magagawâ kong tulong sa inyo—ang usisa ni ñora Justina.

Sa tanong na ito'y halos nápalundag sa tuwa si aling Toyang, tila sa bahay na iyon ay makatagpo na nga siya nang isáng taga Cireneng maáawang tumuwáng.

—Tatlong libong piso po ang lagak na itinakda nang hukom upang makalaya muna si Luis, at saka dalawang daan naman ang hinihinḡi sa akin ng tagapagtangol, at kaya ako naparito'y pamanhikan ko kayong.....

—Tila may kahirapang makapagbigay loob ako sa inyo, ang ipinutol na agad ni ñora Justina.

Naúupos na kandila ang katulad nang ali ni Luis ng marinig ang gayong pagtangíng tila di na magbabago..

—Tignan ninyo, ang patuloy ng ñora, sa mga pagsagot sagot na ganya'y marami nang may salapi ang napahamak. Hindi fisa at dadalawa, ang dahil lamang sa pagbibigay loob ay nangapasubo



sa m̄ga s̄agutin. Papaano'y marami naman ang pagkaraán n̄g kaniláng kagipita'y nagsisitakas at ang kaawaawang nanagót ang siyang napipinsalaan.

—Sa aking pamangkin po'y di kayo mag-aalaala n̄g anó pa man. Ako po ang nananagot—ang sabáy sa pag-iyak na itinugón n̄g matanda.

—Totoó na n̄ga po kung sa bagay, datapwa't ang kalooban n̄g tao'y di magkakaparis. Bakit masamang kasalanan pa naman: nakaw, ¡Jesus! may ligtás pa ba siya niyan. Ako man ang Hukom ay hindi makapaniniwala sa inyong dawit-dawit na pinag-sabi. Di yata't kundi siya kaalám ay maghihintay pa sa pinto? di sana'y iniwan niya si Pedro, ¡naku aling Toyang hindi na naisip iyan nang inyong pamangkin! Iniuulit ko pong tila may kahirapang m̄tamo ang inyong pita.

—Alang-alang na po sa aking m̄ga pamanking ulila, alang-alang na po sa aming kahirapan!

Sa sandali ring iyo'y di nakakibo si ñora Justina: waring ang kababaghabag na anyo nang nakikiusap ay nakahambál naman sa kanyáng puso, datapwa't náisip na kung pasagután sa kanyang asawa ang bilangong iyon ay baka kung anó ang gawin at pagkalaya ay tumakas. ¡Sino ang makapag-aalis na siya'y mag-alinglanġan?

—Ako n̄ga'y nahahabag sa inyo—ang pakli, n̄guni't nápakabigat ang inyong hingi na ibig ko mang dalhin ay di ko rin madadalá, unauna'y mabuti kung pumayag ang aking asawa.....

—Kung kayo na po ba ang nakikiusap—ang náipangahás n̄g matanda.

—Oo na n̄ga po, datapwa't hindi lamaug ninyo nákikilala si Selo. Siya, ay isáng lalaking ayaw n̄g basag-ulo at ilág na magdudulog sa

mga hukuman. Nababalita rin naman ninyo marahil kung siya'y nagpapakialám sa mga kapisanang itinatayo ngayón. Kung sa mga bagay na ganya'y di ninyo mapakikinabangán si Selo. Ikalawa, ay sasabihin ko sa inyo na kami ay nakikita man nang lahat na tila may mabuting buhay, ay gipít na gipít naman at marami sa aming mga bahay na paupahan ang walang tao. At ito'y may mga ilang buwan na ngayón: máuupahan ang isá, mawawalan naman ng tao ang pangalawa. Sa ganitó, at sapagka't may buwis na pinagbabayaran, may ilaw, tubig, at teleponong hindi naman matitipanán; ay napilitan na kaming ipagsasanla ang mga bahay namin na ano pa't ngayon ay nagkakautang na lahat ang aming mga pag-aari at hindi magagamit sa ganganyáng mga pananagót.

—Tatlong libo po lamang namán.

—Sa hindi naman maáaring ipanagót ang isáng aring násasanla, ang payamot nang tugón ni ñora Justina nang mápansin ang kaulitan nang matandang kausap.—Ang akala ba ninyo ay mabibiro ang mga utos? Kaya kanina pa'y sinabi kong may kahirapang makasunod kami sa inyóng nais.

—Kung gayon po'y..... ang pasubaling sabi ng ali ni Luis.

—Wala kayong sukat asahan sa amin, dahil sa mga sanhing sinabi na—ang tuyo at may papikisagot ni ñora Justina.

—Huwag kayong magagalit—ang pakli nang matandang dahil sa tila tálampakang paghamak sa kanya, ay nagbukong sa kalooban ipakita sa kau-

sap na sa m̄ga maralita man ay mayroon ding may danġal. Ang matanda'y nagtindig sa pagkaupo at nagpaalam sa may bahay.

Sa daan na at nang magunita na naman ang kaawaawang anyo ni Luis sa piitan ay nag-iisipisip kung kanino pa makadudulog at makákapakiusap, upang ang pamankin niya ay makalabas kahit na sa samantala lamang. Buong buo ang paniniwala niya na ito'y walang kasalanan at ito pa n̄ga ang lalong ikináluluha nang kanyang puso, kun siya mang lamang ay may sala n̄ga, ay hindi kailanġang magdusa, n̄guni't hindi, ganap ang pananalig n̄ matanda sa kawalang sala ni Luis. Ito'y hindi gagawa nang salang pagnanakaw na ikasisira n̄ kanilang puri.

Isá pang bagay ang kanyáng ina-alaala: ang m̄ga pamanking n̄asasa bahay. At ang lalo niyang ibig mangyari ay makakuba n̄ dalawang daang pisong iyon. Kahit na ito man lamang, sapagka't kung totoo mang malinis ang kanyáng pamankin, ang kalinisang ito'y dapat patunayan n̄ isáng marunong sa magulóng pagkakalubid n̄ m̄ga kautusán. Hindi sapat na sabihing: ako po'y hindi nagnakaw. Ganitóng pagtangí, ganitóng m̄ga pagtatwa ang ginagamit n̄ sino man. Kailanġang sa pagsasalita nang ganito'y may m̄ga katunayang ipakita, na sukat makapagpapaniwala sa hukom na hahatol at huwag ang makapag-papaalinlangan sa kahit sino tungkol sa kawalang sala n̄ n̄sasakdal.

At siya, isáng kaawaawang matanda na walang kiníkitang ano man, ay walang sukat pagkunan n̄ ipapatinga sa magtatangól. Alám niyang ang pinto nang matwid ay bukas sa kahit sino, n̄gu-

ni't sa pintong iya'y walang madalás makapasok kundi ang m̄ga may ibabayad lamang.

Ang salapi ay di niya malaman kun saan kúnin, at ito pa namán ang kailanġang kaunahan sa ikaliligtas ni Luis. Wala silang pag-aaring mag-ának kundi ang kaisáisáng bahay na tinátahanan at nátitirik sa lupang di pa sarili.

Nápakaluma na ang bahay na iyon, na ano man ang gawin, ay di maipagbibili nang pitong pung piso, halagang ni sa kalahati man n̄g magugugol sa isáng usaping paris noo'y di pa áabot. Kun sa kanya sana'y may magpapautang pa n̄g salaping mapaglilingkurang pagkatapos ay kukuha na, upang may máitakip sa gayong kailanġan.

Sila ay walang wala at buhat nang mápaalís si Luis sa pinapasukan ay nagtiís na silang mag-ának n̄g di gaanong dálita at pagkagipít. Ang m̄ga araw na halos di nila ipinag-agahan ay saking di matututulan n̄g kanilang paghihirap, kaya ang panibagong pagkasawing ito'y tunay na kamatayan na nang gayong paghihinġalo.

Ang m̄ga paghahakang itong sumilid na bigla sa kanyáng pag-iisip ay siyang lalong nagpa-sakláp sa kalooban nang matanda, na malungkot, lumbay na lumbay at walang pag-asang umuwi sa kanila. Nápakalayo ang kanyáng pinang-galinġan. Tatlong bahay ang nadulugán at sa tatlong ito'y pawang hirap lamang n̄g loób ang natamo. Sa m̄ga ibang kakilala ay hindi na siya lumapit, sayang lamang. Ang tatlong dinulugán niya ay m̄ga kakilalang di inakalang tá-tangi sa kanyáng samo, gayon man siya'y nabigo at di man lamang pinairugan n̄g kahit isá

sa m̄ga kinausap. May m̄ga kakilala pa n̄ga siyang m̄lalapitan, datapwa't di naman niya katapatang-loob na gaano at nahihiya siyang dumulog.

Umaga pa n̄g araw na iyon, isá niyang kakilala ang nagsabing may talagang m̄ga tao sa Maynila na naninindigan sa m̄ga nakukulong na paris ni Luis, datapwa't kailangang maghulog nang sampung piso sa bawa't isang daan n̄g halagang talagang ipananagot. Kay Luis ay tatlong libong piso ang hingi n̄g hukom, 300 piso naman ang kailangang ihulog, ito'y kung conant ang lagak, sapagka't kung ginto, ay 600 na raan naman ang hulog.

—Saán ako kukuha n̄g halagang ito?—ang tanong sa sarili n̄g matanda—ay ganitong kinakain lamang naming mag-aali'y di ko maalaman kung saan nangagaling? Ang gayong balita n̄g sinabing kakilala'y nágunita nang makapanggaling na sa bahay ni ñora Justina. Kung may salapi siya marahil ay may mananagot sa kanyang paman-kin.—Ang m̄ga mayayamang ito ang wika nang makalayo layo na nang kaunti sa bahay ni ñora Justina—ay totoong mahihigpit. N̄gayo't isá lamang akong maralita at wala silang sukat tignan sa akin, ay nangag-isip n̄g sarisaring dahilan upang ako'y hiin, paluhain at pagsabihang di makapananagot sa lagak na ikalalabas ni Luis. Kayo ang bahala m̄ga may salapi: ang araw na ito'y inyo, ang bukas nama'y amin na. Kapagkayo'y pinalugmok n̄g isang masasal na buhawi ay magkakapantay pantay rin tayo dito sa ibaba—at ang matanda'y nápatin̄gin sa bahay ni ñora Justina, na doon sa malayo at sa may dulo nang

langsanġang nilalakaran niya'y pinatatamaan nġ araw sa huli niyang mġa sirag.

Sa pagkátigagal nang matanda, ay sa dáraan ang isáng mabilís na kalesin, hila nġ isáng magarang alasán at kinálululanan nang isáng makisig na binata. Natulġ-tulġ ang matanda sa malakás na *tabing* ibinulyáw nġ kotsero nġ kalesin. Mabuti't nakailag at kung hindi'y násagasa marahil. Nápakatulin ang kalesing iyon.....

—Isá ring mayaman itong di maalam. duminig sa mġa hinaíng naming mahihirap at wala pang kaawaawang pumatay sa amin—ang naibulong nang matanda nang pagsaulan nang loob.

Nġuni't ang kanyáng bulong ay mahina, nápakarahan at di na áabot sa humaharurot na kalesing hila nġ isáng alasán at kinálululanan nġ isáng makisig na binata.





## XVIII

I LANG panahón na ang nagdaraan.

Hating gabi at sa silid n̄g bahay ni Don Nicanor ay isáng ilaw ang nagliliwanag. Si Danding ay hindi natutulog: siya'y nakikipagpuyát sa ilaw na iyong sa pagsabog n̄g malamlam na sinag ay lalo pang nagpapalungkot sa loob n̄g silid.

Sa mukha niyang malumbay ay mahuhulaan ang isáng hinagpis na binabatá n̄g kanyáng puso. Nakasandíg sa uupán, lugay ang buhok at luhaluhaan ang m̄ga matá na waring anyo n̄g PIGHATING naggugunita n̄g malungkot niyang kasaysayan. Kinábukasan siya ay di na si Danding lamang kundi si Danding ni Rojalde. Doón sa labás ay nakahanda ang lahat niyang isúsuot, ang m̄ga kagayakang gágamitin sa pagsumpa sa haráp n̄g altar n̄g isáng pag-ibig na di niya dináramdam.

—Ang kanyang amá at iná ay nan̄gatutulog na: marahil nagsisipan̄garap sila sa kaligayahang mátatamo kun ang pag-iisáng palad ni Rojalde at ni Danding ay matupad. Marahil sa pagkáhimbing nila ay nan̄gan̄galaga ang isáng mairog na alaala. Siya lamang ang, sa gitna n̄g bahay na natutulog, siyang sa kinábukasa'y magíging hantun̄gan n̄g

magigiliw na bati at pagpuri, ang nakikipanayam sa hinagpís at lumalagok n̄ mapapaít na luha. Alám na niya ang nangyari kay Luis, kay Luis n̄ kanyáng buhay at pag-irog.

Nang mabasa sa m̄ga pahayagang si Luis ay nagnakaw at sa bahay pa namán ni Rojalde ay isáng pag-aalinglan̄gan ang pumasok sa kanyáng puso. Nápakatamis umirog, nápakabuting magmahal ang kanyáng pinagsanlaan n̄ boong pag-sintá, na di akalaing gumawa n̄ gayón. Ang nangyaring ito'y nagíng dagok na mariin sa kanyáng dibdib. Magnanakaw si Luis! Ang *magnanakaw* na ito'y siyang tiník na nakapako sa kanyáng lalamunan. Hindi n̄ga nakapapawing lubós sa kanyáng náipan̄gakong pag-irog sa binatang napipiit, dapwa't nakatulong naman n̄ malaki sa di pagtutol n̄ m̄ga huling araw na sa pag-aasawa kay Rojalde.

Kung siya lamang ang palolooban ay di na mag-aasawa; hindi siya makapakikisama n̄ boong katamisan sa isáng lalaking di iníbig ni hindi namán papayag magíng kasintahan n̄ isáng lalaking may dun̄gis sa noó, na kábabasahan n̄ lahat n̄ isáng kapintasang nápakalaki.

Magnanakaw si Luis!

Ayaw siya sa isáng magnanakaw at ayaw rin naman sa isáng di iníbig. Gayon ma'y mag-aasawa sa kinábukasan, na sa labas ang kanyáng m̄ga isúsuot na damit, gabi na n̄ magsiuwi ang m̄ga mánanahing ipinadalá ni Rojalde upang tapusin ang pag-aayos nang kanyáng igagayak, at sa kanyáng haráp, sa mesang maliit na kinákakatanḡan n̄ kanyáng m̄ga bisig ay naghahali-



muyak n̄g kanilang hirám na bangō ang nagpu-putiang *azahar* na nagsasabi sa kanyáng: kinabukasa'y pagagandahin ka namin.

Wari'y isá lamang panaginip ang nangyayari. Siya ma'y di makáwatás sa gayong pikit-matáng pagsunod n̄g kanyang kalooban, sa tila m̄ga tibok na patay n̄g kanyáng puso. Sa alín mang sandali n̄g kanyáng buhay ay di sinásapit ang gayong kalagayang napakalabis na pagwawalang bahala sa lahat n̄g nangyayari. Ang pag-aasawa kay Rojalde, kailán ma'y kanyang ipinangānib, kinatakutang tulad sa isáng sakunang kíkítíl sa kanyáng hinin̄ga, n̄guni't n̄gayóng ang pag-aasawang ito'y nálalapit, di na máiuurong at sa kinábukasa'y magkákatotoo, ay saka di tumútutol na gaya nang dati, saka di manalaytáy sa kanyáng m̄ga ugát ang lamig n̄g kamatayang tuwi na'y siyáng náramdaman kailán ma't mágugunita ang pag-aasawa sa isáng lalaking di iniibig ni maíbig kailan man.

Magnanakaw si Luis!

At kinabukasa'y mag-aasawa na siya, hihilig sa ibang kandun̄gan tatawaging giliw n̄g m̄ga labing kaylan ma'y di niya pinasimsím n̄g kahit bahagyáng ligaya. Asawa n̄g iba at hindi n̄g lalaking pinili n̄g kanyang puso. Alám na siya'y nagtataksil sa isáng sumpa, alám na yumúyurak sa isáng pangako, gayon ma'y di tumututol.

Ang ganitóng katimpián n̄g loob ay di inaasahan sa sarili. Inakalang ang pag-aasawang iyon sa di katipán ay ikamamatay datapwa't ang m̄ga sandaling ipinagpapaalam na lamang sa masayáng pagkadalaga'y waring di kinahihinayan̄gan ni kina-iinipan. Pinapaging bayani siya n̄g pagkamag-

nanakaw ni Luis at pagkakápilit ng mga magulang na siya'y mag-asawa kay Rojalde.

Tila walang sariling loob sa máipagkukuro, ang mga oras ay pinararaan sa gayong pagkakaupong lugáy ang buhok at kaharap ang mga azahar na di na nangagsawang magpahalimuyak ng kaniyang hiram na bangó.

Sa kanyang mapungay na matá ay isang kaktwang tingin ang nag-ántitilaw, na mamaya'y ipako sa malamlam na liwanag ng ilaw at mamaya'y itingalang tila may hinahanap.

Nag-iisá siya, sa loób ng silid ay wala isá mang saksing makákikita sa kanyang ginagawa, lahat nang bagay na sa kanya'y nakalilibid ay pawang pipi, at walang dilang paris ng tao na máipagbabalita pagkatapos. Náalaalang kung gayon ding mga gabi at sa gitna nang katahimikan, kun ang lahat ay natutulog na ay nakáririnig ng isang tugtog na kilalang kilalá at kinasasabikán niyang palagi.

Ang tugtog na iyo'y tanda ng pagdating ni Luis, ng kanyang irog at pinakamamahal. Sa loób din ng silid na iyon, ang kanilang mga labi'y di míminsang nagkáisa, di míminsang nagkáputangán ng matatamis na halik at mga sumpa sa pag-irog.

—Aking Danding,—

—Luis ng aking buhay—

At pagkatapos, pagkatapos, ay mga tinginang malalambing, mga salitang kaayaaya ang sumusunod. Pagkáliligayang mga sandali iyong ang kanyang puso'y payapang tumítibok!

Langit at kahirapan ng kanyang palad ang si-

lid na n̄gayo'y siya lamang sinásaksi sa pagbuklat n̄g kanyáng kahapon.

Sa gayon ding pagkakaupo na lugay ang buhók at naliliwanagan n̄g malamlam na ilaw, ay di mimsang pinanikluhurán siya ni Luis at sumumpa n̄g pagsintang walang katapusán na ang sinasaksi pa'y ang maliít na vírgeng naroo't wala namang kakibokibo.

Makáilang sa gayong anyo at pagtugóng bilang sa m̄ga samo ni Luis ito'y kanyáng hinagkán n̄g kahalo pati kaluluwa. Oh anóng m̄ga halik iyong singtatamis n̄g pukyutan, sariwang tila hamog na sinimpan sa talulot n̄g isáng magandang bulaklak! Lahat ay nagdaáng tulad sa hanġin, natapos at di na magbabalik.

Magnanakaw si Luis!

At kinabukasa'y mag-aasawa na siya, nároon sa labás ang m̄ga damit na isusuot sa kasal, nároroo't kaharáp ang m̄ga azahar na kanyáng gamitin.

Ang hanġin sa hating gabi ay pumúpukol sa durunġawan, at waring may taglay na lihim n̄g isáng bayang natutulog. Siyang siya lamang ang gising at naroroong tulad sa isáng bantay na may sásagutin kung magpahingã. Ang katahimikan sa malaking bahay nila ay hindi man ginágambala nang kahit isáng kilatís, n̄g kahit isáng pagkilos n̄g m̄ga náhihimbing.

—Kay haba nang gabing ito sa akin, at kay panglaw n̄g ganitóng pag-iisáng tila pakikibuhay sa m̄ga patay—ang nawika sa sarili ni Danding, minsang kumilos sa pagkakaupo. At di kinukusa'y nápatindig, dahan dahang dumulóg sa isáng maliít

na lalagyan at dito'y kinuha ang ilang balumbon n̄g papel.

—Ang iyong m̄ga sulat giliw kong Luis, ang iyong m̄ga liham sa akin—at umakmáng hagkán ang m̄ga dahong iyon n̄g kanyáng ligaya, dapwa't ang pagdampi n̄g m̄ga labi ay di itinuloy: Waring sa pumupukol na han̄gi'y nadidinig niya ang wikang: *magnanakaw!*, *magnanakaw!*

Siya na rin ang nagulumihanan sa sarili, natakot buklatin pa at isá isáng basahin ang m̄ga sulat na iyong sa bawa't talata'y naghahalimuyak n̄g ban̄go at nagpapaalaala n̄g kanyang pinagdaanan. Ang bilot nang m̄ga sulat ay nabitiwan at sa pagkátama sa sahig ay lumagapak na tila isáng katawang patáy, pagkatapos tangapin ang iwa n̄g patalim na pang-utas. Sandaling minasdan ni Danding ang m̄ga sulat na isá isá niyang tinipon, n̄guni't tila sa sahig at nároon ding kanyang tinutunghan na tatapontapon, ay nakita ang isáng bahagi n̄g kanyáng puso, ang isáng bahagi n̄g kanyáng pagkatao.

Dinampot ang balutan, at aywan kung pagsisisi sa kanyang nagawa na itin̄ago sa kanyang dibdib, ipinaloob sa baro, upang maging saksi marahil n̄g m̄ga tibok n̄g kanyáng pag-ibig. Nalimutan ang pagkamagnanakaw ni Luis, at ang nabuhay sa kanyang alaala'y ang nagdaan nilang kalwalhatian, ang kapwa nila pagsusuób nang kamanyáng sa dambana n̄g pag-ibig.

Sa Danding na suklám sa isáng magnanakaw, ay humalili ang datihang Danding ni Luis, na sa kahulihulihang gabi n̄g kanyáng pagkadalaga'y nagnasang dito iukol ang lahat niyang damdamin at m̄ga alaala.

At ang magandang anak ni Don Nicanor, ang sa kinabukasa'y susumpa sa harap ng altar ng isang pag-ibig na di dinaramdam, ay nuha ng papel at sumulat:

"Bukas ako'y mag-aasawa na. At mag-aasawa ako kay Rojalde na kaylan ma'y di ko inibig. Sa ganang akin si Rojalde'y isang binatang kahabaghabag. Hindi niya nalalamang ako'y nagkaroon ng isang Luis, si Luis na aking minahal, at ngayo'y nakukulong dahil sa pagnanakaw.

Sino sa kanilang dalawa ang mahal sa aking puso? Aywan, ang isa'y dati kong inirog at ang isa'y dati kong kinasuklamán. Gayon ma'y ito ang aking magiging asawa sapagka't . . . . . hindi magnanakaw, sapagka't sa matá ng iba'y malinis. Datapwa't hindi ko naman minamahal bagkus kaaway ng aking pag-irog.

Nalimutan ko na si Luis? hindi.

Iniibig ko si Rojalde? hindi rin.

Kay samang palad ng akin. Gayon ma'y pikit-matá akong susubo at hihilig sa isang kandungang ibig ko'y makitang wasák.

Sa harap ko'y narito ang azahar na gagamitin bukas. Anong pagkapuputi ng kanilang talulot. Tila kaluluwang walang dungis tulad sa maputing damit ng aking virgen sa ulunan ng katre. Ganitó rin kaya ako kalinis?

Luis!, Luis!

Halos nauulinigan ko ang iyong pagsasabing hindi. At may katwiran ka. Magkayakap tayong lumagók ng matamis na alak ni Pag-irog. Magkabigkis ang ating mga pusong inihandog sa paanan ni Kaligayahan. May katwiran ka: ang mga azahar na ito'y dapat maging makahiyá sa akin, at mag-

ligpít n̄g kanilang gandá sapagka't alanġáng má-pasabit sa isáng ni mimihnsang humilig sa iyong m̄ga balikat.

Hindi kita nililimot. Kinatátakutan lamang, samantalang si Rojalde'y tinátawanan ko, pagka't nag-aakalang siya'y mapalad....

Kahabághabág na si Rojalde.

Wala akong sala, makálilibong sinabi na siya'y di ko maiibig, kung bagama'y pagtatapatan ko n̄g gaya n̄g pagtatapat sa isáng magulang, n̄g-uni't ġaking sintahín? malayo, singlayo n̄g araw sa lupa. Nagpumilit siya, at bukas n̄ga nama'y mag-iisáng palad na kami. Aywan kung dapat akóng tumawa ó lumaha kaya. Ang pagluha ay matakál ko nang kaulayaw, ang pagtawa ay gayón din naman, wala akong maalamang gawin.

Ang m̄ga azahar na itóng nagpuputian ay nag-papasubó n̄g aking dugo. Tila nagmamalaki pa sa kanilang kalinisan. Tila may isinusurot sa akin. Pípitás ako n̄g isá at susubukin ko kung sino sa amin ang malinis ... ġAko ó ikaw? Sagót palalong bulaklak na likha lamang n̄g daliri, sagot n̄g-ayóng unti-unti kang natutupok sa ilaw ....ha!, ha!, ha!....

Ikaw man palá'y umíitím, at nagpapakilalang basahang pulot lamang sa lansanġan bago ginawang bulaklak. Magsindunġis na tayo. Ikaw ma'y kapantay ko na. At nálalaman mo kung bakit? Sapagka't ikaw at ako'y kapwa *kasangkapan*, Ikaw ay pangparami n̄g salapi n̄g mánġanġalakal, at ako'y panakíp-utang n̄g aking m̄ga amá. Magkasingpalad tayo, kaya kapwa marunġis, kapwa alipin n̄g ano mang loobin nilá.

Katungkulan n̄o ang magpakáputiputi kunwa

upang siyang gamiting tanikala sa mġa bagong busabos na paris ko. Ang ating mġa katungku-la'y nagkakatugón.

Sinásabing ikaw raw ay tanda nang kalinisan. Ha!, ha!, ha! ....

Mġa ulól silang di nakatatalastás na marami sa mġa ulong pinaganda mo na at pagagandahin pa'y pawang ulong marurumi at di míminsang nagpaiba-iba nġ mġa inirog at inibig.

Makitawa ka sa akin, ha!, ha!, ha! ....

At tawanan natin pati nġ mġa magsisihanġa sa iyong kaputián bukas, pati nġ mġa mápapatka sa marangha kong kagayakan at sa mġa batóng kíkislap sa boo kong katawan, pati na nġ mġa naghibinalang ako'y mapalad at kápaladpalaran sa madla. Hindi nila nalalaman ang úsapan nating itó. Ikaw lamang ang nakatatalastás na magkas-ing-itim tayo nġ kaluluwa.

Ang katauha'y ganyán: sa malinaw na tubig sa ibabaw tumitinġin, hindi sa mabahong burak sa kailaliman.

Sino ma'y di maniniwalang ang katuturán nġ iyong pagsabit bukas nġ umaga sa aking ulo ay panibago akong aliping paáari sa isáng nakábili. Ikaw lamang ang nakatatalós nito, sila'y hindi, kaya tayo lamang ang makatatawa.

Ha!, ha!, ha!.....

Ipalagay kaya ni Rojaldeng kaya ako nayag na mag-asawa sa kanya ay sapagka't akin na siyang iniibig? Marahil....sino ang nakaalam! Ulól, ulól, ulól!!!.....

Mag-aasawa ako, sapagka't ito ang iniuutos sa akin, mag-aasawa ako, sapagka't kagalinġan daw nġ aking mġa magulang. Siyanġa namán, hanga't

may máيسانla, hanga't may máipagbibiling isáng pag-aari ang m̄ga karukhaa't pagkagipít ay dapat itago. Ang sangsinukob ay di bahay n̄g katotohanan. Sa kanya'y may m̄ga luklukang-hari ang kabulaanan, pawang bulâ ang kanyáng sinásamba, at pagdatal n̄g malakás na buhawi'y mangalalansag.

Bukas, ang m̄ga tadhana't kaugaliang palakad n̄g m̄ga kapisanan ay magsasabi sa aking ako'y di na si Eduarda Gutierrez, kundi si Eduarda ni Rojalde. Tulad din sa alin mang kasangkapang nákilala sa n̄galan n̄g may-ari. Paris n̄g isáng bahay, paris n̄g isáng kabayo.... Aywán kung bakit isá sa m̄ga yuyukuáng pinto at pagbabalian n̄g tuhod n̄g sino mang babaying nag-asawa ay ang pagkawala n̄g sariling katauhan. Hindi kaya ito'y bakás pang násasalat hangan sa m̄ga panahon n̄gayón n̄g dating kalagayang alipin n̄g babayi!

Sásabihin lamang na nápalaki ang isinulong n̄g sangsinukob, gayong ang katotohana'y kasangkapang kung ipalagay ang babayi, kasangkapang pamunô n̄g isáng kailangan at alipin habang buhay. Kay rami kong nakikilalang m̄ga may asawa na wala lang gawa kundi dumáing at maghilakbót sa kanilang kapalarang sinapit. Lalo't wala nang baní ó, wala nang katás, at wala nang dagtang máibusog sa mayamong pag-ibig n̄g lalaki!

Buhat bukas, ay iyan na rin ang aking magiging buhay. Kung sana'y infibig ko si Rojalde, datapwa't hindi at kailan man yata'y di ko siya mámahalin. Takot at kahihiyán sa sarili, ang pipilit sa aking siya'y pagtapatán. Takot sa pan̄ginoong nakábili, at kahihiyán sa sarili kung ako'y mápasadlak sa lalong kababababang baytáng n̄g pula, sakaling di pagtapatán ang... *aking asawa.*



Kay hirap bigkasin n̄g salitang ito: *aking asawa*, na wari ang kahuluga'y *aking panginoon* at *haring di masusuway*.

At si Luis! Si Luis kailan ma'y magkakapitak sa aking puso, hindi ko siya malilimot ni máitakwil. Nápakatamis siyang umirog na waring nádadama ko pa ang kanyáng m̄ga labi sa aking m̄ga labi.

Sinásabing siya'y nagnakaw ¿Ay ano? Di ba ang lahat sa buhay na ito'y magnanakaw rin, kundi man magdaraya? Ang nakaw at daya ay di lubhang nagkakalayo; ang una'y sandata n̄g m̄ga bumabangá sa m̄ga kábilaning utos na itinatag n̄g tao, at ang ikalawa'y gamit n̄g m̄ga patagóng nan̄gan̄gagaw sa iba, n̄g m̄ga nabubuhay sa pagod n̄g karamihan. Ang m̄ga una'y may tapang sapagka't nan̄gaglaland n̄g mukha at nan̄gagbilad n̄g katawán, di gaya n̄g m̄ga huling, ayaw matatawag na magnanakaw, sapagka't sa kanilang pagkamasama'y kalakip pa ang pagkamapagkunwari. Ay anó kung magnanakaw si Luis?

Ang pag-ibig ay di nagtítitingín sa ganyáng bagay na walang kahalahalaga, siya'y di sa ibaba nagtatahán, kundi sa itaás, sa bughaw na kalan̄gitáng may palamuting m̄ga bituin at nagkikislapang m̄ga tala.

N̄guni't si Luis ay di ko maáring magíng asawa, siya'y hindi kaligtasan n̄g m̄ga magulang ko di paris ni Rojaldeng masalapi at mayaman. Kapuripuring adhikang isaginhawa ang isáng anak! At saka itinatakda n̄g pananampalatayang igalang ang amá't iná, ang pagsuway sa kanila'y kasalanang malaki kaya iba ang aking magiging asawa. Panginoón palá, nagkamali ako.

Bakit kaya may pananampalataya namang nápakahigpít na paris nito?

Tumawa tayo maputing azahar; at patawarin ako ng Vírgeng iyang nakatingín sa atin kung sa paghihinḡalo ngayón upang mamatay bukas, ay nakatatawa pa ako. Ibig ka lamang daanín sa tuwa ang mḡa huling sandali ng aking pagkadalaga. Sapagka't mula bukas ay luluha na ako nang luluha, sapagka't bukas ay magsisimula ako ng pagsalunḡa sa kabuhayang marawal ng mḡa sawing palad.

Hindi kaya ako masuklám kung bukas at sa harap ng altar ay sumpaang ng pag-ibig si Rojalde?

Aywán ko ba kung ano ang mangyayari sa akin. Wala akong maliwanag na nábabanaagan kundi ang pagkaalipin ko mula bukas, at pagkaaliping di masusublián ng salapi kundi ng buhay.

Dahil sa pakikibagay ko sa mḡa palakad at kaugalian ng lahat, bukas ay maglalahad ng kamay sa isáng lalaking ipinalagay kong kaalít, at bukas din nama'y paoóhan ko ang isáng pag-irog na di natatala sa aking puso, dito sa pusong tunay na kay Luis at hindi sa iba.....

Isáng hihip na malakás ng hanḡin ang nagpayanig sa nangalapat na dunḡawán, at siyang sumindak sa kalooban ni Danding. Ang gayong yanig na bigla namang nawala ay tulad na tulad sa mḡa hudyatan nila ni Luis kung mḡa hating gabing ito'y nakikipagkita sa kanyáng irog. Walang pinag-ibhán at kaya nasindák si Danding ay sapagka't ang akala'y si Luis na rin ngā ang tumatawag na iyon sa kanya, at nagpapaalaala ng mḡa araw na lumipas.

Nguni't di na umulit ang hanġin at ang pag-sulat niya'y ipinagpatuloy . . . . . "Doon sa labás ay nanġakahanda ang mġa damit na aking isúsuot. Lahat ay maganda at sawa sa mahahalagang pamamuti na ibinagay nġ mġa nagsiyari sa aking kulay at panġanġatawán. Ang baro ay bughaw na mura, ang saya ay gayon din at ang mahabang talukbong ay puting busílak. Pinili ang mġa kulay na itó sapagka't bagay sa akin, nġuni't ang di nila nabagayan at pinagkamalang totóo'y ang kulay na aking ibig. Ibig ko sana'y itim mula sa ulo hangang paa, itim na pawa, sapagka't itó ang katugón nġ aking kasaliwaáng palad, at hindi ang mġa kulay na angkap sa nasasayahán at walang lason sa loob.

Nġuni't ang ganito'y walang halaga. Maári nila akong gayakán nġ kahit ginto, ako'y hindi tututol at babayaang gawin ang ano man nilang máibig, yamang di rin naman mangyari ang ganang aking loob, kundi ang lahat nilang ipagawa.

Sa labás at marahil natutulog nġ boong himbing, ay nanġaroon ang mġa nagpapalagay na kapalaran kong dapat ituring ang pag-aasawa bukas. Sa huling gabing itó nġ aking pagkadalaga, sila'y aking pinatatawad sa lahat nġ nágawa, ipinatatawad ko pati nġ di paggalang sa mġa tibók nġ aking puso na inakala nilang dapat ipagpahuli at pawaláng halaga dahil sa mġa kayamanan ni Rojalde. Ah, hindi nila talastás na ang pag-ibig ay dakila, mahal at di nabibili kaya nanġagpasíyáng ako'y mag-asawa sa isáng di man lamang sinintá kahit bahagya nġ aking loob.

Kung nánayag man ako ay sapagka't sinabi sa aking ang pag pag-aasawa ko'y kanilang kalig-

atasan. Ang lihim na ito'y dapat matalastás ni Luis upang huwag sabihing ako'y naglilo't di natutong magtapat sa pag-iibigang sinumpaán ko n̄g di mimiusan lamang at n̄g boong puso pa.

Mag-aasawa ako, sapagka't kagalingan nila, hindi n̄g aking sarili. Itó ang totoó. Alam kong ito'y isáng pagtubós na aking ginagawa. Ang m̄ga máunubos ay karaniwan nang nangamamatay na may paniniwala sa kabutihan n̄g kaniyang ginawa, samantalang ako'y mag-aasawang may lason sa kalooban, palibhasa'y hindi talagang iniibig ang lalaking aking pakikisamahan pagkatapos. At ang palad ko'y magtapat sa kanya, kahit pagtaksilán sa ganitó ang sarili.

Luis ko, Luis ko.....

Sa huling gabi n̄g aking kalayaan, n̄g di ko pa pagkaalipin, naálaala kita Luis n̄g aking buhay, at sa sarili'y nagtatanóng kung bakit gayong di pa naman kita nalilimot ay nakapapayag ang loob kong mag-asawa kay Rojalde. At ísa lamang ang aking puso, ísa ang aking pag-ibig na iyong iyo naman at hindi sa iba!

Itó ang hindi ko mawari baga ma't talastás kong sa m̄ga sandaling ito'y di ko maalaman kung ako'y sino: kun si Danding pa, ang Danding na iyóng pinag-ukulan n̄g di kakaunting pag-irog ó kaya'y anino na lamang n̄g Danding na iyon, at bukas ay haharap sa pari upang magbulaan at inisín ang tibok n̄g sariling puso.

Oo, bukas ay magbubulaan ako, sapagka't bukas ay hindi na ako buháy kundi patay na mistula.....

Isáng marahang tugtog, kasabay n̄g isáng magiliw namang tawag sa pinto n̄g silid, ang iki-

nátigil ni Danding. Kanyáng iná ang tumátawag Dali daling tumindig at ang sinusulat ay itinago sa loob n̄g dibdib, isinama sa ibang m̄ga surat na naroon na at sa gayo'y tila ibig patahimikin ang sigaw n̄g kanyáng budhing tumututol sa sínásapit na pagkasiíl.

—Danding, Danding buksán mo ako—ang tawag mula sa labas.

—Náriyan na po—ang sagót n̄g dalagang bago nagbukás ay tumingin muna sa m̄ga bulaklak n̄g *azahar* na nagpuputian di't tila m̄ga bibíg na nagsisihalakhak n̄g tawa.

Ang iná'y nasok at nápataka sa gayong pagkakailaw sa loob n̄g silid, sa gayong di man lamang pagkakusót n̄g m̄ga gamit sa bihigáng tila di hiniligan n̄g kahit sandali, at nápatin̄gin sa anák, sa mukha n̄g mahal niyang bunso parang mangagamot kung may ibig hulaan sa m̄ga mata n̄g kanyáng maysakit. Tumingin sa lahat n̄g m̄ga kasangkapa't palamuting na sa loob n̄g silid, n̄guni't wala siyang nakitang anó man, matan̄gi sa mesang kinálalagyan n̄g ilaw at tila kinábabakasan pa n̄g pag-kakábabang matagal ni Danding.

—Gising ka pa palá—ang magiliw na sabi ni ñora Titay—gising ka pa, hindi ka ba mákatulog?

Hindi nakasagot si Danding at nápatin̄gin sa iná niyáng tumanóng, sa mukha rin naman nito nagpako n̄g tingin at waring ang katanun̄gan sa kanya'y siya rin namang itinatanong sa iná.

—Hindi n̄ga po ako mákatulog—ang wika makasandali—sapagka't sa isipan ko'y sari saring m̄ga akala ang namúmugad, at sa dibdib ko'y maraming m̄ga damdamin ang nasúsusian.

—N̄gayo'y madaling araw na—ang salita ni ñora Titay na umupo sa hihigáng noón lamang nagtikím-tao sa boong magdamag—at dapat na pilitin mo ang pagpapahingá kahit sandali —Huwag kang magpuyát at ang m̄ga matá mo'y hahapdi, magluluha at páanglaw.

—Talagáng hindi ako mákatulog. Maáaring magpikít ako n̄g mata n̄guni't gising din ang aking kalooban.

—Gayon ma'y dapat mong pagpilitan. Kundi ka magpapahingá'y magmumukhang malungkot ka mamaya, at di mákikita n̄g dárating na m̄ga panauhin n̄g iyong asawa at namin man naman n̄g tatay mo, ang iyong datihang ganda, ang kasayahan n̄g mukha mong paghan̄ga n̄g lahat.

Hindi nakakibo ang dalaga, ná pamata sa kausap, at walang kasalisalita kaputok man lamang na nagpako rito n̄g isáng tinging tila kinápapa-lamnán n̄g m̄ga salitang: “at ibig pa palá ninyong ako'y pagandahín, ibig pa palá ninyong maging mataás ang uri n̄g kalakal na ipagbibili”. Ang ganitong m̄ga salita'y munti nang pumulas sa bibig n̄g dalaga, n̄guni't sa m̄ga labing tikóm n̄g nároroong Vírgen ay tila nabasa ang m̄ga salitang: “kabaitan nang isáng anák ang pagsunod sa magulang” at nagkasiya na lamang sa isáng buntong hiningang pinapagbuhat sa kaibuturan n̄g puso at, sa isáng himutok n̄g kaluluwa niyang nagdaralita.

Sabáy sa buntong hiningang iyon ang unti unting paglabo n̄g ilaw ang pag-aandap andap makasandali at saka namatay pagkatapos. Nabalot n̄g kadilmán ang silid at sa gayóng katahimikang di man ginágambala n̄g kahit isáng ala-

tít, ay m̄ga alin̄gawn̄gaw n̄g hinagp̄ís ang nari-  
nig pagkatapos.

\* \* \* \* \*

Malamlám na umaga ang nágisnan ni Danding Isáng lan̄gaylan̄gayang halos sayád na sa lupang lumilipad at sásalísalimbay, ang kanyáng nama-taan pagbubukás n̄g m̄ga durun̄gawan sa silid. Nanun̄gaw sandali n̄guni't di nakatagal: isáng nápakalamig na han̄ging bumati sa kanya at tila nanuót pati sa m̄ga butó, ang ikináurong atiki-naupo sa silyang naroroo't nag-aanyaya sa kanyáng sumulat pa uli. Naroon din ang m̄ga azahar na sa tama n̄g liwanag ay lalong nagpaparan̄galan n̄g kanilang busilak na kaputiáng hiram sa araw. Baga ma't sa loob nang silid, ay hindi na ang ban̄go niláng hirám ang humahalimuyak, kundi ang sin̄gaw nang umaga, na wari'y may m̄ga libhim n̄g parang at kasukalan sa m̄ga bundok.

Si Danding ay nag-iisíp. Ilang sandali na lamang at siya'y hahalik sa tanikala n̄g m̄ga alipin, mákakabilang na n̄g m̄ga babaying may pinapan̄ginoón, kahit di umiibig, kahit nalalamang siya'y apíng apí dahil sa pagsunod.

—Mula n̄gayo'y mag-aaral ako n̄g pagbubulaan,—ang nasabi ni Danding na sinabayan n̄g isáng n̄giting masakláp, n̄giting larawan n̄g nangyayari sa kaibuturan n̄g kanyáng kaluluwa. N̄guni't noon din at wari'y tugón sa kanyáng pagkán̄giti, ay nakárinig n̄g ilang main̄gay na tawa sa labas, at isáng tinig na kanyáng kilala ang naulinigang nagtatanóng kun saán nagtatago ang kanyáng áabayan.

—Ah, ang m̄ga kaibigang kong makikilibíng sa bangkay nang aking puso—ang násabi,—ang ma-

sayá at kaligáligayang si Beatriz na di pa naká-kikilala kung anó ang pighati. Mapalad na pinsan ko—at pagsunod sa hikayat ng isáng di matangiháng damdamin ay nápabuntong hiningá ang magandang anák ni Don Nicanor.

Alám niya kung sino si Beatriz. Sa bahay na iyon ay walang pintong nakalapat sa kanyá, at ang silid ni Danding ay lalo. Sa katunaya'y di natagala't noon di'y naglulungati sa pinto upang siya'y papasukin.

—Buksán mo ako, pinsan. Ako'y si Beatriz, dali na. May ibabalita ako sa iyo, dali, buksán mo ako Danding.

Ito'y di nakatiís. Bagá man di sana ibig na ang kanyáng pag-iisáng kináwiwilihan pagka't náipaghihiná ng mġa lalong lihim na na sa sa loob ay magambala, ay napilitang magbukás.

—Danding, pinsan ko, isáng yakap, ang káhulihulihan marahil, ang sabi ni Beatriz na pagdaka'y yumakap kay Danding.

Ito'y tila sinaksák sa puso, ang gayong mġa salita'y ipinag-ulol pa ng kanyáng kalungkutang taglay, at walang náisagot sa pinsan kundi mġa luhang nag-unahán sa pagpatak. Sandali silang nagkátigilang magkayakap ng mahigpit at kapwa di makapagsalita. Sa labás, ang mġa kapwa dalagang naiwan ni Beatriz at magsisiabay rin, ay nangasapalibid ng mesang kinálalagyan ng mġa damit na isúsuot ni Danding na pawang mahal, pili at wala pang katulad. Ang sayang kulay bughaw ay siyang lalo sa lahat na kanilang tinátakhan, at nagiging dahil ng iba't ibang mġa sabi, samantalang sa loob ng silid ang magpinsa'y magkayakap na kapwa naúmid.



—Beatriz, ang wika ni Danding na luhaluhaan pa. Naáalaala ko pang isáng araw at n̄g ipagtapat ko sa iyo ang lamán n̄g aking puso tungkol sa pag-aasawa ko n̄gayón, ay tila ka nápamangha. Sa m̄ga tingín mo noo'y napagwari kong ikaw ay nag-aalinlanġan sa aking m̄ga sabi. Hindi mo mapaniwalaang di nagtatamasa n̄g alíw ang paris ko'y makapag-aasawa sa isáng sakdal n̄g yaman, at may isusunod sa lahat kong máibig. May katwiran ka, n̄guni't bago matapos sa akin ang lahat, bago ako masaklaw n̄g kapangyarihan n̄g panginoong ko'y paghahabilinan kita n̄g isáng mahalagáng bagay.

Si Beatriz ay nápatinġin sa kanyáng pinsan na may dinudukot sa dibdib. Sa mukha at kilos nito'y nahalata n̄g nagmamalas ang isáng dalamhating umiwa sa kanyáng dibdib.

—Náito, ang patuloy ni Danding, ang tanġing kayamanan n̄g aking buhay. Sa huling magdamag n̄g aking pagkadalaga, ang m̄ga liham na ito—at nilagdaán n̄g isáng halík—ay siya kong pina-saksi sa m̄ga tibók n̄g aking puso. Inibig kong ang m̄ga sulat na iyan—at iniabot kay Beatriz—ay maghalimuyak n̄g aking bangó, kaya dini ko sa dibdib itinago. Iya'y m̄ga sulat n̄g isáng lalaking aking minahal at nagmahal naman sa akin n̄g boong pagtatapat. Diya'y mábabasa mo ang boong kasaysayan n̄g isáng pag-iibigang nápaka-sawi na kung nasalitán man n̄g tuhogtuhog na bulaklak n̄g ligaya ay nagíng mayaman naman sa lasong pamatáy. May iniitrog akong tinipanan n̄g aking pagsinta, at n̄gayo'y isáng lalaking di ko inibig kaylan man ang magíging katali n̄g aking puso. Katakataka n̄ga ang ganito, n̄guni't

basahin mo ang m̄ga liham na iyang larawang mistula n̄g buhay n̄g kaabaabaan mong pinsan. Beatriz, Beatriz, kay palad mo at di pa naká-dadama sa buhay kundi n̄g m̄ga alíw lamang at ginhawa n̄g loob. Mapalad ka, at ang m̄ga ibig pa sanang sabihí'y ipinahayag na lamang sa m̄ga halík na ikinintál sa dalawang pisin̄gí ni Beatriz.

Isáng karwaheng magara at mabikas pa kay sa ginamit nang pa sa Santana ang mag-ának ni Don Nicanor, ang tumigil sa pinto, at itó ang ikinápasok na dalidali ni flora Titay sa silid n̄g kanyáng anák upang papagbihisin na itó.

—Tanghali na anák ko, náíyan na ang iyong madrina, Beatriz, ang utos sa paniangkin, tulungán mo n̄ga si Danding sa pagbibihis, bago lumabas at sumalubong sa m̄ga panaohing bagong dating.

Ang magpinsa'y nagkátin̄ginan. Kay dali naman n̄g oras!

Sa bahay ni Don Nicanor ay walang nárinig kundi ang maalin̄gasn̄gás na galawan n̄g m̄ga pagyayao't dito. Sa lansangan at sa durun̄gawán n̄g m̄ga katabing bahay ay di na kakaunting tao ang nan̄gaglabaslabas na ang tingí'y sa bahay na papa-naungan n̄g kaisáísáng anák na dalagang mag-aasawa.

May kaníkaniyáng paghahaka ang nagmamasid na iyon, may nag-uusisa kun sino ang mag-aanák, may nagtatanóng kung saan kaya ipapanhik pang-gagaling sa simbahan, may humuhulang magkakaikyakan pa raw, baga ma't ito'y pawang kuru kuro lunang at palápalagay na kanilang ginágawa. Samantala'y datíng at datíng na ang m̄ga panauhín. Sa hagdan pa lamang ay sinásalubong na ni

Don Nicanor, na nakanġiti at tuwang tuwang naki-kipag-usap sa lahat. Si ñora Titay, ang mahal niyang asawa, na bagama't matanda na'y magara namang umanyo, gaya ng sabi ng isá sa mġa bagong dating, ay wala roón. Isá't isáy nag-uusisa kung nasaan ang mapalad na bibiyananin ni Rojalde. Bala na'y nagnais makápakikamay man lamang kay Danding upang mapagpahayagan ng kanilang pagkalugod, nguni't anak at ináy wala roón, tulad sa mġa talang pinaglahuan na ayaw pasilay sa mata ng kahit sino.

—Ah, si Titay si Danding,—ang kunwa'y may pagtatakang panagót ni Don Nicanor sa mġa tanóng na itó.—Na sa lilid silang dalawa at si Danding ay binibihisan. Kay tagal na ng naman, ang dugtong pa, nguni't sandali na lamang marahil. Sa napakamakisig ang manugang kong nag-handog ng damit na maraming kalakuti at ito marahil ang kanilang ipinagluluwat. Hintay kayo't aking paroroonan.—at si Don Nicanor ay sandaling nalis sa malaking salas na puno ng panauhin at tinungo ang silid. Nakalapat ang mġa pinto nitó ng kanyang datnán. Itinulak ng tulak may yamót.

—Sino iyan? ang tanóng ng isang tinig na kanyang kilala na, mula sa loob.

—Ako, Titay, ako, hindi pa ba kayo tapos? Oh, napakaraming tao ang humahanap sa inyóng dalawa at ako'y naliliyo na tuloy, at nalis na namang pápahidpahíd ng pawis sa anit niyang tuktok na tulad sa isang tabong malinis at binuli.

May nagsisidating pa rin. Si Barrientos, ang Notario, mula sa hagdanan ay sumisigaw nang: nasaan ang mahal kong kaibigang si Don Ni-

canor. Ito namá'y sumalubong at hindi kamay lamang ang inilahad kundi ang kanyá nang dib-dib. Nagkáyakapan sandali ang dalawa sa gitna n̄g malaking pagtataka n̄g lahat. Ang Notario'y tila di hinatdán n̄g damit dahil sa kanyáng suot na mukhang tabas pa noong ika 20 taong nagdaán. Sa likod niya'y sumusunod ang ilan pang bagong dating, si Balani, pagpanhik na pagpanhik ay nagtanóng na agad kay Don Nicanor, kung pinaanyayahan ang iláng kasuki niya sa suksukan.

—Tuloy kayo, tuloy—ang salubong sa lahat n̄g mapalad na Don. Pinasasalamatán ko ang inyóng pagdalo—ang sabi sa isáng mag-ának na bagong dating. Baka wika ko hindi kayo magsisiparito ay talagang wala na tayong batián.

—Si Don Nicanor naman, ang sagot n̄g pinagsabihang babayi. Maáari bang sa isáng napalaking bagay na paris nito'y di kami dumamay.

—Tuloy kayo, tuloy, ang anyaya na naman ni Don Nicanor sa ilan pang bagong panhik. Ang hinabahaba n̄g lansan̄gang katapat n̄g bahay ay punong puno na n̄g sari saring sasakyán na nagpapalalo sa gaganda at gilás. Maraming nagsisipagdaán lamang ang sa pagkákita n̄g gayóng hanay n̄g m̄ga sasakyán ay nakapagsabing marahil isá na namang mayaman ang napitás.

Sikíp na ang bahay, marami na ang nan̄gaka-tayo, at pati sa silid na pinagbibihisan ni Danding ay nakapasok na ang kung ilang kaibigan niyang dalaga na makikiabay at nan̄gakitulong na tuloy sa pag-aabot niri, sa pagtatali noon, upang matapos na lamang agad ang pagbibihis sa ikakasal.

Hindi natagala'y isá isá nang nagpapanaugan ang m̄ga tao. Mayamaya'y si Danding naman ang nanaog, balot n̄g mararanghang gayak, kumikis-láp ang boong katawan, at nahibiyasán n̄g m̄ga palamuting lalong nagbibigay dingal sa kanyáng pagkamahihin. Lahat ay napapahan̄ga sa gayong dikit. Ang ilang malabigang dumalo rin naman sa paanyaya ni Don Nicanor ay walang madaliring pintas ni sa ayos at kulay nang gayak ni Danding, ni sa kahihinán n̄g kanyáng kilos na bagay na bagay sa kasuutang dalá. Lubha pa ang mapuputing azahar na sa pagkakalikawlikaw sa kanyáng ulo ay tila isáng putong na sadyang ginawa upang isoot lamang n̄g magandang tala sa Sta. Cruz, na makakapalad n̄g ulo n̄g yaman sa boong Maynila.

Lahat n̄g m̄ga binatang daló sa kasayahan ay nangahihili sa kapalaran ni Rojalde. Dapat na n̄gang ipalagay na mapalad sa dilang mapalad ang nagtamo nang gayong tipon nang ganda at kasariwaang wari'y hiram sa m̄ga sampaga. Oo, maganda si Danding, siya'y tulad sa araw na pina-n̄ganayupapaan n̄g m̄ga bituin.

—Pagganyán ang magíging palad ko, ay mag-aasawa na ako araw araw—ang pabirong salita nang isáng binata sa ilan niyang m̄ga kaibigan. Ang m̄ga pinagsabiha'y nápatawa, dapwa't nangapiping bigla nang makitang sila'y tinapunan n̄g isáng tin-in ni Danding, tinging makahulugán at nápakaganda.

—Kay sarap tititig—ang bulong n̄g palabiro. Kalahati man nang buhay ko'y ipagkakaloob n̄ga yon, ako lamang ang magíng Rojalde.

N̄guni't ang m̄ga kausap niya'y di nagsisagot.

Sila man nama'y may gayón ding akala. Kay palad ni Rojalde, ganito ang sabihan ng bala na.

Isáng mahabang hanay ng sasakyán ang noón di'y nagsisunód sa karwaheng nilulanan ni Danding. Sandali lamang nama'y at pagkwa'y simbahan na. Hindi kakaunting tao ang naroon ng nagsisipaghintay, handang manood ng gayong karíngal na kasalan. Ang loob ng simbaha'y nanagana sa mga palamuti. Lahat ng mga kasangkang pang di inilalabas kundi sa mga araw lamang na dakila at ito'y di pa nangyayaring minsan sa isáng taon, noo'y nápatanghal sa matá ng mga napapahanḡa sa gayong kayamanan ng simbahan sa Santa Cruz.

Ang nangaróng nagbiting aranya na bihibihirang magsabog ng kanilang liwanag palibhasa'y gamit lamang kung may ibinabayad ng malaki na isáng misa ó pintakasi kaya, noo'y may ilaw na lahat. Kapala pa, sa ang makikipag-isáng puso ay may bukás namang palad at walang hinayang gumugol ng salapi. Ang dambanang kinálalagyan sa itaás ng isáng Del Pilar, na sa kaningningán at dingal ng gagawing kasal, ay tila nagmamalaki't nagsasabing: ngayon ninyo sabihin kung ako'y kahoy lamang; ay nakákalupkupan ng pilak magkabikabila, na sa tama ng ilaw ay tila magaslaw na tubig sa isáng ilog na pagkasangá sa alin mang bató'y kumikislap at nagniningning. Ang mga sakristan ay walang mangaalang gawin. Nag-salisalimbay at kaladkad ang mga damit nilang suot.

Pagpasok ni Danding sa loob ng simbahan ay náramdamang tila bumigat kay sa dati ang likaw ng azahar na nakaputong sa kanyáng ulo. At ang

liwanag na halos makaduling, ang marinġal na kagayakan nġ simbahan sa pakiwari niya'y kulang nġ isáng mahalagáng bagay: dapat sanang magkaisáng kabaong sa gitna.

Dapwa't ang mġa damdamin niyang ito'y unti unting pinaram nġ pagsasagadsaran sa bató nġ maraming paa. Isáng masayáng tugtog nġ orkesta mula sa koro ang nagbala sa lahat na ang kasal ay sisimulan na, samantalang ang sabaysabay na pag-awit na ito nġ mġa violin ay ikinágitla nġ isáng kabág kabág na mula sa lungang tinutulugan sa loob nġ simbahan ay lumabas at sa pagkalito'y nápasagid sa noó nġ paring naroon na't handang pag-isahing palad si Rojalde at si Danding. Ang kinatawán dito sa lupa nġ isáng pananampalataya'y nagkunót nġ noo: marahil ikinasuklám niya ang gayong pakikialam nġ isáng ibon sa mġa gawa nġ tao, nġuni't wala siyang panahong dapat sayanġin at sinimulan na ang mġa kailanġan.

Dumating ang sandaling lalong dakila, ang pagiging lubós na lubos na niyang kay Rojalde, ang oras nġ panunumpa.

—Victorino, tinátangap mo bang magíng asawa si Eduarda?

Isáng *opong* walang kagatólgatol, opong walang pag-aalinglanġan, bagkus tila may panánabik pa, ang narinig noón din.

—Eduarda, tinátangap mo bang magíng asawa si Victorino?

Isáng pananahimik libinġan ang naghari sa loob nġ simbahan. Lahat nġ mġa matá'y nápatinġin kay Danding na putlang putla at di makapagsalita nġ anó man. Nakamata sa pari at waring naghihin-

tay na ulitin nitó ang tanóng na di niya náwa-tasang mabuti.

—Eduarda, tinátangap mo bang magíng asawa si Victorino? ang pamuli na namang tanóng na lalong malinaw at isá isáng ipinasnaw sa bibíg ng nagkakasal na pari. Si Danding ay di rin kumikibo, nguni't nagpikít ng mġa matá at nápatunġo. Sa gitna ng gayong liwanag at karingalan ay biglang nákita ang malikmatang anyo ni Luis, na nakatingín sa kanyá, walang imik at hawak sa kamay ang isáng pusong kinátitikan ng salitang: *pag-ibig*. Nároong tila nakikimatyág sa sasabihin ng dati niyang kasi, kaya si Danding ay di nakatagal at nagpikít ng mġa matá. Ang tinging iyon na kinápapalamnán ng libolibong bagay pag-sisi, pagpapagunita, pagpapaalaala ng mġa araw na nagdaang inilasáp nila ng lalong matamis na ligaya at alíw ay nanuót sa kanyáng puso at nagíng balaraw na nagwasak ng kanyáng dibdib.

—Patawad Luis!—ang sana'y sasabihin ni Danding, nguni't di na nabuká ang bibig ng marandamang pinapagkakamay na sila ng pari. Ang pagkakatunġo niya'y ipinalagáy nitóng pakiki-ayon, at tinupad ang kanyáng katungkulan.

Ginawa ang misa, na dininig ng naroroong may iba't ibang panalangin sa Diyos. Halos máipag-aalinglangan ang taglay na bisa ng gayong mġa dalanging nababatay sa paghingí ng kagalingang sarili. Aywán kung may tainġa ang Diyos na sukat iulinig sa mġa hingí at palang ninanais tamuhín ng mġa labing iyong walang tigil sa kágagalaw. Si Danding lamang ang di dumadalangin, wala roon ang kanyáng gunita, kundi kay Luis, na marahil ng mġa sandaling iyo'y naghihimutók sa pagkákulong.



Iláng sandali pagkatapos sila'y mag-asawa na, at lumabas sa simbahang kawit ni Rojalde sa isáng bisig. Hindi pa man nakásasakay sa karwahe ay di na mámakailang napahinto upang tugunín ng̃ magiliw na pagpapasalamat ang m̃ga pagbati ng̃ kanyáng m̃ga kakilala at kaibigan.

Sa loob ng̃ karwahe at ng̃ magkapiling na sila, si Danding ay di makakibo, bahagya nang mag-sasagót sa m̃ga sinásabi ng̃ asawa na tuwangtuwa at di mapalagay sa kaligayahang tinamó.

—Akin na ng̃ayón si Danding, ang isinasaloob ni Rojalde.—Natupad din ang aking adhika, sino man ng̃ayo'y di na makapapantay sa aking ligaya at ang m̃ga ng̃iting naghihiwatig ng̃ kasiyaháng loob ay naghalihalili ng̃ pagdungaw sa kanyáng m̃ga labi. Títingnan si Danding, ang m̃ga namumurok na pisngí nito, ang nagbibilugang bisig, bago ng̃ingiti ng̃ boong katamisan na waring nagmamalaki sa pag-aari ng̃ gayóng alindog.

Si Danding naman at sa pagkakaupong walang imík ay nakararamdam ng̃ bigat na tila nag-uulol nang likaw ng̃ azahar na nápuputong sa kanyáng ulo, ang bulaklak na tanda ng̃ kalinisan baga ma't kung sunugi'y sing-itím ng̃ isáng marungis na pagkatao. Ang m̃ga maliliít na bulaklak na nakapalamuti sa ulo ng̃ bagong kasal at nagpuptiang walang pangalawa, ay tila nagsisingiti at ang tinatawanang may pagkahabág ay si Rojalde, na sa pagkaupo sa piling ni Danding ay walang minámasdan kundi ang m̃ga namimimurok na pisngi nito at nagpuptiang m̃ga bisig.

Patuloy ang karwahe, at sa pinto ng̃ bagong bahay sa Santana tumigil. Doo'y nibís ang mag-asawa. Ang m̃ga kaibigan ni Rojalde'y maraming

gayón na lamang, nangaláyngaláy rin si Danding sa pakikikamay ng isá isá nang ipakilala sa kanya ang mga dalóng pawang mga piling kaibigan, ayon sa sabi ng kanyang asawa.

—Si G. Berto Draga, mayamang pilipino, bantog na político, at may mabuting katungkulan sa pamahaláan at kaibigan kong taní.

—Si Mr. Kilsberg, may-ari ng isáng malaking bahay-kalakal.

—Si Torcuato Perez, bantog na mangagamot, na ngayo'y naghahawak din ng mataás na tungkol sa pamahaláan.

—Si G. Alvaro Diaz, kaibigan ko ring giliw, kalagulaguyo ng ating Gobernador ngayón, ay aking ipinakikilala sa iyo.

Ito at kung anó anó pang pangalan ang narinig ni Danding pagpanhik na sa bahay. Sa bawa't pagpapakilala'y iginaganti ni Danding ang isáng ngiting pilit at hindi kusa, pagka't sa gunita niya'y isáng bagay lamang ang natatala: ang tinging makahulugán ng malikmatang anyo ni Luis sa loob ng simbahan.

Hangang sa sandaling ipinakipagsalo niya ng panananghali sa mga panauhin, ang tinging iyo'y tila nakikita sa bawa't kasangkapang gamit sa mesa, sa bawa't talulot ng naggagandahang buklak, na ipinalamuti sa kanilang papkakinán. Madalás siyang magpikit ng matá, upang huwag lamang makita ang gayong tinging naglalogós sa kanyang mga laman. Sa kalagitnaan ng pagkakinán, isáng panauhing walang pinatawad na ano mang idinulog, ang nakáungkat sa nakawáng nangyari sa bahay ni Rojalde.

Ang pagkakilala sa mga magnanakaw ay totoong

nagbunga ng malaking pagtataká ng lahat. Nang sabihin ng mga pahayagan isá sa mapangahas na iyo'y si Luis Gat-buhay, ay di filán ang ayaw maniwala.

Si Luis, ayon sa sabi ng isá sa magkakasalo, ay isáng binatang mahirap man ay may dangal na talaga, maibigin sa paggawa at di paris ng karamihang palanais ng di maábot ng kanyang palad. Nguni't ang tila pagtatangol na iyon sa isáng magnanakaw ay sinagot agad ni Mr. Kilsberg na sa di malayong uupán kay Rojalde, ay nagtigil ng pagnuguya ng isáng masaráp na putol ng ulam.

—Si Luis,—ang sabling pagkaraka na'y ipinagpakilala ng di niya pagkatagarito—ay isáng masamang tao. Siya'y pinaalis ko sa aking bahay-kalakal pagka't may mga kakaibang panukala at isipatungkol sa mga mangagawa. Ah—ang tila may galit pang salita ni Mr. Kilsberg—nang araw na pagsasagutin ako ng kung anónong kaululán ay munti na akong mabuyo't siya'y tampalasanin, paano at paano ma'y bayad na siya; apat na taong bilango, sapagka't napatunayang talaga siyang nagnakaw. Ang hatol na ito'y kulang pa mga kaibigan sa isáng taong nagtatangi ng bisa sa puhunan at halos magsabing ito'y nakaw lamang. Sa mga paris niya'y kulang ang Bilibid. At sino ang nakaálám kun ang nag-udyok kay Luis na gumawa ng gayo'y ang kanyang mga maling paniwala at isipan tungkol sa bagay na ito? Sa ganang akin, ang taong iya'y maysakit, sira marahil ang ulo—at tinapos ni Mr. Kilsberg sa isáng malakas na tawa ang kanyang pagsasalita.

—Sa makatwid—ang salita makasandali ng isáng

panaohin—ay dalawang bagay n̄gayón ang ipinagdiriwang ni Rojalde: ang kailan ma'y dapat ipagpuring pag-aasawa niya sa magandang tala n̄ Sta. Cruz, at ang pagkabilango n̄ magnanakaw na si Luis Gat-buhay.

Aywán kung bakit ang m̄ga salitang iyong sinabi n̄ panaohin n̄ walang ibang hanḡad kundi papurihan si Rojalde, ay tila nagtarak n̄ isáng balaraw sa dibdib nitóng sumikdo sikdo't di na tumahimik. Sa tayn̄ga niya'y kumíkikig ang isáng bulóng na nagsasabing: huwag kang kápanatag at pag ang bibig ko ang nabuksan ay mahuhulog ka mula sa karurukang kinákalagyan mo n̄gayón. Si Rojalde'y nagpalinḡos linḡos at hinanap ang nagbubulong n̄ gayong nakasísindak na m̄ga salita, n̄uni't wala ni anino man lamang ni Pedro, pawang mukhang kaibigan ang kaharáp at sa piling pa niya'y naroon si Danding, ang may pisnging ginatasa't bisig na nilalik na n̄gayóng mapakanya't masarili ay ganap nang mapaghandugan n̄ boong pag-giliw at pagsinta. Upang mapatigil marahil ang sikdó n̄ kanyáng kalooban ay kumuha n̄ isáng bulaklak sa nálalapit na florero, bago ibinigay na nakanḡiti sa kinákanang asawa.

Nárinig ni Danding na si Luis ay nahatulan na palá. Ang ganito'y di niya natatalós, pagka't di na talagáng inalám. At apat na taong mábibilango, apat na taong mapipít. Magnanakaw man ó ano si Luis ay kanyáng iniirrog at sa hárapan ding iyon, baga ma't di nakita n̄ kahit sino, ay isá na namang sugat ang náparagdag sa marami nang tinátaglay n̄ kanyáng dibdib. Tiningnán si Rojalde, ang pinagnakawang di naman

makapagsasabi kung sa kanyáng m̄ga pan̄gan̄galakal na ginagawa'y di nakagagawi n̄g nakawrin, minasdáng mabuti ang Rojaldeng iyong nakaalam mang di siya iniibig ay tuwang tuwa nama't walang paglagyán sa ligaya, at sa dibdib niya'y nabuhay na naman ang poot, ang pagkasuklám sa isáng lalaking diwa'y siyang magíging tiník n̄g kanyáng buhay at kapalaran.

Ang kaina'y nagtatapós na. Ang masayáng tugtuging ipinaririnig n̄g orkèsta ay untiunti nang sumasapit sa wakás. Ang lahat n̄g magkakasalo ay busog at waring ibang ligaya naman ang hináhanap. Sa bahay ni Rojalde at n̄g araw na iyon ay natipon ang m̄ga lalong pili sa gandang dalagang Maynila, ang m̄ga litaw na binibining pamuti saan man at ang makápakisayaw sa kanila'y isáng kapalarang di nátatamong palagi. Sa-yang ang pagkakataong iyong pag pinalampás pa.

Iláng sandali pagkatapos ay isáng marikit na *two step* ang nagbala sa lahat na sisimulán na ang pagsasayaw. Sa *two step* ay nagsunod sunod ang m̄ga vals na pawang malalambing at nag-aanyayang sila'y pakiasaliwán n̄g m̄ga paáng maliliksi. Kay Danding ay nakápakisayaw ring minsan ang binatang nanánaghili sa kapalaran ni Rojalde, hangang sa tumalaga tuloy isuyo ang kalahati n̄g kanyáng buhay kung kákailan̄ganin.

Magkakalangkay na binata't dalaga ang sa taginting n̄g musika'y yao't ditong paikit-ikit sa malaki, maluwang at mainam na salon n̄g bahay. Hindi na miminsang kinailan̄gan n̄g m̄ga babayi ang masok sa silid na ayusán at doo'y magpanibagong pahid sa mukha. Doo'y walang isá mang napapagod, doon ang lahat ay nátatalagang su-

mayáw, hangang may tutugtugin ang orkesta. Lahat ay nakararandam n̄ sigláng máipakikilaban sa pagod. Ang m̄ga binibining nakapupuno sa salón, tulad sa isáng pumpong bulaklak na sadya n̄ gaganda, ay lalo pang nakaáakit sa m̄ga binata na waring may m̄ga gulong sa paa kapag nakarinig n̄ pagbabala n̄ isáng vals ó kaya'y *two step*.

Ang m̄ga dunḡawán n̄ bahay ay bukás na lahat, kaya ang alinḡawnḡaw n̄ kasayahang idinaraos, palayaw n̄ salapi sa isáng mapalad, ay taglay-taglay n̄ hanḡing ipinupukol sa maliliít na dampang nagkalat sa baybay n̄ Pasig, na sa pagkakubli sa naglalaguang halama'y tila maralitang nanḡagtatago sa matáng maramot at palairing n̄ m̄ga may káya.

Hindi ílang namámangka sa ilog ang sa pagkarinig n̄ tugtuga'y naglilingon n̄ mukha sa dakong pinagmumulan nitó, nanḡatitigilang sandali, bago nanḡakanḡiting masakláp na nagsisitingin sa lanḡit at doo'y tumátanong sa di náikitang Diyos kung katutubo na sa palad n̄ tao ang di pagkakapantaypantay.

Patuloy ang tugtugan, lalong nag-uulol ang sayá hanga't dumadapit hapon. Ang mabanḡong simoy na mula sa halamana'y nanakyát sa bahay ay tila lalo pang nagbibigay lakás sa m̄ga nagsasayawan. Hangang sa gumabi'y di naghiglaw kahit sandali ang pagtutugtugan. Ang kabataang natitipon doo'y nag-ubos nang káya sa dambana n̄ alíw.

Nang may ika sampu na n̄ gabi, ay unang nalis ang mag-ának nina Beatriz. Itó bago nanaog ay hinagkán muna ni Danding. Sa kanila'y nakisunod ang m̄ga ibang ának na nároron di't

natatakot magpuyát, at sa m̄ga nakisunod na ito'y may nanḡagsisunod pa rin.

Unti unting dumadalang ang tao, unti unting nababawasan ang m̄ga panauhing nagpasayá n̄gayon na lamang sa malaki at maaliwalas na salon. Ang kahulihulihang "diyan na kayo" ay nakasabay nang kahulihulihan din namang tugtog n̄g orkesta. Sa maaliwalas na salon ay walang nalabi kundi dádalawang tao: si Danding at si Rojalde. Siya'y nakasuot nang magarang damit, at ito'y mabikas naman. Siláng silá na lamang ang nátitira.

Ang puso ni Rojalde'y natigib sa tuwa. Ná-tamo rin ang ligayang ninānaisnais. Nároon si Danding at malapit sa kanya, naroon buong buong ganda, buong buong alindog.

—Mapalad ako, mapalad ako—ang di kinukusang náibulong ni Rojalde, at di rin namang kinukusa'y náyakap si Danding n̄g boong pag-giliw at nilagdaan sa pisn̄gi nang isáng halik: Ang káunaunahang náisayad nang kanyáng m̄ga labi sa mukha n̄g magandang anák ni Don Nicanor.

Pagkaraán n̄g ilang sandali, ang maliliwanag na ilaw ay namawi n̄g kaniláng bisa, at tunog nang isáng inilalapat na pinto ang náririnig sa katahimikan n̄g gabi.

Ang maaliwalas na salon n̄g malaking bahay ay biglang nagdilim at lahat ay tumahimik.

.....

Kinábukasan, si Rojalde'y malungkot at sa mukha'y kinábabakasan n̄g isáng dalamhati. Nang gabing nagdaán ay isáng pangalang di kanyá ang binábangítbangít ni Danding.

—Luis, Luis, ang pasuntok sa palababaháng sinalita n̄g bagong kasal—hangá n̄gayón palá'y magkaaway tayo—bago huming̃i n̄g kape sa unang alilang nakita. Ika sampu n̄g umaga si Rojalde'y nakikipag-usap kay Don Nicanor. Katiwala itóng inilalagay n̄g kanyáng m̄ga pag-aari, samantalang sila ni Danding ay naglilibang sa Hapón.







## XIX

**P**ITÓNG buwan nang si Luis ay nakukulóng. Pitóng buwan na siyang nagbabatá n̄g di gagaano sa loób n̄g Bilibid at walang kaulaulayaw kundi ang sariling kalungkutan at saka ang bilang niyang 5.740. Payát kay sa dati at naná-nabik n̄g gayón na lamang sa araw n̄g paglaya. Sa loob n̄g piita'y sari saring salamín n̄g palad ang kanyáng nápagkita. Sa piling n̄g m̄ga tunay na salarín ay nakátagpo siya n̄g m̄ga naparusa-han lamang dahil sa madalás mápamaling hatol n̄g tao. Sa piling ni Pedro ay nároon siyang kailán mang dalumati't pakanuynuyi'y di mapagwari kung bakit nákasama nitó sa pagkábilango.

Doo'y nakakita siya n̄g m̄ga taong máitutulad na sa patay, pagka't ang kamatayan na lamang ang ikahahan̄go sa pagkakulóng, at doo'y nakakita rin naman n̄g m̄ga naghíhintay sa pagpapatibay ó hindi n̄g isáng hukumang kung tawagi'y mataás sa kahatuláng sila'y bitayin. At ang m̄ga taong ito'y may m̄ga pag-aalinlangan tuwi na sa kabutihan n̄g m̄ga utos, na mabuti lamang at may lakás sa m̄ga kasalanang hayag na ginágawa nguni't sa m̄ga lihim at di naábot n̄g matá ay walang bisa kahit kaunti.

Maraming m̄ga kabuhayang sawi ang kanyáng nápagdiriníg sa loob n̄g kulun̄gan at ang m̄ga hubad na katotohanang iyón n̄g kasamaán at pagkabulok n̄g m̄ga palakad na sinusunod pa n̄g katauhan, ay lalong nagpapalungkot sa kanyáng isip, lalong nagpapalamlám sa kulay n̄g anó mang bagay na kanyáng tingnan at suriin. Isá isáng nápaakit sa kanyáng puso, tulad sa 'sadyang inaukit sa buháy na bató, ang masasakláp na katotohanang nápagdadama sa loob n̄g Bilibid, at бага man nakapagtitiís, ay maminsanminsang ding tumututol sa n̄galan n̄g m̄ga apí na walang ibang sala at n̄gawang kamalian kundi ang kanila lamang pagkamahina.

Makáilang sa kanyang pagtulog, at sa gitna n̄g katahimikang naghahari sa loob n̄g m̄ga *brigada*, ay nápanagimpang dumatíng na sa katauhan ang araw n̄g singilan at pagtutuós, ang araw n̄g pagbalikwas n̄g m̄ga na sa ilalim upang bawiin sa m̄ga nan̄gagaw ang kaligayahang sinásarili at ayaw palaganapin sa lahat. Makáilang m̄palarawan sa matá niyang pikít ang anyong nakapan̄gingilabot n̄g isáng himagsikang ang tun̄gō'y ikabibihis n̄g tao at hindi gaya n̄g karaniwang ang hingil lamang ay ang paglaya sa ganitó ó gayong bagay. Ang himagsikang iyo'y tun̄gō sa pagpapalugmok sa m̄ga hari, sa pagpapaguho n̄g m̄ga dambanang nátatayo n̄gayón at kinálalagyan n̄g m̄ga diyos-diyusan n̄g tao. Himagsikang lumalayon n̄g tunay na pagkakapatiran n̄g lahat, n̄g ganap na kalayaan at n̄g tunay na matwid, at kakalos n̄g pantay na pantay sa masasamang palakad n̄gayón. Itó ang himagsikang nápapan̄garap ni Luis, at pagkaumaga'y náitatanong kung kailan n̄ga kaya matutuloy.

Malungkot na nágugunita ang kanyáng kalagayan at ang sa nanǵaiwang kapatid sa labás na marahil ay nagsisigapang na sa hirap at walang pagkunan nǵ ikabubuhay. Sa kanyang kalagayang bilango ay wala namang sukat magawa: siya'y sá-pilitang súsunod sa mǵa palakad at kautusán sa loob nǵ Bilibid.

Samantalang hindi natatapos ang parusang iniatang sa kanya, ay walang karapatáng makadamay sa lamán nǵ kanyang lamán manǵamatay man ito nǵ gutom at makita man niyang nagpapalimos. Siya ay bilango at matanǵi sa loob nǵ Bilibid, siya'y patay na't di kabilang nǵ mǵa naririto sa labás.

Ganitó ring mǵa alaala ang sumilid sa kanyáng isip nǵ kaunaunahang araw na ipasok sa loob nǵ bilangnan, at nang gawin na sa kanya ang karaniwang gawin sa mǵa idinarating doong bilango. Pagbaba niya noon sa kárro, sa napakatuling karro nǵ policia, na halos pikít matá lamang tinakbo ang mula sa hukuman hangang sa pinto nǵ Bilibid ay tinanong nǵ isáng kawani rito ang kanyang pangalan, bago inapuhap ang boong katawan, ang mǵa bulsá at hindi lamang ito, kundi pati loob nǵ bibig ay siniyasat pa rin. Nang matapos ang pagsiyasat ay dinalá siya sa isáng tagong pook at pinapaligong sá-pilitan. Pagkapaligo ay binigyán nǵ mǵa kasangkapang ukol gamitin nǵ isáng bilango bago inilagay sa sadyáng subukán upang tignan kung may sakít ó wala siyang dalá mula rito sa labas na sukat makáhawa sa mǵa pinagdatnán sa loob.

Maghaponng ganap na siya'y kinulóng sa pook na sinabi, na nagtiís nǵ dilím at sikip nǵ loób.

Pangagaling doo'y dinalá na sa kung tawagi'y *brigada*. Bawa't *brigada'y* binubuo ng 200, 250 ó 300 katao na sama samang nakukulong sa isáng kamalig sa ilalim ng pamamahala ng mga katiwalang siyang nagmamasíd sa kilos at anyo ng mga nakukulong. Sa loób ng Bilibid lahat ay magkakaibigan: waring ang pagkasawi'y nagbunġa sa kanila ng pag-iisáng tibók ng mga puso. Mula pa sa mga unang araw, si Luis, ay nákahulihang loob ng isáng taong labás na nabihag ng mga constable sa isáng labanán sa Puray at náparusahang mapiít ng mahabang panahón. Sa bibig ng bagong kaibigang ito'y naunawa niya ang mga palakad sa loob ng Bilibid.

—Dito anyá—ay isáng katungkulan ng nakukulong ang magbangon pagtugtog ng ika 5 ng umaga. Ang hindi bumangon, ito'y kung walang sakit, ay makaáasa na sa isáng kaparusahan.

Sandaling tumigil ang nagsasalaysay at waring nag-iisíp ng isusunod, samantalang libolibong pagbahaka ang gumigiit sa ulo ni Luis.

—Ipagpapauna ko palá sa iyo—ang patuloy ng nagsasalita—na ang nakukulong dito ay nababahagi sa dalawang uri: sa *de primera* at *de segunda*. Ang mga kabilang sa unang bahagi ay may malalaking gugol kay sa mga na sa ikalawa, at saka may ilang mga kalwagan pang nalalaspap.

—Kung gayon dito palá'y may mga pagkakatangi tangi, kung gayon dito man at sa lahat na yata ng dako'y iginagalang ang di pag-uukol ng iisáng sukatán sa lahat! Oh, ang tao, ang tao, mamatay ang tao!—ang di napigilang malakás na salita ni Luis.

Ang kausap ay nápatinġin dito ng walang ka-

kibokibo. Noón lámang siya nakápakipanayam sa isáng may gayong m̄ga ísipan at paghahaka. Napamatang matagál kay Luis, tumingin sa mukha at noóng malinis nito, na waring ibig hulaan kung ano ang kahulugán ng gayong sinabi. Makasandali'y nagbaba ng matáng tila nasiyaháng loob na sa kanyáng pagsusuri at ang patuloy:

—Sinabi ko nang katungkulan ang bumanḡon kung ika 5 ng umaga. Ika 5:30 ay darating ang kapatás at búbuksan ang pinto bagama't bago gawin ito'y pinabahanay na muna ng bastonero ang m̄ga bilango. Ika 6 ng umaga ay naglálabasan ang lahat upang sunmahod ng biyaya ó pagkain. Kaunting kape ó tahong maluya at isáng putol na tinapay ang araw-araw ay siyang pagkain kung umaga. Kalahating oras ang pagkain, at palibhasa'y magugutom ka kundi naman kakain, ay pakikiusapan mo na ang iyong sikmura upang tangapin ang kape at taho araw araw.

Ang pagkálapit sa kinálalagyan nila ng bastonero mayor ó katiwala sa loob ng isáng brigada ay siyang itinigil sandali ng nagsasalita. Ang bastonero'y tumingin sa dalawa, ng tinging naguusisa kung anó ang kanilang pinag-ūsapan ng boong kataimtimáng loob, bago may binulyawán sa dako pa roon. Pagkaraan ng kanyáng kagalanggalang na anyo ay ipinatuloy ang pagsasalaysay ng kausap ni Luis.

—Ika 6:30 ng umaga at pagkatapos ng agahan lahatlahat ay naparoroón sa kanyáng gawa. Dito sa loob ng Bilibid ay iba't ibang kágawaran ang pinapasukan ng bawa't bilango. Ang m̄ga kagawarang sinabi'y tumátangap ng anó mang gawain sa labás at nagbibili naman ng m̄ga yari sa loob.

gaya ng mga silya, at kung anó anó pang kasangkapan sa pamamahay. Ang pag-gawang itó'y walang upa.

—Walang upa?—ang pamanghang tanong ni Luis —at saán napapauwi ang halaga ng inyong ginagawa?

—Aywán ko.

—Sa makatwid ay gumagawa kayo ng walang bayad? Baka naman yao'y bayad-kain. Nguni't gayon man, sa ganang akin—ang patuloy ng binatang nag-aantitilaw ang mga titig—ang palakad na iya'y hindi dapat sundin. Sa ilalim ng alin mang langit at kahit sa lilim ng isang bilangguan, ang halagá ng pag-gawa ay di dapat pagpahamakan. Hindi ba sukat nang alisin sa isang tao ang laya? bakit pati bunga ng kanyang lakás at nagagawa ay ipagkakait pa ring malasap? Sa pagka't bilango, sapagka't may nagawang sala? Nguni't sino ang di nakágagawa ng kasalanang kaparuparusa. Iyang nagsisihiga sa salansán ng anğaw anğaw na piso, ay másasakdal sa kasalanang pananamantalá sapagka't sila'y nangabubuhay hindi sa hanap na sarili kundi sa hanap at kiníkita ng iba. Iyang mga mangangalakal na sa bawa't sandali'y walang inisip kundi magtubo ng mahigit na makapupo sa talagang puhunan nila at mangakapagpaparami ng salapi sa pananamantalá ng mga kailangan ng lahat, ay másasakdal at maparurusahan sa salang pagdaraya. Iyang mga kinatawán ng alin mang panampalataya na nagtuturo ng sarisaring palaisipang sila man nama'y di makapagsabi kung siya nang katotohanan, ay maparurusahan sa kasalanang pang-uulól. Iyang mga marurunong na walang madalás gawin kundi

ipaghanap buhay ó ipang-ulól ang kanilang dunong, ay mapipiít at maparurusahan sa salang di pagtupad ng kanilang tungkol. Iyang mga naghahawak ng matwid, at walang ginágawa sa paghatol kundi sundin ang hilig ng kanilang kalooban palibhasa'y mga tao, ay maparúrusahan sa salang pag-apí sa katauhan. Iyang mga hari na may laksa laksang sakop at tinatalima ng lahat ng waláng katutol-tutol, naggagayak ng mga patayang ipinagbubuhos ng tao ng di kákaunting dugo at nínilit sa lahat na sundin ang anó man niyang máibig, ay kaparuparusa rin sa kasalanang pangbubusabos. Iyang nanġagsasabing sumusunod sa ano mang loobin ng bayan, bago'y nagpipilit ng bawa't máibig nila, may mga hukbong panugpo sa katwiran at siyang tagapagtangol na masiging ng pagkakabukodbukod ng mga bayan, ay dapat magtamóng parusa sa salang pag-inís sa kalayaan at pagpigil na ang sangsinukob ay siyang maging bayan ng lahat. Lahat ay may sala at wala ni isá mang malinis, kaya di ko máwawaan kung bakit sa mga tampalasang na sa labas at di nanġákukulong sapagka't sa kanila'y walang hatol ang kábilaning mga utos, ay ipinahihintulot ang paglasáp ng karapatáng makinabang sa kitang sarili ó sa hanap man ng iba, at sa paris nating náririto na walá nang layà, ang karapatáng ding iya'y hindi ipalalásap. Kung may sala man tayong nagawa kaibigan, ay ang hindi natin pagkatuso. Tignan mo sila, ang mga tusong aking sinásabi, nanġasalabas at iginagalang, nagpapakabuya sa maraming alíw at tumatawa sa mga paris nating hindi marunong mabuhay. Ah, maniwala ka sa akin: kun sa sandaling ito'y masusunog ang sang-

tinakpan ako'y mamámatay na humahalakhak...

Biglang nápatindig ang kapanayam ni Luis. Mula sa ulo hangang paang minasdán ang binata, bago umupo uling wala na ang paninindig n̄ m̄ga balabibo dahil sa kanyáng napakingan.—Ká-kilakilabot na m̄ga pagkukuro ang nasisilid sa ulong itó—ang nasabi sa sarili.

Nagkátigilan ang m̄ga nag-uusap. Si Luis ay nápatun̄go't sapol n̄ isáng kamay ang kanyáng noo na tila sakmal pa rin n̄ libolibong m̄ga pag-aalinlan̄gan, samantaláng ang kausap ay sa kanya naman nakamata at nagwawari. Makasandali'y hiningi ni Luis na ipatuloy n̄ nagsasalaysay ang kanyáng salita.—Hangang ika 11:30 n̄ tanghali ang lahat ay gumagawa. Pagdating n̄ sandaling ito'y titigil muna sa pag-gawa at kakain. Iba-balita ko muna sa iyo kung anó ang pagkain dito: sumusunod sa káarawan, halimbawa kung Lunes at Jueves ay nilaga hangang gabi, may halong papas at mungo. Kung Martes at Viernes ay sinigáng, Miercoles at Sabado, nilaga rin na hináhaluan n̄ habichuelas, patatas kaya ó mungo, at kung minsa'y may halong kanin. Kung Lingó ay may sadya nang pagkain. Sa hapunan ay hindi kanin ang ibiníbigay kundi tinapay naman. Ganyán ang pagkain dito na walang kabagobago sa loob n̄ isáng taón—ang tapos n̄ nagsasalitang dinuluhan n̄ isáng buntóng hininga.

May sásabihin pa sana siya, dapwa't ang tugtog n̄ isáng batingaw ay siyang ikinapipi at sukat. Siya, na datihan doón, ay nakatalastas agad kung anó ang kahulugán n̄ gayong tugtog: ika 9 na n̄ gabi at ang lahat ay dapat matulog, lahat lahat ay dapat magtikom n̄ bibig at huwag hu-



huma hangang kinábukasan kung ibig din lamang na huwag magtamong parusa. Sa mġa hihigang patongpatong, tulad sa mġa nicho sa loob nġ isáng libinġan, ay nakapako ang matang matalas nġ bastonero, upang subukan ang anó mang anyo nġ kanyáng mġa binábantayan, at sandaáng taynġa mayroón sa pakikinig nġ anó mang alinġawnġaw ó úsapang ipinagbabawal nang talagá mula sa ika 9 nġ gabi.

Sinusumpa ni Luis ang katakutan, iyang katakutang ayon sa isáng bantog na manunulat ay ipinagkakaroón nġ maraming busabos at alipin nġ mġa hari at pamahalaan, na umunat sa hihigáng iniukol sa kanyá.

Yaón ang unang gabi niya sa Bilibid, kaya na tagalan muna bago nákatulog. Maraming bagay ang naáalaala: ang larawan nġ mġa kapatid na iniwan sa laot nġ lalong kakilakilabot na pananalát, ay buháy na nakikita nġ mġa matá niyang naglalagós sa makakapal na bakod na bató nġ kulunġan, at doón sa malayo, sa isáng nayong dukha nġ Kamaynilaan ay nakakatanaw nġ isáng bahay na pawid at saka ilang babaying may luha sa matang nanandali lamang nġ hinapunan. Unti unting lumálalim ang gabi, at unti unti rin naman siyang nákatatulog, nġuni't tulog na ano pa: wala na lamang itagal sa puyat ang kanyáng mġa matá.

Kinábukasan at sa mġa sumunod na araw at buwan ang lahat nġ sinabi sa kanya nġ kaibigang taong labás ay nasubok na pawa at hindi itó lamang, may mġa bagay bagay pa siyang natuklás sa sarili. Doo'y bukod sa mġa palakad na náibalita na sa kanya, ay katungkulan pa kung ika 5 nġ hapon, pagkatapos ihanay ang lahat nġ bi-

lango sa pinakaliwasan n̄g Bilibid, na magpugay sa bandilang mabituing magmula sa taluktók n̄g isáng sadyáng lalagyán, ay maghaponng n̄awawayway na waring nagpapaalaala sa m̄ga napipiit n̄g kanyáng kapangyarihan at lakás. Sa dahan dahang pagbababa n̄g bandilang iyon, ang banda n̄g musika n̄g m̄ga bilango ay tumutugtog naman n̄g marcha n̄g Amérika, at tila pati sa palaypalay na hanġin kung m̄ga hapong tahimik ay ipinagpaparangalan ang paghahari n̄g bandilang sinabi.

Makáilang sa pagpupugay ni Luis at tuwing mátititigan ang m̄ga bituin n̄g bandilang iyong nangá sa isáng putol na lanġit ay n̄gunita ang bandila namang isáng panaho'y ipinagsangalang niyang hawak ang sandata at ipinagkasugat pa n̄g isá sa balikat. Ang pinamuhunanan niya n̄g dugo at ang pinagpupugayan nilang lahat kung hapon, ay kapwa rin n̄ga bandila, n̄guni't lalo niyang pinakakasinta at minamahal palibhasa'y sagisag n̄g kanyáng lahi.

Kanyá rin namang ipinagtataká ang mahigpit na tadhanang mula sa ika 9 n̄g gabi, ang lahat ay dapat matulog at walang makapagsasalitang sino man. Nápakamasagwa sa ganang kanya ang palakad na itóng pagbabawal patí sa bibig na huwag magsalita, at lalo pang ipinagtaká ang m̄ga kaparusaháng inilalapat sa kahit sinong magkulang na bilango. Isáng pagkaing áalisin ó kaya'y pagbabató naman. Ang unang parusa kung minsa'y nagiging dalawa pang pagkain, at ang ikalawa naman'y pagpapasán n̄g isáng batóng 30 libra marahil ang bigat na ipagbabalikbalikan sa liwasan n̄g Bilibid, hindi kailanġan kung mahina man ang

nagpapasán. Ang parusa'y parusa at dapat tup-din. Nároong nakabantáy ang isáng katiwala at ang utos nama'y lalo pa manding walang habag kay sa tinig na nagtutulak kay Samuel, ang judiong galá ng m̄ga alamat.

Madalás na si Luis ay nagíng saksi ng ganitóng kaparusahan, hindi míminsang nakápansin siya sa nakatungong titig ng isáng nagbabató ng kagalitang tinitimpi sa sarili. Ang m̄ga pinarurusahang iyo'y nahahalata niyang nangapapagod ma'y naglalakaslakasan upang makatupad. Bukod sa pagbabató ay may isá pang kaparusahan sa Bilibid.

Minsán ay nakámata siya ng isáng kaawaawang nakabitin ang dalawang kamay sa galáng, at walang kakilos kilos na doon na pinakakain ng tubig at tinapay. Ang taong iyo'y nakita niya sa gayong anyo, mula sa umaga hangang hapon, at бага man walang kaimik imik ay napagwari sa nangungunot niyang noó ang lalong makahulugang pagkawala ng pag-asa sa kabutihan ng tao.

Sari saring bagay pa ang napagkita roon ni Luis na lalo at lalo namang nagpapatibay sa kanyáng m̄ga paniniwalang sa bilangua'y di naparusahan ang isáng pagkakasala ó kaya'y napagsisi-sihan ang katampalasanang nagawa.

Kung lingó ay nagsisiyasat sa lahat ng bilango ang mataás na puno sa piitan, at sa mahahabang hanay ng m̄ga taong walang m̄ga karapata't matwid ng isáng namamayan, samantalang nakukulong, ay dumaraang matalas ang matá sa anó mang pagkukulang ng kanyáng m̄ga nasasakop. Hindi míminsang nakákita si Luis ng pinatatakabóng limang minuto sa ibabaw ng m̄ga batóng maliliit, at nakasaksi rin naman sa iba

pang m̄ga parusang ipinasisiya n̄g isáng tila hukumang nag-uusisa sa nagíng sala n̄g sino mang bilango.

Sa pitóng buwang pagkapiít niya ay nakadama n̄g sari saring hirap, nakápagsapalad n̄g m̄ga damdaming apí, nakapakibuhay sa m̄ga taong wala nang paniwala, at doon niya napapagtibay na lalo na ang madalás ipagkasala n̄g tao ay ang kaalanganán sa kalagayan, ang kawalán n̄g pagkaka-pantaypantay, at ang m̄ga pagkagipit na bungá n̄g masasamang palakad sa pamumuhay. Tuwi na'y nágugunita ni Luis ang isinalaysay sa kanya n̄g isáng kaawaawang amá n̄g tatlong maliliít na bata na pinarusahan sa salang pagpatay, at inabot na niya sa loob n̄g Bilibid. Ang sawing palad na amáng ito'y hindi noon lamang niya nakita. Sa m̄ga pagtatapat na ginawa n̄g sabihin na kay Luis ang lahat; ay natalós nitong siya palá ang mangagawáng narinig na nagsasalitang magsasanla n̄g lakás, siya ang nakita isáng gabíng nagtapon n̄g kaputol na pilak sa tapát n̄g Malakanyang, at siya rin ang pulubeng tinawag na tekas noóng mangangalagal na kinausap minsan pagka't nangangailangan daw n̄g isáng kawani.

—Akó po, anyá, ay pumatay, n̄guni't ang pinatay ko'y isáng mayamang sagana sa lahat n̄g bagay na n̄g dulugán ko't bingán n̄g kaunting máipakakain sa aking m̄ga anák ay minura pa ako't tinampalasan. Ako raw ay tamad at batugan kaya walang mákain, gayong n̄g m̄ga araw na sinabi'y isinasanla ko pati n̄g aking katawan, may mapagkakitaan lamang n̄g ipagtatawid búhay. Sa bulsa niya'y narinig kong lumalagusaw ang salapi na pinákakalansing pa mandin samantalang

aking pinagmamakaawaan. Ang tinig na malumbay nḡ nanḡagugutom kong bunso ay tila nárinig kong nagsasabing: tatay, kanin, kanin at ako'y di nakatiís. Naroón lamang, бага ma't na sa bulsa nḡ mayamang kong kausap ang halagang aking kailanḡan upang huwag mamatay nḡ gutom ang aking mḡa anák, kaya't pikit matang ang ayaw magbigay, ang ganid na sinásamusamuan ko'y aking hinandulong nḡ wala namang pakundanḡan at halos walang kamalayan sa ginawa na nakita ko na lamang tigmak sa dugo ang hawak kong patalim at sa paligid ko'y nagsabog ang salapi.

Ako'y dinakíp at hinatulang bitayin nḡ isáng hukumang tagapanḡalaga nḡ matwid, na nagsabing dapat akong mamatay.

—Ah ang hatol nḡ tao, ang hatol nḡ tao—ang násabi na lamang sa sarili ni Luis at nápakagat labi nḡ marinig ang gayóng mapait na kabuhayan.

Mḡa kabuhayang paris nito ang tuwi na'y ikinapapagsabi nḡ binata na marami sa mḡa napipiít na kasama niya, ay pawang niyuyurakan at sakmal nḡ masasamang palakad nḡ tao.

Siya na rin kung minsan, at hindi minsan lamang, kundi sa bawa't sandali'y walang nágunita kundi ang kanyáng sariling palad. Naku-kulong sapagka't nagnakaw, itó ang pinagbatayan nḡ parusang iginawad sa kanya nḡ hukumang nananḡan at nanuntón sa mḡa katibayang iniharáp sa paglilitis. Samantalang nililiwanag ang nakawán sa bahay ni Rojalde, ay pinilit niyang ipakilala ang kawalang malay sa nangyari, nḡuni't nároon si Mr. Kilsberg, ang dati niyang pinapasukan na

nagsalaysay laban sa kanyá, sanhi marahil sa pagkakapagtalo niláng minsan na nagíng dahilán n̄g kanyáng pag-alis sa bahay-kalakal noón, naroon ang secretang humuli sa kanila ni Pedro, na nagsabing dalawang tao at dili iba't ang nan̄gasasakdal n̄ga, ang kanyáng pinaputuka't nahuli pagkatapos, n̄g gabíng n̄g nakawán, at sa wakás ay si Pedro na nagsasabing kasama niya si Luis n̄g manhík sa bahay baga ma't iniwan lamang sa pinto. Pinag-isahan siya n̄g m̄ga katibayang iyon at ano mang pagtutol ang ginawa'y walang nasa-pit: siya'y nagnakaw at sa salang ito'y may isáng tuntunin ang código na di maáring suwayín n̄g isáng hukuman kung ito rin lamang ay mahiligín sa matwid.

Hindi niya pinakinabangán ang sinabi sa hukom na ang Pedrong iyon ay hindi pa natatagaláng nakikipanuluyan sa kanya, at n̄g gabi n̄g nakawa'y inanyayahan lamang siyang maglibáng libáng, na ito'y pumanhik sa bahay ni Rojalde. at sinabing may kukunin lamang na damit sapagka't di rin naman ipinaglihim ni Pedro n̄g makiusap sa kanyáng sa bahay na muna maninirahan, na galing n̄ga sa paglilingkod sa bahay n̄g mayamang si Rojalde. Datapwa't ang lahat n̄g ito'y nagíng pangpatawa lamang sa hukom at sa fiscal na kinatawán n̄g m̄ga utos sa paglilitis na ginágawa. Ayon dito, sa salaysay na inaharáp n̄g bago hatulan ang m̄ga nagnakaw, ay "matalino rin naman sa pagkakatnigkatnig n̄g kanyáng ikawawalang sala si Luis Gat-buhay bagama't dinâramdam—ganito ang sabi—n̄g kinatawán n̄g m̄ga utos na ang lahat n̄g iyo'y huwag paniwalaan kahit bahagya, sa pagka't ang násasakdal ay kilaláng walang hanap

buhay ni hayag na pinagkakakitaan ng magna-kawán sa bahay ng mayamang si Rojalde, kilalarin at nahayag na siya'y di mabuting mamamayan paris ng napatunayan sa mga araw ng paglilitis, at ayon sa salaysay ng isang taong kagalang-galang at kapanipaniwala na may kilala namang katayuan at lagay paris ni Mr. Kilsberg, bukod pa sa katibayang di mapupuwing na pagsaksi ng secretang humuli na siyang kumilala't nagsabi sa ilalim ng panunumpa, na si Luis Gat-buhay, ay isa sa dalawang magnanakaw na kanyang nadakip ng gabing iyon.

"Sa ibang dako naman—ang patuloy pa ng fiscal—ay na sa kasulatan din ng boong paglilitis ang salaysay ng isa sa mga nasasakdal, si Pedro, na sa pagkakilalang masama nga ang kanyang ginawi at sa di matagalang pagsigaw ng budhing sarili ay nagsabi ng totoo at ipinagtapat sa kagalang-galang na hukuman ang katotohanang siyang sagisag ng mga taong mapuri, may dangal at talagang nanunton sa atas ng bait na sarili." Sa bahaging ito ng kanyang salaysay ay naalala pa ni Luis, na ang fiscal ay tumigil sandali, umubo pagkatapos, na waring siyang siya sa kanyang pagkamatalino, bago nagpatuloy.—Ang mga katibayang ito—ang dugtong pa ay di maring buwagin ng hindi-hindi't pagtanging mataman ni Luis Gat-buhay. Wala siyang ginawa kundi sandatahin ang kagawian nang gamitin ng mga taong walang pananagot, na paaywanan ang lahat ng bagay. Ito'y di mangyayaring paraanin sa isang hukuman lalo't nakatatalastas din lamang ng matwid. Ang paghihinaw na gaya ng ginawa ni Pilatos, ay kalasag na talaga ng mga maysalang ayaw ma-

parusahan. Kawalang malay baga, ang sumama kay Pedro sa pagnanakaw? kawalang malay rin kaya ang máhuling kasama ng isáng taong hawak ay supot na puno ng salaping hindi naman kanyá? Kawalang malay pa ba rin, pati ng pakikitakbo sa nagnakaw at kaya lamang tumigil ay ng maramdamang hinahagingan ng punlo sa tayngá?

“Nákakatawang pagkawalang malay iyang ibig patunayan sa haráp ng hukom, na sa palagay yata ni Luis Gat-buhay ay makukuha sa kapapaywan, na tila ang katungkulan ng hukom ay paulól sa mga may matatalas na isip. Sa ngalan ng katwiran, sa ngalan ng mga karapatán ng libo libong namamayang tao, at alang-alang sa ipagiging dakila ng tapat na paghatol, iyang tumbulan at kalasag ng mga tao at mag-amaganak sa sanbayanán; ay hinihingi ko sa hukom ang náuukol na parusa sa mga násasakdal sa usaping itó”.

Sa ganyán tinapos ng fiscal ang salaysay niyang tinakhán at pinakapuri ng lahat, lalo pa ng mga taong nakasasaulo sa mga tuntunin ng código, at salaysay na minagalíng naman ng humatol, kaya't walang kaali-alinlangang pinarusahan si Luis at si Pedro na mangakulong sa Bilibid upang may pagkadalaán sa kanilang katampalasanang ginawa na di maáring patawarin kundi muna bulagin ang matwid. Isáng: “ganito ang ipinag-uutos,” ang ipinag-patibay ng hukom sa kanyáng kahatulán.

Ang gayo'y sariwang sariwa sa alaala ni Luis, na kaylan ma't makagunita sa mga pangangatwirang ipinagparusa sa kanya ay walang nada-dama kundi isáng kabulagán sa pagkakahatol, isáng katunayan pa ng pagka may piring ng matwid



na malayong magíng tangulan ay siyang kasangkapang kung minsa'y ikinaduduhagi. Sa lahat nang iyo'y wala siyang násisinag kundi ang kalupitán n̄g hatol sa n̄galan n̄g matwid na nagsasabing siya'y magnanakaw. Ang matwid na iyang ipinagpaparusa ay tulad din naman sa matá n̄g tao na walang nakikita kundi ang ibabaw.

—Magnanakaw n̄ga ako—ang násasabisabi n̄g binata at hindi magnanakaw kundi sakdal nang linis ang m̄ga nagpapatubo n̄g salapi, na sa isáng sandali'y kumikita n̄g daan-daang piso. Ang m̄ga taong may ganitóng hanap buhay na halos manakal na sa sino mang nan̄gan̄gailan̄gan, ay hindi magnanakaw bagkus pang kinákandili n̄g kaugalian at kung minsan pa'y nang matwid, na tangulan daw n̄g m̄ga nagsisipamayan. Malilinis din naman iyang mámumuhunang humihitit sa dugo n̄g libolibong mangagawa na sa palagay nila'y hindi tao kundi kasangkapang pagpaparami n̄g kaniláng salapi. Sila man naman gaya n̄g nagpapatubo ay kinákandili rin n̄g utos at n̄g katwiran. At lalo pang malinis sa lahat ang m̄ga mán̄gun̄gulimbat sa kataasan, ang m̄ga mapalad na pinagpupugayan n̄g parusa at di mapagukulan nito palibhasa'y malalaki't di maibubuwag sa kanilang tayo. Iyán ang malilinis, ang m̄ga mabubuting taong bayan, ang m̄ga kagalanggalang at kapani-paniwala, na di sukat ipantáy kahit sa pan̄garap man lamang sa isáng magnanakaw na paris ko.

Oh, ang matwid na ipin̄gan̄ganlandakan tuwi na'y siyang nagbibigay lilim sa m̄ga limatik na iyan, bago sasabihing tangulan daw at kalasag n̄g mabubuting tao! Anóng matwid iyang nag-

tatago sa haráp n̄ pagkagutom n̄ libolibong ának na maralita, ayaw patanaw sa m̄ga mang-gagawang namamatay sa kasalatán, gayong habang buhay nila'y nagpataba sa iba at natatakot pasilay sa m̄ga mahihina, sa m̄ga maliliít na di makaalis sa pagkabusabos? Ang tunay na matwid ay wala pa, nasasaputan n̄ dilím na naghahari, at ang sinusunod n̄gayo'y katwikatwiranan lamang.

Ang araw na idatíng n̄ buhawi niyang buhawing bubuoin n̄ laksalaksang poot na naghahari sa maraming kalooban, ang lahat na iginagalang n̄gayon n̄ tao ay yuyurakan sa lupa upang magpatotoo sa susunod na angkan na isáng panaho'y naghari sa sangsinukob ang di pagkakápantay pantay. Ako di umano'y magnanakaw, n̄uni't ang m̄ga lalong magnanakaw kay sa akin ay iginagalang at pinagpipitaganan. Iyan ang matwid na karaniwang ipinagpaparusa't pagbatayan n̄ hatol, ang matwid na may kanyang m̄ga tuntunin at tadhana. Sa ikapagniningning n̄ tunay na katwiran ay di na kailanġan ang kabaitan n̄ isáng bagong Cristo na upang mapapagwagi ang kanyang m̄ga aral ay napapatáy di umano sa isáng bayang napoot, hindi bait ang kailanġan, kundi pagkilos, lakás na pangdurog sa ipinagtatayo rin naman n̄ lakás na m̄ga kaugalia't pamalakad sa buhay. Hindi na panahon nang pagganti n̄ tinapay sa naghagis n̄ bató. Sintanda na n̄ panahón ang ganitóng aral na pang-aba sa pagkatao, kung ano ang isinukat ay siya namang pagsukatan at nang madalidali ang pagkahawi n̄ dilim, upang maghari n̄ lubos na lubos ang tunay na katwiran. Anó mang hadlang ay kaaway n̄ pagsulong at alin mang sagwil ay

pangpaluwat sa paghahari ng katwiran. Sa harap nang katungkulan, sino ma'y di dapat magwalang bahala: kung násaan ang pang'anib ay dapat dumaló ang mga may puso. Sa paglikha ng isang bagong panahón ano mang gawi'y kapós pa, at hangang may nalálaglag ay lalong mabuti: sa ganya'y magiging matatág at di paris ng may mabuway na katayuan ngayón, ang mapasísikat na panibagong buhay.

Kung minsa'y hináhanap ko ang Diyos, iyang Diyos na nilikhang makapangyarihan, marunong, dakila at maawain ng isipan ng tao, dapwa't saán man ako magbaling ng titig ay di ko siya mákita. Wala akong matagpuan kundi ang Diyos na ibáng ibá kay sa talagáng dapat sambahing Diyos. Hindi marunong sa akin ang isang paris ng Diyos na iyang lumikha ng isang bagay na kulang kulang paris ng sangsinukob. Aywán kung bakit kapagkaraka'y di niya nahulaang sa nilakadlakad ng panahon ay mátutuklasan ang baril, ang kanyón, ang tabák na ginágamit ngayon ng tao sa pagpatay sa kanyáng kapwa. Ang Diyos na paris niyang maibigín sa dugo at sa katunaya'y nagpasugo pa ng kanyáng Anák dito sa lupa upang ipapatay lamang sa isang bayang nagagalit at hindi naniniwala hanga ngayon sa kanyáng mga iniaral, ay hindi dakila. Násaan ang pagkadakila ng isang gumamit na ng gayong kaparaana'y di pa rin nakatubos sa sangkatauhan, sapagka't sa mga araw na ito'y kalahati ng katauhan ding iyan ang may sinásambang ibá namang mga Diyos at mga aral!

Makapangyarihan daw: makapangyarihan ba ang nagpapabayang magawa ng malalaki ang ibig ni-

lang gawin sa maliliit? Násaan ang kapangyarihan ng Diyos at di ipakita sa mga mahihinang walang habág kung silain ng mga malalakás? Makapangyarihan nga, nguni't ang kanyang kapangyariha'y sa mga malalaki pa ipinatatanaw, sa mga nagpapatibay sa lakás, sa mga naghahanda ng pamilya sa mga alipin. Ang kapangyarihan niya'y pumipili ng pakikiayunan at tumutulong sa unang makásuhol. Hindi ko mapagkuro ang isang kapangyarihang paris nito'y nangangailangan pa ng mga kinatawán dito sa lupa upang makilala marahil ng tao at nangagpapanggap na kanyang bahali. Anong Diyos iyang tila isang puno sa alin mang kaharian na sa ikapagtitibay ng kapangyarihang hawak ay may mga kagawad pang iniha-halal? Nápakatao ang ganyang Diyos!

At sinasabi pang maawain daw. Maawin, бага man sa lahat ng dako'y gutom ang ikinamamatay ng maraming anak na dukha, maawain sapagka't nagpapahintulot na yumaman ang ilang mangagagá sa pawis at dugo ng mga maralita, maawin sapagka't nanayag na sa pangalan niya'y patayin ang maraming ayaw manampalataya sa iniaaral ng kanyang mga kahalili rito. Kay laki nga naman ng kanyang awa at napapabayaan na tuloy ang mga pagkaapi, pagkadusta, pagkasahol ng matwid na araw araw ay nangyayari. Nápakamaawain ang Diyos na iyang hindi man lamang mabahala sa harap ng duróg duróg na bangkay ng isang anak ng pawis na inabot nang dinamita ó nabagsakan kaya ng isang mabigat na bató. Itó ang Diyos na aking namamasdan saán man ibaling ang matá at ang talagang hinahanap kong Diyos ay wala at aywán kung nasaan. Ako'y di naniniwala sa isang

di marunong magpairal ng tunay na matwid, ako'y nananalig sa isang bagong Diyos na pasisilangin ng katauhan pagkatapos iguho muna ang mga bagaybagay na pinapaging kagalang-galang ng lupit. Sa samantala'y hinihintay ko ang araw nang pagtutuós at singilang ipagkakapantaypantay ng madla. Sa araw na iya'y makikita ko na ang Diyos. May katwiran nga si Schopenhauer sa pagsasabing: kung isang Diyos ang gumawa ng sangsinukob, ay di niya iibiging siya ang maging Diyos na iyan, sapagka't sa pighati'y mawawalat ang kanyang puso.

At sa kaiisip ng ganitong suliranin, si Luis kung mga hating gabi'y madalas mapasuntok sa kanyang hihigan. Ang gayo'y naririnig ng bastonero, dapwa't ipinagpapaumanhin at anya'y isang panaginip lamang marahil.

Isang araw at nang matapos makapananghali siya'y nakasama sa mga natawag ng isang kawaning bumabasa ng isang talaan.

Bawa't tawagi'y pinahamanay sa isang tabi. Nang mga araw na iyo'y nababalita na sa labas man ng Bilibid, ang gagawing pagdadala ng maraming bilango sa pulo ng Palawan, upang pagawin sa piitang itatayo roon. Si Pedro ay isa rin sa mga natawag. Bala na sa mga natawag ay nag-akalang doon siya dadalhin, sa pulong umano'y tinitirhan ng kakaunting tao at marahil ay siya na nilang magiging libingan. Ang pag-aalaalang ito'y nakalungkot sa kalooban ni Luis. Kung doon siya dadalhin, bagay na hindi naman matututulan, ay mapapalayong totoó sa kanyang mga kapatid. Kundi siya ialis sa Bilibid, minsan minsan man lamang at sa araw ng lingo

ay magkikita sila, bagama't pagkikitang singbilís nḡ kidlát, palibhasa'y mabuting manupad sa tungkol ang mḡa tagapanḡalagang ayaw na lalalo sa limang minuto' ang tagal nḡ mḡa pag-uusap, na ginágawa sa pagitan nḡ dalawang lubid na pina-kahalang.

Ang mḡa di nátatawag nḡ bumábasa, ay nag-hihintay na lamang na sila naman ang tawagin. Pawang nanḡag-aakalang silang lahat ay máta-tawag at kung bagama'y uná uná lamang. Ang lalo nilang ipinanḡanḡamba'y manḡapapa pa sa ibang bayang malayo na di man nila kilalá at kung narinig man dito sa labás, ay sapagka't ná-pabantog na tapunán nḡ taóng 1896.

Matanḡi sa rito'y wala silang ikinákikilalang anó man sa pulóng iyóng sa hinala nila't kuro kuro'y siyang pagdadalhán sa mḡa tinátawag.

Kahulihulihang natawag ang taong labas na kaibigan ni Luis. At pagkaganap na isáng daa't limang pu nḡ mḡa natawag ay itinigil ang pag-basa. Ang mḡa di man lamang binanḡít, ay tila nabunutan nḡ isáng bikig sa lalamunan. Isáng panabay halos na buntong hininga ang ipinagpahalata nila nḡ kasiyaháng loob, samantalang tumátangap nḡ utos ang mḡa nanḡahahanay na bilango na magsilakad noón din.

Lahat ay nagtatanunḡan kung saan kaya sila dá-dalhin, lubha pa nḡ manḡapasalabás na at nang nagsisilakad sa maluwang na daang Paz. Lalong nabuo sa loob nḡ 150 bilango ang paniniwalang sa malayo sila dádalhin, nḡuni't nang palikuin pagkátapat sa Dulumbayan ay naparam na lahat ang kanilang hinala. Sa malapit lamang sila dadalhin, sa isáng pagawa marahil ó sa pagbubuwag

kaya n̄g m̄ga muog n̄g Kamaynilaan upang ito'y pagandahing lalo.

Pagkalanġap ni Luis n̄g malayang hanġin sa labás ay naginhawahan sandali. Sa pagkalugód, ay nakapag-akalang siya'y malaya na at sa wakás ay kinilala rin ang kanyáng pagkawalang sala. Nġuni't sa piling niya'y nakababakod ang ilang constable at sa katawán niya'y dalá pa ang damit bilango na siyang di ikabuo n̄g gayóng panġarap. Ang m̄ga alaalang malungkot at nagpapakulay itim sa anó mang masdan n̄g binata, ay naghari na naman sa kanyáng dibdib at sa sarili'y tumutol laban sa pagkabalág n̄g hatol n̄g tao na nagpalagay na siya'y magnanakaw.

Lahat n̄g m̄ga nakamatang iyón sa kanilang paglakad ay di sasalang nagpapalagay na ang m̄ga bilangong idináraán ay pawang masasamang tao na di dapat bayaang makipamuhay sa m̄ga mabuti, at lalong nagdumugo ang loob ni Luis na di makasalag sa gayong piping pagpula, palibhasa'y dalá niya ang kasuutang naghihiwatig kung siya'y sino. At pamuli na namang naitanong sa sarili kung násaan ang Diyos na maawain at kung násaan ang matwid na umano'y tangulan n̄g m̄ga taong mararanġal.

Ang makapasong kainitan n̄g araw sa gayóng tanghali ay nagpapapawis n̄g sagana sa isáng daan at limang pung bilangong lumalakad, na nakapaglagós na sa maraming lansanġan n̄g Maynila. Santa Cruz, Bagongbayan, Pako, Santana, Sampiro. Sa huling bayang itó sila huminto, at saka pa lamang natalastás na sila palá'y magsisipagtibag n̄g bató at mag-aayos n̄g lansanġang mula sa Santana'y natatapos sa tawirang tapat na n̄g Pasig.

Kay haba nang kanilang nilakad, at kay init naman n̄g araw.

Doo'y pinagbibigyán na ang bawa't isá sa kanila n̄g kanikanyáng tútungkulin. Si Luis at ang kaibigang taong labas, ay pinapaglagay sa naglalakihang bató roóng tila saksi n̄g pagkamatanda na n̄g panahón, n̄g m̄ga butas na sisidlan pagkatapos n̄g dinamita upang pasabugin at n̄g magamit sa pinapatag na daan.

Mula noo'y inaraw araw na ni Luis at m̄ga kasamahán ang pag-gawa sa Sampiro na itinitigil kung ika apat at kalahati n̄g hapon upang magsiuwi sa Bilibid at sa kinabukasa'y nagsisipagbalik naman.

Minsang si Luis at ang kanyang kaibiga'y nan̄g-sakataasan n̄g isáng malaking bató, ay napag-usapan nila ang nagdaáng paghihimagsik n̄g kapilipinuhan.

—Diyan, ang sabi n̄g taong labas na ang itinuro'y isáng kasukalang di naman lubhang malayo—ay nakita ko ang pagkamatay n̄g isá kong anák na lalaki. Isáng punlo nang kaaway ang bumagsag nang kanyáng ulo n̄g kasalukuyang kinukuha ang bandila n̄g aming pulutóng sa nasawing may dalá. Sa dakó dakó roón, ay naging saksi ako n̄g isáng mahigpit na labanang ikinangudn̄god sa lupa n̄g maraming kaaway. Kay daming dugo n̄g napadilig sa ating Pilipinas, kay daming buhay nang isinuyo sa dambana n̄g ating Bayan. Sa m̄ga sandaling ito'y waring nakikita ko ang m̄ga katawáng may sugat, at ang m̄ga ulong duróg, ang m̄ga bisig na putol n̄g maraming nagpamatay na anák n̄g bayan, at náitatanong tuloy sa sarili kung bagay na sa atin ang katayuan ngayon, kundi na tayo dapat mag-usig n̄g isáng kapalarang mataás taás.



—May katwiran ka,—ang sagot ni Luis—ng mga araw na iyo'y na sa dakong hilaga akó at doon man nama'y nakakita rin ng mga bayaning namamatay ng pangiti sapagka't may mga paniwala sa puso na ang pagkamatay nila'y ikabibihis ng bayan. Kay labo nga ng katayuan natin ngayon; ang halagá ng gayong karaming buhay ay di pa natin natatamo, at samantalang natatagala'y lalong nag-iibayo ang pananabík ng mga kalooban sa ating sasapitin.

—Kaya nga ako'y di pumahinga, kaya nga ako'y nagtapat at nagpakilala ng.....

Ang sasabihin ng kausap ni Luis ay hindi natuloy. Isang magahasang: *ianó ang ginagawa ninyo?* ng kapatás ang kanyang ikinapatigil. At muli silang gumawang dalawa ng mga butas na paglalagyan ng dinamita kinabukasan. Isang araw, ng may dalawang lingó na silang gumagawa, ay may nangyaring isang kasakunaan.

Iláng bilango ang nagsipagnasang tumakas, gayong karumami ng bantay na pawang barilán at matatalas ang matá. Sa paghabol na ginawa ay kinailangan ang baril, at dalawa ang nápatay, dalawa ang nahuli at isá pa ang nagkasugat.

Sa mga nápatay ay kabilang si Pedro, ang may kagagawan ng pagkapahamak ni Luis. Mula noon ay nag-ibayo ang pagbabantay sa mga bilango, humigpit ang mga tanod, at ninasang tapusin agad ang gayong pag-gawa.

Nguni't ito'y tatagal ng mga buwan. Marahil kung mga apat ó lima ay kailanganin, at si Luis ay untiunting nililipakan sa mga palad. Nang maalaman ng kanyang mga kapatid ang gayong pag-gawa sa Sampiro, ay nangapaiyak sa harap ng

karamihang dalaw na nákasabay nila isáng lingo nḡ hapon.

Si Luis ay hindi nḡa nagpatulo nḡ luha noón, datapwa't ang kanyang puso'y nagtigis nḡ dugo, at isá na namang bagong iwa ang dinamdam.

Tuwina'y pagtutol ang na sasalabi, kailan ma'y sukal nḡ loob ang tinitiiis nḡuni't walang kibo at madalas na sa sarili lamang nagtatanda.

Isáng araw nang lingo—mapalad na araw na di nila iginagawa—ay nakahiram siya nḡ isáng paha-yagan. May pananabík na binasa ang lahat nḡ doo'y napapalaman. Mula sa unang tudling na tumutukoy sa nápakasagwang paggugol nḡ salapi nḡ pamahalaan hangang sa kahulihulihang bali-tang nagsasaad nḡ pag-aaway nḡ dalawang tao dahil sa halagang kahati, ay binasa. Dapwa't di man halos kinukusa na ang mḡa matá niya'y ná-papako sa isáng maiksing balita, nápakaiksi, ba-gama't sa kanya'y mahaba at may malaking ka-hulugán.

Sa balitang iyo'y sinasabing: “dumating na sa Maynila buhat sa Hapón ang mayamang si Victorino Rojalde kasama ang giliw niyang asawa, si G. Eduarda ni Rojalde, pagkatapos nḡ pitóng buwang pag-aalíw sa magandang kaharian nḡ ni-nikat na araw”.

Ang pahayaga'y “bumabati sa mapalad na mag-asawa't pamuling naghahandog nang kanyang pag-galang”. Saka idinugtong pang ang mḡa bagong dating ay di na sa Santana titira kundi sa “isáng malaki at mainam na bahay, ari nḡ mḡa Rojalde, at natatayo sa daang C.”

Ang balitang iyon ay nakapukaw sa isáng dam-daming nálilibing nang matagal sa kanyáng puso.

—Kay páit nḡ kabuhayan—ang násabi nḡ bina-  
nata. Siya'y mapalad nḡayón at ako'y apí—at  
kasabay nḡ isáng buntóng hiningang binitiwán  
ang pahayagang wari'y pinaghinanaktán pa dahil  
sa pagkásalang nḡ isáng datihang sugat.





## XX

**L**ASÍNG na lasíng si Rojalde. Ibig lunurin sa alak ang isáng pag-aalinlangang tulad sa m̄ga n̄giping bakal na tumitimo sa kanyáng ulo. Pagkáwalang awa n̄g pag-aalinlangang iyong saán man siyá patun̄go'y kasunód sunód, sino man ang kausap ay napapalarawan sa kanyáng matá, at anó mang pagpapakahari sa sarili ang gawi'y siya ring gumíigt.

Siya'y nalilibid n̄g maraming kaibigan, n̄g m̄ga dating kakilalang nagsipagsadya sa bago niyang tahanan upang ipahayag ang pagkalugód nila sa maligayang pagdatíng n̄g mag-asawa, at upang bumati naman sa kápaladpalarang si Rojalde dahil sa *malwalhating pagkásilang sa maliwanag n̄g káunaunahang bunga n̄g kanilang pag-iibigan ni Danding*. At siyá n̄ga namán, kapanganganák lamang ni Danding n̄g isáng sangól na lalaki, sangól na mataba at malakás na sa loób n̄g silid n̄g bahay ay nagpapasikíp n̄g kanyáng ipinaghihiywang uha, kailan ma't másasalang, kailan ma't másasagilahan n̄g isáng pangahás na lamók.

—N̄gayo'y tunay ka nang mapalad. Ang nagí-

ging kulang na kaligayahan sa buhay ninyong mag-asawa, ngayón ay inyo nang nátamo. Kabataan, salapi, at ang ganyáng pagkakaróon pa ng anak, ay siyang kahulihulihang baytang ng aliw sa buhay na ito. Pinagpala ka Rojalde, mapalad ka sa dilang mapalad—ang boong kasiglaháng loob na sabi ni Barrientos sa kanyáng kausap.

Si Rojalde ay walang kibo at hawak na mahigpit ang isáng kopang may lamang alak, na siya nang ikaanim ng nalinom upang lunurin ang pag-aalinlangang nakapako sa kanyáng isip.

—Siya nga naman—ang pakiayon ni Balani—wala ka nang mahihinġing kaligayahan sa panahón na hindi na, sa iyo—at pagtulad bilang kay Rojalde na dumampot ng isá sa mga kopang puno ng matapang na wisking siya niláng kaharáp.

Pati si Don Nicanor na may kaunti pang lihim na sama ng loob sa manugang, dahil sa napakadaling pagbabalik nito sa Maynila, at siyang ikináudlot ng ginagawa pa naman niyang kabalaghán sa pangangasiwa ng marami't mahahalagáng kayamanang ipinagkatiwala sa kanyá ni Rojalde bago pa sa Hapón; ay nakiayon din naman sa mga nagsalita at nagpahayag pa ng kasiyaháng loob daw niya sapagka't hindi sa ibang lupa inabot ng talaga ng Diyos ang kanyáng minámahal na anak.

—Kung nagkátaong sa malayong bayan nilang pinarunan nápaanak si Danding, ay minamana niyong pag-aalaala namin ni Titay sa masasapit ng dalawang itó—ang may kulay amáng salita ng ating Don.

—Di kasi, bakit ayaw na ayaw pa naman akó sa kaniláng pagkáparoon at iyan na nga ang sking

inaalaala —ang dugtóng ni ñora Titay, na pina-paayos ayos ang isáng n̄giting ipinatanaw sa m̄ga kausap, at sana'y úlitin n̄g lalo pang maayos kay sa una upang pabulaanan ang palaging sabi ni Barrientos na si ñora Titay ay matanda na, kundi narinig ang isáng marahang: *nanay* n̄g na sa silid na bagong pan̄ganák.

Si ñora Titay ay madaling nasok. Si Rojalde, maya maya ay nasok din naman: ibig niyang mas-dáng mabuti ang sangól na iyong kung bakit tinútutulan n̄g sarili na kanyáng tawaging anák. Matáy mang pakánuyuyin, ay ikapitong buwan lamang iyon n̄g kanilang pagkákasal at lubhang ipinagtataká ang pagkakapan̄ganák agad ni Danding, n̄g isá pa namang sangol na mataba at alangang magkapitong buwan lamang. Walang pagsalang di doo'y may lihim, at lihim na kakilakilabot na nagpapahayag n̄g kanyáng kasaliwaang palad, n̄guni't sino ang makapagsasabi n̄g katotohanan.

Ang tan̄ging makadudurog n̄g batóng nápapataw sa kanyáng dibdib ay si Danding, ang babaying may ingat n̄g kanyáng kapuriha't dan̄gal, ang pinagkatiwalaan n̄g n̄gala't pagkalalaki, datapwa't ang magtanong kay Danding ay magíging katimbang n̄g pagkukulang tiwala rito, gayong ganáp ang kanyáng pananalig sa kalinisan n̄g asawa. *Pagtatapat n̄g isáng asawa baga ma't di pag-ibig*—ang inyong mañasahan sa akin—ang sabi ni Danding noong araw, kailán ma't sasamuan niya n̄g pag-ibig, at ang pahayag na ito ay tinatandaan ni Rojalde. Hindi mangyayaring ang isáng nangako n̄g gayon ay pagkulan̄gang tiwala pa.

Datapwa't naroon ang sangol, ang anák n̄g kanyáng asawa, na kung bakit pinag-aalinlan̄ganang

tawaging kanyá rin namang anák. Ang tabas n̄g mukha, ang hiwa n̄g matá, ang ilong, ang bibig n̄g bagong labás na bata, ay siya niyang minámasdan tuwing papasok sa silid, na tila ang ibig ay makápagtamo n̄g kaunting liwanag na masasandata laban sa pag-aalinlangang nakasapot sa kanyá sa bawa't sandali. N̄guni't ang m̄ga matáng iyon, bibig, ang ilong, ay lalo pang inilalalá n̄g kanyáng hinagpís. Sa bawa't pagsusuring ginágawa ay nakápagsasapalad n̄g m̄ga lalo at lalo pang katotohanan n̄g kanyáng m̄ga hinala. Sa pitóng buwang pagsasama, ay di niya inasahan ang magkaanák at sukat, at saka n̄gayo'y isá nang sangol ang umuuha sa kanyáng bahay at naghihiwatig sa kalahatang siya'y amá na.

¿Amá na? Ito ang di niya mapayagpayagan, ipagpilitan man sa sarili.

Naghahanap n̄g liwanag n̄guni't pawang dilim ang nátutuklasan. Kun di sana dapat ipagmakahiya ang kanyáng pag-aalinlangang taglay, ay sumanguni na sa kahit sino sa m̄ga panauhin, dapwa't may m̄ga bagay na dapat sarilinin, at ang lihim na iyo'y di niya máipamamalay kahit sa hangin. Oh kung malalaman n̄g m̄ga kaibigan niya ang nangyayari.....!

Pagpasok sa silid na kasunod ni ñora Titay, ay walang kibong minasdán na namán ang sangol. Sa m̄ga sandaling iyo'y namámagitna sa kanila nitó ang isáng malaking hadlang na pinagpipilitan niyang maalís. N̄guni't kailanġan munang matugnaw ang kanyáng hinala, dapat munang madurog ang pag-aalinlangang sumásakmal sa kanyáng isip, at itó pa naman ang mahirap mangyari. Nakahalukipkíp, tulad sa isáng nagkasalang napaáawa, na

ang matá'y nakapako sa mukha n̄ sangol na natutulog at walang kamalayán sa pasakit na dahil sa kanyá'y tinítiis ni Rojalde. Sa maliít niyang noó ay walang mababasa kundi ang kawalang malay at sa tahimik na pagtulog ay waring humahanap n̄ lakás na pandugtóng hiningā. Nápakaliit at napakamusmos ang nagíging dahil n̄ pakikitungali ni Rojalde sa mabangís na pag-aalinlangan.

Si Danding man namán ay natutulog at nakayungyong sa bata. Tahimik ding paris nito at walang malay na naghihilík pa n̄ marahan. Ang dating magandang kulay n̄ kanyáng m̄ga pisngi ay nangamumutlamutla, at pati n̄ kanyáng m̄ga labing singkulay n̄ saga ay may pagkakupás, n̄uni't ang kaunting pamumutlang ito'y lalo pang nagpagandá sa kanya, lalo pang ipinaging kaayaaya ni Danding. Sa kutunaya'y nahuhulaan sa likod n̄ nakapikít niyang m̄ga matá ang dating matatamis na titig na tila may kahalong pagirog. Si Danding ay di nagbabago, masanghayá pa rin at nag-aari n̄ m̄ga kayamanang ipinagíng masakím ni Rojalde.

Sandaling nakalimutan nito ang kanyáng hinala sa harap nang ganda n̄ asawa at kawalang malay n̄ sangol, ang amáng nag-áalinlanga'y nagíng tubig na maamo n̄ isáng tahimik na sapa. Nakaligtaang siya'y si Rojaldeng may lason sa puso, at ang naghari sa sarili'y ang pagkaamá't asawa nang dalawang magkapiling na iyong lamán n̄ lamán, at buhay n̄ kanyáng buhay.

—Oo, hindi ako dapat magkásala,—ang salita sa sarili.—Si Danding ko'y isáng banal at ang sangol na ito'y aking namang anák. At tulad sa



pinagalaw ng isang lakas na di matangihan, waring ibinunsod ng isang makapangyarihang alon na dinaluhong ang batang natutulog at sinisi ng halik.

—Baka magising, baka magising—ang marahang awat ni Nora Titay. Nguni't si Rojalde'y walang tainga ng mga sandaling iyon, wala siyang narinig na ano man at lalo pang hinigpitán ang paghalik sa sangol, na waring ang nasa'y hugasan nang halik ang pagkamapaghinala niya ng di dapat.

Ang bata'y nagising nga at sabay sa pag-uhang itinaas ang isang kamay na napatampal ng marahan sa mukha ni Rojalde, pagtutol marahil sa kapanahasang ginawa nitó. Tumagós sa puso ng naninibughong ama ang gayong tampal ng musmós na biglang naglarawan sa kanyang gunita ng pag-aalinlangang kinakabaka, at sinusumpa ng gayon na lamang ang sariling palad, na lumabas sa silid at ganitó ang sinásabi.

—Ah, hindi ko nga siya anak, hindi, hindi, hindi.—at walang pinag-ibhan sa isang ulol na nagtuloy sa kinalalagyán ng mga kaibigan niyang nagsisipaglango. Si Rojalde'y umupo at nagpakaluboglubog sa isang silyon, bago humawak na naman ng isang kepa at tinunga sa isang pikit matá ang lamang whisky. Lalo nang nalasing si Rojalde, gayon ma'y alak pa rin ang hinahanap, alak pa rin ang hinihingi. Sa paglalangó'y ibig limutin ang paghinala, pasabugin ang ulap na nagpapadilim sa kanyang isip, datapwa't na sa kabilang silid lamang ang sangol, na sa tuwing uha'y nagduduro nang isang karayom sa kanyang puso.

Sikíp na sikíp na sa kanyang malaking bahay ang mġa dalamhating dalá, nangangailangan na ng isang katotong mapaghihingahan nang násasaloob, nguni't sa mġa nalilipong kanyang kaharap ay walang mápisil na isá man lamang magiging dapat sa gayong pagtitiwala. Silang lahat ay naroon upang pumuri at magsuób ng kamanyang sa kaibigang tuwina'y may bukás na pinto't kaban. Sa mula mula pa'y wala nang sinabi ang mġa labing iyon kundi páwang pagpuri at parangal, páwang pagbibigay ng maligayang oras sa mapalad na amá at walang kamalayán sa ginágawang pag-iwa sa puso ni Rojalde, sa bawa't salita nilang bigkasin.

—Ah, pagkabulabulaan ng mġa kaparaanan sa pakikipagkapwa,—ang sa sarili'y minumuni muni ni Rojalde, samantalang pinakikiramdaman ang paguuminit ng kanyang dugo dahil sa karamihan ng alak na naínom.—Hangang kanina ay wala akong naririnig kundi paunlak sa akin, at sa akin daw pagkakapalad. Nguni't di nila nalalamang sa kásulksulkan ng aking puso ay nakatutupok ang panibughong namumugad, ang apoy nang paghihilang pumúpugnaw sa mġa lalo kong magagandang pangarap, hindi nila nakukuro man lamang na ang kaharap nila'y isang Rojaldeng ganid sa mġa sandaling ito, at nangangailangan ng isang masisila, at hindi, hindi rin namán nila natatalastás na sumusugat sa akin ang bawa't sabihin nilang ang tungo'y papurihan akó. Ganitó ma'y wala namán akong matwid na sila'y hiliing makipagdamdám sa akin, bagkus katungkulan ko pang makibagay makitawa at matwa sa harap ng bangkay ng aking mġa pag-asa. Kakaibang buhay itong pati ng mġa may lason sa puso ay

dapat ngumiti at makihalakhak sa mga nagtatawanan, sa mga nagsasaya't marahil may nililimot din namang paft ng kabuhayan. Naninibugho ako sa aking asawa, may pananalig akong hindi aking anak ang nag-uuhang iyan sa silid sapagka't pipitong buwan kaming nagsasama, at gayon ma'y di ko maipagtapat sa kahit kanino ang aking dinaramdam, kung ibig ko rin lamang huwag tawaging musmós ó kaya'y sungayán. Kay dami ng kabulaanan sa buhay!—at si Rojalde'y napabuntong hininga.

Ang buntong hiningang ito'y ná pansin ni Barrientos, kaya ná patingin kay Rojalde, бага ma't di nagsalita ng kahit kaputok. Sari saring bagay ang ná pag-usapan ng magkakaharap. Pagkatapos ng isang mahigpit na pagtatalo tungkol sa apat na kaharian at sa malakasang paglalaro sa Sampiro na halos gabigabi at kung minsa'y araw pang idinadayo ni Balani, ay ná pauwi ang salitaan sa pagbubukás na inaakala ng ilang mamumuhunang dayo ng gawaan ng papel.

—Sa ganang akin, ang sabi ni Barrientos, ay mabuti ang pagbubukás na iyan at ang dapat gawin ng mga may salapi natin ay mamuhunan sa itatayong gawaan at huwag paris ng nangyayari na pawang puhunang labás ang nakikinabang at sumisipsip ng ating dugo. Dahil sa ating pagpapabaya at kalamigang loób ay wala pang puhunang pilipino hanga ngayón na may matatag na kabuhayan.

Si Balani'y tumutol, ang sinabi ni Barrientos ay hindi katotohanan, bumangit nang dalawang bahay kalakal pilipino na may sariling buhay at katatagan bagay na nagpapatotoong hindi

namán nápakapabaya na ang puhunang tagarito.

—Hindi ko itinátangíng mayroón n̄ga. Ang magkaroón man n̄g sampu ó labinlima kaya ay wala ring kahulugán sa nálalapit na pagtutungali n̄g puhunang di sasalang mangyayari rito sa atin. Ang araw na idating dito n̄g m̄ga *trust*, ang panahóng ipagtamó n̄g m̄ga dayuhan n̄g lahat na kaluwagang ipinagkakaloób n̄g pamahalaan natin, ay siyá nang paglubog at pagkukulimlím n̄g m̄ga puhunan mong sinabi, na kung nabúbuhay man n̄gayon n̄g sagana ay sapagka't napag-iisá't walang kalaban. Anó ang katuturán nang limang an̄gaw na piso sa harap n̄g 500 an̄gaw na ipan̄gan̄galakal at púpuhunanin nilá, sa pagbubukás n̄g m̄ga daang bakal at pagawaan? Maniwala ka sa akin Balani, ang puhunang pilipino sa m̄ga araw na dárating ay matutulad lamang sa isáng patak na tubig sa gitna n̄g isáng malawak na karagatan. Singlaki nitó—at ang itinuturo ni Barrientos ay ang káduluduluhan n̄g kanyáng kukó sa kalingkingan.

—Ay anó ang dapat gawin kung ganoón? Ang náipangahas na itanong ni Don Nicanor na noon lamang nagbuká n̄g bibig.

—Magsapisapi, maglapít lapít n̄gayon pa, magisá n̄g damdamin at tibok n̄g puso sa harap n̄g kapan̄ganibáng dumáral, magbangon n̄g m̄ga kapisanang kalakal na pakikinabangán. Maraming kaparaanau sa ganito, kailangang tayo'y humanda, magpakatibay sa darating na panḡanib kung ibig ding lamang huwag mawalán n̄g isusubo sa hinaharáp na m̄ga araw. Ang atin ay dapat nang ipagmasakit at huwag ipagpaubaya sa iba. Kasakit-sakit din namang abutin tayong paupo n̄g sigwá.

At saka pa ba magsusuhay, saka pa kikilos? Isáng marunong ang nagsabi na pinakatuntunin ng buhay ang pagsila ng malalaki sa maliliit. Kundi tayo magpupumilit na maging malaki ay sapilitang masisila at malalamon—ang may tindig pa't suntok sa mesang tapos ni Barrientos.

Ang mga kopa'y nagsiyanig, ang malilinis na bote ng whisky ay nagsayawan dahil sa pagkakalindol na iyong tila gawa nang isáng kalulwang palabiro, ayon sa mga espiritista.

Si Don Nicanor ay nápatinigin sa nagtindig, at sinundan ito ng tinging may kahalong pagtataká. Hindi niya akalaing si Barrientos palá'y marunong, at hindi naman niya napag-abot kundi noon lamang na si Barrientos palá ay palabangit ng sinabi ng ganito ó gayong pantás at waláng pinagibhan sa mga protestante na sa bawa't kilos ay may bangit na agad sa mga banal na kasulatan. Si Balani ay untiunti pa lamang pinagsasaulan ng loob sa pagkakagulat, ang suntok ni Barrientos ay inakalang sa kanyá na ipinatatama, at bagaman di nagpahalata sa mga kaharap, ang totoo'y nápailag din siya nang magtaás na iyon ng kamay, kaya upang máikubli ang gayóng pagkakábilad nang kanyáng maliit sa puso, ay pilit tumawa a ang sabi:—

—Kay init naman ng ulo nitó, pati mga koping di naman puhunan ni mámumuhunang nákakatulog at nagwawalang bahala, ay pinayanig mo't ginising sa suntók.

Isáng malakás na tawanan ang nagíng pala sa ganitong sinabi, at tawanang ikinágising tuloy ng natutulog na sangol sa loob ng silid. Si Rojalde man ay nápangiti rin, dapwa't nárinig ang pag-

uha n̄g batang gayóng anák n̄g kanyáng asawa'y kung bakit di masang-ayunang kanya rin namang anák, at sa kanyang puso'y násalang na naman ang sugat na likha n̄g paninibugho.

Ang iyak na iyon ay kung bakit nagiging patalím na umiwa sa kanyang lamán, kung bakit tila along lumunod sa kanya at ipinag-sisikip n̄g gayon na lamang nang kanyáng loob. Oh, ang pagkakapanġanák n̄g isáng babaying pípitóng buwan pa lamang na nag-aasawa'y kanyang ikinámamangha. Marami na rin naman siyang nápagbasáng m̄ga aklát, n̄guni't lahat ay nagsasabing sa pitong buwan ay di mangyayaring maganáp ang lakí n̄g isáng sangol. Kailanġan ang matagal-tagal na panahón kay sa rito upang matupad ang m̄ga tadhana n̄g katalagahán na may kanyáng palakad at katutubong galaw na di maáaring salunġatín. Si Danding n̄g'a'y naglilo sa kanya at ito'y di na dapat ipag-alinlanġan.

May isáng *marahil* siyang di man lamang mapanġahasáng bangitín kahit sa sarili, at siyang ká-paitpaitang lasong kumákamandag sa boo niyang katauhan. N̄guni't sa harap n̄g *marahil* na ito ay napatátanaw ang kagalang-galang na anyo ni Danding, ang mukha nitong malinis na di man kásinagán n̄g kahit bahid-sala at saka ang m̄ga n̄gití niyang tulad sa bulaklak n̄g kalinisan na kailan ma't mákikita ni Rojalde ay ikinapaparam n̄g m̄ga hinala at pag-aalinlanġan. Kapag ito ang sumasaisip ni Rojalde ay nahuhubdán n̄g panibugho at paluhód na dumudulog ang kanyáng puso sa asawang minahal niya't minamahal n̄g mahigit kay sa sarili.

N̄guni't ang m̄ga n̄giping bakal na náraramda-

mang nakapako sa kanyáng ulo ay kung bakit siya nang siyang násasaláng, at sa tuwing íyak ang sangol na na sa silid ay bago at bagong m̄ga tiník ang nanunuut sa kanyáng m̄ga lamán, at ipinagdidilím tuloy n̄g kalanġitan n̄g kanyáng pag-asa. Kay lungkot n̄g mabuhay sa pag-aalinlanġan—ang násasabisabi, n̄guni't palaging pag-aalinlanġan ang taglay, pawang paghinhinala ang kaulaulayaw, at sa kanyáng isipan ay di na makatkat ang *marahil* na iyóng makamandag pa kay sa lason, mapaít pa kay sa makabuhay.

—Kung ako lamang ay may salapi, ang patuloy ni Barrientos, na umalís na sa durunġawán at nakihalo na naman sa m̄ga nag-uusap, ay una una akong magbibigay halimbawa. Ikaw Rojalde—ang tukoy rito—na nabubuhay sa pamumuhunan, ang dapat magmunukala n̄g lalong magaling. Ikaw ay bata pa, mapalad sa panġanġalakal at may puhunan namang di na masasabing maliit. Dapat na ikaw ang magpauna sa paghakbang at magturo sa natutulog nating m̄ga may salapi n̄g katungkulan nila sa m̄ga araw na itó. Sa paano't paano man ay malaking bagay ang magagawa mo, ikaw na nakarating pa naman sa Europa't nakaabot na kung saán saán bayang mulát at bihasá sa panġanġalakal. Oo Rojalde dapat kang magpakitang halimbawa!

—Nalalaman ko ang kabutihan n̄g ganyáng panukala—ang tugón ni Rojalde, n̄guni't hindi akóng may sapat na sa buhay ang unang dapat kumilos. Marami ang dapat magsiuna. Sa bagay na iyan, paris din naman sa iba pa, ay ibig kong gumawi n̄g tunay na gawi n̄g m̄ga bago humakbang ay nagkukuro muna: sa nagíging hanga at kinásasa-

pitan n̄g ano mang panukala, hinahan̄go ko kung dapat ó hinding makialám. Sa ganito'y wala ni pagod ni panahóng naáaksayá.

—Siya n̄ga namán, iyan ang tamà—ang katlo ni Balani—paris ko rin naman kung nakikipaglaro. Kung sa monte, ay minamasdán muna kung malabás ang *sota ó kabayo* at kung sa sabong nama'y pinipili ang balahibong palawagí, at siyang sinú-sundan. Sa gayo'y hindi ako napagtatalóng palagí. Sa paglalaro at pangangalakal ay kailan̄gan ang pagkatuso, kaya ako'y sang-ayon kay Rojalde.

—Ang m̄ga taong ito palá—ang pakli ni Barrientos—sa makatwid ay walang halaga sa inyó ang kagalingan n̄g lahat?

Si Rojalde at si Balani ay kapwa nagpako n̄g tig-isáng tinging makahulugán sa nagsalita. Tila ibig suruin kung ano ang pakahulugán n̄g notario sa salitang *kagalingan n̄g lahat*. Ang salitaa'y magiging masigalót sana. At sa katunaya'y nátatalaga na si Balaning tumutol sa maling pagpapalagay ni Barrientos na tila siya at si Rojalde ay di nakaáalam n̄g kagalingan n̄g lahat, na ayon sa kanyáng pagkaalam ay dapat ipagpahuli sa kagalingan naman n̄g sarisarili. Salamat na lamang at dumating ang mangagamot na dadalaw sa nannganak at siyang ikinátigil n̄g kaniláng pagsasali-taan.

—Magandang hapon po sa kanilang lahat—ang bating magalang n̄g bagong dating sa nanngakakalipon. Ang m̄ga dinatna'y nagtindigang lahat at isá isáng nakikamay sa bagong panhik na kinatawan n̄g isáng karunun̄gang bago nagíng dunong, ay nan̄gailan̄gan munang lumagot n̄g maraming buhay.



—Anó, ang ating maysakit? ang usisa n̄g mangagamot.

—Mabuti po, mabuti po—ang di magkantututong sagot ni Don Nicanor na talaga namang hindi utál, at kung бага ma'y pinapagiging harós na lamang n̄g maraming whisking nainóm.

Si Rojalde na siyáng dapat sanang sumagót sa tanóng na itó, ay hindi kumibo. Isáng panukala kapagkaraka ang binuko sa sarili n̄g mákita ang mangagamot. Hindi kaya lalong mabuti na ang pag-aalinlangang nagpapasikíp sa kanyáng kalooban ay dito isanguni? Siya'y marunong at matagál na nag-aral, maraming aklát na nápagbasa at di sasalang siyang makapagpapaliwanag n̄g tanáng kailangán. Ang di masabi sa asawa ni sa isá man lamang sa m̄ga kaibigang kaharáp, ay sa mangagamot niya tinalagáng isanguni.

Ikalawa nang pagpanhik itó sa maghapon n̄g mangagamot. Ang mangagamot ay si Dr. Reina na sa hapong iyo'y sa bahay ni Rojalde káuna-unahang dumalaw, бага ma't may isáng maralitang malubha sa Tundó na halos maghingálo na lamang at umaga pa n̄g itawag sa kanya. Talagang ugali ito ni Dr. Reina: ang mayaman n̄ga nama'y di matitiising gaya n̄g mahirap na maáring maghintáy.

Sumalísalita muna sa dinatnán bago nasok sa silid na kinálalagyán ni Danding. Si Rojalde'y nasok din. Ang pagkakadating n̄g mangagamot ay nakapagpaluwag n̄g kaúnti sa kanyáng kalooban: wari'y nakákita sa kanyáng pagkalunod n̄g kahoy na mapanínimbulanán kaya't di na naglalayo at pumungípungí kay Dr. Reina.

Pagkapasok nito sa silid ay walang sinabi kundi ang lahat n̄g ikaáaliw n̄g bagong pangánák. Ilang

araw lamang at ang katawáng mahina ay lálakas pa kay sa dati, salamat sa mabibisang gamot na kanyáng ipalínom. Ang sinakítsakít nǎg ulo at pangangalóg kung minsan nǎg mǎga tuhod ay walang anomán. Ganoóng talaga ang nagdáraan sa isáng mahirap na panganganák. Bakit ang bata ay malaki at matabá pa. Sabihin pa ba, si Danding ay hindi paris nǎg ibáng kung anó-anó ang kinákain. Siya'y may káya at dahil dito'y ganoón na ang lakás at kabutihan nǎg katawán nǎg bata. Sa mǎga pinagsabíng ito ni Dr. Reina ay itinapos ang pagtatagubilin sa maysakít na ílagaan ang pagkabinat. Kung may nápapansin mang di minámabuti ay ipagwalang bahala na, alang-alang sa kanyáng lagay at katayuan.

At ang sangol namán ang tinudla nǎg kanyáng dilang walang pagod. Nápakabuting mag-aalaga si ñora Titay. Kay gandang lalaki't kay bilog nǎg batang iyong halos masásabíng sa huling limang taón nǎg kanyáng pangagamót ay noóh lamang nakákita nǎg pipituhing buwang bata na nápakalaking paris nǎg anák ni Rojalde, at hinipohipo pa mandin ang natutulog na sangol. Anóng ilóng nǎg kanya na wari'y sadyang ginawa. Palibhasa'y anák nǎg magandang iná, ang dugtong pang may nǎgiti at kay Danding nakatitig.

—At saka ang batang ito, anyá, ay mapalad. Nápatíngín sa kanya si Rojalde't si Danding. Ang sinabíng iyon ni Dr. Reina ay di nila máwawaan, ito nama'y nagpaliwanag at ang wika.

—Ang mǎga batang lalaki pag tihaya lumabás ay mapalad na talagá, magíng sa kamusmusán at hangan sa magsilalaki. Mákikita ninyo at magkakabuháy rin tayo. Ang noóng iyan nǎg ínyóng

anák ay sa isáng matalinong ulo. Iya'y magíging marunong at dakila. At nasubok ko na ang katotohanan n̄g aking sabi sa isáng batang akin ding pinalabás na may sampung taon na n̄gayon. Iyan n̄ga lamang, ang m̄ga batang patihaya kung lumabás ay mahirap mabuhay.

—Ano po? ang may halóng kaunting tili na usisa ni Danding—mamámatay po ba ang anák ko?—At di kinúkusa'y niyunyungan ang sangol na tahimik at walang kamalayán sa nangyayari.

Nápan̄giti si Dr. Reina nang mámasdan ang gayóng katunayan nang pag-ibig iná, at ang pangpatahimik na sabi sa nagulumihanang si Danding:

—Pagsubok ko lamang iyon sa inyó. Ito n̄ga namang m̄ga babayi—ang salita pang kay Rojalde nakatingin—ay nakapagtataká. Saka pa lamang nátututong umibig kung manggagkaanák na, at pag-ibig pa namang masarilinín ang nátututuhan. Sa kanila'y wala nang iba kun di ang anák, wala nang kagiliwgiwgiw kundi ang anák, ano pa't ang lahat ay sa anák na lamang at pati n̄g isinum-pang pag-irog sa asawa ay sa anák na lamang nápapabuntó. Kung ganyán kayo aling Danding ay dapat manibugho ang kaibigan kong si Rojalde—ang tapos na may kaunti pang tawa.

Si Rojalde ay di umimik, datapwa't dalawang matáng nag-uusisa ang ipinako sa mangagamot. Ang m̄ga huling sinalita nito'y tunay niyang ikina-baklá. Aywán kung nakapanánalamin si Dr. Reina sa nangyayari sa kanyang puso at gayon ang sinabi, n̄guni't ang totoo ay nagíng kidlát na pangising sa náhihimlay niyang paghinala ang m̄ga salitang binigkás nang mangagamot. Pagkapag-alis n̄g titig dito ay kay Danding naman tu-

mingín nang tingíng nagsisiyasat at waring ipi-  
nanánanglaw sa budhi ng asawa. Datapwa't walang  
nákita kundi isáng noong malinis, dalawang ma-  
táng may mapupungay na sulyap at saka mgá  
labi't pisinging may tila hiram na ganda sa mgá  
bulaklak. Walang gaanong lakas ang nag-uusisa  
niyang mgá titig sa harap nang gayong tipon ng  
kagandahan. Kaya dalidaling nápatungó si Rojalde  
at sinarili na lamang ang mgá hinagpís at hirap  
ng loob na ibinubunga ng kanyang hinala at  
paninibugho. Sa harap ni Danding ay kung ba-  
kit nápapatulad siya sa isáng ibig manisi sa ki-  
natatakutang may kapangyarihan.

Lahat ay nágising sa kanyáng loób: ang naka-  
tutupok na apoy ng paninibugho ay naramda-  
mang pumupugnaw sa kanyáng mgá pangarap,  
at ang makapangyarihang alon ng pag-aalinla-  
ngan sa katapatáng loob ng asawa at pagkama-  
linis nito, ay lumulunod sa kanyang puso, naglu-  
lubog sa kanyáng palad at ikinasasawî ng kan-  
yang pag-asa. Nang sandaling iyon at sa harap  
ni Dr. Reina na salita pa rin ng salita, ay ibig  
nang isiwalat ang kanyáng mgá damdamin. Noon  
din at huwag na sa iba pang sandali ay ibig ta-  
lastasin sa bibig ng asawa ang boong katotoha-  
nan: ó siya'y mapalad ó talagáng sungayán. Kung  
ito man ang magíng bunga ng kanyáng pag-uusisa  
ay hindi kailangán, mabuti pa ang mabuhay nang  
walang pag-asa kay sa mamalagi sa isáng pag-  
aalinlangang nápakalupit at di magpatantán kahit  
sumandali. Handang handa na si Rojalde, kinai-  
langang kalasagin pati ng káhulihulihang lakás  
ng kanyáng loob upang matuklas lamang ang ka-  
totohanan, nguni't nágunita ang bilin ni Dr. Reina

na dapat inġatan ang ikabibinat nġ maysakit.

Nag-isip sandali at napatigil sa ibig gawin. Minabuti nang hintin ang ikapagsasarili nilang mag-asawa. Sasanguni muna kay Dr. Reina, áalamín dito kung mangyayari nġang sa loób nġ pitong buwang pagsasama ay magkaanák nġ isang sangól na paris noón ay mataba at malaki, at pagkatapos ay gawin ang lalong marapat.

Nang sandaling iyo'y mġa paraang lalong ma-buti sa pag-aalaga sa sangól ang ipinahahayag nġ mangagamot kay ñora Titay, na taimtim namang nakikinig. Sinabi nġ Doctor ang mġa unang gamót kung sinusubaan, ang paraán nġ pagpapasuso upang huwag másamid, ang kinakailangang linis at libo libo pang mġa pahiwatig sa isang pina-panhik na paris nġ anak na iyo'y maáaring pagbaunan nġ nġipin hanga't ibig na ibaon. Ang supot ni Rojalde'y di mapapípipis kung mġa lima ó anim na piso lamang ang sísingilin sa bawa't dalaw, at si Dr. Reina'y nátatalagang huwag magpatawad kahit bahagya.

Ang mġa tagubilin at pahiwatig nġ mangagamot ay minámakarami naman ni ñora Titay, na sa pagkakaupong patag na patag sa katre, ay inaáalaala ang mġa panahóng nagdaan na di ipinagmamasusing totoo nġ mġa mangagamot at kadalasan pa'y sa mġa tapal tapal lamang kinúkuha ang alin mang sakit, matanda man ó bata ang magkaramdám.

—Kay buting mġa araw noóng hindi maka-basag-ulo ang mġa hatol—ang may himutok na sinabi ni ñora Titay, na nagtitiyagang mag-alaga sa anak, hindi sapagka't ito'y kutungkulan niya lamang, kundi dahil din naman sa kapuripuring

nais ayon kay Don Nicanor, na lalong mápamahal sa masalaping manugang, isá sa mġa ulo nġ yaman sa Maynila at maraming bahay na malalaki.

Isáng tugtog nġ orasang nakasabit sa may ulunán nġ katre nġ bagong pangánák ang ikinátindig na bigla nġ Doctor. Nágunitang gabi na nġa palá'y di pa niya napaparunan ang may sakít sa Tundo na umaga pa lamang nġ araw na iyo'y itinawag na sa kanyá. Ang may sakít na ito'y maralita nġa, nġuni't hindi namán dapat na huwag nang dalawin, una'y sayang din ang dalawa ó apát na panhik na magagawa at ikalawa'y kailanġan namang sa matá nġ tanán ay mapalagay na siya'y maibigin sa dukha at di tumitingin sa kalagayang mataás ó mababa nġ may sakít bagkus walang pinipili sa paggamót.

Si Dr. Reina'y nagtindig at pagkatapos magpaalam ay lumabas. Aalis na nġa sana, datapwa't hindi tinulutan ni Rojalde.

Hiningi nitóng sila'y mag-usap na sárilinan at may itatanóng lamang na ilang bagay. Si Dr. Reina'y nayag at ang may sakít sa Tundo'y muling tinipanan hangang sa ika lima na nġ hapon. Sa wari niya'y mahalaga nġa ang sásabihin ni Rojalde, pagka't ang mukha nito ang nagsisiwalat, at minagaling na malabi na muna sa isáng bahay na paris noo'y di niya kalulugihan sumingil man nang gaano. Siya ay nároong hindi kaibigan kundi mangagamot, na may dinadalaw na may sakít, at ang mġa sandaling kanyang ikinaabala'y sadyang dapat singilín. Inisisip ni Dr. Reina kung magkaano sísingilín ang bawa't isáng oras na ilagi roón sa pagkamangagamot na hindi naman pulpól, kundi isá sa mġa

lalong tanyag sa boong Maynila, n̄g sumunod kay Rojalde sa isáng bukod na silíd.

Doón, pagkatapos na makaupo sila at makainom nang tigisang kopang álak, na siyang inialay ni Rojalde sa Doctor ay sinimulán nang naninibugho ang kanyáng pag-uusisa.

Sisikdosikdó ang dibdib, madalás ang tibok n̄g puso at halos pautálutál na nagpahayag n̄g kanyáng m̄ga násasaloób.

—Sinabi ko sa inyong mahalagáng bagay ang ating pag-uusapan at ito ang siyang totoo—ang wika ni Rojaldeng dalás dalás ang pananalita't waring ibig na makatapos agad.—N̄guni't kailan̄gan munang ipaaninaw ko sa inyo na hindi sa mangagamot, hindi sa bantog na Dr. Reina ibig kong ipagtapat ang aking m̄ga sasabihin; kundi sa kaibigang Reina sa ganáng aming pagkikilalang matagál at pagsasama n̄g mabuti.

Ang Doctor ay walang náisagot sa ganito, kundi isáng tan̄go lamang, na aywán kung pakikiayon ó hindi, bagama't nagtapon n̄g isáng titig na may pagtataká sa kanyáng kausap.

Ito'y nagpatuloy.

—Ang sasabihin ko sa inyo'y isá riyan sa m̄ga pag-aalinlan̄gang kapagnaniyal sa isáng puso'y umaagaw rito n̄g ligaya at pumapatay n̄g walang-awa sa m̄ga paniwala at pag-asa n̄g isáng tao, hangang sa lugasíng isá isá ang lalo niyang mahalagang damdamin sa buhay. Iilan pang araw na ang pag-aalinlan̄gang iya'y nasok sa isip ko, at sa dating ugali kong masaya't mapagwalang bahala, ay nápahalili ang kalungkutan, ang nais na lumayo kun saan may tawanan at alíw. Noóng araw ay nagpapalagay akong kápaladpalaran na

sa lahat ang aking tayo. Bawa't ibigin ko'y nasú-sunod, ang kaban ko'y puno n̄g puno, huwag man akong kumilos ay ipinaghahanap n̄g aking puhunang nákalát sa iba't ibang gawaan at m̄ga hanap-buhay, sa malalaking bahay kalakal at sa lahat na n̄g m̄ga kaparaanang ikiníkita ko n̄g libolibo, n̄gúni't nagíng sukat ang pag-aalinlanġan upang kasuyaang ko ang m̄ga alíw na idinudulot n̄g ganyáng tayo, at ipalagay n̄gayong ako ang kásawisawian sa lahat. Kuruin na ninyo kundi mahalagáng bagay na talaga ang aking sásabihin.

Si Rojalde'y tumigil sandali at tila nagpahingã, samantalang si Dr. Reina ay pasandíg sa uupáng nakamata sa kausap at nakalarawan sa mukha ang pagtataká sa lahat n̄g kanyáng naririnig. Hindi akalaing si Rojalde palá, na palaging may matamis na n̄giti sa labi, ay masugat sa puso at maálinlanġan sa isip na siyang ipinanġunġulimlim tuloy n̄g kanyang palad. Sa kay Dr. Reina si Rojalde'y puspos n̄g m̄ga kaligayahan sa buhay, sapagka't kay Dr. Reina ang salapi ay kahulihuhilang baytáng n̄g pagkamapalad. Pagtataka't pagkahabag n̄g m̄ga sandalíng iyon n̄g pakikinig kay Rojalde, ang naghari sa kalooban ni Dr. Reina.

—Doctor—ang salita makasandali ni Rojalde,—bagama't di ko na kailanġang ipagtagubilin sa inyó, ay akin lamang ipahihiwatig n̄gayón pa na ang pag-uusapan natin ay ibig kong mápalihim habang panahón.

Isáng: sa aki'y wala kayong áalalahaning anó man—ang náitugon n̄g mangagamot. Si Rojalde'y nagpatuġoy na halos ibulong lamang sa kausap ang kanyang m̄ga sínásabi. Ang bibig n̄g nagsa-



salita, mayamaya'y napadikit na n̄ga sa tayn̄ga n̄g Doctor na nagkakandidilat ang matá, n̄gan̄gá n̄g kaunti ang bibig at halos pigilin ang paghingá sa taimtím na pakikinig sa m̄ga sinasabi ni Rojalde. Sa m̄ga sandaling iyon ang nakatulad n̄g Doctor ay isáng paring buong buong tayn̄ga sa m̄ga kasalanang ipinahahayag n̄g isáng mamámatay na lamang, na sa kaibigáng makarating n̄g walang kapasán pasáng ano mang mabigat sa pinto n̄g langit, dito pa sa lupa'y nagsasalin na nang kanyang m̄ga dalá, sa pari, na sapagka't taong banal ay di tinatablán n̄g gayón gayón lamang tuksó.

Si Rojalde'y matagal na bumulong, nápakarami ang kanyáng sasabihin unang una na ang kung bakit sa pitong buwan lamang nilang pagsasama ni Danding ay magkakaanák na agad, gayong n̄g dalaga pa ito'y wala naman siyang nátamong alíw, máliban sa m̄ga sagót na ipinagdalita pa n̄gang madalas n̄g kanyang puso.

—Hindi ninyo dapat pagtakhan ang m̄ga nangyari—ang sa wakás ay nasalita ni Dr. Reina. Kun sa bagay ay di n̄ga karaniwan sa pipituhing buwan ang lumabás na singlaki n̄g ipinan̄ganák n̄g inyong mahal na asawa, upang magíng tunay at ganap na sangol ay kailangan ang siyam ó sampung buwan man lamang sa pagsasama, datapwa't úlitin kong di ninyo dapat ipagtaka ang nangyari.

—At bakit hindi? ang nápaagap na pasubali ni Rojalde.

—Una ay sapagka't may m̄ga lihim ang katalagahán n̄g m̄ga bagay na hanga n̄gayo'y sinisikap pa lamang matalós n̄g tao. Maáaring na-

sasaloob ng mga lihim na iyan ang pagkakapananganay ng inyong asawa.

—Oo na nga, datapwa't ang paliwanag ninyo'y isá lamang palagay, hindi isáng katotohanang mapagbabatayan ng pagkukuro tungkol sa bagay na ito—ang tugóng tila pakikitalo ni Rojalde, na nakahalata sa mga salita ng Doctor ng nais lamang nitong maibsan siya ng kaunting hinagpís.

Si Dr. Reina'y nápatinġin sa kausap at sa pagmamasid na walang kakisapkisap ang mga matá, ay ipinahalata ang pagkahabag kung wawalating páminsanan ang pusong iyong nag-aalinlanġan at naghihinala. Katungkulan niya ang gumamot sa mga maysakít, at ibig lunasan si Rojalde na bago ma't walang dináramdam, ay maysakít na lalo pang malubha kay sa asawa niyang bagong pangánák.

—Isá nga lamang palagay ang aking sinabi—ang tugón—datapwa't matibay at sadyang siyang sanhi ng maraming mga pangyayari na di natin máwawaan. Ang mga kababalaghán sa halimbawa.....

—Inaakala kaya ninyong isá rin namang kababalaghán ang nangyari kay Danding?—ang usisa ni Rojalde.

—Hindi naman lubos na ang aking pag-aakala ng gayón, datapwa't mangyayari. At saka anó ang inyong ipag-hihinala? Bago kayo nagkaisang palad ay nagkáibigan na muna at ang nagkakai-bigan kung minsa'y..... Sabihin pa—ang patuloy makasandali at pagkatapos makapagpahid ng pawis. Kayo nama'y lalaki rin at lalaking hindi banal na gaya ni San Antonio. Noóng araw marahil..... Sa makatwid ay sisihin ninyo ang

pag-ibig na siyang may sala at kagagawán n̄g lahat.

—Oo na n̄ga ang paputól putól na sagót ni Rojalde, n̄guni't pípitong buwan pa kaming nagsasama at di ko akalain..... —ang tinapos na lamang sa isáng buntong hiningang salita.

—Pitóng buwan mula n̄g kayo'y makasal, n̄guni't isáng taon ó mahigit pa marahil na nagká-ibigan kayo, at sa loob n̄g gayóng panaho'y sukat mangyari ang lahat—ang giít ni Dr. Reina.

Si Rojalde'y di na umimík. Sapát na, labis pa marahil ang kanyáng nalaman. Upang mamun̄ga n̄g gayóng kalusóg ang isáng halamang pipitóng buwan sa pagkakataním ay kailangan munang má-pahanda ang lupa ó kaya'y nalináng na at napatabaán. At ganáp naman ang paniniwala na siya, si Victorino Rojalde, ay hindi siyang naglináng ni nagpataba sa lupang iyon. Ibá ang nanungkol nito at ang m̄ga hinala n̄g kanyáng guniguni'y siyang nagsasabi kung sino. Oh, si Danding na sakdal n̄g ganda, puspos n̄g dilag at ulirán sa pagkamabait ay di niya akalaing magkágayon! Pagkatayog-tayog na dati at n̄gayo'y pagkababa-baba naman!

—Danding, Danding, n̄gayón kita pinaniwalaang di mo n̄ga palá malilimutan si Luis—ang naihimutok na marahan ni Rojalde samantalang pini-pilit na sa pagkakaharáp nilang iyon n̄g Doctor Reina ay huwag nitong mahalata ang unti-unting pagkaagnás n̄g kanyáng puso.

Makasandali'y nagpaalam na ang Doctor. Inihatiid pa ni Rojalde hangang sa lupa at doo'y "pinasalamatan ang marunong na mangagamot na siyang nagpapanauli n̄g kanyáng katahimikan".

Sa pagsasabi n̄g ganitó si Rojalde'y nagbubulaan: ibáng bagay ang lamán n̄g kanyáng dibdib.

Lalong nabuo ang paghihinala sa kanyáng pag-iisip. Ang batang iyon ay di n̄ga niya anák. Sinabi ni Dr. Reina, at itong talaga ang mahahanġong kalinawan sa kanilang pag-uusap na ginawa. Mapanglaw pa kay sa dati at lalo nang di palagyín n̄g paninibugho n̄g umakyát uli sa bahay. Nakipagharáp na sandali sa m̄ga nag-uusap sa salas na kanyáng iniwan. Si Don Nicanor ay siya namang nagsasalita. Si ñora Titay ay naróón din at sa pakikitawa sa m̄ga nagháhalak-hakan ay ipinahahalata ang tagláy niyang kasiyaháng loob.

Sa tainġa ni Rojalde ay makáilan nang makapaglagos ang gayo't gayon din m̄ga salita n̄g kanyáng biyanang lalaki, at sapagka't suya na siyang talagá bukod pa sa dináramdam n̄g m̄ga sandaling iyón, ay nagtindig na madali at nagbalik sa silid na pinag-usapan nila ni Dr. Reina.

Doón at sa gitna n̄g m̄ga palamuting mahahalagá na nagsabit sa lahat n̄g dako, doón at sa haráp n̄g isáng larawan n̄g giliw niyang iná, ay tinimbang ni Rojalde ang kanyáng kasawiang palad. Ipinagpuputok n̄g kanyáng kalooban ang katotohanang násiyasat. Nang m̄ga unang sandali'y inakala, na maalaman lamang ang totoo, ay mapapawi na ang sama niya n̄g loob datapwa't ang nangyari ay hindi ganitó: kung бага sa isáng sugat ay lalong kumirót, kung sa sunog ay lalong lumakí.

Kailan ma'y di naghintay sa isáng dunġis na paris noo'y maglilibing sa danġal n̄g m̄ga Rojalde

na sa lahat ng panaho'y hinangaan at ipinagpuri dahil sa kanilang pagkamalinis.

Ang pag-aalinlangan at pagsisisi'y kapwa nagpapahirap sa kanya at sa paghihinagpis ay walang napagbubuntuhan ng lahat kundi ang kanyang pagkakapagpumilit maging asawa si Danding. Ganito ma'y siya na rin ang nagsasabi na alang-alang man lamang sa kanyang mga pagpapagod at lalong lalo na sa pag-ibig niyang dakila, ay di naman dapat na iyon ang iganti ni Danding.

—Oo, sawing palad ako—ang nawikang tila may kinakausap—lahat ng aking mga pangarap at kaligayahan ay isá-isang nilugas at pinapangluoy ng dagok na ito ng kapalaran. Ngayon ako naniniwalang hindi salapi lamang ang kailangan sa buhay na ito, lalong mahal ang kapuriban, lalong mahalaga ang dangal ng isang lalaki. Oh, hindi ko inakalang ganito na ang higanting itatambing sa akin ni Danding, siya na aking nilalangit at pinaglaanan ng boo kong pag-irog. Wala nang sasaklap pang lason sa aking nilalagok. Alam kong ako'y walang ulo, alam kong isang kapwa ko rin lalaki ang tumatawa ngayon at nahahabag sa akin, nguni't wala namang magawa, wala namang masingil at mapag-itingan man lamang. Ngayon ay lalo ko nang di pinagsisisihan ang aking ginawa kay Luis. Talagang kami'y magkaaway at kailan mang panaho'y di na maaring magkasundo pa.

Magkaanak ako ng hindi akin, magkaasawa ng isang paris ni Danding . . . . at magtiis namang sapilitan, magbulag-bulagan kahit may malinaw na matá, ito ang kapaitpaitang ditá na maipala-

gok sa isáng paris ko n̄g mabanḡís na kapalaran.

At panibago na namang m̄ga pagkukuro na lalong mapanglaw kay sa dati ang naggumiít sa kanyáng kalooban. Nagtatalo ang isip tungkol sa dapat gawin sa harap n̄g gayóng pagkasawi. Ang sugat n̄g kanyáng puso ay malakí, maáring kálibinḡan hindi lamang n̄g pag-irog knndi pati pa n̄g pagmamahal sa buhay na sarili.

Ang pagpapatiwakal ay unti-unting náisipan. Ang buhay ay nag-anyong mapanglaw sa kanya at nagtila isáng pahirap na walang katimbang. Unti-unting nagiging gabi ang lahat sa kanyáng masid, gabíng malungkot at sing-itim n̄g duhat na di man kásinagan n̄g kahit isáng bahid na putí. Waring siya'y nalulunod sa gitna n̄g isáng karagatang dugo na sinisigwá at bawa't along dumating ay nagpapapalubog na lalo sa kanya. Lahat ay mapanglaw. Saán man magtapon n̄g tingin ay walang nakikita kundi panibugho, at walang matanaw kundi lungkot-libinḡan.

Ang m̄ga bulaklak sa kanya ay wala nang n̄giti, at ang mabining simoy n̄g han̄gin ay patalim pang umiwa sa kanyang katawán. Pati n̄g pagkaka-tuwa n̄g m̄ga nasasalabas, kung m̄arinig niya'y nagtitila tawag n̄g kamatayan. At ang larawan n̄g iná niyang nároroon, may malungkot na titig at anyong kagalang-galang, kung masdán ni Rojalde'y tila nag-aanyaya sa pagpakabilang buhay.

Sa simbuyó n̄g kanyáng kaloobang sikip na sikip sa panibugho, ang m̄ga kalungkuta't pagsasawa sa buhay ay nahalinhán n̄g poot kay Danding, sa babaying di nanghinayang sa kanyáng m̄ga panunuyo at pagpapakamatay halos. Ang pagkalalaki niyáng hinamak n̄g pinagkátiwalaan pa naman n̄g

kanyang puri, ay tumututol at nagsasabing hindi sa lalaki ang padalá sa udyók ng hinagpis. Ang pagkádustang iyon sa kanyang pangalan, ay di mahuhugasan kundi ng dugo, kaya wala nang inisip kundi ang paghihiganti. Nágising kay Rojalde ang asal ganid.

Usisain niya si Danding, at ibákit hindi'y sa ito ang makapagsasabi ng lahat, ang makahahawi ng tabing sa sigalot na iyong di niya ikatahimik sandali man lamang? Ang akalang ito'y siyang nabuo sa kanyang gunifa. Ang lalaking nawalan ng dangal at kapuriha'y mag-uusisa sa asawang naglilo at di nagtapát. Kay Rojalde ay isang karapatán ang ganito, na di maiáalis ng sino man, at tulad sa kabilisán ng lintik kung gumuguhit sa isang makapal na ulap, na si Rojalde'y nagtindig sa pagkaupo at napatungo sa silid ni Danding. Nang na sa pinto na ay nápatigil sandali, pinagmunimuni ang gagawin at náitanong sa sarili kung may katwiran siyang mag-usisa sa isang paris ni Danding ay di naman nangako ng pag-ibig.

—Hindi nga nangako dapwa't akin siyang asawa at makapangyarihan ako sa ano mang maibig—ang sabing tuloy pasok sa silid na tila may hinahabol. Si Danding ay nakakatulog.

Nang na sa silid na'y káunaunahang sumilid sa isip na sakalín, patayín sa inís ang sangol na natutulog ng tahimik upang huwag nang sa kináuha ay magpagunita pa ng kanyang kasawiáng palad, ng kanyang pagkaamáng walang puri. Bago pagkatapos ay idamay ang ináng tampalasan, ang masamang asawa't lilong si Danding at saka isunod ang kanya namáng sarili, magpatiwakal pagkatapos malango sa dugo yamang wala na ring

kahalahalagá ang kanyáng pagkatao. Lahat ng ito'y páminsanáng sumilid sa isip ni Victorino na walang nákitang ano man maliban sa kanyáng iniisip na paghihigantí.

Nilapitan ang sangol, tinignang matagal ng tinging walang kapikitpikit, bago si Danding ang tinapunan ng isá pa ring titig na lalong maluwat. Ang pagkátitig na iyo'y lubhang maraming sina-sabi. Tulad sa pagmamalas ng isáng hukom na sa kawalán ng matwid na mapagbabatayan ng paghatol sa isáng pinararatanġan, ay ibig makatarok sa budhing sarili nito: yao'y isáng tinging kinápapalamnán ng higanti at panghihinayang. Sa dib-dib ni Rojalde ay nakipanuluyan ng sandaling iyon ang nais na maningíl at ang pagkahabag. Nágunitang kung patayin ang sangol at idamay si Danding ay magiging ganid siya, at kung magpatawad nama'y mawawalán ng dangal.

Lumapít lapít sa sangol, dinaluhong itong gulóng guló ang tibok ng puso at hinipong marahan sa mukha. Minasdang mataimtim ang natutulog na walang malay, hinagkán ng isá si Danding, waring nagpapahimakas, at inihanda na ang mga kamay.

Itútuloy rin ang kanyang banta.

Nguni't si Danding ay napamulat. Ang halik na dumampi sa kanyang pisngi ay ikinágulat ng bahagya, nagmulat ng mga matá at ang nálingapa'y si Rojalde.

—Ikaw palá, akala ko'y kung sino—ang salitang tinapos sa isáng ngiting maligaya.

Biglang natubigan si Victorino. Ang lahat ng kabanġisan niya, ang pagnanais na magpakalanġo sa dugo ay dagling naparam. Napatulad sa mga



ulap kung umaga na madaling nawawala pagtaás ng araw. Wala siyang itinagal sa ngiti at matatamis na salitang ito. Kinasuklamán ang kanyá ring sarili sapagka't naghinala sa isáng asawang paris ni Danding, at halos walang kamalayán sa ginagawa, na napaluhod, duóp ang dalawang kamay at ang sabing may paós na tinig:

—Danding, Danding, iniibig mo ba ako?

Ang tinanong ay hindi nakahumá agad. Ipinagtaká ang anyo at katanungán ng kanyáng asawa. Inisip kung ano't iyon pa naman ang napitang matalós ni Rojalde. Naumid na lamang at nagtungo ng matá, walang nasabing ano man, at ang puso'y sumikdó-sikdó.

—Danding, magsabi ka, iniibig mo ba ako?— ang pamuling samo ni Rojalde na di rin tumitinag sa pagkakaluhod.

Sa pagkakaulit na ito'y isáng bangkay ang nagulíng nabuhay sa dibdib ni Danding. Ang larawan ni Luis na kanyáng sinumpaan ng pag-ibig na di malililo, ay tila pumagitna sa kanilang paguusap at tulad din ng sila'y ikasal ay waring nároon nakikinig ng kanyang sasabihin at isasagot. Ayaw si Danding na madungisan ang kanyang mga labi ng isáng kabulaanan, at ang sinunod ay ang sigaw ng sariling budhi.

—Victorino—ang wikang nangangatal.—Malaon nang ang pag-ibig ay patay sa aking puso. Ako'y di na makaiibig kahit kanino at ito rin naman ang aking sinabi noóng araw. Alalahanin mong wala akong ipinangako kundi isá lamang pagtatapat ng babaying may asawa—at ang mga salitang ito'y dahan dahang ipinasnaw sa labi na tila ang nasa'y maunawang mabuti ng kausap.

—Ah,—ang nápagla't bulalás na sagot ni Rojaldeng sabay tindig—wala kang awa—at ulól na mistulang lumabas sa silid na nagtuloy sa isáng durunġawa't doo'y sumagap nġ hanġing makapagpapaluwag sa kanyáng nagsisikíp na kálooban. Dahil sa yabag nġ kanyang paa ang natutulog na sangol ay nágising.

Si Danding ay nasindak sa kanyáng nákita. Kaikailan ma'y di nag-aanyo nġ paris noon si Rojalde, bagkus tuwi na'y nákitaan nġ matamís na pakikisama. Babayi palibhasa, si Danding ay umiyak na lamang, at ang mapunġay niyang matá'y nagíng bálóng sa mapapaít na luhang namalisbís sa magandá niyang pisnġi. At sa panggigipuspos nġ kanyang puso, ay walang hinahagkanhagkan kundi ang anák na sa minsan minsang pagtingin sa iná'y tila nagtatanóng kung anó ang luha at kung bakit mayroóng lumuluha.

—Marahil naninibugho siya—ang náisaloob agad. Ang gayong anyo, ang tila nagagahól niyang kilos at kamadalianan sa pagtalastás nġ isá pa namang bagay na hindi miminsang nadinig na pinakatangitangihan ni Danding noong ito'y dalaga pa, ay siyang ikinabuo agad sa isipan nito nġ hinalang marahil nġa'y naninibugho ang asawa. At si Danding ay nahintakutan sa wari'y nakikita niyang naglalagablab na siga sa puso ni Rojalde, na unti unting ináagnas nġ walang awang simbuyó nġ kapootan. Hininalang marahil ang kanyang irog na bunso ang dahilán nġ gayóng paninibugho, hininalang marahil karamaydamay rin naman si Luis sa gayong pagguho nġ mġa kaligayaha't pag-asa nġ isáng lalaking nag-aakalang wala na siyang danġal. Nġuni't malinis ang kan-

yáng pakikisama, at walang máisusurot sa sarili na ano mang pagkukulang.

—Hindi ko kasalanan ang di mo pagkamaligaya. Wala akong isinumpa sa iyo kundi ang pagtatapat lamang ng isáng asawa at sa aki'y di ka makahahanap ng pag-ibig. Kung naninibugho ka man, kung ibig mo ang manisi at maningil; ay singilin at paghigantihan ang mga nag-akalang makakalakal ang puso at ang pag-irog ng isáng may tapat na dibdib. Inakala mong ang puso ay isáng kasangkapang nabibilí ng supot ng salapi, at ako'y hindi mo masisisi. Wala akong ginawa kundi sumunod lamang sa iniatas sa akin, patáy ako ng iyong pakikamayan sa harap ng altar, at ngayo'y walang katungkulang managot sa anóng anó man. Sa isáng kasangkapan ay anó ang iyong makahahanap? Wala akong sala, walang wala—ang tapos ni Danding na may luha pa rin sa matá at ang kalong na kanyang bunso ay nilagakan sa pisngi ng isáng matunog na halík.

Ang larawang iyon ng kawalang malay ay di man lamang nabahala. Hindi nalalamang sa piling niya'y isáng sigalót ng buhay ang walang awang pumipiyapis sa dalawang kalooban.

Patuloy sa pagtulog na lubhang tahimik.

Si Rojalde ay wala namang tinag sa pagkaka-dungaw: matamáng minumuni ang kanyáng palad.

Isáng mabanngis na sunog ang noo'y nangyayari. Mula sa maliit na daan ng A., ang tila gumugulong na apoy, ay nakatutupok na ng di kakaunting bahay na pawid. Sa mabilis niyang lakad ay di isang anak ang inagawan ng tahanan. Langkay langkay na babaying kalong ang kanilang mga anak at pawang may mga luha sa matá, ang

lumalayo sa apoy na tila inuutusan sa paglaganap. Ang m̄ga balangkas n̄g maliliit na bahay na pa-wid, sa pagkatugnaw sa gitna n̄g nagaalimpuyong usok na tumakip halos sa sikat n̄g araw, ay ki-náriringan n̄g m̄ga putok na huling pagtututol laban sa gayong kasakimang hindi na gumalang ni sa pagtawag sa Diyos n̄g marami, ni sa pag-pupumilit n̄g m̄ga bomberong nagsasampung ka-tawan sa pagkaibig masugpo ang apoy. Patuloy na inaayunan n̄g hanġin at balang bahay, balang halamang m̄tagpuan sa nagugutom niyang lakad, ay pinapagíging abó. Sa maluwang na lansanġan, ang apoy ay nagtatagóp, at ang m̄ga pulís na sumasawatâ sa m̄ga may bahay sa pook na na-susunog, ay di na igalang n̄g daándaán taong na-nġagpupumilit makalampas upang umabuloy sa kanilang m̄ga ának at kaibigan.

Ang kaguluhang ito'y siyang nádunghalan agad ni Rojalde sa pagdunġaw. Isáng hanġing mainit, waring maydaláŋ kapootan n̄g apoy, ang kapag-karaka'y ibinati sa kanyá n̄g durunġawan, n̄guni't hindi man lamang pinansin. Ang pag-iiyakan n̄g m̄ga tao, ang pananakbó n̄g marami, ang pagbu-buhát n̄g m̄ga balutan, at ang pagbagsak n̄g na-nġag-liliyab pang balangkás, na natatanaw sa di rin naman malayo ay di man nakabaklá sa kanyá, kahit sandali. Mana pa'y ikinalibáŋ at inaring isáng pánooring marikit ang kanyáŋ náatanaw.

Bulag na bulag siya sa m̄ga nangyayari sa kanyáŋ palibid, walang matá at damdamin sa ibang bagay maliban na lamang sa kanyáŋ panini-bugho. Si Danding na nároroon sa silid ay siya na ring nagwalat n̄g kanyáŋ puso. Habang na-kapanunġaw si Rojalde ay walang nágugunita kundi

ang kanyáng pagkasawi, walang nákikita kundi si Luis, ang kanyáng kaaway.

Lalong tumutuliñ ang pagkalat n̄g apoy. Tupok na ang ilang lansanġan at ang alipatong tanġay n̄g hanġin ay nakalilipat na sa malayo. Doon man nama'y nakapupugnaw na n̄g di kakaunting bahay. Yao'y hindi na apoy lamang kundi tumaktabong apoy. N̄guni't si Rojalde'y di rin tumitinag: minumunimuni ang kanyáng kapalaran at saka ang higanting gagawin samantalang nakapanunġaw at nagmamasid sa pagtatakbuhan sa malayo n̄g m̄ga tao. Si Danding ay walang malay sa nangyayaring sunog.

Na sa silid, nag-iisá at walang kaulayaw kundi ang sama n̄g loob, na madalas hagkan ang bunso niyang nakamata lamang, at sa tuwing pagmamasda'y kinákikitaan niya n̄g labi't m̄ga matá, n̄g tabas n̄g mukha't noóng tulad na tulad kay Luis.

—Ang aking anák, ang aking anák—ang palaging gambi samantalang pinápahid ang kanyang m̄ga luha.

Sa lansanġan nama'y malakás pa kay sa dati ang humihihip na hanġin. Waring sinásadya n̄g malakas na amihan at n̄g apoy ang pagsasabog n̄g kapighatian. Wala nang magawa ang m̄ga bombero. Ang m̄ga kabayo nilang masisiglá at walang kapaguran ay nanġaglalawit na n̄g dila. Pati tubig na lumalabas sa naghahabaang bituka na pamatay sunog, ay nawawalán n̄g bisa. Ang apoy ay malayo na, nagkapulupulutong, nagkagalamay sa lahat n̄g dako lumipat na sa daang M. at doón naman nagbunton n̄g kanyang poot. Ang usok na pumápalanlang ay nagíng tabing na makapal at nagpa-

kulay n̄g malamlam sa dating maningning na araw. Ang bahay ni Rojalde ay napapanġanib nang madamay. May m̄ga isáng daang dipa na lamang ang layo n̄g sunog.

Ang nanġawiwili sa pag-iinuman ay nanġaligalig na pati. Hangan sa kinalalagyan nila'y umabot na ang alinġawnġaw sa pag-tatakbuhan n̄g nagugulong bayang mahirap. Sa tainġa nila'y umabot na ang dagundong n̄g maragasáng pagpapatakbo n̄g m̄ga bombero. Maliwanag na nilang ná-uulinigan ang sigawan mula sa ibaba na: sunog! sunog! Si Barrientos ay walang kaunaunahang ginawa kundi hanapin ang kanyang sombrero at manaog, si Balani ay nápatakbo sa loob, si Don Nicanor ay napapako sa pagkakatayong di makapagsabi n̄g ano man, at si ñora Titay, ay nasok na madaling madali sa silid upang iayos at mailayo agad si Danding at ang kanyang apó.

—Rojalde, sunog—ang may tapik pa sa balikat na sinabi ni Balani sa kanyang kaibigang nakapanunġaw.

—Ikaw palá—ang marahan at banayad na tugon n̄g pinagsabihan—ay ano kung may sunog?

Ang sagot na iyo'y ikinádilat n̄g m̄ga matá ni Balani. Hindi akalaing si Rojalde palá'y ganoón sa harap n̄g panġanib. Papakli pa sana, n̄guni't naroon na ang apoy, na sa panġatlong bahay na lamang at si Balani ay matuling nanaog tulad sa isáng palasong bininit. Noo'y lumálabas naman si ñora Titay sa silid at n̄g maramdamang hangang sa kinálalagyan niya'y nakadadaráng na ang init, ay napaluhod na lamang at ang wika:

—Dios ko, Dios ko, iligtas mo po kami.

Sabay sa *pakakakadiyos ko* ni ñora Titay ang

isá namang tili ni Danding mula sa silid. Sa loob n̄g bahay ay gulóng guló na: ang m̄ga alila'y nagpapanaog n̄g lalong mahahalagáng kasangkapan, si Barrientos ay nagpapasingkaw sa di magkantututo n̄g dadampūting kotsero, at si Don Nicanor ay nápatinag na pati sa pagkakamulala. Si Rojalde lamang ang walang kibo: tila pinutlán n̄g dila at inagawan n̄g sariling loob n̄g apoy na pinapagmamadali n̄g hanġin sa panunupok at pag-sira.

—Nakasingkaw na, nakasingkaw na!—ang malakas na sigaw mula sa lupa n̄g matandang notario. Isáng mesedorang kinálalagyan ni Danding ang tila naghintay lamang n̄g hudyát na ito upang ipanaog. At panahon na n̄ga, ilang sandali pa'y ang malaki't mainam namang bahay ni Rojalde ang siyang naglalagablab. Ang pagkatupok n̄g bahay na ito'y nagpalaking lalo sa sunog, ang m̄ga alipatong pinatitilandis n̄g apoy at tinatangay naman n̄g hanġin, ay nakarating sa lalo pang malayo at doo'y nagpakábanġis banġis. Apoy magkabila kabila. Saán man magpako n̄g tingin ay pawang lagablab ang makikita. Waring napupugnaw ang kamaynilaang dati'y masaya't may m̄ga bahay na nagpapalaluan sa tatayog at pagkama-ganda. Walang lakdaw ang apoy na di paninira ang ginawa. Tila may isáng kamay na makapang-yarihang nagtutulak sa kanya, na gayong marami nang natutupok ay hindi pa rin nasisiyahán. Patuloy sa takbong matulin at kunwa'y bagong Ati-lang nanggagasak.

Gaano karaming ának na walang tahanan. Ang tao'y walang maalamang sulingan, saan mang padako'y apoy, at ang nakalulunus na pagka-

silab n̄g maraming kayamaña'y lumálaganap, palakí at di naghiglaw munti man. Pati langit ná di karaniwang maabot n̄g sigáw n̄g katwirang naápi, ay pinapagkulimlim n̄g usok. Sa haráp n̄g gayong pagkasawi'y walang pusong di nalunos, bihirang matá ang di nápaluha.

Isáng tao lamang ang mula sa isáng mataás na burol sa Sampiro, hawak ang barreta sa kamay at sa damit bilangong dalá'y kinátitikan n̄g bilang na 5.740 ang nagmamasid na nakan̄giti pa sa gayong malupit na sunog. Sa piling niya'y may isá pa ring bilango, na samantalang nakaluhod at gumagawa n̄g isáng butas sa bató, ay napilitang mag-unat n̄g ulo at tumanaw sa dakong itinuturo n̄g kanyáng kasama.

—Tignán mo—ang wika n̄g maybilang na 5.740—Sunog sa Maynila, sunog na malaki at sa anyo'y tila tumutupok sa sanglibután. Ganyán ang buhawing aking pinápan̄garap, ang araw n̄g singilang aking ninanais na ipagkakapantaypantay n̄g madla at iguguho n̄g masasamang palakad sa m̄ga baya't kapisanan. Mistulang larawan ang sunog na iyan n̄g pagtutuos na darating bukas, iyang bagong araw na minimithing másilayan n̄g m̄ga api't nagtitiís, n̄g m̄ga dinuduhagi at inaalipin.

—Hintay ka Luis—ang sabi n̄g nakaluhod—kung ganyan ang araw na iyong sinasabi, ako'y nan̄gingilabot at nahihintakutan. Kay dami palang luha, kay daming pagkasawi n̄g kinakailan̄gang puhunanin.

—Sapagka't sa ikapagtatagumpay n̄g alin mang layon, sa ikabibihis n̄g katauhang dinudusta, at sa ipagwawagi n̄g Katwiran laban sa Lakas ay



kailanġan ang dugo, kailanġan ang buhay, kailanġan ang luha, ang apoy na panunog. Maggiba muna saka magbuo pagkatapos: nariyan ang tungo nġ aking pangarap.

—Luis, Luis, nakapanġingilabot ka—at pagkasabi nito nġ kausap ay nġpatingin sa binata na sa pagkakatayong walang tinag, hawak ang barrera sa kamay at nakapako ang mġa mata sa sunog; ay tila isġng bagong Diyos na sa mġa huling sandaling iyon nġ hapon at sa gitna nġ malamlam na sinag nġ araw, ay nagpapakita nġ boong kapangyarihan.

Ibig pa sanang magsalita nġ kausap ni Luis, ibig pa sanang tarukin ang ubod nġ gayong mġa sabing tila liwanag nġ lintik na tumatġnglaw sa isġng gabing madilim, datapwa't isġng hugong na parang kulog, isġng putok na ikinayanig nġ lupa ang narinig noon din.

Tipak tipak na bató; saboy nġ lupa at mġa lamang dumudugo pa ang nagkahalohalo sa pagilandang: isġng nakaligtaang dinamita ang nagpahamak sa maraming buhay.

Nang tipunin ang mġa bilango ay marami ang wala. Nangaroon ang kanilang katawan, ang kanilang mġa bisig, datapwa't durog durog, duguán at hiwahiwalay. Ang may bilang na 5.740 ay may isġng malalim na sugat sa dibdib. Ilán pa ang nagkasugat din.

.....

Ang araw ay sumisibsib: naghihingalo sa naging banig niyang makapal na panginorin na bahagyang matalo nġ nagpapaalam niyang liwanag. Ang nakalulunus na hapong iyon ay siyang tumanglaw sa kalumbay lumbay na anyo nġ isġng

lalaking sa may dulo n̄g daang C. ay nakatayong halukipkip ang m̄ga kamay sa tápat n̄g isáng bahay na malaking sunog at lansag lansag na.

Siya'y si Rojalde, na walang kibong nagmasíd sa m̄ga abo at uling n̄g kayamanan niyang nilamon n̄g apoy. Naroong may n̄gitn̄git pa rin sa puso, taglay ang panibughong di iká-tahimik at nagtatanong kung bakit iginalang pa n̄g apoy ang babayi at sangol na kapwa naglalarawan n̄g kanyáng kasawiang palad. Sa harap n̄g m̄ga abo at uling na nagbabaga ay minumuni muni ang kanyáng higanti, samantalang sa bahay na pinagtakbuhan muna kay Danding, ito'y pinag-uukulan ni Dr. Reina n̄g lalo niyang mabibisang gamot. Si Danding, ay walang malay tao, aywán kun sa pagkabinat ó pagkasindák naman kaya.

—Salamat, may tibok na ang puso—ang natutuwa't may pagtatagumpay na salita ni Dr. Reina pagkaraan n̄g m̄ga unang sandali.

Lahat n̄g nakalilibid sa may sakít ay pinagsaulan n̄g m̄ga kulay sa mukha at si ñora Titay na di pa natatagalang naghihinagpis at balong ang dalawang matá, una'y sa pighati at lalo na sa pag-aalaalang kung mamatay si Danding ay di na siya tatawaging biyanan n̄g pinakaulo n̄g yaman sa buong Maynila; ay pinamilaylayan sa labi n̄g isáng n̄giting masaya, na kung nakita marahil ni Barrientos ay ikinapagsabing maganda pa rin n̄ga si ñora Titay. N̄guni't si Danding ay di nagdidilat n̄g matá at si Dr. Reina ay nag-áalinlangan pa rin sa sarili. Mayamaya'y dumárating si Rojalde at n̄g mábalita ang nangyayari ay dalidaling lumapit sa kináhihigan ni Danding. Ang lahat

n̄g kapootang naghahari sa kanyang puso, ang nais na paghihiganting kaulaulayaw pa rin hangang sa nang umaakyat na lamang n̄g hagdanan, ay isinuko at ipinangayupapa sa harap n̄g kaawaawang anyo n̄g asawa na sa pamumutla n̄g mukha, sa pagpanaw n̄g dugong nagiging pangtina sa maputi niyang balat, ay tila isang bangkay na mistula, Nalimutang lahat pati n̄g kanyang panibugho, pati n̄g kanyang pagkaapi at ang naghari sa dibdib ay ang habag sa asawang naroon at di makapagsalita.

Mga mata na lamang ang pinapagtatanong sa kaharap na Doctor n̄gunit sa di man nagbabagong kulay at anyo n̄g mukha nito, ay wala siyang mabasa kundi ang di pa pagwawaging lubusan n̄g dunong sa kalubhaan n̄g maysakit. Nagdaraan ang mga sandali at si Dr. Reina ay di lumalayo sa ulunan nitó. Walang panagot sa mga nananabik na tanungang maminsan-minsa'y nansasaw sa bibig n̄g mga naroon kundi ang *tingnan pa nating* sa bibig n̄g isang mangagamot ay mahirap pakahuluganan: kung kawalan n̄g pag-asa, ó kaya'y isang hatol na di na matutulan.

Nang mga sandaling iyo'y isang mahabang hanay n̄g mga bilango na galing sa pag-gawa ang ipinapasok sa maluwang na pinto n̄g Bilibid. Sa mga mukha nila'y makakakita n̄g kinálalarawanan n̄g pagkasawi, n̄g mga naghihiwatig n̄g kapoota't pagngingitngit na kumakamandag sa kanilang puso. Ilán sa kanilang mga kasama ang dinúduyan, pagka't nangagkasugat sa pagsabog n̄g dinamita. Nang ipapasok na lamang sa pinto, ang isa sa mga may sugat ay napatigala sa kalawakang

walang hanga, at ang walang buhay niyang titig ay doon pinahanap sa Diyos na dito sa lupa'y nagtatago at hindi makita.

Nagwawagi namán ang araw sa kalunuran. Isáng sinag niya ang nakapunit sa makapal na panginoring nag-anyong tao muna bago nagkadalawang bisig pagkatapos, saka nagtila isáng malaking Cristong nakadipa tulad sa bagong Cristo ng Katauhang araw araw ay ipinapako ng Katauhan din.

WAKÁS.

Maalat, 25 Septiembre 1906.



L

V

F

R

S

Z

1

P

J

C



UNIVERSITY OF MICHIGAN



3 9015 04878 4212



